His Mischievous Lady

by helliza

Completed


HELLIZA
HIS
Mischievous
LADY

Table of Contents

1. Synopsis
2. Prologue
3. 1
4. 2
5. 3
6. 4
7. 5
8. 6
9. 7
10. 8
11. 9
12. 10
13. 11
14. 12.
15. 13.
16. 14
17. 15.
18. 16
19. 17.
20. 18
21. 19
22. 20
23. 21
24. 22
25. 23
26. 24
27. 25
28. 26.
29. 27.
30. 28

31. 29.
32. Thank you
33. 30
34. 31
35. Wakas

Synopsis

Monica Agapito. Simpleng babae, simpleng tao. Ang babaeng ngiti lang ng ngiti kahit nahihirapan. Ang babaeng mahilig kumain kahit na hirap kumita ng pambili ng pagkain. Ang babaeng ang bestfriend ay isang kuneho.

Nagulo lang ang tahimik nyang mundo ng makilala nya si
Ylac Vlue Fuentebella Santiago.

Suplado, tahimik at kung makatingin sa kanya parang binabasa pati kaluluwa nya, ang lalaking hindi yata alam ang personal space.

Ito ang head security ni Britanny Tiu anak ng isang kilalang tao. Nasangkot ang babae sa isang pangyayari na ikinadamay nya. Pangyayaring nagparanas sa kanyang tumakbo ng napakabilis, mapaulanan ng bala at matutukan ng patalim, sa lahat ng pangyayaring iyon andon ang binata pinoprotektahan sya.
Ang kaso kapag ba talagang nagkagipitan na sya parin ba ang pipiliin nito o uunahin nito ang tungkulin at mas unang ililigtas si Britanny na may gusto dito? At kung sakaling mangyayari iyon ano ang mangyayari sa kanya? Is she will be the same happy person that she is or she will be... heartless?

Prologue

For @MAgapito salamat nang maraming marami sa pagsuporta sa lahat nang gawa ko. At sa pagiging kaibigan ko kahit hindi pa tayo nagkikita nang personal. Thanks sa pagpapagamit nang pagkatao o diba pagkatao talaga hahaha.

Thanks???

*****

Halos mabulunan ako sa pagkain habang tumatakbo ng mabilis.

"Kuya! Wait!" Malakas na tili ko Habang pinapaypay ang kamay para matawag ang pansin ng jeepney driver na papalabas na sa lugar namin.

"Coni kapit ka ha." Sabi ko sa kunehong nasa ilalim ng jacket.

Yup kuneho.

Rabbit po.

Meet Coni my bestfriend.

Kasa-kasama ko sya kahit saan ako magpunta. Basta kapag pwede, sinasama ko sya.

Lagi syang nakasakay sa bag na nakasabit sa leeg ko.

Coni's small Rabbit kaya hindi sya kabigatan. Hindi ko nga maintindihan kung bakit ganon eh ang takaw-takaw naman nitong hayop na ito mana sa amo.

Kulay tsokolate sya at gustong-gustong nyang niyayakap.

"Okay Coni here we go." Sinubo ko ang huling piraso ng tinapay.

Saka ako pumaspas ng takbo.

"Walanjo gugutumin kaagad ako nito eh."

I'm Monica Agapito. They called me M. My favorite hobby is reading and watching anime,my talent is painting while my passion is eating.
Hindi pwedeng wala akong pagkain kahit na nga hampaslupa akong ituring.

"Takte bakit tumutula na ako. Eh nagpapakilala lang ako."
Isa akong tagapaglinis sa Green Meadow Village ang lugar nang mayayaman dito sa San Nicholas. Halos lahat ng bahay duon sa akin nagpapalinis.

Well hindi sa pagmamayabang magaling ako duon. Pagsinabing linis, linis talaga ako as in l.i.n.i.s. Hindi ko titigilan hangga't madumi pa.

Aba syempre pagmaayos ang gawain. Dinadagdagan nila iyong bayad.

At kailangan ko ng extra income.
Pambili ng pagkain. At pang suporta sa pamilya ko.

"Hoy kuya!" Sigaw ko ulit.

Grabe itong jeep na'to aba parang sasali sa racing ka-bilis magpatakbo.

Sabagay hindi ko sya masisisi.

Ito kasing Brgy.Mabait sobrang nakakatakot.

Kabaliktaran ng pangalan.

Itong baranggay kasi na ito ay pinamumugaran ng sobra as in sobrang mababait na tao.

Lahat andito.

Pusher, user, magnanakaw, mamatay tao, rapist at sira-ulo.
Kaya kapag dumadaan ang mga sasakyan rito para talagang hinahabol ng demonyo. Well puro mga ganon naman talaga ang nakatira rito.

Kapag hindi mo binilisan ang patakbo hold-up ang abot mo.

Bibihira ang mabubuting tao tulad ko. Hehehe. Dito na ako lumaki sa lugar na ito kaya kilala na ako rito. Infairness hindi sila tumatalo nang kalugar kaya safe parin ako.

"Manong!" Tili ko ulit.

Ganito ang eksena ko tuwing umaga kaya sanay na sakin iyong mga taga dito.

"Bilisan mo ng takbo Ineng." Natatawang sigaw ni Mang Kadyo sa akin.

Sya iyong matandang nagtitinda nang mga ulam sa bungad, masarap magluto yan, da best at ang mas maganda pwedeng utangan. Hehehe.

"Opo Mang Kadyo. Kapag may ginataang alimasag tirhan nyo po ako ha." Sigaw ko rin.

Nakita ko syang tumango.

Kumaway na ako.

Papalabas na iyong jeep sa aming baranggay kaya mas binilisan ko ang takbo.

Kapag kasi nakalabas na ito. Hindi na ako makakahabol pababa na kasi ang daan.

Kung maghihintay naman ako aabutin ako nang pasko sa dalang nga nang pumapasok na sasakyan rito.

"KOYA!!!" hindi na ako magugulat kung maging singer na ako. Ang taas ko nang umabot ng nota eh.

Buti na lang bago lumiko huminto ang jeep.

"Wooo grabe!" Sabi ko nang makapasok nang sasakyan

Nagpunas ako nang pawis.

"Grabe manong maglinis na kayo nang tenga nyo abay mapuputol na litid ko kakasigaw sa inyo eh." Sabi ko kay Manong driver.

Nanliit ang mga mata ko nang makita kong nakangisi sya sa akin.

"Naririnig kita Ineng. Saka alam kong sumasakay ka nang ganitong oras kaya talagang sinasadya kong dumadaan dito. Nakakatuwa ka kasing patakbuhin kaya hindi kita hinihintuan. "

Aba ayos ang lakas nang tama ni Manong.

"Ano ako Manong clown? Kaloka kayo."

Inilabas ko sa back pack ko iyong baunan ko ng tubig.

Pagkain at pamalit na damit. Iyan lang ang laman nang bag ko. Mas marami ang pagkain para iwas gutom.

"Ate ang cute naman nang rabbit mo." Sabi nang bata.

Nang tumingin ako sa dibdib ko nakasilip si Coni.

"Say hello Coni."

Ginalaw naman nang mahal kong alaga ang kanyang tenga.

"Hala ang galing." Tuwang-tuwang sabi nang bata.

Ngumiti naman ako nang matamis.

Well ganito talaga lagi ang umpisa nang araw ko. Umaga pa lang masaya at nakakapagod na.

*****

Ang bahay nang mga Santiago ang una kong lilinisan.

Sa likod ako dumaan.

"Okay Coni tulad nang dati sa tabi lang kita ha. Huwag kang magliwaliw baka makasira ka, ikaw ang ipang-babayad ko sige ka." Sabi ko habang binababa sya.

Sa kusina muna ako.

Hindi ko pa nakikita ang mga nakatira rito.

Si Aling Nena lang na tagapagluto ang nagpapasok sa akin na umaalis para mag-grocery. Mahigpit

naman ang security dito sa Village kaya panatag ang mga tao.

At kahit iwan-iwanan naman ako dito wala akong planong magnakaw.

Hindi ako ganon, kahit mahirap lang ako hindi ako marunong magnakaw. At hindi bagay sa beauty ko ang makulong.

Una kong hinugasan ang mga pinagkainan.

Wala akong nakikitang tao pero laging maraming hugasin dito.

Sabi ni Aling Nena triplets daw ang may-ari nang bahay na ito. Regalo mula sa mga magulang nang nag 18th birthday daw ang tatlo.

Ibang klase talaga ang mga mayayaman bahay ang pangregalo.Samantalang ako maregaluhan lang nang isang kahon nang pizza masaya na.

Anyway hindi ko pa nakikita iyong tatlo kasi wala namang mga picture dito. Hindi rin naman ako pinaglilinis nang mga kwarto. Ay mali tatlong kwarto lang pala ang hindi ko pwedeng pasukin at sigurado akong iyong kwarto nang triplets iyon.

Kaya wala talaga akong kaide-ideya sa mga itsura nila.

"Coni ano kayang itsura nung mga nakatira rito?" Sinasabunan ko na ang mga plato. "Sabi dalawang lalaki raw at isang babae. Sabi pa ni Aling Nena gwapo at maganda daw mana sa magulang. Tingin mo bagay iyong isa sa akin?" Napatawa ako. "Oo alam nangangarap ako nang gising, hayaan mo na minsan langeh, huwag kang ano dyan. Hanggang pangarap lang naman eh."

"Pero tingin mo Coni sino kaya ang soulmate ko? Gwapo kaya? Mayaman? Okay lang naman kahit hindi mayaman basta magaling magluto at may pambili nang pagkain, pwede narin hindi gwapo huwag lang sobrang panget tulad ni sir Nike." Tukoy ko sa isa ko pang amo na pinaglilinisan ko nang bahay.

Kinurot ko ang sarili ko. "Pintaserang kuneho ka Monica mabait naman iyong tao galante pa sa pagkain." Tumingala ako."Sorry po Papa God."

Binalingan ko si Coni.

"Coni diba mabai-." Nanlaki ang mga mata ko nang makita kong wala sya duon.

"Coni!" Sigaw ko kaagad. Lumabas ako nang kusina.
"Coni where are you?" Nagpalinga-linga ako. "Naku ikaw na kuneho ka pagnakabasag ka dyan." Nasa sala na ako.

Tinignan ko ang mga ilalim-ilalim dahil baka inatake na naman nang antok ang mahal kong alaga.

Nang di ko sya makita, ginulo ko ang maikli kong buhok sa inis. Kapag nakasira at nakabasag sya patay talaga ako.

"Coni" tawag ko ulit.

Naglakad ako papuntang pool area.

Ganon na lang ang panlalaki nang mga mata ko nang makita ko si Coni sa gilid nang pool at tila may dinudungaw sa tubig.

"Coni!" tinakbo ko sya. Napaupo pa ako sa pagmamadali dahil talagang tatalon na sya.

"Coni." Mabilis ko syang niyakap. "Ano ka bang kuneho ka. Bakit ka tatalon dyan eh hindi naman kita tinuruan lumangoy, jusmio gusto mo nang matigok?" Hinalikan ko ang noo nya. Eksaktong pagtaas konang tingin may umahon naman sa pool.

Napanganga ako.

"*Goodness may umahon na Greek God sa pool."*

Naglalaway ata ako habang tinutulak nya iyong sarili nya paahon.

"My...my...my... ang abs."

Nakaswimming trunk lang sya kaya nagp-pyesta ang mga mata ko.

Ang kisig nya.

Ang kisig, kisig nya.

Pero mas nabato- balani ako sa mga mata nya.

Sa kulay asul nyang mga mata.

At duon nagsimulang tumibok nang kakaiba ang puso ko, nagsimulang bumilis ang aking paghinga.

Napahawak ako sa dibdib ko umawang ang aking mga labi at namimilog ang mga matang tinitignan sya.

"Sya...sya ang soulmate ko."

*****

H/n

Guys ano sa tingin nyo?

Sana support nyo rin si Ylac. Hope to hear your reaction.
Pati silent reader mag-ingay muna hindi ba kayo napapanisan ng laway hahaha.

M hiniram ko si Nike nam-miss ko na sya eh.?

Comment po. Paghindi dito, sa fb ko:) helliza sabida. Thank you.

9202017gsj 17:57

1

Para sayo ? @k_Namisan. Salamat.

*****

"***Sya. Sya ang soulmate ko."***

Tinignan nya ako.

"Who are you?" Tanong nya.

Hindi kaagad ako nakasagot. Busy ang mga mata ko sa paglalakbay sa katawan nyang kasing yummy ng mga pagkain na gusto ko.

Nagsalubong ang kilay nya ng hindi ako kaagad nakasagot.

"Miss sino ka?" Tanong nya.

"Gaga Monica tinatanong ka. Ayan at tinagalog na. Mamaya ka na magnasa dyan."

"Magnanakaw ka."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nya.

Karga si Coni na tumayo ako.

"N-naku S-sir hindi po. A-ako po si M-monica. A-ako po i-iyong n-naglilinis rito s-sa bahay nyo." Nauutal kong sagot.

Hindi sya nagsalita.

Tumitig lang sa akin.

Nang humakbang sya papalapit hindi ko alam kung aatras ba ako o ano.

Nahigit ko ang hininga ko ng huminto sya isang hakbang mula sa akin.

"Bakit ganyan sya makatitig?"

Para kasing lalamunin nya ako ng buo.

"Sus parang ikaw hindi ganon ang tingin sa kanya kanina."

Napapitlag ako ng tumaas ang kamay nya at hinaplos...

...hinaplos iyong pisngi ko at tila may pinalis duon.

Pakiramdam ko hindi na ako humihinga habang ginagawa nya iyon.

Bahagya pa syang yumuko kaya kitang-kita ko ang gwapo nyang mukha at asul nyang mga mata.

"May bula ka sa pisngi." Sabi nya bago ibinaba ang kamay.

"Kaloka sya bakit pinunasan nya muna bago sabihin sa akin?"

Nakahinga lang ako ng maluwag ng umalis sya sa harap ko at pumunta sa reclining chair at kinuha ang puting tuwalyang nakasabit duon.

Ang kaso, itong magaling kong alaga bigla na namang tumalon.

"Coni!" Tili ko na mabilis syang sinundan.

Duon sa gwapong lalaki ang tungo nya.

Tumakbo rin ako, hindi ko alam kung umatake na naman ang katangahan ko o ano. Hindi ko na kasi naisip na mababangga ko iyong lalaki at dahil basa ang sahig hindi na ako nakapagpreno.

Sumalpok ako sa katawan nya.

"Hey!"

"Ay!"

Dahil hindi nya inaasahan iyon nawalan din sya ng panimbang at bumagsak kami sa reclining chair na bumigay sa bigat namin.

Naramdaman ko ang papulupot ng isang braso sa nya sa bewang ko at iyong isa ay sa ulo ko.

Pumikit naman ako ng mariin.

Limang segundo ang lumipas.
Nang muli kong imulat ang mga mata ko.

Mga mata ko na nanlaki ng marealize ko ang ayos sa namin.

Nakapatong ako sa kanya at... at...

...nakalapat ang labi namin sa isat-isa.

Nanigas ako.

Windang na windang lalo na at nagtama ang mga mata namin.
Hindi ko nabasahan ng pagkagulat ang mga mata nya...at...at

At paksyet!

Gumalaw...

Gumalaw ang mga labi nya at sinimsim ang pang-ibabang labi ko.

Nakuryente ako.

Sa sobrang gulat ko sa kuryenteng iyon mabilis akong tumayo at umalis sa ibabaw nya.

Napaupo pa ako ulit dahil nanginginig ang tuhod ko.

Bumangon naman sya.

Nakatingin sa akin.

Kunot na kunot ang noo bago umalis sa harap ko at pumasok sa loob.

Nuon ko lang pinakawalan ang hininga kong pinipigilan ko pala.

Hindi parin magsink-in sa utak ko ang mga nangyari.

"*Loka iyong first kiss mo nakuha na ng greek God na asul ang mga mata."* Napahawak ako sa mga labi ko. Hanggang ngayon ramdam ko parin ang init ng labi nya.

Wala sa loob na tumayo ako.

"Totoo ba iyong nangyari?"

Bilang sagot sa tanong ko lumapit si Coni sa akin at kinuskos ang tenga nya sa binti ko.
Tinignan ko sya at kinarga.

"Ikaw na kuneho ka. Hindi ko alam kung magagalit ako o matutuwa sayo." Sabi ko, pagkatapos ay bumuntung-hininga. "Mukhang nandiri sya sa akin Coni. Umeskapo kaagad eh."

Humakbang ako papasok sa loob at bumalik sa kusina.

Hindi ko sya nakita sa sala kaya siguradong nasa kwarto nya sya.

Binaba ko si Coni.

"Huwag kang aalis ulit dyan naku Coni hindi tayo mag-lunch kapag naglumikot ka." Pananakot ko.
Mukhang effective dahil humiga lang sya at pumikit.

"Tignan mo tutulugan mo ako, pagkatapos mong maglumikot. Aba Coni dahil sa kalikutan mo nawala firsy kiss ko."

"..."

Nairapan ko sya dahil tulog na talaga ang hayop.

Bumalik ako sa harap ng lababo.
Basa ang damit ko na napadikit sa basa nyang katawan kanina, ngunit hindi ko na pinansin pinagpatuloy ko na ang paghuhugas ko habang paulit-ulit na nagr-replay ang eksena kanina sa utak ko.

"Huwag mo ng isipin Monica. First kiss lang iyon ayaw mo nun gwapo ang unang nakahalik sayo."

Hanggang sa makatapos ako ang gulong-gulo pa din ang utak ko.

Naglakad ako papapuntang sala para duon naman maglinis. Karga-karga ko si Coni.

Ibinaba ko sya sa sulok.

Ang loka tulog padin pagkatapos magulo ang mundo ko ng dahil sa kanya.

"Here use this."

Napaunat ako ng tayo.

Lumingon ako sa may hagdan, nanduon sya nakatayo.

"S-sir?"

Lumapit sya sa akin at inabot ang isang kulay asul na t-shirt.

"Basa ang damit mo. Magpalit ka." Sabi nya sabay sulyap sa dibdib ko.

Puting t-shirt ang suot ko kaya naman bumakat ruon ang itim kong bra.

Bigla kong naitaas ang pakrus ang mga braso ko at namumulang tinignan sya.
Mabilis naman nyang inalis duon ang tingin.

"Magpalit ka na."

"Ah... salamat na lang po s-sir meron-."

Nagsalubong ang kilay nya kaya napatahimik ako.

"Magpapalit ka o ako magpapalit sayo."

"H-ha."

Lumapit sya. "Kilos na Monica." Bumaba ang mukha nya papalapit sa mukha ko.

Nataranta naman ako. Hinablot ko sa iyong damit na hawak nya at mabilis na tumakbo papuntang banyo.

Napasandal ako ruon, napahawak sa dibdib at tyan ko.

Parang may nagliliparang paru-paro sa sikmura ko ngayon.

"*Hindi, hindi lang paru-paro ang nasa tyan ko. Zoo na, isang zoo na ang meron dito."*

Huminga ako ng malalim.

Grabe parang nagp-party animal sila sa loob.

Kumilos ako para magpalit.

Nang maisuot ko iyong t-shirt napagtanto ko na sa kanya iyon.
Malaki kasi sa akin. Abot hanggang kalahating hita ko.
Hindi naman kasi ako katangkaran.

Ylac Vlue.

Iyan ang nakasulat sa harapan ng damit.

"Ylac Vlue? Pangalan nya kaya ito?" Umikot ako para tignan kung ano ang nakasulat sa likod.

Property.

"Ylac Vlue Property?" Ilang segundo bago ko narealize kung ano ang ibig sabihin niyon.

"Goodness! Ylac Vlue property? Bakit ganito ang nakasulat dito? At bakit ito ang binigay nya?" Hindi ko tuloy alam kung talagang sinadya nya o hindi pero ngayon parang ayokong lumabas. Anong ibig nyang sabihin?

"Ano dito ka na lang sa banyo maglulungga forever?"

I sighed.

Parang ang OA ko naman yata. Eh ano kung ganito ang nakasulat, baka wala syang ibang mapahiram na damit sa akin. Makapagreact naman ako baka masabihan ako na assumera.

Ilang segundo pa muna ang pinalipas ko bago ako lumabas.

Sinalubong kaagad ako ng asul nyang mga mata pagbalik ko ng sala.

Nakaupo na sya sa sofa at kalong-kalong si Coni na nakahiga sa kandungan nya. Mukhang sarap na sarap ang kuneho habang hinihimas-himas pa ng Greek God na asul ang mga mata.

"Kakainggit."

"Bagay sayo." Sabi nya na tinutukoy ay ang damit na suot ko.

Lumunok ako.

"Ah." Napakamot ako sa ulo.

"Ano bang dapat na isagot ko? Na bagay sa akin na maging pag-aari nya? Bet ko yan."

Tinignan ko si Coni.

"Naku p-pasenya na po ginulo na nya ba kayo? Coni baba dyan." Tawag ko. Pero ang bruha nagmulat lang ng mga mata. Umangat ang ulo, tinignan ako bago pumikit ulit at nagsumiksik sa tyan ni Gwapo.

"Landi mo Coni inunahan mo pa ako."

"Hindi nya ako ginugulo. You have a lovely pet... Monica..."

Dugdug...dugdug..dugdug...

Takte ayan na naman iyong zoo, alive na naman sa tyan ko.
Bakit kakaiba yata iyong pagkakabanggit nya sa pangalan ko. Bakit parang ang tamis-tamis pakinggan ng pangalan ko pag sa bibig nya lumalabas.

"Ah... M po. M nalang po ang itawag nyo sa akin." M nalang huwag na Monica baka atakehin ako sa

puso pagganito lagi ang magiging reaksyon ko kapag binabanggit nya ang pangalan ko.

Tumitig sya...

Tumitig lang sya at hindi nagkomento.

"Jusmio tama na natutunaw na ako." Iniiwas ko ang mga mata ko sa kanya.

Ilang na ilang na ako.

Good thing tumunog iyong cellphone nya. Akala ko aalisin na nya ang tingin sa akin. Pero ang siste nakikipag-usap sya na nasa akin parin ang mga mata.

"Okay... pupunta na ako." He said still looking at me, hanggang matapos iyong tawag nakatingin lang sya sa akin.

Natuod na yata ako dito sa kinakatayuan ko.
Dapat naglilinis ako. Pero hindi ako makagalaw. Parang pinako ako ng mga mata nya.

Nang matapos iyong tawag kinuha nya si Coni sa kandungan nya at nilapag sa sofa, pagkuway tumayo sya at lumapit sa akin.

"M-may kailangan kayo Sir?" Nauutal na tanong ko.

Tulad ng nauna huminto sya isang hakbang mula sa akin.

"Monica..."

Putris pwede bang magmura ang puso ko malalaglag na.

"P-po?"

"Monica. Monica. Monica."

Inulit-ulit pa.

"Monica...mas bagay sayo ang pangalan na iyan."

Dugdug...dugdug...dug...dug...

"Monica I'm Ylac Vlue Fuentebella Santiago. Nice meeting you." Inabot ang kamay sakin.

"Anong nangyayari sayo Monica. Kelan kapa naging mahiyain? Kamayan mo."

Huminga muna ako. Inangat ko iyong kamay ko.

The moment na pumaloob iyong kamay ko sa kamay nya dagsa-dagsang sensasyon ang naramdaman ko.

Ngumiti sya.

Wala na talo-talo na. Putek iyong puso ko nakuha na nya.

*****

"**Gutom na ako Coni."** Hawak-hawak ko ang tyan habang naglalakad sa kahabaan ng kalsada dito sa punong bayan ng San Nicholas.

Kagagaling ko lang sa isang money transfer at nagpadala ng pera sa pamilya kong sa Marinduque na nakabase.

Dati magkakasama kami dito sa San Nicholas, may tiyahin si nanay na namatay na taga Marinduque at sa kanya ipinamana ang maliit na lupa ruon. Nagpaiwan ako dahil andito ang mga trabaho ko at mahihirapan ako kung magsisimula ako ulit, lalo na't wala naman kaming kakilala ruon bukod sa tiyahin ni Nanay.
Pangingisda ang kabuhayan nila na kulang sa pantustos sa pag-aaral ng tatlo kong kapatid.

Dahil kakapagpadala ko lang ang pera na meron ako sa bulsa ay eksakto na budget ko bago ang sahod. Meaning bawal ang mga walang kwentang paggastos.

Pagkain man ang bibilhin ko, ngunit kapag gumastos ako hindi na ako maghahapunan. May mga biscuit pa naman ako sa bag. Kaya tiis-tiis lang muna.

Naramdaman ko ang paggalaw ni Coni.

"Gutom ka na rin?" Hinaplos ko ang ulo nya.

"Don't worry wala naman na akong raket ngayon. Uwi na tayo may tira naman siguro na ulam sa atin si Mang Kadyo." Sabi ko habang naglalakad papuntang tawiran.

Patawid na ako papuntang kabilang kalsada ng may maamoy ako.

"Hmmm." Napapikit ako sa bango niyon.

"Naaamoy mo iyon Coni ang bango." Imbes na tumawid umikot ako pakaliwa at sinundan ang amoy.

Vlue Diners.

Iyan ang pangalanan ng kainan kung saan nanggagaling ang mabangong amoy.

"Vlue?" Napapilig ako ng ulo nang maalala ko si Ylac Vlue at iyong mga pangyayari kaninang umaga.

Pagkatapos ng pagpapakilala nya nagpaalam sya na aalis at naiwan ako duon na nalilito.

Normally friendly akong tao. Kapag may bago akong kakilala ako ang nagdadala ng usapan para mawala ang hiya nila. Oo makapal ang mukha ko. Hindi ako kaagad nahihiya lalo na pagdating sa pagkain, kaya hindi ko maintindihan kung bakit daig ko pa ang makahiya kung tumiklop sa harap ni Ylac.

"Soulmate mo kasi kaya nahihiya ka. Next time dapat maging friendly ka sa kanya, napaghahalataan ka nyan eh." payo ko sa sarili ko.

Naglaway ako ng makapasok ako sa Vlue Diners.

Masasarap ang mga pagkain na nakikita ko na sineserve nila.

Naupo ako sa isang mesa. May lumapit kaagad na waiter sa akin at inabutan ako ng menu.

Nang buklatin ko iyon nanlaki ang mga mata ko.

"Wala man lang sumakto na presyo dito sa perang nasa bulsa ko." Naitiklop ko ang menu at binalik sa waiter.

"Magluluto na lang pala ako. Hehehe." Sabi ko sabay tayo at naglakad palabas.

May nakasalubong akong dalawang babaeng nagtatawanan. Sa sobrang focus nila sa pinagtatawanan nila hindi nila ako napansin, umilag ako oo pero iyong isa sa dalawang babae gumilid din.

Huli na para umiwas ako, nabangga nya na ako. Napaatras sya ganon din ako. Nagawa kong ibalanse ang sarili ko, sanantalang sya natumba na natapunan pa ng juice na nakapatong sa mesa na nasa tabi namin.

"Oh my!" Tili nya.

Mabilis naman akong lumapit at tinulungan sya.

"Miss okay-."

"Dont touch me!" Asik nya.

Tinulungan sya ng kaibigan nya at parehas nila akong tinignan ng matalim.

"O bakit?"

"You are you stupid? Hindi mo ba ako nakita?" Sabi nung babaeng kulutan ang buhok na nabangga ko.

"Hindi-."

"Sinadya mo kaming banggain isa ka siguro sa naiinggit sa amin." Sabi ng kasama nyang tuwid ang buhok.

"Anong naiinggit?" Nalito na ako sa mga sinasabi nila.

"Miss hindi naman kita-."

"Hoy babae kung akala mo mapapahiya mo ako sa ganitong paraan nagkakamali ka gusto mo bang ikaw ang ipahiya ko?"

"*Lakas ng tama nito."*

"Miss ikaw ang-."

"You ruined my dress! Kabibili ko lang nito!" Tinignan nya ako ng matalim. "Bayaran mo ko!"

Nanlaki naman ang mga mata ko.

Babayaran? Bakit ko babayaran eh sila naman ang bumangga sa akin. Tinignan ko ang damit na suot nya. Takte! Mukhang mamahalin iyon.

"Teka-teka bakit ko babayaran eh hindi naman ako ang nambangga? Hep! Huwag ka munang magsalita." Pigil ko ng aktong sasabat sya. "Miss ikaw ang bumangga sa akin. Hindi ako. Saka bakit ko babayaran iyang damit mo? Eh malalabhan pa naman yan." Sabi ko. Kulang na nga sa amin ng pamilya ko ang kinikita ko makikihati pa sya.

Tumaas ang isang kilay nilang dalawa tinignan ako mula ulo hanggang paa.

Pagkatapos sabay na nanlaki ang mga mata nila.

"Oh my! Tama ba ako ng nakikita. Iyong suot nyang damit... oh my!" Si kulot na tinuro pa ang damit ko.

Iyong pinahiram parin na damit ni Ylac Vlue ang suot ko. Hindi na ko nagpalit dahil komportableng-komportable akong suot ito.

"Ano ba?" Nagulat ako ng bigla akong iikot ng unat ang buhok.

"Ahhh! Ylac Vlue property. Sino ka? Bakit may ganyan kang tshirt nya. Magnanakaw ka no."

Nanlaki ang mga mata ko at napatingin sa paligid.

Nakatingin na sa amin halos lahat ng kumakain duon, may nagbubulungan at pinapasadahan ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

Pumiglas ako sa pagkakahawak ng babae.

Hinarap ko sila at tinignan ng matalim.

"Hoy Miss sobra na kayo ah. Kanina pinagbibintangan nyo ako na binangga ko kayo, tinawag na tanga tapos ngayon magnanakaw naman aba sobra na iyan."

"Bakit binangga mo naman talaga kami kaya tanga ka. At magnanakaw ka. Kay Ylac Vlue iyang t-shirt na iyan. Imposible na binigay nya sayo eh mukhang hindi ka nga nabibilang sa mundo namin. Siguro ninakaw mo kaya na sayo.

"Abat!"

"Teka nga, teka nga. Nab-badtrip na ako sa inyo ha. Lilinawin ko. Una. Kayo ang bumangga hindi ako! Sana habang nagtatawanan kayo tumitingin kayo sa daan eh di sana nakita nyo na umiwas ako! Pangalawa hindi ako magnanakaw! At oo hindi rin ako kabilang sa mundo nyo. Itong t-shirt na'to pinahiram lang sa akin ni Sir Ylac. Narinig nyo? Pinahiram ni Sir Ylac. Sir ko sya, amo ko. Kaya hindi ko ninakaw pinahiram nya." Bwisit itong dalawang pinapataas ang presyon ng dugo ko.

"Amo mo si Ylac? Ibig sabihin katulong ka?"

"So you are a maid? Yuck! You are a stinky maid!"

Ang aarte.

"Hoy Miss gusto mong mag-amuyan tayo dito para malaman mo kung sino sa atin ang mabaho?"

Maka stinky ito sarap sampalin.

Sasagot pa sana sila ng biglang sumilip mula sa bag nya si Coni.

"Ahhhh! Daga!"

Hindi ko alam kung matatawa ako sa reaksyon nilang dalawa.
Malabo ba ang mga mga mata nila, ang layo naman ni Coni sa isang daga no.

Pero nanlaki ang mga mata ko ng itinaas ni kulot ang hawak nyang bag pahampas kay Coni.

Awtomatiko na yumakap ang mga kamay ko sa dibdib ko para protektahan ang alaga ko. Pumikit ako at hinintay na tumama sa akin ang bag nya.

Pagtama na hindi nangyari.
Bagkus naramdaman ko ang pagdantay ng isang braso sa balikat ko pagkatapos ay ang pagsinghap ng dalawang babae.

Nag-angat ako tingin.

Kahit ako hindi napigilan ang pagsinghap ng magkasalubong ang mga mata namin.

Blue eyes meet black.

Sobrang lapit nya sa akin bahagya syang nakayuko habang nakasampay palibot sa balikat ko ang isa nyang braso at iyong hininga nya tumatama sa tungki ng ilong ko.

"S-sir Ylac."

"Are you okay?" Pagkatapos nyang magtanong saka ko lang narealize...

...sinalo nya.

Sinalo nya ang hampas na dapat ay sa akin.

*****

H/n:

Okay lang ba? wooo kinakabahan ako.

Salamat po sa pagbabasa.

Helliza Sabida

9282017tbu 20:32

2

For @jeremayjmc. Salamat bhe?

Enjoy reading.

*****

Lumunok ako bago tumango.

"Goodness ang lapit-lapit na naman nya."

Tinitigan nya muna ako ng matagal bago dahang-dahang lumayo sa akin.

Hinarap nya iyong dalawang hipon--este iyong dalawang babae.

Ngumiti sya sa mga ito na kinainis ko.

"Hi Edith, Lara."

Iyong dalawang bruha biglang ngumiti lumapit at nangunyapit sa braso nya.

"Ylac... sorry hindi ko sinasadya. Bakit ka kasi humarang?" Sabi ni Kulot na Edith ang pangalan.

"It's okay, pero ano bang problema?" Tanong ni Ylac na nakangiti parin sa mga ito.

"Playboy."

"Iyan kasing babaeng iyan binangga kami. At imbes na humingi ng tawad kung ano-ano pa ang sinabi." Si Lara.

Nanlaki ang mga mata nya.

"Tang'na ako pa talaga."

Pero ang kinainit ng ulo ko eh ang sinabi ni Ylac.

"Ako na ang mags-sorry in her behalf pagpasensyahan nyo na sana sya."

"Saka bakit pinapasok nyo sya dito eh mukha namang can't afford nya ang mga pagkain dito."

"I'm sorry hindi na ito mauulit ladies."

"Saka Ylac totoo bang katulong mo sya? At pinahiram mo sya ng t-shirt." Hindi hinintay ng talanding si Edith ang sagot ni Ylac, nagsalita ulit ito. "For sure hindi mo alam na sinuot nya no." Tinignan nya ako. "Thief."

Iyong pagtitimpi ko napatid na, bago pa nakasagot si Ylac nagsalita na ako.

"Eh mga gaga pala kayo eh. Kapal naman ng mukha nyo. Porke ba ganito ang ayos ko magnanakaw na kaagad. Oo mahirap ako pero hindi ako tinuruan na kumuha ng hindi sa akin! At itong si Coni rabbit to, kuneho, hindi daga. Puta ang labo naman ng mga mata nyo, o sadyang bobo kayo!" Napanganga sila sa

akin.

Tsss pala mura ako at may lason ang dila ko. Kapag galit ako sinasabi ko talaga kung ano ang nararamdaman ko.

"Monica stop." Naramdaman ko ang paghawak ni Ylac sa braso ko.

Pumiglas ako.

Ano mag-s-sorry na naman sya in my behalf, bwisit yan wala akong kasalanan dito bakit sya mag-s-sorry.

"Excuse me lang Sir Ylac ha pasensya na po pero kung mags-sorry po kayo ulit. Huwag na! Dahil wala naman akong kasalanan dito. Sila iyong bumangga hindi ako. At pasensya na ulit pero hindi ko papayagan na matahin ako." Sabi ko sa kanya.

Binalingan ko iyong dalawang babae.

"Kung itong lintek na t-shirt ang gusto nyo. Tang ina! Sa inyo na. Mas gugustuhin ko pang maglakad ng nakabra kesa masabihang magnanakaw!"

Tinanggal ko iyong bag ni Coni na nakasabit sa leeg ko.
Napalayo pa nga iyong dalawang hipon dahil lumitaw na ang buong katawan ni Coni ng maibaba ko iyon.

Hinawakan ko iyong laylayan ng t-shirt itinaas iyon, nakalitaw na iyong pusod ko ng may kamay na pumalibot duon at kinabig ako papalapit. Habang iyong isang kamay ay pinipigilan iyong ginagawa ko.

"What the hell are you doing!" Galit na sabi ni Ylac sa punong tenga ko.

Nagtaasan ang mga balahibo ko sa ginawa nya at muling naging alive ang zoo sa tyan ko.

Pero dahil galit ako hindi ko pinansin iyon.

"Ibibigay sa kanila iyong damit nyo sir gustong-gusto nila eh!" Hinila ko iyong laylayan na hawak din nya.

"Stop it Monica." Mariin na sabi nya.

Napairap naman ako.

"Asan iyong banyo nyo rito Sir magpapalit ako." Badtrip kong sabi.

"No. Pinahiram ko iyan sayo. Kapag hindi ko sinabing ibalik mo. Sayo yan. Sayo lang yan. At wala kang karapatan na ipamigay iyan sa iba Monica."

"*Oo nga naman, makapagpamigay ka parang sayo naman Ne."*

"What do you mean talagang ipinahiram mo sa kaniya Ylac? Paano kung may skin disease iyang babaeng iyan baka mahawa ka." Hirit ni Edith. Bakas sa mata nya ang inggit dahil sa ayos naming dalawa ng binata.

Para kasing bina-back hugging nya ako.

"Eh tang-ina ka pala-uhmmp." Napahinto ako sa pagsasalita ng takpan ni Ylac ng kamay nya ang bibig ko.

"Stop cursing." He said bago binalingan iyong mga hipon.

"Yeah ako mismo ang nagbigay nito sa kanya. And please I don't want to be rude pero sana ihinto nyo na ang pagtawag sa kanya ng magnanakaw at tanga. My Monica is not like that. Again I'm sorry sa mga nangyari ngayon, Ladies." Ngumiti sya. "Para makabawi naman ako libre na ang order nyo ngayong gabi. Enjoy the food and have a wonderful night." Pagkasabi nuon ni Ylac inalis nya ang pagkakahawak sa bewang ko, pinulot ang bag ni Coni saka ako hinila sa kung saan.

Hindi naman ako makapag react. Na stuck kasi iyong utak ko sa sinabi nya kanina.

My Monica...

My Monica...

My Monica...

Hindi naman ako nabibingi diba?

Tama naman ako ng dinig.

My Monica...

My Monica...

My Monica...

"Taragis ano yan M uulit-ulitin mo buong gabi?"

"What do you want to eat?" Tanong nya.

Tulala ko syang tinignan at wala sa loob na sinagot ko sya.

"Ginataang alimasag."

Lalo yatang nawala ako sa wisyo ng ngumiti sya.

"Ginataang alimasag coming right up."

Saka sya tumalikod.

Bumalik lang ang ulirat ko ng maghubad sya ng damit.

"Shit!" Biglang mura ko.

Lumingon sya at humarap sa akin.

"Stop cursing Monica. Panget sa babae ang mura ng mura."

Hindi ako nakasagot.

Iyong abs kasi kumakaway, parang sinasabing titigan ko sya at duon nga dumadako ang tingin ko.

Nang hindi ako sumagot napailing na lang sya at humarap muli sa kalan.

Nuon ko lang nalibot ang tingin ko.

Nasa isang kusina kami. Hindi iyon kalakihan pero kumpleto sa gamit at may kainan din.

Hindi ito ang kitchen ng diner dahil nakikita ko sa glass door na isang one way mirror ang isa pang mas malaking kitchen. Magulo duon at pabalik-balik ang mga crew at chef.

"Nasa private kitchen ko tayo." Napatingin ako kay Ylac.

"Oh pak ang gwapo at ang maskulado talaga." nakasuot na sya ng asul na apron na may sulat na Your Handsome Cook.

"N-nagluluto ka?"

"*Great question M obvious naman di ba, analang kumanta sya habang may hawak na sandok at nakasuot ng apron."*

"Yeah I'm the head chef here and ako rin ang may-ari."

"*Ang soulmate ko gwapo na chef pa meant to be na meant to be kami."*

Biglang gumalaw si Coni na nakalagay sa ibabaw ng mesa.

Bago ko pa sya nakuha nakarga na sya ni Ylac.

"Hey gutom ka narin ba?" Kumuha sya ng carrots. Inilapag si Coni sa sahig at ibigay rito iyon.

"Eat up babe."

Narinig ko pang sabi nya.

"*Ayos Coni may endearment sya sayo, ano kaya sakin? Love? Hihihi.* "

"*Sige lang M libre mangarap."*

Nakanganga ako sa kanya habang nagluluto sya.

Grabe ekspertong-ekperto ang dating. Ang gwapo-gwapo din pati ng galaw. Maghiwa lang ng kalabasa ang lakas ng dating para tuloy ang sarap-sarap nyang halikan.

Nang matapos sya. Paglapag nya ng pagkain sa harap ko literal na naglaway ako.

Syete pati presentation panalo.

"Eat up Monica." He said Sabay lapag ng kanin sa harap ko.

Wala ng dala-dalawang salita. Basta pagkain hindi ako nahihiya.

Aktong kakamayin ko na iyong kanin ng bigla nyang pigilan ang kamay ko at sa aking pagkagulat hinugasan nya iyon, gamit ang isang plangganita.
Pagkatapos ng kanan ay kaliwa naman.

"Always wash your hands before eating, baka magkasakit ka Monica." Tinutuyo nya na ang kamay ko gamit ang puting towel.

"Now eat."

"Kinikilig ako. Bwisit! Baka hindi ako matunawan sa sobrang kilig."
Nagkamay talaga ako.
Kahit iyong soulmate ko pa ang nasa harap ko magkakamay ako.
Ang hirap kayang kutsarain ng alimasag.

Magana akong kumain.
Ang problema iyong greek God nakatitig sakin, ang hirap tuloy lumunok.

"K-kain Sir." Alok ko. Nagtalsikan iyong kanin sa bibig ko.

Ngumiti sya, lumapit sa akin itinaas nya ang kamay nya. g
Gamit ang kanyang hinlalaki may tinanggal sya sa gilid ng mga labi ko.

"Messy eater." Bulong nya habang palipat-lipat ang tingin sa mata at mga labi ko.

Natulala naman ako.

Titig na titig ako sa asul nyang mga mata. Parang hinihigop ako non.

Dugdug...dugdug...dugdug...

Nalunok ko ng hindi oras iyong kanin na isinubo ko kahit hindi ko pa nangunguya ng maayos.

Dahilan para masamid ako at ihitin ng ubo.

"Hey." Mabilis naman syang nakakuha ng tubig.

"Drink."

Mabilis akong uminom.

"Whoa." Habol hiningang sabi ko.

Kahit kelan ang sakit talagang masamid.

"Are you okay Love?"

Nanigas ako.

Parang gusto ko ulit masamid.

Did he... did he just... Tangna! Napapa-ingles ako.

Tinawag nya ba akong love?

As in L.O.V.E? Love?

Pahinging tubig parang masasamid ako ulit.

"Okay ka na ba Monica?" Tanong nya ulit.

At gusto kong lamunin na ako ng lupa. Kung pwede lang maglaho na lang ako na parang bula sa kinatatayuan ko ngayon. Puta! Nakakahiya iyong sunod na sinabi ko, dahil imbes na sagutin ko ang tanong nya.

Ang lumabas sa bibig ko ay ang mga katagang...

"Mahal na yata kita."

*****

Mahal na yata kita...

Mahal na yata kita...

"Ahhhh.... ang tanga, tanga mo Monica. Pinakain ka lang ng ginataang alimasag nagtapat kana. Gaga ka gaga!"

Inuuntog ko iyong ulo ko sa tiles ng banyong nililinisan ko.

Kagabi pa ako ganito kulang nalang magwala ako.

After kong masabi iyong mga katagang iyon.Nabasa ko ang gulat sa mukha nya.

At ako?

Anong ginawa ko.

Takte napatakbo talaga ako sa kahihiyan.

Nagalit pa nga sa akin si Coni dahil hindi pa sya tapos kumain ng dali-dali ko syang damputin.

"Ano bang naisip ko at sinabi ko iyon. Goodness! Paano ko sya haharapin?"

Tinignan ko si Coni.

"Anong gagawin ko Coni?"

Amg magaling na kuneho inisnab lang ako. Galit parin

"Talagang pagdating sa pagkain talo-talo talaga tayo no Coni.

Masarap kumain lalo na kapag gwapo ang nagpapakain sayo, at inistorbo mo ako M.

"Sorry na nga Coni. Eh sa nadala ako sa mga mata nya. Nakakahipnotismo."

Tsk. Landi mo.

"Aba parang ako lang ang malandi ikaw nga may paghiga ka pa sa kandungan nya kunyari tulog pero gising naman. Huwag kang magdeny kilala kitang kuneho ka."

Tsss whatever M, whatever. Atleast hindi ako ang nagtapat na lang ,out of the blue.

Napaungol ako ng muli kong maalala iyong eksenang iyon.

"Thanks sa support Coni." Sarkastiko kong sabi sa kunehong tinulugan na ako.

Bumuntung-hininga na lang ako at mabilis na tinapos ang ginagawa ko.

Nasa Tiu Residence ako.
Isa sa pinakamayaman na nililinisan ko dito sa Green Meadow.

Sa laki ng bahay na ito, ang hirap linisin.

At sa laki ng bahay na ito iisa lang ang nakatirang may-ari. Si Britanny Tiu.

Kasing edad ko sya.

Typical daughter of a millionaire. Spoiled brat si Britanny at medyo hindi maganda ang ugali.

Hindi nya pinapansin ang katulad ko, pero kapag nagkamali ka sa harap nya, ay naku! Ang sasakit ng salitang ibibigay sayo.

Buti na lang ako hindi nagkakamali. Talagang dinadala ko rin si Coni sa kung saan ako maglilinis para hindi sya makagulo. Tutal c.r lang naman ang pinapalinisan nila sa akin dito.

Hindi ko kasi maipapangako na hindi ako sasagot. Aba talagang papatulan ko sya kahit sandamakmak ang bodyguard nya.

Kaya umiiwas akong magkamali, sayang din ang raket na'to. Isa ito sa malaki ang bayad sa akin.

Mayaman nga kasi diba.

Pagpapasok nga ako rito. Talagang kinakapkapan ako. As is kapkap talaga.

Noong umpisa naiilang ako, kasi pagpasok at paglabas nila ginagawa iyon, medyo nasanay nalang ako at naging kabiruan ko narin ang mga security na gumagawa non.

"O tapos kanabang maglinis ng mga c.r?" Tanong sa akin ni Ms. Beth. Ang matandang dalagang mayordoma dito. Medyo strikto pero mabait naman dahil pinapakain nya ako tuwing naglilinis ako dito.

Tumango ako.

"Mamaya ka na kumain pumunta muna tayo sa harap parating na si Ma'm Britanny.

Tumango naman ako kahit labag sa loob ko. Gutom na ko eh.

Ang mga mayayaman talaga sari-sari ang trip sa buhay.

Kapag kasi uuwi dito si Britanny gusto niya na sasalubungin sya sa pinto. May pag bow pa nga na nangyayari. Buti nalang bibihira ako na naandito.

Lumabas na ako at pumila sa grupo ng mga katulong na nasa kanan. Maraming katulong dito pero kanya-kanya ng toka. Kung ano ang trabaho mo iyon lang ang gagawin mo. Eh tamad yata maglinis ng c.r ang mga katulong dito kaya kinuha ako.

Narinig ko ang pagparada ng sasakyan pati na iyong taguktok ng heels na suot ni Britanny.

Hindi na ako nag-abalang tignan sya. Iniisip ko kung ano kayang pagkain sa kusina. Gutom na talaga ako.

Nang yumukod sila. Yumukod din ako.

"Welcome back Ma'am Britanny." Sabi nila. Hindi na ako nagsalita.

Tumayo sila ng tuwid, tumayo din ako.

But hindi ako naging handa sa tagpong sumalubong sa akin.

Si Britanny naglalakad at nakahawak sa braso ni... Ylac.

"*Shit anong ginagawa nya rito?"* Takang tanong ko at hindi pinansin ang bahagyang pagkirot ng dibdib ng makitang nakangiti sya habang kausap si Britanny.

Huminto sila sa paglalakad.

"I want you to all meet Mr. Ylac Vlue Santiago sya ang bagong head ng security ko. But treat him the way you treat me dahil tulad ko hindi rin sya basta-bastang tao. Understand."

"Opo Maam Britanny. Welcome Sir Ylac."

Naumid na ang dila ko. Pero yumukod ako ng yumukod ulit sila.

"Magandang araw sa inyo." Bati rin ni Ylac.

Parang gusto kong lumubog sa kinatatayuan ko ng nilibot nya amg tingin sa amin.

Lumagpas ang asul nyang mga mata sa akin. Pero mabilis ding bumalik. Bumakas ang gulat sa mukha nya.

Yumukod ulit ako sa kanya bilang pagbati. At nang muli ko syang tignan madilim na ang mukha nya.

Napangiwi ako.

Nag-iwas ng tingin.

Naalala iyong sinabi mo Teh.

Napatingin ako kay Coni na nakatingin sa akin.

"Shut up!" I mouthed saka ko sya pinandilatan.

"Okay go back to what are you doing." Utos ni Britanny.

Yumukod ulit kami bilang pagpapaalam sa kanila.

Bago ako pumuntang kusina nagkasalubong pa ulit iyong mga mata namin.

Napabilis tuloy iyong lakad ko.

Shit gusto ko ng umuwi.

*****

"Hello Fred."Bati ko sa security na laging nakatoka sa gate kung saan ako pumapasok at lumalabas kapag naglilinis ako dito.

"Ayos. Hi M." Tumaas baba ang kilay nito habang nakatingin sakin..

Napailing naman ako.

Ganyan lagi iyan kapag kakapaan ako.

Ang seksi ko daw kasi at ang swerte nya dahil mahahawakan nya ang katawan ko.

Sira-ulo.

Pero harmless yang si Fred kahit naman kinakapaan ako nyan proffesional parin sya sa ginagawa, kumbaga hindi kabastos- bastos ang kilos nya.

"Are you ready honey." he said habang nakataas ang dalawang kamay.

"Gago." Natatawa kong sabi habang idinidipa ang mga kamay ko.

"Alam mo namang ikaw ang paborito kong lumalabas at pumasok dito Hon."

"Tss dali na."

Tumawa sya.

Palapat na ang kamay nya sa bewang ko ng may kung sinong naunang humawak duon.

Napatili ako sa gulat ng marahas akong hilahin niyon paatras sa mga kamay ni Fred.

Bumangga ang likod ko sa isang matipunong dibdib kasabay ng pagsasalita ng taong iyon sa likod ko.

"Touch her at sisiguraduhin kong mababali ang lahat ng buto mo braso."

Bumilis ang tibok ang puso ko. Nawindang yata ang buong katawang lupa ko.

Shit nagkakamali lang ako diba.

Hindi sya iyong nasa likod ko. Diba?

Diba hindi sya si Ylac?

"Hindi mo pwedeng basta-bastang pwedeng hawakan ang sa AKIN!"

Nang lumingon ako sa likod ko.
Sunod-sunod na mura ang nasabi ko sa isipan ko.

"Puta! Tang'na si Ylac Vlue nga sya!"

*****

H/n

Thanks po sa mga nagbabasa.

???

Helliza Sabida

1032017gsj 17:49

3

Para po sayo @Angelica Pobadora. Salamat po?

Nga pala lalaki iyong kumakanta pero ginamit pero dahil si monica ang nakakaranas pinalitan ko po ng she iyonh lyrics? salamat.

Enjoy?

*****

"S-sir."

Sabay naming sabi ni Fred na nauutal pa.

"You are not going to touch her...understand."

"S-sir ginagawa ko lang po ang trabaho ko." Sagot naman ni Fred na natatakot sa asul na mga mata ni Ylac na ang lamig-lamig tumingin ngayon.

"What's your name?" Tanong ni Ylac dito.

"F-fred po Sir."

"Well Fred listen. Isang beses ko lang na sasabihin ito. This Lady. Maaari syang maglabas masok dito. Hindi na sya kailangan kapkapan ng kahit na sino, she's under my responsibility, kaya ako ng bahala sa kanya, iparating mo sa lahat ng guard iyan, is that clear?"

Tumango si Fred.

"Yes Sir."

Ngumiti naman sya na kinahinga ng maluwag ni Fred.

Ako naman nakalingon at nakatingala lang sa mukha nya.

Walanjo starstruck na naman ako sa kagwapuhan nya.

Tinignan nya ako kaya napaiwas ako ng tingin.

"Ah... sige uwi na ako Fred." Biglang sabi ko.

"Si...ge M. Ingat ka na lang."

Nginitian ko sya.

Hahakbang na sana ako palabas ng gate ng humigpit ang pagkakahapit ni Ylac sa bewang ko.

Natigilan ako at tumikhim.

"Ano... ano Sir uwi na po ako." Hindi tumitingin na sabi ko.

Hindi ako nakatanggap ng sagot, bagkus humigpit pa ulit ang hapit nya.

"Fuck bakit ayaw nyang bumitaw?" Namumula na ang mukha ko, sigurado ako dun.

Pinagsalubong ko ang kilay ko at tinignan ko sya.

""Sir puwede po bang bumitaw na kayo?" Magalang na tanong ko.

Bumitaw naman sya pero lumipat lang ang kamay nya sa kamay ko bago ako hinila palabas.

"Ay... ano ba Sir?" Nagulat kong sabi.

Nasa labas na kami ng gate ng hilahin ko ang kamay kong hawak nya.

"Teka Sir bakit po ba?"tanong ko.

Sus kunyari ka pa gusto mo namang hawakan ka nya.

Inayos ko iyong bag ni Coni na nakasilip sa amin ngayon.

"Wait for me here ihahatid kita."

Nanlaki ang mga mata ko.

"B-bakit?"

"Anong bakit?

"Bakit nyo ako ihahatid?"

Bigla syang ngumiti.

"Puta iyong panty ko nalaglag yata."

"Dahil gusto ko lang...Love."

Nanigas ako bigla sa pagkakatayo ko.

Napatigalgal ako sa mukha nya.

Sigurado akong naiisip nya rin iyong sinabi ko sa kanya kahapon.

Pumula na naman ang mukha ko.

"Maglalakad na lang ako." Sabi ko na tinalikuran sya at naglakad na.

May mga service cab na nag-iikot dito sa loob ng Village para sa mga katulad kong katulong at mga walang sasakyan, dahil nga sa sobrang laki nito malayo ang labasan at tiyak na hingal kabayo kana kapag nilakad mo o kaya ay pupuntahan mo ang isa sa mga home owner dito.

"Asan ang mga service cab na iyan kapag kailangan mo." Inis na bulong ko.

Ang bilis-bilis ng lakad ko. Gusto kong makalayo sa kanya kaagad.

"Ay putang kabayo!" Napamura ako sa gulat ng may humila sa kaliwang braso ko.

"Iyang bibig mo Monica." Hindi ako umimik. Sobra akong nagulat sa ginawa nyang paghila. "Ihahatid kita." Sabi niya pa.

"Takte bakit ang kulit nya."

"Hindi na nga ho Sir bakit ba ang kulit nyo?"

"Gusto nga kitang ihatid." Sagot naman nya.

"Bakit nyo ako ihahatid eh hindi ko naman kayo boyfriend?"

Nice one M.

Sinuksok ko ang ulo ni Coni nang muling itong sumilip.

"Puwede mo naman akong maging boyfriend, tutal mahal mo naman ako hindi ba?" May kislap ng kapilyuhan ang asul nyang mga mata habang nakatingin sa akin at sinasabi ang mga katagang iyon.

Nanlaki ang mga mata ko.

"S-sinong may sabi?" Pagkakaila ko.

"Taragis yan, talagang kailangan pang ipamukha sa akin iyon."

"Ikaw." Sagot nya na nakangiti parin.

"Ano...may sinabi ba akong ganon?" Hindi sya umimik nakatitig lang." Ano...n-nasabi ko lang iyon kasi...kasi...ang... ang sarap mong magluto...oo na inlove ako sa luto mo Sir, h-hindi sayo." Palusot ko.

Kumunot ang noo nya.

"O bakit parang nagalit?"

Pagkatapos ngumiti sya ulit.

"Well kung ganon lagi kitang ipagluluto para mahalin mo ako."

Shit! Shit!

"*Kahit hindi na kahit wala ng pagkain kahit hindi ka na magluto, mahal na kaya kita, na love at first sight ako sayo."*

Naitakip ko ang kamay ko sa aking bibig para hindi ko masabi iyon.

"Ah..."

"Putsa hindi ko alam kung anong sasabihin ko.

"Sir baka hinahanap na kayo ni Ma'am Britanny."

"The day after tomorrow pa ako official na magsisimula as her head guard kaya may oras pa ako sayo Monica."

"*Tengene. Iyong zoo sa tyan ko nagp-party na naman."*

"Kaya ko naman pong umuwi Sir." Sabi ko parin.

Hindi puwedeng ihatid nya ako baka ma carnap ang sasakyan nya sa lugar namin.

"Alam ko. Gusto ko parin na ihatid ka."

Napakagat-labi ako.

Magsasalita sana ako ng may tumawag sa pangalan nya.

"Ylac, anong ginagawa mo dyan?" Sabay kaming napalingon kay Britanny na maarteng naglalakad palabas ng gate at papunta kay Ylac.

Nag-init ang ulo ko ng umangkla na naman sya binata.

"Kinakausap ko si Monica." Sabi naman nya.

Napatingin sa akin si Britanny, pagkatapos ay tumaas ang isang kilay. Tss another hipon.

"Bwisit 'tong babaeng ito kung di mo lang ako pinapasahod kinalbo ko na iyang kilay mo."

"Oh? What do you need sa katulong ko Ylac?" Maarte nyang tanong.

"Ihaha..."

"Wala po Maam, nagkita lang po kami rito ng hindi sinasadya." Sansala ko sa pagsasalita ni Ylac.

Nahagip ng tingin ko ang papadating na service cab.

"Ah, alis na po ako Ma'am, Sir."

Bago pa makapagreact si Ylac.

Tinakbo ko na ang parating na service Cab.

"Deretso lang kuya." Sigaw ko saka mabilis na tumalon, sumabit at sumakay sa cab na hindi nga huminto at pinagpatuloy lang ang pag-andar.

Nakaupo na ako ng nilingon ko sila.

Kitang-kita ko ang pagsasalubong ng kilay ni Ylac habang nakatingin sa akin.

"*Sorry Love nahihiya pa akong makasama ka sa loob ng sasakyan, hindi ako ready."* Bulong ko habang

nakatingin parin sa papalayo nyang bulto.

*****

Sige ang dasal ko habang papasok sa loob ng Santiago Residence.

"Sana wala sya, sana wala sya."

Girl tell me taos sa puso ba iyang dasal mo o gusto mo rin na makita sya.. Kunyari ka pa teh, tulak ng bibig kabig ng dibdib ka naman.

Hinawakan ko iyong bag ni Coni at pinangigilan sya ng yakap.

"Ikaw na kuneho ka, shut up ka nga."

Sus nagsasabi lang ako ng totoo.

Sinimangutan ko sya habang naglalakad papuntang kusina.

"Aling Nena." Bati ko ng makita ko ang matanda.

Hawak-hawak nya ang isang bayong at payong.

"Andyan ka na pala. Aalis muna ako Monica, mamalengke muna ako."

Tumango naman ako habang pasimpleng sinisilip ang sala.

"Andyan po ba iyong mga amo natin?"

"Ay oo."

Tengene ang lakas bigla ng kabog
ng dibdib ko sa sagot nya.

"Si Ysa ang naandyan iyong nag-iisang babae sa triplet."

Kung kanina ang bilis ng kabog ng puso ko, ngayon biglang huminto dahil sa panghihinayang.

Malala ka na talaga teh.

Lakas talaga mang-asar nitong kunehong to.

"A ganon po ba, sige po."

Nang umalis sya, binaba ko na iyong bag ni Coni.

"Stay put huwag kang magliwaliw na naman." Sabi ko pa.

Pinagalaw nya lang iyong tenga nya bilang sagot.

Nagsimula na akong maglinis ng kusina.

Nagtutuyo na ako ng mga pinggan ng may pumasok sa loob.

"Hello." Napatingin ako sa kanya.

"Sya siguro si Ma'am Ysa."

Maganda sya. Maliit lang pero mukhang manika. Kahit magulo ang buhok nya at gusot ang mga damit mukha parin syang prinsesa.

"Hi po Ma'am Ysa." Bati ko rin.

"Ay huwag nang ma'am hindi naman ako teacher. Anong name mo?" Nakangiti nyang sabi.

"M-monica po."

"Monica. Hmmm bagay kayo."

Ha? Ano daw? Bagay kayo? Hindi ba dapat ang sabihin nya is bagay sayo. Pangalan ko naman yata ang tinutukoy nya diba?

"Ma'am?"

"What I mean bagay nga sayo ang pangalan mo tulad ng sabi ni Ylac."

Pagbanggit palang ng pangalan ng binata nag disco na naman iyong mga hayop sa tyan ko.

"*Takteng buhay yan."*

*"*Waaa rabbit." Biglang sigaw ni Ysa ng makita si Coni na nakalabas na ang kalahating katawan sa bag nya.

Mabilis syang lumapit.

"Hello Miss Rabbit what's your name?"

Napanganga ako ng banggitin nya ang pangalan ni Coni kahit hindi ko pa sinasabi iyon.

"Ah. Coni." Tumingin pa sya sa refrigerator. Nagtayuan iyong mga balahibo ko sa sunod nyang sinabi. "Thank you Ms. White lady."

"*Ay puta!"*

Napalayo talaga ako sa ref pagkatapos kong marinig iyon.

Hindi ako duwag, putek wag lang akong makakarinig ng tungkol sa mga ganyan dahil nagsisimulang maging wild ang imagination ko at natatakot talaga ako.

Napalibot pa ang tingin ko sa paligid.

"You're scaring Monica, Ysa." Wika ng isa pang boses. Boses na lalong nagpakaba at nagpatayo ng aking mga balahibo.

"Ylac." Karga-karga si Coni na lumapit si Ysa sa kapatid at humalik sa pisngi nito.

Dahil triplet kitang-kita ko ang pagkakahawig nila, ngunit kung anong daming pagkakahawig nila sya ding dami ng pagkakaiba. But isa lang ang alam ko pareho silang gwapo at maganda.

"Hi Monica." Napaiwas kaagad ako ng tingin.

"Fuck nahihiya ako."

? **Shy** by: Jai Waetford ?

? Every time you walk into the room Got me feeling crazy, shock my heart boom boom... ?

Hindi ako nagsalita niyukudan ko lang sya.

"Natakot ba kita Monica? Pasensya na mabait naman si Ms. White lady lagi mo nga syang kasama dito everytime.

"Huhuhu tang-inang yan. Kahit huwag nya na akong samahan."

"Ysa..." saway naman ulit ni Ylac na hindi ko parin titignan.

? Trying not to breathe 1, 2, 3,
Trying not to freak when you look at me. Gotta make a move but I freeze, You don't have a clue what you do to ?

Naninikip iyong dibdib ko kapag nakikita ko iyong guwapo nyang mukha. Ganito ba ang inlove? Shit nakakamatay yata ito.

"Ay sorry ulit Monica."

May napapansin ako kay Ysa para syang bata at inosenteng-inosente. Pero hindi naman syang mukhang mahina.

"Ay gago!" Napapitlag ako ng magmura sya.

"Ylac stop that!"

Nakita kong kinikiliti ni Ylac iyong tagiliran nya.

"You cursed. Akala ko ba hindi ka na magmumura. Nagpromise ka pa sa amin ni Dyke."

"Bakit wala pa naman ako sa Maligdan ah. Kapag naandon na ako at nag-aaral ulit hindi na talaga ako magmumura at gagawa ng gulo promise."

"Be sure Angelique. Baka ma shock iyong mga tao dun sa bibig mo, sa galing mong magmura. Ang panget pa naman sa babae na marinig na nagmumura." Sumulyap si Ylac sakin. Iwas ulit ako ng tingin. Ano? Hindi na ako magmumura para magustuhan nya? "At tama huwag kang gumawa ng gulo para makuha mo iyong peaceful collage life na gusto mo."

"Oo na." Binalingan ako ni Ysa.

"Monica pahiram nitong si Coni ha maglalaro kaming Alice in Wonderland." Paalam nya.

"Ha?" Alice in Wonderland? "Ah s-sige."

Tumalon sya sa tuwa bago mabilis na lumabas ng kusina.

Saka ko lang narealize na mapagsosolo kami ni Ylac.

"*Fuckshit na nagwawala na naman ang puso ko."*

Nakatingin lang sya sa akin samantalang ako nagbibilang na ng paghinga kakapusin na yata ako sa hangin.

Sige ako sa pag-iwas ng tingin.

Tangna kung pwede lang magtago at maglaho ginawa ko na. Nahihiya talaga ako.

? Boy, you make me shy, shy, shy. You make me run and hide, hide, hide. Feel like I get lost in time Whenever you're near me. ?

Nagsimula syang maglakad papalapit sakin. Sinubukan kong gumalaw pero buwisit inugat yata ako sa kinatatayuan ko.

Papalapit sya ng papalapit. Hanggang huminto sya. Nang...
...malapit na malapit sa... akin.

"*Dugdug... dugdug...dugdug..."*

Papatayin yata ako ng dahan-dahan ng lalaking ito.

And when he leaned forward napatayo ako ng tuwid. Lalo na ng yumuko sya.

? I'm fighting butterfli-fli-flies.
Yeah, you make me lose my mind
Whenever you're near me.
Boy, you make me shy ?

"Fuck hahalikan nya ba ako?"

Yumuko sya. Yumuko sya hanggang tumama ang hininga nya sa gilid ng leeg ko. Dahil maikli ang buhok ko nangilabot talaga ako at parang uminit ang paligid ng maramadaman ko ang init ng buga ng hangin nya.

Hindi tulad ng iniisip ko hindi nya ako hinalikan. Bagkus may inabot sya sa likod ko.

Namula pa ako ng husto ng lumapat ang didib nya sa dibdib ko.

"Ang bango."

Pagderetso nya ng tayo may hawak na syang mansanas.

Hindi inaalis ang tingin sa akin na pinunas nya iyon sa damit nya bago kinagatan.

Alam kong nangangarap lang ako, imposibleng magkagusto sya sa akin, pero kahit alam kong masasaktan lang ako itong gagang puso ko natibok na para sa kanya.

? Rejection is a word that I don't wanna know But a boy like you could kill a girl real slow.
A million words stuck up in my head Waiting to be said but my tongue is stumbling. ?

Sobrang lapit parin nya.
sinusundan ko ng tingin iyong ginawa nyang pagkagat, pati ang ginagawa nyang pagnguya ngayon.

"Fuckshit puwede bang mansanas nalang ako."

Awang ang mga labi na natulala na ako sa kanya.

"Close your mouth Monica, baka maisipan kong parusahan ka sa ginawa mong pagtakas kahapon."

Naitikom ko iyong bibig ko bigla.

"Anong parusa halik ba yan? Go lang love."

Ang landi ko.

Tumikhim ako.

"Excuse me Sir maglilinis pa po ako."

Hindi sya umalis sa harap ko.

"Tell me bakit ka umalis na lang bigla kahapon? At alam mo bang maaari kang madisgrasya sa ginawa mong pagsabit sa service cab na iyon."

"*Ano beyen hindi ba sya maka- move on don. Parang ang big deal naman ."*

"Kasi nga po kaya ko namamg umuwi mag-isa." Sabi ko naman.

"Yeah pero kaya ko rin naman na ihatid ka."

Paikot-ikot lang kami.
Ayaw ko ng itanong kung bakit nya ako ihahatid dahil doon lang babagsak iyon... doon sa hindi sinasadyamg pagtatapat ko sa kanya.

"Hehehe sabi ko nga po. Ahmm puwede na po ba akong maglinis." Sang-ayon ko na lang.

Tinignan nya muna ako ng matagal bago sya umalis sa harap ko at naglakad papuntang pinto ng kusina.

Saka lang ako nakahinga ng maluwag ng makalayo sya, para lang muling magulat ng bigla syang pumihit pabalik sakin.

Lumapit sya iyong lapit na halos magkabungguan na iyong mga ilong namin.

"Ihahatid kita, sa kung saan kaman pupunta ngayon is that clear?"

Wala sa loob sa tumango ako. Nalalasing ako sa hininga nya. Putek droga yata nakakahigh.

"Kapag tinakasan mo ako paparusahan kita. Maliwanag ba?" Hindi ko alam kung bakit tumango ulit ako. Basta natagpuan ko nalang ang sarili ko na ginagawa iyon.

Simpatiko syang ngumiti bago umalis sa harapan ko at tuluyang lumabas ng kusina.

Napahawak naman ako sa dibdib.

Anong nangyari?

"Tang-ina nakakawala sa sarili ang ma inlove sa isang Ylac Vlue Fuentebella Santiago!"

*****
H/n

Thanks sa read sana nagustuhan nyo?.

Helliza Sabida

1092017uivst 18:14

4

For @Quenzzzy50 nakita ko syang nagvote sa lahat ng chapter ng HBEBGA at kahit sa mga on going ko. Thanks bhe?.

*****

Nasabi ko na bang matigas ang ulo ko?

Minsan kapag ayaw ko, ayaw ko talaga.

Tulad ngayon tinakasan ko na naman si Ylac.

Ayaw ko kasi talagang mapag-isa kami. Sobrang nakakailang.

Kaya heto ako ngayon naglalakad sa bayan. Naghahanap ng makakainan. Sinabi ni Aling Nena na sumabay na ako sa tanghalian utos daw ni Ylac. Libreng pagkain iyon dapat sinusunggaban ko.

Ang kaso baka maisip ko iyong itsura nya habang pinagluluto nya ako nuong isang araw at kapag naisip ko iyon automatic na kasunod niyon ay ang pagtatapat ko. Taragis! Ayaw ko nang maalala kaya tinanggihan ko iyon.

Buti na nga lang itong si Coni nakita kong pababa ng hagdan, hindi ko na kailangan pumanhik para kunin sya.

Loka grasya na umayaw ka pa, anong nangyari sa motto natin na Kumain lang ng kumain lalo na kapag libre.

"Hoy kuneho, palibhasa ikaw malulunok mo iyong kakainin mo, eh ako baka mabulunan ako sa kahihiyan, paano kung mamatay ako? Anong mangyayari sayo magiging ulila ka at palaboy." Nagpalingap-lingap ako sa paligid at naghahanap ng karinderya.

May nakita naman ako kaya naglakad ako papunta duon.

Eh di magpapaampon ako kay Ylac. Ang suwerte ko pagnagkataon gwapo at maraming pagkain ang magiging bago kong amo.

Batukan ko kaya itong si Coni. Minsan iniisip ko mahal lang ako nito kasi pinapakain ko sya.

Bago makarating sa karinderya may madadaanan pa akong pawshop.

Nasa tapat na ako niyon ng biglang magtalsikan ang bubog na salamin ng shop.

Napapikit ako at itinaas ang kamay payakap kay Coni at patakip sa mukha ko.

Nang imulat ko ang mga mata ko nanlaki at namilog iyon ng makita ko ang security guard na nakahandusay sa lupa at naliligo sa sarili nitong dugo.

Kasabay ng pagtingin ko sa loob ng pawnshop ay ang paghablot sa akin ng kamay mula duon.

"Ahhh !" Sadsad ako sa mga upuan na nagtumbahan. Napaigik ako ng mapilipit ang kaliwang kamay ko.

At nang mag-angat ako ng ulo may baril ng nakatututok sa akin.

"Tumayo ka!" Sigaw sa akin ng may hawak niyon na nakaface mask.

Nanginginig na tumayo ako.

Shit mukhang na hostage ako sa hinohold-up na pawnshop na ito.

"Sumama ka dun." Itinulak nya ako papunta sa dalawang babae na nakasuot ng uniform ng pawnshop.

Umiiyak ang dalawa.

"Huwag kayong gagawa ng kung ano dahil babarilin talaga namin kayo sa ulo."

Sabay-sabay kaming napatango.

Limang lalaking nakamaskara ang naandun at ngayon ay nililimas ang mga alahas at pera sa kaha de yerong nabuksan na.

"Tangna buhay ito kakain lang ako tapos ganito."

Nakuha na ng mga holdaper ang lahat ng laman ng kaha na nilagay nila sa apat na bag.

Mula naman sa labas narinig namin ang sirena ng pulis.

Nagkatinginan kami.
Nabuhayan ng loob.

Kitang-kita kong sa basag salamin ng bintana ang mga pulis at... si Ylac!

Kausap niya ang may hawak na megaphone.

Hindi pa niya ako nakikita at pinagdadasal ko na lumingon sya.

Pero hanggang sa nagtungo sya sa saksakyan nya hindi man lang nagtagpo ang mga mata namin.

"Ylac..." bulong iyon na gusto kong isigaw.

"Bwisit may mga pulis na, isama natin iyang tatlo. Gawing hostage."

Hinaklit ako ng isa. Lumakas naman iyong iyak ng dalawang babae ng maging sila ay haklitin din.

Niyakap ko ang bag ni Coni habang kinakaladkad kami palabas.

"Walang magpapaputok kundi papatayin namin itong mga babaeng ito!"

Naramdaman ko ang malamig na bagay na dinikit sa sentido ko.

Nanlamig ako...nanginig.

"Tangna dito na ba ako mamatay."

"Huwag kayong magpapaputok!"
Paraanin nyo kami.

Hinanap ng mga mata ko si Ylac.

"*Nasaan kana? Mamatay na ako. Pwede bang sa huling sandali ko mga mata mo ang makita ko.*" Piping dasal ko.

Nagsimulang manubig ang aking mga mata ng hindi ko sya matagpuan.

At tuluyan ng tumulo iyon ng ipagduldulan ng may hawak sa akin ang baril na hawak nya, nagalit na ito dahin hindi sila pinapadaan ng pulis.

"Umalis kayo! papatayin ko itong babaeng ito!" Sigaw ng may hawak sa akin.

Napaigik ako ng hampasin nya ng baril ang kanang balikat ko dahilan para mapaluhod ako.

Masakit pero pinigilan kong mapahagulhol tulad ng ginagawa ng dalawang babaeng hostage din, kinagat ko nang mariin ang mga labi ko.

Pumikit ako at hinintay na lang ang sunod na mangyayari.

Nakarinig ako ng malakas na sigawan.

Sunod ay ang sunod-sunod na putok ng baril.

"Shit katapusan ko na talaga!"
Ramdam ko ang kaguluhan sa paligid. Pati ang mas malakas na mga sigawan.

Natuod na ako sa puwesto ko. Hanggang sa naramdaman ko ang pagyakap ng kung sino sa akin... ang paggulong namin papunta sa kung saan.

Niyakap ko ng mahigpit ang bag ni Coni para hindi sya masaktan.

Suminghap ako ng tumama ang likod ko sa isang pader.

Hindi ako nagmulat o kumilos nang maramdaman ko ang paghinto namin.

"Patay na siguro ako." Ang sarap-sarap kasi ng pakiramdam ko.
Iyong para bang safe na safe ako at wala ng kahit anong sakit akong mararamdaman. Iyong nanlalamig kong katawan nababalutan ng init.

"Monica..."

"Ano ba'yan patay na nga ako boses parin ni Ylac ang naririnig ko."

"Monica... love. Open your eyes." May naramdaman akong pagtapik sa pisngi ko.

Dahan-dahan akong nagmulat ng mga mata.

"Ayos asul pala mga mata ni San Pedro?" Itinaas ko ang kamay ko at hinaplos ang pisngi nya.

"Aba kakaloka gwapo din kamukha ni Ylac."

Hinawakan ni San Pedro iyong kamay kong nasa pisngi nya.

"Monica... are you okay?"

"Tangna pati boses Ylac din...teka baka si Lucifer ito, hindi ako pwede sa langit palamura ako eh."

**Lakas ng tama mo teh si Ylac yan hindi ka pa tegi kaloka ka."*

Nanlaki ang mga mata ko.

"Y-ylac."

Kunot na kunot ang noo nya habang nakatingin sa akin.

"May masakit ba sayo? Can you stand up?"

Wala sa loob na tumango ako.

Inalalayan nya akong umupo. Saka dahan-dahan na itinayo.

Nahigit ko ang paghinga ko ng makaramdam ako ng pagkirot ng likod.

"What? Anong masakit?" Natataranta nyang tanong.

Nakangiwing napahawak ako sa likod ko.

Ganon na lang ang gulat ko ng pumuwesto sya sa aking likod at inangat ang aking damit.

"Ay gago ano ba yan!" Nagulat kong sabi lalo na ng maramdaman ko ang kamay nya sa parteng masakit. Lalayo sana ako pero hinapit nya ako sa bewang.

"Stay put!" Matigas na sabi nya.

"A-aray!" Daing ko ng diinan nya ang likod ko.

"You've a nasty bruise here Lady." He said at hinarap ako.

Madilim ang mukha nya.

"R-ramdam ko nga po." Sabi ko naman.

Galit si pogi M.

Feel ko nga, hindi ko alam kung bakit?

Napatingin ako sa may pawnshop.

Ganon na lang ang panlalamig ng katawan ko ng makita ko ang tatlong katawan na nakabulagta ruon.

"Kung hindi ako nailigtas ni Ylac malamang isa ako sa nakabulagta dyan."

Hindi naman ako tanga gets ko naman na sya ang nagligtas sa akin.

Humarang sya sa harap ko.

Tumaas ang kamay nya at humawak sa balikat ko.

Malakas akong napasinghap nang may naramdaman din akong sakit duon.

"Damn!" Sya.

"Puta!" Ako.

Awtomatiko napaluha ako sa sakit. Naalala kong hinampas pala ako ng baril duon.

"Iyan bibig mo Monica."

Tangna hindi ko sya pinansin ang sakit kasi.

Tumaas ang kamay ko para hawakan iyon pero bwisit yan pati iyong napilipit kong kamay masakit!

Napansin nya rin siguro iyon dahil hinawakan nya ang kamay ko, na aking nahila ng pisilin nya iyon.

"Shit! Huwag mo nang pisilin Sir." May pumatak na luha sa isang mata ko.

Napatingin sya sa akin.

Titig na tagos sa kaluluwa ko.

Galit pa rin sya at kitang-kita ko iyon sa asul nyang mga mata.

Nabigla ako ng kargahin nya ako bridal style sa sobrang gulat ko nga napamura ulit ako.

"Ay fuck!" Sabay kapit sa batok nya.

Madilim na madilim ang kanyang mukha ng tignan nya ako.

"Later I'll will do something about that dirty mouth of yours. Pati diyan sa pagiging matigas ng ulo mo."

"Ha?" Nalito naman ako.

"Later Monica... later."

Naglakad sya papunta sa kung saan.

Habang ako nanghihinang inihilig ang mukha sa dibdib nya.

Saka ko na iisipin kung anong ibig nyang sabihin, sa ngayon halo-halo ang nararamdaman ko. Shock...gutom at takot.

But above them all is iyong masarap na pakiramdam habang pangko-pangko nya ako.

Sa sobrang sarap nakaramdam ako ng antok. Ipinikit ko ang aking mga mata at hinayaan ko na hilahin

ako niyon.

Naramdaman ko pa ang paglapat ng malambot at mainit na bagay sa aking noo bago ako tuluyang lamunin ng antok...

*****

H/n

Stop muna inaatake ako ng motion sickness ko. But don't worry meron pa po mamaya ?. I hope?. Gusto nyo pa ba ng isa pa?

Lagot si Monica hahaha.

Thanks po sa nagbabasa at nagv-vote.

Please let me hear your opinion about dito sa dalawang ito. ???.

Thanks

Helliza Sabida.

Ps.

Add nyo po ako sa fb:)
Helliza Sabida. Salamat

10202017npo 7:34 am

5

For @Akiko_Katsumi salamat sa mga boto?.

*****

Iyong pakiramdam na sarap na sarap ka sa pagtulog pero kailangan mo ng bumangon dahil sa trabaho.

Iyon ang nararanasan ko ng patamad kong iminulat ang mga mata ko.

Una kong napansin ang kisame na iba na ang kulay ng pintura.

"Coni natuloy ba ako ng pagpintura rito sa bahay?" Inaantok kong tanong saka muling pumikit.

"Saka bakit malamig? May aircon na ba tayo?" Tanong ko pa sabay patong ng kaliwang kamay ko sa aking noo.

"Aray!" Napabangon at napaupo ako ng sumakit iyon.

"Ouch! Tangna naman o."

"You really love to curse don't you?"

Halos magkastiff neck ako sa ginawa kong paglingon.

Bumilog ng todo ang mga mata ko ng makita ko si Ylac, nakaupo sa isang single sofa at naka dekwatro.

Saka ko lang narealize na hindi ito ang kwarto ko.

Walang mini ref, flat screen tv, at portable player akong pag-aari at mas lalong hindi kulay light blue ang kwarto ko.

"A-anong ginagawa ko rito?"

"Hinimatay ka nakalimutan mo na ba?" Sagot nya na matiim ang tingin sa akin.

Nuon lang bumalik sa isip ko iyong mga nanyari...kanina?

Ilang oras na ba ako walang malay?

Napatingin ako sa relos na suot ko.

4:30pm.

Ganon na lang ang panlalaki ng mga mata ko ng makita ko ang oras.

Putris may raket pa ako.

Bumalikwas ako ng baba sa malambot at malaking kamang iyon.

Kahit masarap pang matulog duon kailangan ko munang kumita ng pera. Sayang pa naman iyon. Pagkatapos mong maglinis bayad kaagad at may kalakihan pa. Buwanan ang karaniwang pasahod sa akin.
Pero malaking tulong din kapag may ganito. Kapag kapos talaga ang budget nagkakapera ako.

Kahit napapangiwi papunta sa may pinto ang bilis ng lakad ko.

"Saan ka sa tingin mo pupunta?" Naunahan ako ni Ylac na makarating sa pinto, hinarang nya ang sarili nya duon at dahil mabilis ang paglakad ko hindi kaagad ako nakahinto kaya nabangga ako sa kanya.

Pumalibot ang braso nya sa bewang ko para hindi ako matumba.

"S-sir." Tiningala ko sya.

"Saan ka pupunta?" Ulit nyang tanong.

"May raket pa ako sir." Muli kong tinignan ang relos ko.

Nyemas! Five o'clock ang simula ko duon.

Kumawala ako sa kanya pero muli nya lang akong hinapit...binuhat at ibinalik sa kama.

Namula ang mukha ko ng lumuhod sya sa harap ko. Nakaupo ako sa kama habang nakatapak ang paa ko sa sahig kaya ng ipinatong nya ang dalawa nyang kamay sa magkabilang gilid ko nakulong ako sa katawan nya.

"Puta! Bakit ganito ang ayos namin?"

"Hindi ka puwedeng umalis." Salubong ang kilay na sabi nya.

"B-bakit hindi?"

"Nakalimutan mo na yata ang nangyari sayo Monica."

"Makakalimutan ko ba iyon."

"Hindi naman po-."

"Iyon naman pala. The doctor said you need rest."

"Ay rest, naku! Hindi ko po kailangan non. Pasa sa likod at balikat lang po ito. Saka hindi naman nabali ang kamay ko masakit lang. Kaya hindi ko po kailangan magpahinga." Umiiling-iling pa ako.

"Ay gago!" Napatili ako ng mabilis syang lumapit sa akin. At dahil isang direksyon lang ang puwede kong gawin para makailag ng hindi kami magkakauntog at iyon nga ay ang paghinga sa kama, iyon ang ginawa ko, na wrong move dahil sa paghigang kong iyon pumaibabaw naman sya sa akin.
Tumalbog pa ang ulo ko dahil sa lambot ng higaan at bahagyang tumakip ang buhok ko sa aking mukha.

Samantalang sya itinukod ang dalawang kamay sa magkabilang gilid ng ulo ko para hindi tuluyang bumagsak sa akin.

Kulang na lang lumuwa ang mga mata ko sa ayos naming iyon.

Tumaas ang isang kamay nya hinawi ang buhok kong tumakip sa aking mga mata.
"Alam mo ba kung anong ginagawa ng papa ko kapag naririnig nya nagmumura si Mama?" tanong nya habang naglalakbay ang mga mata sa mukha ko.

"A-ano po?" Hindi ko alam kung saan patungo ang tanong nyang iyon. Basta awtomatikong bumuka ang bibig ko para sumagot.

Putsa! Ramdam na ramdam ko iyong mainit nyang katawan na bahagyang nakadagan sa akin. Ramdam na ramdam ko iyong mainit nyang hininga na tumatama sa mukha ko.

Napalunok ako ng lumapit ng bahagya ang mukha nya.

Iyong mga mata ko nakapokus na sa mapupula nyang mga labi.

"Sa tuwing nagmumura ang Mama ko." Lumapit pa sya. "Hina.." at lumapit pa. "...halikan sya ni Papa."
Nagkakabungguan na ang tungki ng ilong namin.
Tumingin sya sa mga labi kong bahagyang nakaawang.

"At iyon din ang gagawin ko sayo. Sa kada isang mura, isang halik ang ibibigay ko dyan sa mga labi mo." Bulong nya.

Hindi ko alam kung paanong magr-react.

"At sa kada pagsuway mo sa akin isang halik din ang katapat niyon. Naiintindihan mo ba ako...ha Monica?"

Para akong alipin na tumango sa kanya.

Puwede bang pakibatukan ako. Bakit ganito ang nararamdaman ko? Oo na love at first sight ako sa kanya, pero bakit ganon, bakit ang bilis nya akong mapapayag sa gusto nya?

"Good."

Akala ko lalayo na sya, ngunit ilang segundo pa ang lumipas wala parin syang kagalaw-galaw sa ibabaw ko.

"S-sir..." ingat na ingat ako sa pagsasalita sa sobrang lapit ng mga mukha namin magkamali lang ako ng galaw mahahalikan ko na sya. "P-puwede na po ba kayong tumayo?"

Sumilay ang pilyong ngiti sa kanyang mga labi.

Ngiting parang nag-uudyok sakin na magmura para halikan nya ako.

"Why? I like this position, I like where I am right now."

Tengene talaga.

"Pigilan mo ang sarili mo Monica huwag kang magmura!"

"Nagmura ka kanina. Tinakasan mo ako ulit. I think you deserve a punishment hmm... Monica."

Sumulyap ako sa asul nyang mga mata bago ulit sa mga labi nya.

Gumalaw sya para tuluyan akong halikan.

Halik na hindi natuloy ng bumukas ang pinto ng kwarto at pumasok si Ysa na bitbit si Coni.

"Ylac gising na ba si Moni...ca?" Napatigil sa pagpasok si Ysa at nanlalaki ang mga matang tinignan kami.

"*Oh fuck! Great...kama lamunin mo na ako."*

Sobra akong nahihiya dahil dinatnan kami ng kapatid nya sa ganitong ayos.

Si Ylac imbes na umalis naman sa ibabaw ko inilayo lang ang mukha sa akin.

"Ysa ilang beses ko bang sasabihin sayo na kumatok ka muna bago pumasok."

Inilapat ko naman ang kamay ko sa dibdib nya.

Letse ang lapad at ang tigas talaga ng dibdib nya.

"Sige Monica landi pa, nasa kahihiyan kana laha-lahat kalandi mo parin."
Itinulak ko ng marahan si Ylac na muling tumingin sa akin. Pinagmasdan ako ng ilang segundo bago umalis sa ibabaw ko.

Inalalayan nya akong tumayo sa pamamagitan ng paghapit sa bewang ko. Ang ending dikit katawan parin kami.

Ano ba itong lalaking ito? Hindi ba nito alam ang ibig sabihin ng personal space?

Hindi ako makatingin kay Ysa.

Putsa! Sobrang nakakahiya.

"Ylac..." nanigas ako ng magsalita si Ysa.

"Bakit sa ibabaw ka ni Monica nahihiga? Ayaw mo ba sa kama? May surot ba? O naging kama nasa paningin mo si Monica? Omg dapat magpasalamin ka na. Tao si Monica Vlue. Tao! Hindi kama!"

The heck? Laglag panga ko sa tanong at sinabi na iyon ni Ysa.

Seriously iyon talaga ang tanong at sinabi nya?

Hindi ganito...

Bakit kayo gumagawa ng ganyan hindi naman kayo magsyota?

O kaya ay...

Bakit nakapatong ka Ylac kay Monica? May relasyon ba kayo?

Mga ganyan tanong.

"Pffft." Natatawa naman si Ylac. "Masarap kasing mahiga sa ibabaw ni Monica, Ysa." Nanlaki naman ang mga mata ko sa sinabi ni Ylac. Hindi makapaniwala na tinignan ko sya. Ano bang problema nilang magkapatid? Parang hindi ako makasunod sa pinag-uusapan nila.

"Talaga? Masarap? Puwede kong i-try?"

Lipat ang tingin ko kay Ysa.

Hindi naman sya mukhang nagbibiro sa katunayan seryoso at inosenteng-inosente ang mukha niya.

Tengene anyare?

Lalo naman akong hinapit ni Ylac sa katawan nya.

"No. Monica's body is for me only. Ayaw ko ng kahati. Ako lang. Akin lang sya." He declared.

Dumagundong ang puso ko sa mga sinabi ng binata. Nawala sa isip ko ang ka kengkoyan nilang dalawa

"Takte! Anong ibig nyang sabihin?"

Ngumuso naman si Ysa.

"Waaa ang damot. Gusto ko lang naman subukan. Hmmp. Handa na daw ang miryenda baba na daw kayo sabi ni Nanay Nena." Hinaplos nya ang ulo ni Coni.

Nice one M.

"Tara na nga Coni. Hanap din tayo ng mahihigaan. Puwede kaya si Nanay Nena. O kaya ikaw na lang, try natin, ano sa tingin mo Coni? Ay hindi pala pwede baka mapisat ka." Narinig kong wika ni Ysa habang lumalabas.

Muli kaming naiwan ni Ylac sa loob.

Hindi ko sya matignan. Kung naiilang ako sa kanya. Mas naiilang ako ngayon.

"Nagugutom ka na ba?" Tanong nya.

On cue kumalam naman ang sikmura ko.

Napahawak ako duon.

Mahinang tumawa si Ylac.

"Gutom ka na nga. Come next time ko nalang ibibigay ang parusa mo."

"Sayang naman."

Ako na. Ako na talaga ang malandi.

"Let's go Monica." Hindi ako gumalaw sa kinatatayuan ko kaya hindi rin sya kumilos nakahapit parin kasi sya sa akin.

"May masakit parin ba sayo? Nahihirapan ka bang maglakad? Do you want me to carry you?" Nang umakto syang papangko-hin ako saka lang ako nakakilos.
Mabilis akong napalayo sa kanya.

"Ka...kaya ko po." Naglakad ako ng mabilis kahit makirot. "Gutom na gutom na ako Sir mauna na po ako sa baba."
Walang lingon-lingon na naglakad ako ng mabilis.

Shit na'yan nahihiya na nga ako sa harap ni Ysa tapos pati sa harap ni Aling Nena. Ano nalang iisipin ng matanda kapag nakita nya akong buhat ng binata.

"Monica." Napahinto ako sa paglalakad at nilingon sya.

"Don't you dare na muli akong takasan ihahatid kita. Kapag sumuway ka pa sa akin. I'll kiss you. Kahit anong oras, kahit saang lugar, kahit sinong kaharap, understand?"

Napatango ako at pinagpatuloy ang pagbaba.

Habang bumababa ng hagdan isang bagay lang ang nasa isip ko.

Parang ang sarap na magmura at maging pasaway kung ang parusa naman ay ang halik ng isang Ylac Vlue Santiago.

*****

H/n

Pwedeng magmura narin hahaha at halik ang parusa?

Ikaw na M???.

Salamat po sa mga bumoto at nagbasa.

Thanks

Helliza Sabida

10202017npo 21:16

6

For Coni.

H/n

Umpisa palang may note kaagad.
May nakapagsabi kasi sa akin na medyo OA itong HML dahil may dialogue si Coni. Linawin ko lang hindi po sya naririnig ni Monica, sumasagot si M dahil sya po ay nagm-monologue. Walang nakakarinig kay Coni?. Nilagyan ko lang para masaya. Parang Marimar at pulgoso tamdem lang po.

****
"Dito ka nakatira?" Bakas ang gulat sa tinig ni Ylac.

Hininto nya ang sasakyan nang papaliko na kami sa brgy. Mabait.

Tumango ako.

Nakahinga ako ng maluwag ngayong andito na kami.

Piste kanina pa ako ilang na ilang at hindi makahinga habang magkasama kami sa loob ng sasakyan nya, buong byahe.

"Ah o-oo Sir. Huwag na kayong pumasok dito na lang kami ni Coni."

Loka magpahatid ka! Gusto ko pang makasama si Papa Ylac.

Umakto akong baba ngunit pinigilan nya ako sa braso.

"Stay put."

O bakit madilim ang mukha nya?

Nagmaniobra sya papasok sa barangay.

"S-sir baka ma-car-nap itong kotse nyo. Dito-."

"Ihahatid kita hanggang pinto ng bahay mo Monica."

Napatango na lang ako. Ang dilim parin kasi ng mukha nya eh.

Nyeta baka parusahan ako bigla pagtumanggi ako.

Ipinasok nya nga sa loob ng baranggay ang sasakyan nya.

Bungad pa lang may nakatingin na sa amin.

Bakit hindi tiba-tiba sila sa saksakyang ito.

"Sir dito na lang talaga. Sa looban pa iyong bahay ko. Hindi kakayanin ng sasakyan nyo ang pagpasok doon."

Hininto naman nya ang sasakyan.

"Ah...good night Sir salamat sa masarap na pagkain at paghatid." Paalam ko ngunit sa labis na gulat ko, nauna pa syang lumabas sa akin. Umikot sa puwesto ko at pinagbuksan ako ng pinto.

"Come." He said habang inaalalayan ako pababa. "Saan ang sa inyo?"

Tengene sasama ba sya?

"Sir naku huwag na ho. Yari iyang sasakyan nyo kapag iniwan nyo rito. Okay na - ay gag-!" Hinila nya ako palakad at sa labis na gulat ko muntik pa akong mapamura buti na lang nakapagpreno ang bunganga ko.

Lumingon naman sya sa akin kaya tinikom ko pang lalo ang bibig ko.

"Monica...saan ang bahay mo?" Seryoso nyang tanong.

"Ah...duon." Turo ko sa isang maliit na eskinita.

Kinuha nya ang kamay ko.

Ay HHWW kayo M.

Hinaplos ko iyong ulo ni Coni.

"Aba M boyfriend mo ba iyan?"

"Mukhang mayaman M."

"Patagayin mo rito."

Napangiwi ako sa mga tambay na nag-iinuman malapit sa bahay ko. Gabi-gabi silang ganyan. Nagtataka nga ako eh hindi pa nasusunog ang mga bituka nila.

"Naku hindi ko sya boyfriend, amo ko po sya."-ako.

"Hindi mo syota pero magkahawak kamay kayo. Aba lunalandi ka na yata M."

"Grabe ka Nato malandi kaagad hindi ba puwedeng hinahatid lang talaga." Sagot ko. Hinihila ko ang kamay ko mula sa pagkakahawak ni Ylac kaso ayaw naman nyang bitawan.

"Dito na kami. Bukas na lang ako makikitagay sa inyo." Paalam ko na.

Nagpatiuna na ako kay Ylac, ang bilis ng lakad ko, mahirap na baka pilitin pa syang uminom.

"Nakikipag-inuman ka sa kanila?" Tanong nya.

"Minsan...patagay-tagay lang po para hindi masabi na hindi ako marunong makisama."

Humigpit ang hawak nya sa kamay ko pero hindi sya umimik.

Nakarating kami sa bahay.

Walang gate iyon, pinto kaagad. Pinaghalong kahoy at semento gawa ang haligi ng aming bahay. Maliit lang pero may second floor.

"Ito po ang bahay ko. "

"Susi."

Hindi pa ba sya uuwi?"

Kinuha ko naman ang susi ko sa bag ko at inabot sa kanya.

Binuksan nya iyon at nagpatiunang pumasok.

Ayos nauna pa sya sa akin, at home na at home.

Ako pa tuloy ang nag-alangang pumasok sa sarili kong pamamahay.

Naabutan ko syang pinagmamasdan ang kabuuan ng sala.

Dahil mag-isa lang ako at laging nagmamadali hindi ko na makuhang maglinis kaya ang gulo-gulo at ang dumi-dumi dito ngayon.

"*Gaga ka talaga, nakakapaglinis ka sa ibang bahay tapos itong sarili mong pamamahay parang basurahan sa dumi."*

Girl sabi ko sayo maglilinis ka. Tignan mo nakakahiya kay Ylac. At iyong bra mo M nasa sofa pa.

Nanlaki ang mga mata ko ng may nahagip ang tingin ko. Putris iyong pink kong bra nakasabit sa may sofa!

Tinignan ko sya, nang makita kong ang pansin nya ay nasa bintana para akong si flash na tinakbo ang sofa. Eksaktong pagbalik ng tingin nya sa akin naisuksok ko na ang bra ko sa bag ni Coni.

Ano ba yan! Marumi pa itong bra mo. Gusto mong mamatay ako sa suffucation?

Nagpapalag si Coni sa loob ng bag kaya kinuha ko sya sa loob at ibinaba.

"May bintana at kuwarto din ba sa taas?" Tanong nya.

Tumango ako.

"Bakit?" Takang tanong ko.

Hindi naman sya sumagot. Nanlaki ang mga mata ko ng walang sabi-sabing umakyat sya duon.

Fucking shit!

Gusto kong magmura ng malakas. Ang buong second floor ay bedroom na. My bedroom! Simula ng

umalis ang pamilya ko. Kung dito may bra na akong nakasabit ano pa duon.

Napatakbo ako sa hagdan.

Go girl. May kama na dyan gahasain mo na si pogi.

Pinandilatan ko si Coni na naandon sa puwesto nya at kumakain najahiga pa ang bruha habang nakatingin sa akin.

Napakagat-labi ako ng makaakyat, grabe ang gulo-gulo.

Nakita ko si Ylac na walang pakialam sa kadumihan ng paligid. Nasa may pinto sya papuntang terrace, inieksamin ang lock ng pinto, pagkatapos ay ang sa bintana.

Ako naman para ulit si the flash na pinagpupulot ang mga nagkalat na damit, especially mga undies ko. Pinagtatadyakan ko na lang ang mga anik-anik kong nakakalat din sa sahig.

Napahinto ako sa ginagawa ko at naitago ko sa likod ko ang mga hawak-hawak ko ng bigla syang lumingon.

"Hindi matibay ang mga lock mo Monica. Kayang-kayang buksan sa isang hilaan."

"Ha? Lock?" Napatingin ako sa pinto at bintana.

Kaya nyang wasakin iyon? Isang hilahan lang?

"Paano kung bigla kang pasukin dito. Nag-iisa ka pa naman."

Ha?

"Pasukin? Ako? Naku hindi, nakakatakot man ang mga tao dito sir pero hindi naman sila nangtatalo ng mga kalugar."

"How can you be so sure?"

Natameme ako sa tanong nya.

"Ha? Eh...?" Wala akong maisagot.

Bumuntung-hininga sya.

Namula ako bigla ng ilibot nya ang tingin sa paligid.

Putsa nakakahiya.

"Nice room." He said.

Ang kanyang tingin ay nasa mga larawan ang mga anime at manga na pinagdidikit ko sa dingding.

Adik ako sa mga iyan. Isa sila sa hobby ko na nagpapatanggal sa a ng aking stress bukod sa

pagbabasa at pagd-drawing.

"You like anime and manga?" Sabi nya na ang tingin ay nasa isang bahagi ng dingding kung saan may isang malaking collage.

"**Mga Ultimate Hubby ko."**

Ang caption ng mga larawan ng mga anime na lalaki na kinaadikan ko.

"Mga ultimate hubby huh." Basa niya.

Para na akong kamatis sa sobrang pula, sigurado ako duon.

"Dapat ba akong magselos sa mga anime na iyan?"

Napakurap-kurap ako.

Shit! Tama ba ako ng dinig?

"P-po?"

Ang tanga Monica tinanong mo pa talaga ulit.

"I said dapat ba akong magselos sa kanila?"

Putsa! Iyon nga ang sinabi.

Wala tuloy sa loob na napailing ako.

Ngumiti sya. "Good. Dahil baka tanggalin ko silang lahat diyan at ipalit ang mga picture ko. Anong caption ang ilalagay mo kung sakali?"

"My Greatest & Ultimate Love." Mabilis na sagot sabay tuptop ng dibdib.

Ay fuck! Ano iyang sagot mo Monica!

Nang lumuwang ang ngiti nya mas lalo akong namula.

Buti na lang inalis nya ang tingin sa akin at muling pinagmasdan ang buong kwarto.

"Your room is untidy." He stated.

Ayan okay nang mapansin nya ang pagkaburara ko minsan. Tama na muna ang usapan tungkol sa greatest and ultimate love goodness mas lalo kong napapahiya ang sarili ko/

"Hehehe pasensya na sir. Wala na akong time maglinis, busy eh."

"Nalilinisan mo ang ibang bahay pero hindi mo malinisan ang sarili mong pamamahay."

Napayuko ako. Ay putek bakit nakakahiya din ito.

Tangna nakakahiya talaga!

"You must be so tired kaya hindi mo na magawang makapaglinis. Tama ba?" napaangat ako ng tingin. Katulad ng narinig ko sa boses nya, may tenderness din akong nababasa sa mga mata nya.

"You always worn out yourself."

Nakatanga lang ako sa kanya habang humahakbang sya papalapit.

Wala akong kahit anong reaksyon ng haplusin nya ang kaliwang pisngi ko.

Pero wagka nagpaparty na naman ang mga animal sa tyan ko.

Wala na nahihipnotismo na naman ako sa asul nyang mga mata.

Nang lumapit pa sya, bumilis pang lalo ang tibok ng puso ko.

"Ay gago!" Nagulat ako hindi dahil sa paglapit nya kung hindi dahil sa malakas na kalabog na nagmula sa ibaba.

Kumunot ang noo nya napatingin sa hagdan.

Tatakbo sana ako pababa para tignan kung ano iyon pero nauna sya sa akin.

"Who are you?" Tanong nya.

Nasa baba na sya habang ako nasa hagdan pa lang.

"Rod?"

Napatingin sa akin si Ylac, pati narin ang isa pang lalaki na puro grasa ang damit at medyo amoy alak.

Sya si Rod. Isa sya sa mga tambay dito sa lugar namin. Pa extra-extra sya sa talyer at ugali na nyang manghingi ng kung ano-ano sa akin.

"M...hahaha pahingi akong asukal. Magtitimpla ako ng kape pampaalis ng amats." nakangising sabi nya.

"Ginawa mo na naman akong sari-sari store."

Umiling ako at pumunta ng kusina.

Kinuha ko na iyong isang buong lagayan ko.

Pagbalik ko ng sala nakita ko si Rod na parang takot na takot na naglalakad palabas ng bahay.

"O saan pupunta iyon?"

Sinarado naman ni Ylac ang pinto.

Oh shit galit na naman sya at putek ang gwapo-gwapo nya talaga!

"Ugali ba ng tambay na iyon na basta na lang pumasok dito sa bahay mo?"

"Ha? Ah minsan-"

"Hindi mo dapat tino-tolerate ang ganon. Paano kung natutulog ka kapag pumasok siya o iyong iba! Paano kung gawan ka ng masama!"

Damn! Galit talaga.

"H-hindi naman siguro Sir-."

"Siguro...siguro lang Monica. Ibig sabihin hindi ka sigurado. Unang tingin ko pa lang sa lalaking iyon alam ko nang adik sya!"

Napakamot na ako sa ulo ko.

Nyemas ano bang ikinakagalit nya?

"Ano...sir matagal na ako rito. Dito na ako lumaki. Hindi naman siguro nila ako gagawan ng masama."

Napahilamos sya sa mukha nya. Para bang inis na inis sya sa sagot ko.

Pagkatapos bigla syang lumapit sa akin. Sa gulat ko napaatras ako. Napaatras ako hanggang sa mabangga ang likod ko sa pader.

Napakaseryoso ng asul nyang mga mata. Sa sobrang seryoso nya natatakot tuloy ako.

Gaga! Natatakot o kinikilig ka. Umayos ka nga M.

Nasundan ko ang kamay nya ng tumaas iyon.

Pababa...

...pababa sa kamay nya.

Tae akala ko hahaplos sya ulit.

Tinanggal nya ang suot nyang relos at sinuot sa akin.

"T-teka sir bakit nyo sinusuot sa akin iyan? Meron po akong sarili."

Hindi nya ako pinansin ponagpatuloy nya ang ginagawa. Nang maisuot nya ang relo nya sa akin, tinanggal nya naman ang relos ko at binulsa.

Ano bang ginagawa nya? Shit! Mukhang mamahalin itong relos nya,*tapos ibibigay nya sa akin seryoso ba sya?*

"Kahit anong mangyari huwag mong huhubadin ang relos na ito. Sa pagtulog o paliligo man. Waterproof yan kaya puwede kahit saan. There's no reason for you to take it off."

"Pero sir hindi ko puwedeng tanggapin ito meron naman po akong sarili-"

"Kapag may pumasok dito o kailangan mo ng tulong. Click this." Itinuro nya ang isang kulay asul na maliit na bilog na nasa gilid ng relos. "Darating ako para tulungan ka o kung hindi man may tulong na darating sayo, maliwanag ba?"

"Wow ang astig naman nito." Manghang sabi ko.

Ibig sabihin kung kailangan ko sya anytime, anywhere darating sya?

"Pero bakit binibigyan mo ako ng ganito?" Takang tanong ko.

"Para mapanatag ako kapag iniwan kita rito." He said deretsong nakatingin sa mga mata ko.

Seryoso? Totoo? Bakit kailangan nyang mapanatag? Ano ba ako sa kanya? Tagalinis lang ako di ba?

"Naiintindihan mo ba ako Monica?"

Napatango na lang ako, kahit nalilito at nalalabuan sa kanya.

"Good. I hate to leave you alone kung wala lang akong lakad ngayon dito ako matutulog."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nya.

Tang'na! Ito talagang gwapong ito. Magkakasakit ako sa puso sa gulat dahil sa mga sinasabi nya.

"Maybe next time." Dagdag nya pa na kinawindang ko lalo.

Wala na akong masabi.

Puta! Speechless na ako.

"I'll go ahead." Sabi nya.

Nang maglakad sya papuntang pinto sumunod ako.

"Saan ka pupunta?" Takang tanong nya naman na huminto sa tapat ng nakasaradong pinto.

"Ihahatid ko kayo sa sasakyan nyo sir baka mapagtripan kayong ng mga nag-iinuman."

Kumunot na naman ang noo nya.

"Hinatid kita, to make sure that you're going to be safe. Kung ihahatid mo ako pabalik sa sasakyan ko, ano sa tingin mo ang gagawin ko ulit? Sasamahan kitang muli pabalik rito."

At wala tayong gagawin buong gabi kundi maghatiran. Okay gets ko na.

Napatango na lang ako.

"S-sige po sir ingat kayo." Paalam ko na lang.

Tumango sya. Hawak nya na ang seradura ng pinto at pipihitin na lang ng bigla syang muling humarap sa akin.

Walang babalang kinabig nya ako sa batok at mariin na hinalikan sa labi!

Nanlaki ang mga mata ko sa gulat.

Saglit lang ang halik nyang iyon at binitawan nya na kaagad ako.

"You cursed." He simply said ng mabasa nya ang pagkagulat sa mukha ko. Pagkatapos ay ngumiti sya. Ngiting ikinalaglag ng panty ko."Good night Monica. Locked the door." he said, in his husky voice.

Tulala lang ako habang nakatitig sa kanya, habang unti-unting nyang sinasarado ang pinto at tuluyang maglaho sa paningin ko. Tanging ang nakapinid na pinto na lang ang kaharap ko ngayon.

Mga limang minuto yata ang lumipas bago ako nakahuma, saka ako tumili ng pagkalakas-lakas na ikagulat ng mga kapit bahay kong natutulog, ikinalaglag sa upuan ng isang tambay na lasing na sa inuman at ikinatalon ni Coni.

Wala akong pakialam sa kanila basta tumili lang ako kasi naman...

Shit! Fuck! Kinikilig ako!

¤¤¤¤¤

H/n

Si Coni po ay isang totoong kuneho. Meron po talagang totoong Coni at alaga po talaga sya ni Monica. Iyong pic sya po si Coni.

But sad to say namatay na po sya recently lang. Sa orihinal ay walang Coni sa sa story na ito. Sinali ko sya para

Salamat po sa pagbabasa pagboto at pag comment.

May IG na po pala ako konti pa friend ko kaya pa follow po?.
Helliza din po UN ko. Pinag-iisipan ko pa kung anong i-post ko dun hahahaha. Thanks.

1152017 uvft 18:10

7

For RealyneDao thanks po sa mga boto? at pagbabasa.

****

Ano bang ginagawa ko rito?

Iyan ang kanina ko pang tinatanong sa sarili ko habang nakaupo sa kama ng isang magandang kwarto.

Wala ako sa San Nicholas.
Narito ako sa Maynila.
Sa isang kilala at pangmayaman na lugar here in Alabang to be exact.

Kanina kasi ng papasok ako sa bahay ng mga Santiago, nakita ko si Aling Nena na pasakay sa isang sasakyan.

Nang makita nya ako hinila nya ako papasok, telling me na may pupuntahan kami, hindi ko naman akalain na sa Maynila pala ang punta namin.

Kaya heto ako ngayon, takang-taka.

Pinagtatawagan ko na ang mga mga contact ko sa mga bahay na lilinisan ko ngayon, naku siguradong patayan ito bukas, dahil bukas ko sila ini-schedule lahat, para hindi naman nakakahiya.

"Taragis asan na ba si Aling Nena? Sabi bayad ang araw kong ito. Eh asan ang lilinisin ko bakit nakatengga ako rito?"

Baka ibebenta ka M, baka may sideline si Aling Nena sa human smuggling.

Tinign ko si Coni na nakahiga sa sahig.

Kinuha ko sya at pinagmasdan.

"Baka kukunin ka sa akin at ipapalaman sa siopao." Sabi ko habang natatawa.

Gaga! Ano ako pusa.

Binaba ko sya ulit at hinaplos ang puting bedsheet ng kama.

"Pero kidding aside, bakit kaya tayo dinala ni Aling Nena dito? Saka kanino itong kwartong ito? Piling prinsesa siguro ang gumagamit, ang ganda eh."

Baka nagbebenta ng porn video si Manang tapos ikaw ang napiling bida at dito sa kwartong ito magaganap ang lahat.

"Sira ka Coni. Nanakot ka yata eh."

Pero totoo nagsisimula na akong kabahan.

Naandito ako sa banyagang bahay.

Wala din akong alam sa Maynila.

Hindi ko alam kung ano ang naisip ko at sumama-sama pa ako kay Aling Nena.

Napatayo ako ng bumukas ang pinto at pumasok ang isang babae. Mas bata sya sa akin. May dala-dala syang tatlong paper bag.

"Miss Monica, ito po iyong susuotin nyo sa party." Sabi nya at inabot sa akin ang paper bag.

Party? Miss Monica?

"Sige po Miss-."

"Ay teka Miss." Huminto sya at nilingon ako.

"Yes Miss Monica?"

"Ah, may itatanong lang ako. Anong party? Saka ano ka sa bahay na'to? At sinong may-ari?"

Napakamot ako nang tignan nya ako ng puno ng pagtataka.

Shit! Baka akalain nito baliw ako."

"Katulong po ako Miss Monica, birthday po ng triplets at nandito po kayo sa bahay nina Ma'am Angela at sir Dylan."

Birthday party? Triplets, Angela, Dylan? Puta! Lalo akong naguluhan.

"Ah...okay." yan na lang nasabi ko.

"Kung wala na po kayong itatanong baba na po ako Miss Monica."

Napatango na lang ako.

Tengene Ms. Monica yan nakakapanayo ng balahibo.

Nang umalis sya naiwan na naman akong mag-isa pinagdiskitahan ko na lang iyong nasa paper bag.

"The fuck! Bakit may ganito dito?"

Binulatlat ko sa harap ko ang laman niyon.

Isang simpleng western front dress iyon na 3/4 ang mga manggas at hanggang kalahating hita ang haba.

"Kanino ito?"

Baka sayo loka, sayo binigay diba.

Ngumiwi ako.

Hindi ako mahilig sa dress o bestida, kahit na nga sa palda.
Mas komportable ako sa pants at short. Simpleng t-shirt or sando shirt.

"Bakit naman ako pagsusuotin nyan?"

Aba M gutom ka ba o sadyang tanga lang, may party nga di ba malamang duon mo susuotin.

"Eh invited? Ako? Eh si Aling Nena nga lang ang kilala ko rito."
Binuksan ko ang sunod na paper bag.

Kung ngumiwi ako sa dress kanina, mas ngayon.

Isang pamatay na sapatos ang laman niyon. Bakit pamatay, aba eh pagkataas-taas ng takong. Mahigit three inches yata.

"Putek yan! Baka unang hakbang pa lang eh tumumba na ako at mabalian ng buto kapag ganito kataas ang suot ko." Inikot-ikot ko ang sapatos. But infairness ang ganda.

Ayaw mo M. Akin na lang bet ko yan

"Shit yan pwedeng-pwedeng gawing sandata ang takong nito." Naiiling na ibinalik ko sa loob ng paper bag ang sapatos.

Inabot ko iyong huling paper bag.

Kung napangiwi ako sa dalawang nauna dito sa pangatlo nanlaki at halos lumuwa ang mga mata ko.

Isang maliit na box ang laman niyon at nang buksan ko ay isang kwintas ang laman.

Initial necklace iyon na may pendant na letter M diamond ang pendant na may kasamang pearl charm. Ginto iyon at hindi man ako marunong kumilatis ng ginto alam kong malaking karat din ito. Sa likod ng letter M may nakasulat na Love.

Napakurap-kurap ako.

May nabuong hinala sa aking isipan. Hinala na nagpabilis ng tibok ng puso ko.

"H-hindi kaya iyong sinasabing triplets kanina ay sina..."

Nuon naman bumukas ang pinto at inuluwa si Aling Nena.

"O bakit hindi ka pa nakabihis naku nagsisimula na ang party."

"Nanay... ito bang party na ito ay party nila sir Ylac?"

"Oo, sino pa ba--ay M sorry nakalimutan ko yatang banggitin." Napakamot sa batok ang matanda. "Sorry ineng. Andito tayo sa bahay nila Ylac sa Maynila kung saan nakatira ang mga magulang nya. Birthday nilang tatlo at dito ginaganap."

Napaupo ako sa kama.

Nyeta! Birthday nga ni Ylac. Shit hindi ako handa.

"Nay bakit nyo po ako sinama? Nakakahiya po, wala man lang akong dalang regalo."

Tumawa si Aling Nena.

"Ano ka ba. Hindi naman naghihintay ng regalo ang mga batang iyon. Saka utos ni Ylac na isama ka. Abay nagpabili pa nga ng damit at sapatos mo."

Napasuklay ako sa maikli kong buhok.

"Mas nakakahiya Nay."

"Naku! Huwag ka nang mahiya. Gusto ng dalawa sa triplets na umatend ka kaya bumaba ka sa party." Naglakad papuntang pinto si Aling Nena. "Ako'y baba na mag-ayos ka na at sumunod." Isinasara na nya ang pinto ng matigilan sya na parang may naalala. "Oo nga pala Ineng. Paparusahan ka daw ni Ylac kapag hindi ka bumaba." Iyon lang at tuluyan na nyang sinarado ang pinto.

Napatulala naman ako.

"Nyeta naman o!" Napahiga ako sa kama.

Nahihiya akong bumaba duon. Siguradong mayayaman at may sinabi ang mga taong naandon, ni wala man lang akong dalang regalo.

**Bruha, gusto mong mahalikan no. Ayaw mo pang kumilos eh."*

Bumalikwas ako ng upo. Tinignan si Coni.

"What do you think Coni? Baba ba ako?"

Abay syempre tsibog iyon girl. Party ng mga mayayaman ibig sabihin maraming pagkain at tiyak na masasarap.

Kumalam ang sikmura ko.

"Shit baba ako, para sa bituka ko. Libreng mantika sa nguso, papalampasin ko pa ba." Tumayo ako. "Pagkain na lang ang iintindihin ko para hindi ako mailang. Tama! Magpapakabusog na lang ako."

After fifteen minutes nakabihis na ako.

Medyo naiilang ako sa damit pero keri lang ito ang uniform ko para makakain eh.

Ngunit ang dilemma ko naman ngayon ay ang sapatos. Hindi ko alam kung isusuot ko ba itong killer shoes na ito o itong canvass shoes ko na lang ang gagamitin ko.

"Kapag ito ang gagamitin ko..." itinaas ko ang sapatos na may mataas na takong. "...hindi ako makakabuwelo baka papunta palang ako sa mesa plakda na ako." Naningkit ang mga mata ko sa pag-iisip.

Hanggang sa nanalo ang canvass shoes ko.

"Ito na lang, hindi ko talaga keri iyan."

Sayang naman, basta akin na iyan M ha.

Pinagmasdan ko ang sarili ko ng maisuot ko narin ang kwintas.

Hindi sa pagmamayabang ha, pero bakit parang ang ganda-ganda ko.

Gutom lang 'yan M.

Wala akong kolerete sa mukha kundi iyong red lipstick ko.

"Mukha akong mayaman Coni."

Girl like I said gutom lang iyan.

Ang gara ng ayos ko, iyon nga lang medyo pumalpak sa sapatos.

"Tsss...damn them, basta kakain lang ako. Wala akong pakialam sa kanila."

Huminga muna ako ng malalim bago ako naglakad papuntang pinto.

"See yah Coni. Dadalhan na kang kita ng maraming food, bawal ka sa baba eh, tulog ka muna dyan, mwaah, mwaah, chup, chup."

Fine...pakabusog ka.

*****

Inaasahan ko na na maraming tao. Hindi ba ganon ang party ng mga mayayaman. Kaya naman nagulat ako ng halos lagpas lang sa bente katao ang nasa party.

Hindi rin sobrang marangya. Basta may mesa ng mga pagkain sa isang gilid, mga mesa, at banda na tumutugtog.

Malaki ang sala kaya kasya ang lahat duon. Ang dami ring handang pagkain.

Mukhang magp-piyesta ang mga alaga ko sa tyan ngayon.

Papunta na ako ruon ng mapahinto ako.

Shit! Ang gwapo-gwapo nya.

Tulala ako habang nakakitingin kay Ylac na may kausap na isang lalaki.

Grabe ang pogi.

Ang neat neat nyang tignan sa kanyang suot.

Napahawak ako sa dibdib kong tumatalon-talon.

Gaga pagkain ang pinunta mo rito.

Nang makita kong papalingon sya sa gawi ko para akong tangang mabilis na nagtago isang mesa nasa sulok.

Tang'na para kang tanga lang Monica.

Pero kahit ganon nagpatuloy ako sa pagtago.

Payuko-yuko nga ako hanggang mapapunta ako sa tabi ng mini stage na may bandang tumutugtog lang at wala pang singer na kumakanta.

Nakatalikod na sa gawi kong iyon si Ylac kaya tumuwid na ako ng tayo.

"Bakit ngayon ka lang?"

Napapitlag ako ng may nagsalita sa likod ko,nang lingunin ko naman hindi ko sya kilala.

"Ha?"

"Kanina pa nagsimula ang party tapos wala pa iyong singer. Ikaw naman na pinadalang subtitute late." Sabi pa ng babae.

Ay putek abnoy yata ito.

"Ah Miss nagkakamali ka, hindi--hoy teka!"

Hinila nya ako at itinulak paakyat sa stage.

Natabig ko pa ang mike kaya nag-echo iyon.

Puta! Ano na naman ba ito?

Dahil sa pag-echo ng mike natigil sa pagk-kwentuhan ang mga nasa kasiyahan at napatingin sa akin...

...sa akin na parang tangang nakatayo sa gitna ng stage.

Napakagat labi ako nang magkasalubong ang mga mata namin ni Ylac. Nakakunot ang noo nya. Nagtataka kung ano ang ginagawa ko rito.

Dude don't ask me, I don't fucking know why I'm here too.

Putris! Napapa-ingles ako.

"Kumanta kana miss." The fucking girl mouthed to me at sinenyasan ang bandang nasa likod ko.

Huhuhu putek! Bahala na.

Hinawakan ko iyong mikropono.

Sobrang kaba ang nararamdaman ko.

Punyemas! Sa c.r lang ako kumakanta.

Nagpadagdag pa sa kaba ko ang mga taong nanonood, lalong na sa lalaking may asul ang mga matang titig na titig sa akin.

Kahit malayo sya kitang-kita ko ang paglalakbay ng mga mata nya sa kabuan ko.

Sana lang nadala ko ng maayos itong dress na'to.

Gusto kong magtatalon sa tuwa nang marinig iyong intro ng kanta.

Fuck! Buti alam ko.

Huminga ako ng malalim.

Tangna bahala na si Bugs bunny sakin.

Pumasok ang unang stanza ng kanta.

https://www.youtube.com/watch?v=ScjT8zvT7d0

? Starving by Hailee Steinfeld?

? You know just what to say
(Shit that scares me!)
I should just walk away
But I can't move my feet
The more that I know you
The more I want to
Something inside me has changed
I was so much younger yesterday... (oh)?

Sa umpisa nakapikit pa ako, pero syempre gusto ko rin makita iyong reaksyon ng mga nandito kaya nagmulat ako ng mga mata.

Ang kaso nang magkasalubong ang mga mata namin ni Ylac, wala na...sa kanya na lang ako nakatingin.

? I didn't know that I was starving till I tasted you
Don't need no butterflies when you give me the whole damn zoo
By the way, by the way, you do things to my body
And I didn't know that I was starving till I tasted you ?

Wala sa loob na ngumiti ako, ngiting nagbigay din ng ngiti sa mga labi nya.

Grabe ang guwapo mo talaga Love. Napatingin ako sa mga labi nya.
Kelan mo kaya ulit ako hahalikan?

Landi pa more M. Magmura ka, palitan mo ng fuck, shit,at damn iyang lyrics para makadami ka ng halik. Pervert Monica!

? You know just how to make
My heart beat faster

Emotional earthquake
Bring on disaster
You had me, hey you got me weak on my knees
Yes something inside me has changed
I was so much younger yesterday... (yeah)
So much younger yesterday...?

Nagsimula syang maglakad papalapit sa stage.

?Oooh oooh oooh
Da ra da
Da ra da?

Sobra ang kaba ko habang tinitignan syang lumalapit sa akin.

Hindi ko alam pero alam kong kapag nakalapit sya; iyong minimithi kong halik ibibigay nya.

But bago pa man sya makalapit sa akin may babaeng lumapit sa kanya at sinalubong sya ng yakap at inunahan pa ako ng halik sa mga labi nya!

Si Brittany!

Nanlaki ang mga mata ko at bahagya akong nawala sa tono.

? The more that I know you
The more I want to
Something inside me has changed...?

Yeah something inside me has changed ng makita ko syang hinalikan ni Britanny.

Fuckshit! Ang sakit!

*****

H/n

*I*yong dress, shoes at necklace sa Fb at IG ko na lang i-u-upload ang tagal mag-upload dito. Duon nyo nalang po tignan?

fb&IG: hellizasabida

Late UD sorry. Peak season na kaya parang bagyo lagi sa office kaya ito laging pagod. Sorry talaga.

Thanks po sa reads votes and comment.

Helliza Sabida

1172017uivst 8:14

8

Napakurap-kurap ako. Habang hinahalikan si Ylac ng hipong iyon.

Nangmaglayo sila nagtama ang mga mata namin ni Ylac.

Nawala ako sa tono pero tinapos ko parin iyong kanta, eksaktong pagpasok ng huling melody, walang paapaalam na bumaba ako ng stage.

Kaloka! Shit ang sakit sa dibdib!

Sa gilid ng mga mata ko nakita kong kumawala si Ylac sa babaeng hipon, naglakad papunta sa akin, nagderederetso naman ako duon sa kumpulan ng mga tao.

Putek! Ayaw ko muna syang makita.

Nakarating ako sa may hagdan at patakbo na sana paakyat ng may mga kamay na humawak sa akin at pumigil sa pag-akyat ko.

"Ano ba-" nanlaki ang mga mata ko ng makilala ang nakangiting lalaking nalingunan ko.

"Oh SHIT Eros!" mula sa isang baitang na iyon tumalon ako payakap sa kanya.

Eros Cloud Aragon.

Sya ang bff ko, isa iyong bahay nya sa nililinisan ko, mga five years ago na yata ng maging katulong nya ako. Bakit kami nagclick?

Dahil parehas kami ng hobby.
Ang kumain.
Ang gwapong higanteng ito ay mahilig ding kumain ng kumain.

Matakaw itong mamang ito, hindi lang halata gwapo at maganda kasi ang katawan.

"Hello Dora." Sabi nya na hinalikan ako sa noo.

Sinimangutan ko sya.

Dora... Dora talaga ang tawag nya sa akin.

Kung saan-saan daw kasi ako nakakarating sa paglilinis ng bahay. Isa daw akong galaerang negra, map, bagpack at unggoy na lang daw ang kulang complete cast na.

Well lagi naman akong nakabag at lagi kong kasama si Coni. Puwede ng subtitute sa missing cast.

Kapre naman ang tawag ko sa kanya. Isa syang basketball player. Well... a well known basketball player. Kaya ang tangkad-tangkad nya talaga.

"Ibaba mo nga ako Kapre ka!"

Ngumisi lang sya.

"Puta! Dali na!" Pinalo ko sa braso.

Natawa naman sya.

"Dora and her dirty mouth." He said.

Pinanlakihan ko sya ng mga mata.

"Dali na Eros."

Natatawang ibinaba nya ako.

"Ngayon ko lang narinig ang boses mo Dora ah kumakanta ka pala." pang-aasar nya.

Dinilaan ko sya.

Natatawang ginulo naman nya ang buhok ko.

"Anong ginagawa mo rito?" Tanong ko, saka nanlaki ang mga mata ko. "Putsa huwag mong sabihin na inatake ka ng gutom kaya nagg-grate crash ka ngayon, nyeta Kapre hindi ka parin nagbabago!

Natawa sya at bigla akong inakbayan, iyong akbay na pasakal.

"Ang harsh mo sakin Dora, invited kaya ako."

"Aray! Aray! Punyeta Eros wag ang buhok ko." Natatawang saway ko sa kanya.

Ganito kami magbiruan may konting sakitan na may halong katakawan.

Nakakagulat na nakita ko si Eros dito. Sabagay mayaman naman itong mokong na ito hindi malayo na nasa iisang crowd lang sila ni Ylac.

Nagtatawanan parin kami ng may humila sa akin mula sa pagkakaakbay nya.

Sa gulat ko sadsad ako sa dibdib ng taong iyon.

"Puta! Ano ba-" Nanlaki ang mga mata ko ng makitang si Ylac iyon, na madilim ang mukhang nakatingin kay Eros.

"What are you doing to my Monica, Cloud?" Tanong nya na kinakunot ng noo ni Eros.

Napatingin si Eros sa braso ni Ylac na nakapalibot ngayon sa bewang ko.

"Your Monica?" Si Eros.

Tangna naman!

"Yup My-."

"Ay sir Ylac." Singit ko sa sasabihin niya. Kumawala ako sa pagkakahawak nya.

"Happy birthday po pala." Binalingan ko si Eros. "Ano... Eros si Sir hehehe amo ko sya. Isa iyong bahay

nya sa mga nililinisan ko."

"Oh... eh bakit andito ka sa maynila?" Takang tanong ni Eros.

"Bisita ko sya."

"Isa ako sa maglilinis ng kalat dito ngayon."

Sabay naming sagot ni Ylac.

Tengene yan! Aasarin ako ng kapre na'to kapag na feel nyang may pagsintang pururot ako kay Ylac.

Nagtatakang tinignan ako ni Eros, tumaas ang isang kilay nya pagkatapos ay ngumisi.

Ay puta ayan na mang-aasar na.

"Ang ganda naman ng uniform mo M, sosyal na katulong, nakadress talaga."

Pinanlakihan ko sya ng mga mata.

"Hehehe bago to pre kaya wag kang makialam." Sabi ko. Sinenyasan ko sya sa pamamagitan ng mga mata na gusto ko ng lumayo kay Ylac.

Isang dahilan pa kaya naging bff ko sya, kahit kasi wala kaming sinasabi basta nagkatitigan naiintindihan na namin ang gustong iparating ng bawat isa.

"Kumain ka na ba? Kain na tayo Dora." yaya niya

"Ha? Sige,.. wait lang magpapaalam lang ako sa amo ko."

"Sir dito-." Nanlaki ang mga mata ko ng pagpaling ko paharap kay Ylac, ay sobrang lapit na nya sa akin. Bumangga pa nga iyong ilong ko sa baba nya.

Napasinghap ako ng muli nyang hapitin ang aking bewang at hilahin pa ako palapit sa kanya.

"She's my visitor." Sabi nya na nakatingin kay Eros. "Now Cloud tell me bakit inaakbayan mo ang Monica ko?"

Taragis bakit kailangan may dugtong na 'ko' ang pangalan ko.

Itinaas ko ang kamay ko sa dibdib nya para sana itulak sya ng bahagya.

Shit! Ang lapad talaga ng dibdib nya.

Ang landi ko talaga. Nyemas imbes na itulak kasi, aba nagstay iyong kamay ko sa dibdib nya.

"Pfft." Si Eros. "Hey M nagpalit ka na pala ng apelyido, KO na pala. Anyway Pare don't worry wala kaming relasyon ni Monica 'KO' ay este 'MO' pala. Magbest friend lang kami." Sagot ni Eros.

"How come?"

Tumawa ang kaibigan ko.

"Hey Man sya si Dora iyong nak-kwento kong ka-buddy ko sa pagkain."

Tinignan ko ng matalim si Eros.

Hayop na lalaking ito talagang itsini-tsismis ang katakawan ko.

Tumingin si Eros sa akin at lalong ngumisi.

"Iyong sinabihan mong babaeng matakaw kasi naubos iyong niluto mong carbonara ng birthday ko." Dugtong nito.

Napalipat naman ang tingin ko kay Ylac.

S*inabihan nya talaga ako ng matakaw!*

Nanlaki naman ang mga mata ni Ylac na niyuko ako, dahilan para mas maglapit ang mga mukha namin.

"Ikaw iyon?"

Ang tinutukoy na pangyayari ng dalawang lalaking ito, ay ang birthday ni Eros, maaga akong dumating ng araw na iyon sa bahay nya dahil may raket ako sa susunod na oras.
Waka pa akong breakfast at lunch at takam na takam ako sa sa carbonara na niluto raw ng kaibigan nya. Sa sobrang gutom ko at sarap ng carbonara naubos ko lahat as in LAHAT.

Namumulang tumango ako sabay yuko.

Eh nasarap naman kasi tapos nagugutom pa ako.

Hinawakan ni Ylac ang baba ko at iniharap ang mukha ko sa kanya.

"Nagpapalipas kaba ng gutom Monica?" Nakakunot noong tanong nya.

"Ha?" Natanga ako sa tanong nya.

"Sigurado akong gutom na gutom ka kaya naubos mo ang ganong karami. Kung gutom na gutom ka ibig sabihin hindi ka nakapag-breakfast o naglunch. Ginugutom mo ba ang sarili mo?"

Nyeta bakit parang nag-aalala ang tono nya?

Hindi ako makasagot.

Nuon naman naisip ni Eros na hilahin ako kay Ylac.

"Naku Dre, hobby yan ni Monica ang kumain like me, nagugutom lang iyan kapag walang pambili. Matakaw itong si Dora."

Umakbay sya sa akin kaya madali ko syang nasiko.

Lalo namang kumunot ang noo ni Ylac na nakatingin sa kamay ni Eros na nakaakbay sa akin.

May sasabihin sana sya ng bigla nalang sumulpot sa tabi nya si Britanny.

Pumulupot ang kamay nya sa braso ng binata.

"Ylac... lets eat na."

Lets eat, lets eat bakit wala ka bang kamay at kailangan kapang samahan ni Ylac.

Sumimangot ako.

"Hoy Dora, obvious na obvious na nagseselos ka." Bulong sa akin ni Eros.

Binalingan ko sya at pinanlakihan ng mga mata.

"Oh my Eros Cloud Aragon!"

"Ay tang-ina!" Napamura ako ng tabigin ako ng amo kong hipon.

"Oh my I'm a fan." Excited na excited na sabi ni Britanny saba gagap sa kamay ng kaibigan ko.

"Ah... hello." Alanganing bati ni Eros.

Tss landi mo teh.

Iirapan ko sana sya kaso nagtama iyong mga mata namin ni Ylac.

Oh shet narinig nya bang nagmura ako.

Ang tiim-tiim ng titig nya sa akin.

Napalunok ako ng humakbang sya.

Iyong tingin nya, ay tulad ng tinging binigay nya sa akin kanina nang kumakanta ako.

Napalunok ako.

Ngunit sa ikalawang pagkakataon humarang na naman iyong hipon.

"Teka... anong ginagawa mo rito?" Tanong nya sa akin.

Invited ako bakit?

Yumukod ako.

"Magandang araw po Ma'am Britanny. Kinuha po ako ni Sir Ylac na tagalinis. " sabi ko sabay deretso ng tayo.

Si Ylac madilim ang mukha sa di malaman na dahilan.

Bakit?

"At kung tinatanong nyo kung bakit ganito ang suot ko." I pointed my dress. "Nagsideline din po kasi akong singer."

"Oh... ikaw iyong babaeng wala sa tono kanina."

Sapakin ko kaya 'to.

Ngumiti na lang ako. Tapos yumukod ulit.

"Excuse me po punta lang akong kusina."

Bago pa makapiyok ang kung sino man sa kanila tumalilis na ako. Pinasok ko iyong pintong tingin ko ay kusina, bago ako tuluyang makapasok nilingon ko sila, at nakita kong nasa gitna na ng dalawang binata si Britanny at nakahawak na sa braso ng dalawang lalaki. Si Ylac nakatingin sa akin kaya naman binilisan ko na ang lakad ko.

Mapait akong ngumiti.

Hindi talaga ako pamparty pang kusina at tagalines lang ang peg ko.

Walang tao dito sa loob, malamang abala lahat sa kasiyahan.

Naupo ako sa mesa, namilog ang mga mata ko ng makitang may mga pagkain duon.

"Kung sinusuwerte ka nga naman."

Tumayo ako at dali-daling kumuha ng plato at naglagay ng mga masasarap na putahe na nasa harap ko.

"Hmmm heaven."sabi ko ng isubo ang spaghetti.

Kumain din ako ng pritong manok, pansit bihon, menudo, mechado, lumpiang shanghai at marami pa.

Mas masarap ang buhay dito sa kusina.

"Sino ka?"

Nasamid ako at napaubo ng may magsalita sa gilid ko, napapukpok ako sa aking dibdib.

"Hey" dali-daling kumuha iyong babaeng nagsalita.

"Here drink this."

Inabot nya sa akin ang isang basong tubig na mabilis ko namang ininom.

"S-salamat po." Nang tumingala ako para ngitian sya nanlaki ang aking mga mata.

Parehas sila ng mga mata ni Ylac!

Maganda iyong babaeng nasa harap ko. Parang anghel. Dumagdag pa sa ganda nya, ang asul na mga mata nyang nakangiting nakatingin sa akin.

Kapatid ba sya ni Ylac? May hawig sila eh.

"Okay ka na ba?" Tanong nya sa akin.

Napatango ako.

Akala ko triplets lang sina Ylac, may ate pala sila.

"Okay na po ako salamat."

"Bakit nag-iisa ka rito? Naruon ang party sa labas?"

"Ah ano po..."

"Kanino kang bisita?"

Napatayo ako tapos kumamot sa ulo.

Tengene bakit nat-tense ako?

"Naku Ma'am hindi po ako bisita, ah... kasama po akong dumating ni Nanay Nena rito. Katulong din po..."

Kumunot ang noo ng babae.

Ano ba yan nakakunot noo na maganda parin.

"Your dress look familiar."

"Po?" Napatingin din ako sa damit ko.

"Ako ang bumili nyan." She stated.

Nanlaki ang mga mata ko.

Shit! Sa kanya ba 'to.

"Ho? Sa inyo po ba? P-pinahiran po ito ni...-"

"Ylac." Pagtutuloy nya sa sinasabi ko. "Ikaw ba si Monica?"

Alam nya pangalan ko?
Napatango ako.

Ngumiti sya.

Wow nakakatomboy mukha talagang Anghel lalo na kapag nakangiti.

"Hi I'm Angela Ylac Vlue's--."

"Ma." Napatingin ako sa pinto ng pumasok duon si Ylac.

"Mama hinahanap kana ni Papa."
Nanlaki ang mga mata ko.

Shit! Mama ni Ylac itong babaeng ito!

Nagpabalik-balik ang tingin ko sa kanilang dalawa.

Tangna parang magkasing-edad lang ah.

Napatingin sa akin si Ylac.

"Oh nagkakilala na kayo." Sabi nya.

Tumango ang mama nya

"Infairness nak maganda sya. Komento ni Ma'am Angela na kinapula ng mga pisngi ko

Ngumiti sa akin si Ylac.

"I told you..."

Okay ang akward.

"Ah may kailangan po kayo? Tanong ko na lang.

"Oh, kukuha sana ako ng spaghetti wala na kasi sa labas." Nakangiting sagot ni Ma'am Angela sa akin.

Ang ganda talaga nya.

"Ako na ho." Prisinta ko, pumunta ako lagayan ng mga plato at naglabas ng bandehado

"No ako na bisita ka rito nakakahiya naman sayo."

Umiling ako.

"Naku hindi po ako bisita. Nasabit lang po ako dito. Saka po trabaho ko naman po ito. Amo ko po si Sir Ylac." Sabi ko na nagsasandok na ng pagkain.

"Oh...katulong ka ni Ylac."
Paglingon ko, nakataas ang kilay ni Ma'am Angela na nakatingin sa binata.

"Ah opo?"

Putek bakit pa tanong ang tono ko?

Ngumiti sya sa akin.

"Ah... okay iba kasi ang sabi ng anak ko."

"Ho?"

"Mama." Sabi naman ni Ylac.

Natawa si Ma'am Angela.

"Binata na talaga ang anak ko."

Napapakunot noo na lang ako, hindi ko sila masakyan eh.

"Ma'am okay na po saan po dadalhin?" Tanong ko na lang.

"Dito sa labas Monica."

Binuhat ko iyong bandehado at naglakad papuntang pinto.

"Let me." Si Ylac na umaktong kukunin sa akin iyong hawak ko pero mabilis kong iniwas iyon sa kanya.

"Ako na po Sir." Hindi tumitingin na sabi ko at nagtuloy-tuloy na lumabas.

Tsss ang arte ko pero talagang naiinis ako sa nakita kong paghalik at paghawak sa kanya ni Britanny.

Kapal ng mukha ko wala naman akong karapatan mainis pero naiinis parin ako.

"Galit yata sayo Ylac."

Narinig kong sabi ni Ma'am Angela. Hindi ko na hinintay ang sagot ni Ylac minadali ko na ang paglakad ko.

Nakarating ako sa mesa ng pagkain at ibinaba ang bandehadong hawak ko.

"M."

Napalingon ako sa tumawag.

"Miss Ysa." Bati ko naman.

Ang ganda-ganda ng amo kong babae.

Nagulat ako ng humalik sya sa piangi ko.

"H-happy birthday po." Bati ko. Sa gilid ng mga mata ko nakita ko ang papalapit na si Ylac.

"M?"

Ano ba yan bakit ang daming nakakakilala sakin dito.

Paglingon ko, sinalubong ako ng isang lalaking pinaglihi yata kay beast.

"Sir Nike?" Gulat na sabi ko.

"M ikaw nga, akala ko namamalikmata lang ako eh." Lumapit sa akin si Sir Nike. Hinalikan ako sa pisngi at niyakap.

Isa rin si Sir Nike sa ipinaglilinis ko ng bahay. Huwag kayo, kahit ganyan ang itsura nyan(nakakabigla), isa sya sa pinakagalante at mabait na among pinagsisilbihan ko.

Napaderetso ako ng tayo ng may pamilyar na braso na naman ang pumalibot sa akin at hinila ako palayo kay Nike.

"Kilala mo si Nikey baby M?" Tanong ni Ysa.

Napatango na lang ako.

"Guys excuse me, hiramin ko lang si Monica." Sabi naman ni Ylac na kinagulat ko.

"Ho? Naku maghuhugas pa-."

"Excuse guys." Hindi pinansin ni Ylac ang pagsasalita ko, hindi narin nya hinintay na magsalita si Ysa at Nike na nagtatakang sinundan kami ng tingin, hinila na nya kasi agad ako.

"T-teka sir saan po-."

"Bro who's that?" Tanong ng lalaking nakasalubong namin.

Napakurap-kurap ako kasi kahawig sya ni Ma'am Angela na may pagka Ylac at Ysa.

Kung si Ylac at ang mga lalaki dito ay naka semi formal.

Itong lalaking to rugged looking black ripped jeans and white tshirt ang suot pero shit ang gwapo rin nya.

"Dyke...si Monica. Monica my twin kapatid namin ni Ysa si Dyke Anjelo.'"

"Hello po."

"Oh sya si Monica." Ngumiti si Dyke, hahawakan sana ang kamay ko pero hinila ako palayo ni Ylac sa kanya.

"Stop, quota na ako na makita syang hinahawakan ng mga lalaki." sabi niya.

Ano daw?

"Mine." Dagdag nya pa na kinangisi ni Dyke.

"Okay Bro, hindi ko naman naman inaangkin, I got mine here." Natatawang sabi ni Dyke. Sabay akbay sa babaeng tulad nito ay punit na pantalon ang suot at black longsleeve.

Ayos ah.

Tinignan lang sya ng babae pagkatapos ay humikab.

"Can I sleep?" Tanong ng babae.

Wow ang alive alive ng party tapos inaantok sya.

Natatawang ginulo ni Dyke ang maikli at kulutang buhok ng babae.

"This always sleepy lady beside me is Zulf, Zulf my another twin Ylac." Pakilala nya sa kapatid. "And his Monica."

Napangiwi ako.

Bakit ganon ang introduction sakin?

Nakangiwing kumaway ako kay Zulf na ginantihan nito ng tipid na ngiti at inaantok na hikab.

"Dito na kami." Paalam naman ni Ylac.

Tumango si Dyke tapos nanunuksong ngumiti sa akin.

"Use protection guys."

Namilog ang mga mata ko sa sinabi nya.

What the shit!

"Fuck you Bro." Sabi naman ni Ylac bago ako hinila.

Habang hinihila nya ako papuntang hagdanan kung ano-anong kaberdehan tuloy ang naiisip ko.

Lalo pa iyong naging berde ng ibalik nya ako sa kwarto, kung saan ako tumuloy kanina.

O M tapos na ang party?

Napaangat ng ulo si Coni na nakasalampak ng higa sa kama.

"Ah Sir may kailangan ka?" Alanganing tanong ko.

Napaatras ako ng humakbang sya papalapit.

"Ah ano sir puwedeng bumaba ulit nagugutom pa kasi--." Naputol ang kung ano mang sasabihin ko ng mabilis nya akong inabot, hinila palapit sa kanya at isinandal sa saradong pinto.

Isang singhap lang ang nagawa ko sa sobrang kabiglaan.

"Nagmura ka na naman Love." Bulong nya habang ang mukha ay sobrang lapit sa akin.

"Hindi-."

At hinalikan na nya ako.

Sinalakay nya ang mga labi ko at wala akong nagawa kundi ang manlaki ang mga mata at matulala sa kisame.

Damn this man and his Lips!

Wala, busog na ako.

Tangna nakakabusog kasing humalik si Ylac Vlue Santiago.

****

H/n

Okay lang ba?

Pasensya na po sa Chap na ito.
Masama kasi pakiramdam ko.

Thanks sa pagbabasa.

Helliza Sabida

11222017gsg 18:28

9

Tulala ako ng bahagya syang lumayo sa akin.
Napalunok ng haplusin ng hinlalaki nya ang upper lip ko.

"This is the last time na hahalikan kita ng ganito..." he whisphered.

Ay bakit!

Shit ka M talagang nanghinayang ka ha!

"...dahil sa susunod na magmura ka, on the spot na kitang hahalikan. I don't care kahit sinong kaharap at kahit gaano karami ang tao. Basta kapag nagmura ka hahalikan kita."

Seryoso?

Aktong baba ulit ang mukha nya sa mukha ko nang may kumatok sa pintong kinakasandalan ko.

Napaigtad ako at nagulat, kaya naman naitulak ko sya.

Napaatras sya ng dalawang hakbang pero ang kamay naman nya ay nanatili sa bewang ko.

"Hey Ylac... are you there? Si Britanny to."

Sabay na nangunot ang noo namin.

Taragis na hipon ito hanggang dito nakasunod!

Matagal muna akong tinignan ni Ylac bago nya ako marahang inalis sa harap ng pinto.

Nagpakagilid naman ako.

Ayaw kong makita ni Britanny na magkasama kami sa iisang kwarto.

"Yes Brit?" Narinig kong tanong ni Ylac sa kabilang pinto.

Hindi pa sya tuluyang lumalabas, kalahati ng katawan nya ay nasa loob pa.

"Oh you're really here, may nakapagsabi kasi sa akin na nandito ka nga. Ylac natatakot ako, may kanina pa tingin ng tingin sa akin duon sa ibaba I think may gagawin syang masama."

Arte nito, pilingera pa, baka sa may mesa ng pagkain nakatingin assuming ka lang.

"Britanny...kilala ko ang lahat ng na rito. Imposibleng may magtatangka sayo rito."

"But... I'm scared. Puwede bang sa tabi muna kita. Mas safe kasi ako pag nasa malapit ka you're my head security, mas mapapanatag ako pagkasama kita. Please Ylac...please..."

Umabot yata ang kilay ko hanggang kisame sa pagtaas.

Hindi ka boses takot teh. Boses nang-aakit ka!

Narinig kong bumuntung-hininga si Ylac.

"Okay."

Hindi ko alam, sa simpleng pag-okay nyang iyon parang may kumurot sa dibdib ko. Napahawak ako duon at pasimpleng huminga ng malalim.

Bago tuluyang lumabas tumingin sa akin si Ylac, magsasalita sana sya para magpaalam ng sumenyas ako na huwag syang maingay.

Kumunot ang noo nya.
Sunod-sunod naman ang ginawa kong pag-iling.

He sighed agaid. Hahalik sana sya sa noo ko pero umatras ako.

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay nya.

"Ylac?" Tawag ng hipon sa labas.

Sumenyas sya na bumaba din daw ako, na sinagot ko lang din ng tango.
Isang huling sulyap ang binigay nya sa akin bago sya tuluyang lumabas.

Nanghihinang napasandal naman ako.

Hoy anong drama mo?

Malungkot kong tinignan si Coni.

"Hindi ko man lang sya nabati."

Nakahalik na sayo, hindi pa ba pagbati iyon?

Dumeretso ako ng tayo naglakad papuntang kama at pabagsak na nahiga ruon. Kinuha ko si Coni at pinatong sa ibabaw ng tyan ko.

"...ni hindi ko man lang sya naregaluhan." Hinaplos ko ang ulo ni Coni. "Ano kayang magandang regalo sa kanya? Kung si Eros lang iyon madali lang. Regaluhan lang natin si Kapre ng pagkain masaya na sya."

Bigyan mo ng anak baka masiyahan din si Ylac.

"Hindi naman puwedeng baby assuming ko naman baka ayaw nyang magkaanak sa akin."

Sabagay baka ako ang trip na anakan ni Pogi..

Bumuntung-hinga ako at pumikit.

Ano kayang magandang iregalo?

Pagmulat ko, nahagip ng mga mata ko ang isang painting.

Kalangitan ang nakaguhit duon, asul na asul tulad ng mga mata ni Ylac.

Matagal ko iyong pinagmasdan pagkatapos ay bigla akong napangiti.

Bumalikwas ako ng bangon. Napatalon si Coni sa gulat dahil sa ginawa kong iyon.

Kunehong maganda naman o! Ano ba yan M! Anong nangyari para kang sinapian, kung makabangon.

"Shit! Coni. Alam ko na ang ireregalo ko sa kanya." Natutuwang sabi ko.

Umalis ako sa kama.

Sana magustuhan ni Ylac itong gagawin ko...

****

"Ayos tapos na." Kinusot ko ang mga mata kong inaantok na.

Magdamag kong ginawa itong regalo ko para kay Ylac, tinapos ko talaga para hindi masyadong late sa birthday nya.

"What do you think Con?"

Ipinakita ko sa kanya ang gawa ko.

Drawing iyong. Manga version ni Ylac. Ibinuhos ko talaga ang galing ko sa pagguguhit para lang magawa ito.

"Ano sa tingin mo." Inilapit ko pa kay Coni ang drawing ko.
Si Ylac ba iyan? kumamot si Coni sa ilong. ** Parang hindi naman.**

Pinagmasdan ko ang drawing ko.

"Magustuhan kaya nya?"

Baka hindi. Ang gwapo-gwapo ng tao pinapanget mo sa drawing mo.

"Panget? Pinaghirapan ko kaya ito."

**Oo nga mukhang pinahirapan mo din sya dyan sa drawing mo.*

"Sama nitong kunehong ito. Di kita pakainin dyan eh."

Dahil wala akong frame karton na matigas ang ginamit ko pagkatapos nanghingi na lang ako ng plastic cover kay Aling Nena at nakakapagtakang meron ang matanda niyon.

Maayos ang gawa ko. Ginandahan ko talaga para hindi nakakahiya. Nagdesign pa ako sa gilid para magmukhang nakaframe.

Tumayo ako at nag-inat-inat.

Inumaga na pala ako sa ginagawa ko.

"Wait lang Coni ibigay ko lang ito, baka gising na sya." Sabi ko habang papuntang pinto. Excited na ako sa magiging reaksyon nya.

Bahala ka, ang aga-aga mong tatakutin ang gwapo.

Kumalam ang sikmura ko habang pababa kaya lumakad muna ako papuntang kusina.

Itatanong ko narin kay Aling Nena kung nasaan parte ng bahay ang kwarto ni Ylac.

Pagpasok ko sa kusina natigilan ako....nanlaki ang aking mga mata at nabitawan ang hawak ko.

Tangna ang gandang salubong sa umaga naman nito!

Naabutan ko kasi...

...si Britanny...

....nakakandong kay Ylac.

Nasa harap sila ng mesang kainan at may umuusok na dalawang tasang kape sa ibabaw ng mesa.

Mukhang maghahalikan pa sana ang mga ito kung hindi lang nagambala sa ingay na nilikha ko.

Napatingin sila sa akin.

Kumunot ang noo ni Britanny, habang si Ylac naman ay nanlaki ang mga mata.

"Ay sorry po. Hindi ko alam namay t-tao s-sige tuloy nyo lang i-iyan... alis na po ako." Mabilis kong sabi, nagkandautal-utal pa ako.

Dinampot ko iyong dala-dala ko bago mabilis na umalis.

Shit ang sakit!

Gusto kong umiyak habang naglalakad ng mabilis papuntang kwarto.

Puta kaaga-aga naman nito!

"Monica..." Papasok na ako sa kwartong tinutuluyan ko ng marinig ko ang pagtawag ni Ylac sa akin.

Ayaw ko sana syang pansinin pero hindi puwede kaya naman huminga muna ako ng malalim bago humarap sa kanya.

"May kailangan kayo Sir?" Pormal ang mukha na tanong ko. Gusto ko sanang ngumiti kaso baka mauwi sa ngiwi.

"Iyong nakita mo-."

"Sorry po kung nakaistorbo po ako sa inyo. Hindi na mauulit." Singit ko."Pero sana naman ho sa kwarto na kayo gumawa ng ganon para wala hong makakita at ng hindi kayo nabibitin."

"No! Its not what you-."

Hindi ko na naman sya pinatapos.

Isinalampak ko sa dibdib nya iyong regalo ko.

"Regalo ko nga pala Sir, pasensya na po iyan lang ang nakayanan, wala pa pong sahod eh. "

Napatingin sya sa duon.

Kumunot ang noo nya. Muli parang nilapirot ang puso ko.

Hindi nya nagustuhan...

"Moni-."

"Sige po, hindi pa po ako natutulog iidlip lang ho muna ako, bye sir."

Hindi ko na sya binigyan ng pagkakataon na magsalita.

Pumasok na ako kaagad ng kwarto.

Napasandal ako duon.

Kinagat ko ng mariin ang mga labi ko, ni hindi ko namalayan na tumutulo na pala ang luha ko sa magkabilang mga mata ko.

**OMG M! Anong nangyari?*

Umiling ako. Dumeretso ng tayo.

"M-may nakakapuwing sa mata akong n-nakita." Pinigilan ko ang pagtulo pa lalo ng mga luha.

Pinunasan ko ang aking pisngi at naglakad papuntang kama, saka ko binagsak ang sarili ko ng padapa sa kama.

"T-tulog muna ako." Sumisinghot na sabi ko.

Pagpikit ko iyong eksena sa kusina na naman ang nakita ko.
Naibaon ko iyong mukha ko sa unan. Hoping that image will fade away.

Pisting buhay ito o!

****

Abala ako sa pagpupunas ng pasimano. Dito sa bahay ng great hipon. Si Britanny Tiu.

Kanina pa ako tapos pero inulit -ulit ko ng punas.

Ayaw kong umalis dito sa entertainment room. Nakakastressed kasi iyong eksena sa labas.

Sus baka nagseselos ka.

"Coni... oo na kahit nakakagago oo nagseselos ako." Mapait na sabi ko.

Sumilip ako sa bintana kung saan ang pool area, at ayan putek! Nasisira na naman ang araw ko.

Si Britanny kasi naliligo sa pool. Talagang sinadya nya yatang magsuot ng ganonh kaseksing swimsuit. Obvious na obvious na inaakit nya si Ylac na kasama nya. Syempre as a bodyguard dapat laging nakasunod ang binata sa hipon.

Pero bahagi pa ba ng trabaho ng isang bodyguard ang magpahid ng lotion?

"Tangana yan! Para-paraan talaga!"

Nang umangat ang ulo ni Ylac paharap sa akin dali-dali akong napaatras para hindi nya makita.

Alam kong galit sya.

Umalis kasi ako ng walang paalam sa bahay nila sa Maynila.

Iniwan ko iyong dress, sapatos at kwintas na binigay sa kama ng kwartong tinutuluyan ko.
Aanhin ko pa iyon pahiram lang nanan sa akin iyon. Saka baka kapag hindi ko sinoli ikaltas pa sa sahod ko.

Hanggang ngayon hindi parin kami nagkikita, wala sila ni Britanny ng dumating ako.

Kanina ko pa nga hinihiling na na sana wala pa sila hanggang sa matapos at makaalis ako.

Ngunit heto nga hindi pa ako nangangalahati dumating na sila.

Bakit kasi ayaw mong magpakita sa kanya?

"Basta ayaw ko syang makita." Habang sinasabi ko iyon nagpaulit-ulit sa isip ko iyong eksena sa kusina.

Kumikirot at nag-iinit ang ulo ko.

Nang matapos ako sa ginagawa ko. Kaagad kong niligpit ang mga gamit ko.

Lumabas ng entertainment room at nagpuntang kusina para magpaalam sa mayordoma.

"Alis na po ako Ms. Beth."

Mula sa pagtikim sa nilulutong pagkain napatingin sya sa akin.

"Hindi ka ba kakain muna?"

Umiling ako.

"Hindi na po may baon po ako, saka mal-late ako sa next raket ko."

"Aba himala umaayaw ka sa pagkain."

Nakakawala kasi ng gana iyong mga nasa pool sarap lunodin.

Ngumiti lang ako.

"Sige po."

Naglalakad na ako ng magring ang cellphone ko.

"Hello Sir Nike... Sige po kaming dalawa ni Coni ang bahala." Tapos nanlaki ang mga mata ko.
"Talaga po? Thanks sir Nike. I love you... i love you po talaga
love..." natigilan ako sa pagsasalita when my eyes settled in a beautiful pair of blue orb.
"Ahhh...sige po mamaya na ako magtatanong... bye-bye na." Hindi ko na hinintay na sumagot si Sir Nike.

Syet nasa pool sya diba bakit andyan na sya sa may pinto kaagad?

Pinagmasdan ko si Ylac na matiim na nakatingin sa akin habang nakatayo sa tabi ng main door.

Sa sobrang saya ko dahil bibigyan ako ni Sir Nike ng cake ni hindi ko napansin na nasa paligid na sya.

"H-hello po Sir." Ako.

"Who's that?" Tanong nya imbes na sagutin ang tanong ko.

Hindi ako sumagot.

Bakit tinatanong mo?

"Sino ang kausap mo at sinasabihan mo pa ng I love you?" There's a hint of irritaion in his voice, dahil siguro sa hindi ko pagsagot kaagad.

"Ahh..."

Lagot ka M mukhang ayaw ni pogi na may ka i labyuhan kang iba.

Sumilip-silip si Coni sa bag nya.

"Answer me Monica."

Kumunot ang noo ko.
Tila hari kasi sya kung magsalita, at magtanong na para bang kailangan kong sagutin iyon.

"Kaibigan ko po."

"Friend? Lalaki ba iyan?"

Tumango ako.

Sa pagkakataong iyon madilim na ang mukha nya.

"You're saying i love you in your friend. In your man friend! Lahat ba ng kaibigan mong lalaki sinasabihan mo ng i love you?"

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ko.

"Opo may masama po ba?" Hindi iyon totoo hindi naman ako tanga para sabihan ko ng i love you ang

mga kaibigan kong lalaki.

"Are you serious?" Bumakas ang di pagkapaniwala sa boses nya.

"Opo ano bang problema, wala naman ho sigurong masama na sabihan ko ng I love you ang kaibigan ko di ba."

"Are you stupid? Hindi gawain ng matinong babae ang mag-i love you sa mga lalaking kaibigan nya."

Tangna! Stupid na nga, tapos hindi pa matinong babae eh di wow! Ayos!

"Tanga talaga agad Sir? Wala namang masama duon ah, eh di kung masamang babae na ang nag-a-i love you sa kaibigan nyang lalaki eh di masama na akong babae." Badtrip na sabi ko.

"You're saying I love you. Dapat kapag nag-i love you ka duon lang sa boyfriend mo. Kasi sya lang ang mahal mo."

Tang-ina bakit ba pinagtatalunan namin ito?

"Mahal ko naman ang mga kaibigan kong lalaki ah."

"So you love them as a friend."

Tumango ako.

"Nung sabihin mong mahal mo ako, what do you mean by that? You love me as a friend or as a man?"

Nanlaki ang mga mata ko.

Bullshit! Talagang kailangan isali iyon?

"O-oho. Mahal ko po kayo bilang...b-bilang kaibigan. B-bilang a-amo."

Tengene bakit nauutal ako?

His blue eyes darkened.

"Are you sure of that?"

Tumango na lang ako. Baka kasi hindi na maintindihan ang sasabihan ko sa sobrang pagkautal kung magsasalita pa ako.

"Bakit pakiramdam ko na, you love me not as a friend but as a man."

Nanlaki ang mga mata ko. Namula.

Pagkatapos ay tumawa ako ng mapakla.

"Sir ha, wag kayong assuming. Mahal ko kayo bilang amo lang. Sobra kayo. Saka isang beses lang akong nag-i love you sa inyo samantalang kay Eros araw-araw ano po salawahan na ang puso ko kasi I love Eros as a man." Another lie.

Nakita kong natigilan sya.

Pagkatapos pumormal ang mukha nya, sa sobrang pormal wala na akong mabasa.

"Oh. I'm sorry my bad." Inilagay nya ang kamay nya sa magkabilang bulsa ng kanyang suot na black pants.

"Hindi na ako mag-aassume don't worry."

Nang maglakad sya paatras parang may sumipang kung ano sa dibdib ko.

"Agahan mo na lang bukas Ms. Agapito. May ipapalinis ako sayo." Pagkasabi nya nuon tuluyan nya na akong tinalikuran.

Umawang ang mga labi ko.

Humakbang ng isang hakbang ang aking paa para sana sundan sya, but the I stopped.

Pinigilan ko ang sarili ko na sundan sya.

Ano naman ang sasabihin ko?

Sir joke lang. Mahal po kita bilang lalaki hindi bilang kaibigan.

Napailing ako.

Hibdi ako tanga, hindi ko sasabihin iyon sa kanya. Mas okay na ang ganito. Ayos nga eh. Hindi nya iisipin na...

...na mahal ko sya...

...mahal ko syang talaga!

Pero bakit ganon? Bakit ang sakit-sakit sa dibdib habang pinagmamasdan ko sya palayo?

*****

H/n

Alam ko late ako... sorry medyo busy po. Anyway. Salamat po sa pagbabasa.

Helliza Sabida

10262017uvft 7:41am

10

*****

Kagat-kagat ko ang labi ko habang papalapit kay Ylac.

Tapos na akong maglinis ng bahay nila at ngayon ay aalis na para gawin naman ang inuutos ni sir Nike sa akin.

Hawak ko ang paper bag kung saan nakalagay iyong damit na pinahiram ni Ylac sa akin.

Nasa pool area sya at nag-aalmusal.

Speaking of almusal sa sobrang tensyon ko habang papunta ako rito ni hindi ko nagawang kainin iyong baon kong sandwhich.

Kaya naman heto ako ngayon, naglalaway sa pagkain nyang fried rice, fried hotdog, ham, egg at maling. Simpleng almusal pero mukhang ang sarap-sarap habang nakahain sa harap nya.

Loka bakit kasi hindi ka kumain? Ayusin mo sarili mo M naglalaway kana. Teka saan ka ba naglalaway sa pagkain ba o sa kumakain?

Hinaplos ko iyong buhok ni Coni.

Both.

Landeee

"Ahm excuse me sir." Tawag ko sa pansin nya. Busy kasi sya sa pagt-text.

"Yes?" Hindi lumilingon na tanong nya.

Parang naninibago ako. Dati kasi papalapit pa lang ako nasa akin na kaagad iyong asul nyang mga mata. Pero ngayon parang wala syang pakialam kahit andito ako.

"Isosoli ko lang itong damit nyo."

Nuon sya tumingin sa akin. But still hindi na tulad ng dati iyong tingin nya. Malamig na iyon at may bahagyang iritasyon akong nababasa.

Parang may kumikirot sa dibdib ko habang tinititigan nya ako ng ganon.

"What?" Pati boses may bahid na inis.

Gustong mangilid ng luha ko, pero syempre ako si M. Hindi ko iiyakan ang mga ganitong trato, hello sanay na kaya ako.

"Ang sabi ko po isasauli ko na po iyong damit nyo." May bahid na inis narin na sabi ko.

Inilabas ko iyong damit nya at iniabot sa kanya.

Hindi naman nya inabot iyon bagkus kumunot pang lalo ang noo nya.

"Inistorbo mo ang pag-aalmusal ko dahil lang dyan?"

Natigilan ako.

Syet! Tibayan mo ang dibdib mo mo M.

Tangna ang sakit-sakit ng dibdib ko.

"Pasensya na ho sir. Kung naistorbo ko kayo, iiwan ko na lang ho rito."

"Throw it."

Napahinto ako at napatingin sa kanya.

"H-ho?"

"Throw it. Hindi ko na kailangan nyan." He said na direktang nakatingin sa mga mata ko.

Humigpit ang pagkakahawak ko sa damit.

"Seryoso ka ba Sir?"

"Sino ka ba para biruin ko."

Boom. Basag. Wasak.

Tang'na ang sakit sakit talaga.

Gago ka Ylac!

Nanginginig ang kamay kong may hawak sa damit. Kaya naman ibinaba ko iyon.

Huwag kang paapekto.

Galit si Pogi sayo.

"Itatapon ko? Puwede bang akin nalang Sir? Ibebenta ko sa mga hipon na may gusto sayo." Gusto kong batiin ang sarili ko kasi nagawa kong sabihin ng deretso iyon.

Humalikipkip naman sya.

"Fine, I don't care gawin mo kung anong gusto mong gawin. Kung wala ka ng kailangan ipagpapatuloy ko na ang pag-aalmusal ko."

I hate you Ylac...

"Wala na po enjoy your breakfast Sir." Papatalikod na ako, hindi ko na kasi kaya baka mapaiyak nalang ako at tumulo ang pesteng mga luha kong nagbabadya na.

Ang kaso nuon naman kumalam ng pagkalakas-lakas ang tyan ko.

Fuckshit! Bakit ngayon mo pa ako ipinahiya!

Siguradong pulang-pula ako ngayon.

Great M.

Sya naman natigilan, may dumaan na kung ano sa mga mata nya na dagli ring nawala.

"A-aalis na ho ako Sir." Dali-dali akong tumalikod.

"Ms. Agapito"

Ms. Agapito... dati my Monica at Love ngayon Ms. Agapito na lang.

Napahinto ako. Pero hindi ko sya nilingon.

"nag-almusal ka na ba?"

Kinagat ko ang mga labi ko para pigilan iyong hikbi na gustong tumakas sa lalamunan ko.

Hindi ko alam kung nabibingi ako, pero parang bumalik sa dating tono ang boses nya.

Asa ka pa M tanga lang. Tinawag ka ngang Ms. Agapito not Monica.

Nilingon ko sya.

See nabibingi ka lang. Tignan mo nga iyan, bakas parin sa mukha nya ang inis dahil sa pang-iistorbo mo.

"Yes Sir." Pagsisinungaling ko. Pagkatapos humarap ako sa kanya at niyukuan ko sya. Iyong yukod na ginagawa ko sa harap ni Britanny. Pag-angat ko ng tingin sa kanya, nagdidilim ang kanyang mukha.

Ano ganyan ba sya kainis sa akin. Puta! Ito na nga aalis na.

"Alis na po ako Sir." Saka ako dali-daling umalis.

"Monica!"

Tangna malala na ako, nag-iimagine na ako na tinatawag nya ang pangalan ko.

Patakbo akong lumabas ng bahay nila ni hindi ko nga napansin na nadala ko parin iyong damit na sinasauli ko, ni hindi ko napansin iyong luhang nag-uumpisa ng tumulo sa mga mata ko.

*****

"Wow! Padala sa akin lahat ni Nikey baby ito!" Nanlalaki ang mga mata na sabi ni Ysa.

Kahit naman ako manlalaki ang mga mata ang sasarap kaya ng mga cake na padala ni Sir Nike sa kanya.

Andito ako sa Maligdan Collage ako mismo ang nagdeliver ng mga cake dahil gustong makasigurado ni Sir Nike na ayos lang si Ysa. Nagkaruon kasi ng sunog dito at isa sa nadamay si Ysa. Naka sling nga ang isang braso ng babae.

Nasa canteen kami ng MC. May napansin akong kakaiba sa School na ito, hindi ko lang mawari kung ano. Basta ang alam ko pinagtitinginan kami rito.

"Opo Miss Ysa galing po kay Sir Nike lahat. " sagot ni Bruno ang gwapong assistant ni Nike. Pinasama sya para daw may katulong ako.

Napalingon ako sa pinto.

Napansin ko iyong isang lalaking brown ang mga mata na nakatingin ng masama kay Bruno na ngayon ay nakaakbay kay Ysa, nang lumipat naman ang tingin nya sa babae, lumamlam ang mga mata nya.

Napatingin ako kay Ysa na napansin kong natigilan, ngunit hindi naman tinapunan ng tingin ang direksyon ng lalaki, nang ibalik ko ang tingin sa binata, wala na sya ruon.

Wow ang bilis, pero ang weird.

Pinilit pa ni Ysa na magstay kami, pero dahil may mga raket pa ako at may dadaluhan pang meeting si Bruno nagpaalam na kami. Ayaw ko pa nga sana sayang ang cake. Pero dahil mas kailangan ko ng pera mas mauunahin ko ang trabaho.
Tutal meron din namang cake na bigay sa akin si Nike.

Hindi ko kasama si Coni, bawal kasi ang hayop sa school kaya iniwan ko muna sya sa bahay ni Eros na rest day ngayon. Kung di ko pa alam gustong-gusto ng kunehong iyon duon simpleng malandi at matakaw din iyon eh.

Tinignan ko si Ysa. Naninikip ang dibdib kasi naalala ko si Ylac at iyong nangyari kaninang umaga.

Ay tanga! Kalimutan mo na kasi.

Bumuntung-hininga na lang ako at pinilit na ngumiti.

*****

"Are you sure, ayaw mong sumabay?" Tanong ulit ni Bruno na nakadungaw sa bintana ng sasakyan nya, habang nasa labas naman ako.

Papasok na kami sa bukana ng San Nicholas pero dahil pupunta pa sya ng Mulawin nagpababa na ako para hindi sya ma-out of way.

"Oo naman okay na ako dito. Alis na Bruno baka malate ka na."

"Okay ikaw ang bahala ingat ka M."

"Ingat din Bruno."

Kinawayan ko pa sya habang papalayo ang sasakyan nya.

Hindi muna ako sumakay naglakad-lakad muna ako.

Kahit isang maunlad na bayan na ang San Nicholas sariwa parin ang hangin dito at probinsyang-probinsya parin ang dating kaya masarap maglakad.

Mahilig akong maglakad, syempre kapag wala ng pamasahe, naglalakad talaga ako kaya nakasanayan ko narin.

Tanghaling tapat buti na lang hindi kainitan kaya hindi gaanong masakit sa balat ang init ng araw.

Nang mapatingin ako sa asul na kalangitan may partikular na tao ang pumasok sa isip ko.

Umiling-iling ako

Gaga Monica! Tigil-tigilan mo ang pag-iisip mo sa amo mo kung ayaw mong sumargo na naman ang luha at uhog mo.

Binilisan ko ang paglalakad.

Kung hindi ba naman ako inaabot ng malas ngayon, natisod pa ako sa isang bato at sa pilit na pagbalanse ko sa sarili ko napapunta ako sa gitna ng kalsada.

Nanlaki ang mga mata ko nang umalingawngaw ang malakas na busina mula sa sasakyan na papalapit sa akin.

Nanigas ako sa kinatatayuan ko at hinintay ang pagsalpok ng sasakyan sa akin.

Pagsalpok na hindi nangyari dahil nakapagpreno ang driver ng sasakyan isang dipa ang layo mula sa akin.

Napaupo naman ako sa tindi ng panlalatang naramdaman ko.

Shit! Akala ko huling hininga ko na iyon.

"Hoy Miss!" Napaangat ako ng tingin sa lalaking galit na galit na lumabas ng sasakyan. "Tatanga-tanga ka ba o magpapakamatay ka! Huwag kang mandamay! Kung gusto mo sa tulay ka tumalon ng wala kang madamay na iba."

Dahil nanlalata pa ako hindi ako kaagad nakatayo at nakasagot sa lalaki.

Pinagtitinginan na kami ng mga naglalakad at ilang motorista na ang napapalingon sa amin.

"Ano! Miss! Aarte ka pa na nasaktan tapos ano, hihingi ka ng pera sa akin. Hoy Miss baka gusto mong sagasaan na kita talaga!"

Aba't gago to ah!

Sa inis ko mabilis akong tumayo sa kabila ng panginginig ng mga tuhod ko.

"Wait nga kuya. Anong sinabi mo magpapakamatay ako! Sa tingin nyo po ba hihilata ako dyan sa lupa at manlalambot kung gusto kong magpakamatay. Mahal ko pa po buhay ko. Saka wow grabe ha kung makapagsalita kayo parang ang laki ng mahihita ko sa inyo. Kung gusto kong magkapera sa pamamagitan ng pagbangga sa sasakyan aba pipili na ko ng magandang klase para sure na magkakapera ako di ho ba?"

"Anong ibig mong sabihin?" Galit na tanong ng lalaki.

"Ay wala ho. Wala ho akong ibang ibig sabihin. Tsss dyan na nga ho kayo late na ako sa trabaho ko." Tinalikudan ko na si kuya nakakabadtrip na eh.

Pero napatigil ako sa paglalakad ng magtama ang mga mata namin ni Ylac.

Nanlaki ang nga mata ko.

K*anina pa ba sya dyan?*

Nakahinto ang sasakyan nya sa harap ng sasakyan na muntik ng makabunggo sa akin.

Nasa labas sya at nakatayo. Hindi ko alam kung nakita nya ang mga pangyayari.

Anong ginagawa nya rito?

Nasagot ang tanong ko ng mula sa passenger seat lumabas si hipon--este si Britanny.

"Ylac? Can we go na? Para makadaan pa tayo sa condo ng friend ko."maarteng sabi ni Britanny.

Yumukod naman ako sa kanya bilang pagbati bago dali-daling naglakad.

Hindi ko alam kung bakit hindi ako umakyat sa tabi para duon maglakad, iyong mismong kalsada parin ang tinahak ko, sa puwesto kung saan nakatayo sya.

Nang mapatapat ako sa kanya hindi nagbago ang tempo ng lakad ko, nagmamadali parin ako.

Lumagpas ako sa kanya. Nakagat ko ang labi ko.

Anong inaasahan mo papasakayin ka nya-.

Hindi ko pa natatapos ang iniisip ko nang maramdaman ko ang kamay nya na humawak sa braso ko at hinila ako.

"Ay pu--." Napatikom ako ng bibig. Nang makita ko ang seryoso nyang mukhang."Sir bakit--?" Dumagundong ng malakas ang puso ko ng magdikit ang katawan namin.

"Tumabi ka. Baka sa susunod hindi na makapagpreno ang sasakyan at tuluyan ka ng mabangga!"sigaw nya na kinagulat ko.

Hindi ako nakaimik. Nabigla ako sa pagsigaw nya.

"Ylac?" Tawag ni Britanny.

Hindi sumagot si Ylac kay Britanny, bagkus hinila nya ako at isinakay sa backseat ng sasakyan nila.

"Why she's here?"Tanong ni Britanny ng nasa loob na kaming tatlo.

"Oo nga Sir baba na lang po ako." Sabi ko.

"Sasamahan ka nya sa pagkuha ng gown sa kaibigan mo Britanny."

Tangna yan! Ano gagawin nya akong katulong ng hipon na'to.

Gaga katulong ka naman talaga nyan diba.

"Oh, sabagay para may magdadala ng mga damit ko. Sige Marian sumama ka na sa amin."

"Monica ho." Sagot ko. Pagkatapos ay tumingin ako kay Ylac na nakatingin sa akin sa rearview mirror. "Sige po payag po akong maging alalay nyo ngayong araw, basta bayaran nyo ako. May mga raket po akong pupuntahan ngayon, mababawasan ang sahod ko kapag hindi ko sila napuntahan." Hindi ko alam kung namamalikmata lang ako o ano, nakita ko kasi ang pandidilim ng mukha nya ng banggitin ko ang salitang alalay.

"Don't worry I'll pay you." Sabi nya.

Napatango naman ako.

Hindi na ako nagsalita, pakiramdam ko kasi bubunghalit ako ng iyak kapag nagsalita pa ako.

Well mukhang hanggang ganito na lang talaga ako isang bayarang alalay at tang-ina ang masakit pa, hopia na rin ako sa lovelife. Fuckshit na buhay ko ang ganda...

******

H/n.

Thanks sa pagbabasa

Helliza Sabida

12062017tbu 7:43am

11

*****

Tahimik lang ako habang silang dalawa masayang nagk-kwentuhan.

Bwisit na buhay ito o! Asan ba iyang condominium na iyan? Tangna bakit ang tagal naming makarating?

Sa bintana lang ako nakatingin.

Sayang wala si Coni, eh di sana may kausap din ako rito at hindi napapanisan ng laway ngayon.

"Ylac, what do you think bagay ba sa akin ang maging Santiago?"
Nanlaki ang mga mata ko sa tanong na iyon ni Britanny.

Aba matinding kalandian yan teh! Kapal ng mukha nitong hipon na ito.

"Britanny Santiago hmmm... sounds good."

Lumipad ang tingin ko kay Ylac na nakatutok sa akin ang tingin.

Napaiwas tuloy ako.

"Ibig sabihin bagay tayo?" Excited na tanong ni Britanny.

Oo bagay kayo, kayo na ang bagay dalawa! Para kayong kape't pandesal, tuyo't champorado at puto't dinuguan.

Oh fuck! Ang bitter, bitter mo M. Kumain ka ng ampalaya mamaya para may kapartner ka sa kabiteran.

"Maybe."sagot ni Ylac. "Kaso meron akong pag-aari ngayon at wala pa akong planong pakawalan sya."

Huwag kang lilingon! Huwag kang asumera, hindi ikaw iyon.
Huwag kang lilingon, huwag kang li-- ay tang'na talaga!

Namura ko ang sarili ko dahil hindi ako nakatiis, napatingin ako sa kanya; again nasa akin ang asul nyang mga mata... at nakatitig iyon... ng matiim sakin.

Shit! Ako ba? Ako ba ang pag-aari nya?

Naalala ko iyong t-shirt.

But then kinontra ko na agad ang sarili ko.

Gaga! Pahiram lang iyon. Masakit lumagpak pagmataas mangarap at mahirap magising kapag maganda ang panaginip, nauuwi sa bangungot. Kaya huwag kang advance mag-isip.

Ang problema hindi ko kaagad naalis iyong tingin ko sa kanya. Tulad ng dati parang hinihigop ako ng mga mata nya.

Sya ang unang nag-alis ng tingin dahil nagd-drive sya.

"Oh, sino? Sino ang pag-aari mo? Pwede bang ako na lang?" Hirit pa ni Britanny, na sinagot lang ni Ylac ng isang ngiti.

Bigay kita sa mafia eh. Kapal muks mong hipon ka.

Sa wakas nakarating kami sa Condo.

Pinagbuksan ni Ylac ng pinto si Britanny, ako? Eh di pinagbuksan ko sarili ko, baka masabihan akong pilingera at piling senyorita, kapag hinintay ko na pagbuksan pa ako, hindi ba.

Pagkasara at pagpihit ko patalikod sa sasakyan, napasinghap ako ng malakas ng mabangga sa katawan ni Ylac na nakalapit na pala.

"Ay putang kabayo!" Eksaktong paglabas ng mga katagang iyon sa bibig ko, bumaba ang mukha nya papunta mukha ko.

In a blink, nahalikan nya na ako, nakalapat na ang labi nya sa mga labi ko, mukha nya lang ang gumalaw hindi nya ako niyakap o hinawakan.

Namilog ang mga mata at napaawang ang mga labi ko ng mariin nyang kagatin ang lower lip ko.

Saglit lang iyon five second lang yata.

Binigyan nya ako ng isang kakaibang tingin bago sya lumayo.

Si Britanny na abala sa pagttext ay hindi nakita ang pangyayaring iyon. Ngunit nahagip ng tingin ko ang gwardiya at ilang mga tao na palabas sa condo na buong kuryusidad na nakatingin sa amin.

Namula ng todo ang mukha ko.

Pakshet! Akala ko dahil galit sya hindi na nya gagawin iyon.
Sigaw ng nashock kong utak.

Ano pang hinihintay mo mura pa more. Sabi naman ng isa.

"Britanny, ipaparada ko lang itong sasakyan susunod ako sa inyo." Sabi ni Ylac.

"Okay don't be too long lover boy baka mamiss kita." Britanny said with a hint of seductiveness.

Bumaling sa akin si Ylac.

Natuod na kasi ako duon sa gilid ng sasakyan.

"Sumama ka na sa kanya Ms. Agapito. " wika nya.

Napatango ako.

"O-oo."

Humakbang ako paikot para makapunta sa entrance ng condo.

Hindi pa man ako nakakaisang hakbang umalingawngaw naman ang isang busina, kasabay ng paghila

sa akin ni Ylac.

And that ladies and gentlemen ang pangalawang beses na muntik ko ng pagkabangga.

"Damn!" Mura ni Ylac sa likod ko, mahigpit ang pagkakahawak nya sa braso ko at pumaikot pa ang isang kamay nya sa aking bewang.

First time ko syang narinig na nagmura.

Tang'na ang hot nya palang pakinggan kapag nagmumura sya. Nakakabilis ng tibok ng puso.

Sira! Matagal ng bumibilis ang tibok ng puso mo sa kanya since they one pa.

Lumagpas iyong sasakyan.

Galit nya akong hinarap sa kanya.

"Puwede ba, mag-ingat ka naman!" Galit na sabi nya.

Hindi kaagad ako nakasagot.

"Ano ba yan, why are you so tanga ha Marie?" Sabi ni Britanny.

Tanga kaagad? Ang harsh nito. Ikaw na mahalikan ng ganito kagwapong nilalang ewan ko lang kung hindi karin mablanko.

"Sorry." Sabi ko na lang sabay yukod, gusto ko nang matapos ito. Nyeta baka matanga ako ng tuluyan! Hindi bagay sa akin.

Natigilan naman si Ylac sa ginawa kong pagyukod sigurado akong may sasabihin pa sya ngunit tumalikod na ako.

Hindi ko na sya nilingon.

Hanggang ngayon kasi nagriringodon ang puso ko sa ginawa nyang paghalik at kung patuloy kaming magdidikit baka ako na ang humalik sa kanya. Nagmura pa naman sya, siguro naman pwede ko rin na gawin sa kanya iyon di ba?

Asa pa M.

*****

"May gusto ka ba kay Ylac?" Napatingin ako kay Britanny. Nasa elevator na kami nuon, paakyat ng fifteen floor.

Nakataas ang isang kilay nya sa akin habang nakahalukipkip.

"Wala-."

"Payo lang Maricel ha, tigilan mo na iyang nararamdaman mo sa kanya, wala kasing pupuntahan, dahil una hindi kayo bagay, hindi ko na sasabihin ang mga dahilan dahil obvious naman di ba, at pangalawa

malabong magustuhan ka ni Ylac. Kaya Maribeth stop mo na kung ano man iyang pagpapa-pansin na ginagawa mo."

"Ay naku ma'am Bridgette, alam ko po iyon saka po hindi naman po ako nagpapa-pansin sadya lang po tagalagang napa-pansin ako." Ngiting-ngiting sabi ko. " O ma'am Brianna dito na po tayo." Hindi ko sya hinayaan na sumagot nagpatiuna na ako sa paglabas.

Hipon na'to akala mo ikaw lang ang magaling magpalit-palit ng pangalan. Alam ko hindi kami bagay ni Ylac, punyeta kailangan bang ipagduldulan iyon!

Nahabol nya ako, isang irap muna ang binigay nya sa akin bago sya nagpatiuna sa paglalakad.

Hanggang sa mapatapat kami sa unit 303 kakatok sana sya ng matigilan dahil bahagyang umawang iyong pinto.

Kumunot ang noo nya at tumingin sa akin.

Nagkibit-balikat naman ako. Humarap syang muli sa pinto at binuksan iyon ng tuluyan.

"Lorie?" Tawag nya.

Sumunod ako ng pumasok sya pero hindi pa man sya nakakahakbang papasok ng sala bigla ko syang hinawakan sa braso.

"What?" Inis na tanong nya. Hindi nagustuhan ang ginawa kong paghawak sa braso nya.

Itinuro ko sa kanya ang magulong sala.

Nagkalat ang mga gamit, mannequin at mga magazine.

"What happened?"

"Ma at pa." Sagot ko naman.

Malay at pakialam ko. Bobo lang teh di ba magkasama tayo.
Gusto ko sanang idugtong pa.

"Lorie?" tawag nya ulit mas malakas.

Sa pagkakataong iyon may narinig kaming pag-ungol.

Iyong ungol na parang nahihirapan.

Si Britanny naman ang humawak sa akin. Nakita ko ang pagbakas ng takot sa mga mata nya.

"Lumabas na tayo ma'am Britanny." Yaya ko sa kanya.

Masama ang kutob ko dito. Hindi ko gusto iyong nararamdaman ko.

Tumango si Britanny.

Pero hindi pa man kami nakakabalik sa pinto isang malakas na lagabog ang narinig namin, napatingin

kami sa sala.

"Ahhh!!!" Umalingawngaw ang tili ni Britanny nang bumagsak mula sa natatakpang bahagi ng sala ang katawan ng isang bakla, hindi iyon ang dahilan ng pagsigaw niya kundi ang itsura ng bakla na duguan ang mukha, dilat ito pero sigurado akong wala na iyong buhay, duon sa gitna ng kanyang noo isang butas ang meron bilo, nagkalat din sa sa sahig ang mga lamang loob na tumalsik mula sa loob ng ulo ni Lorie, nag-uumpisa narin na magkulay pula ang kulay berdeng marmol.

Dugo, napakaraming dugo.

Tatakbo sana ako papunta rito, para tulungan ito, ngunit napahinto ako ng lumabas mula sa kung saan ang mga armadong lalaki, sa pangunguna ng isang lalaking singkit. Hindi ko mawari kung hapon o intsik. Pamilyar ang mukha nya, hindi ko lang maisip kung saan ko sya nakita.

"Huwag kayong magkamaling tumakas." Sabi ng singkit na lalaki na sa tingin ko ay syang boss.

Napaatras kami ni Britanny pero nagpaputok iyong isa.

Sabay kaming napasigaw.

Iyong pintong nakabukas na ilang dipa lang ang layo sa amin ay parang ang layo-layo na bigla at napakahirap takbuhin.

"S-sino kayo? Bakit...bakit n-nyo sya pinatay." Nanginginig ang boses na tanong ni Britanny.

"Huwag mo ng alamin Miss dahil mamatay rin naman kayo." Sabi ng singkit. Tumingin sya sa tauhan nya at sumenyas. "Kill them." Sa utos nyang iyon nagsikasahan ng baril ang mga tauhan nya, lahat may silencer.

Hinila ko si Britanny.

Alam ko suntok sa buwan ang gagawin ko pero mabuti ng tumakbo kesa hintayin namin iyong bala na tumama sa amin.

"Ahhh!" Tili ni Britanny ng magpaulan na sila ng bala walang tunog ngunit rinig na rinig naman namin ang pagtama ng mga bala sa pader, itinulak ko si Britanny palabas.

May naramdaman akong hapdi sa braso ko habang si Britanny naman ay napaigik at napahawak sa tagiliran.

Tinamaan kami! Hindi malala ngunit tiyak na mabubutas ang katawan namin kung tutumba kami ngayon dito o hihinto sa pagkilos.

Nagawa naming makalabas ng unit.

Si Britanny tutumba sana ngunit mabilis kong inalalayan.

"Shit! Takbo Ma'am." Sabi ko narnig ko ang pagsunod nila.

Eksaktong pagliko namin sa isang pasilyo muling nagpaulan ng bala ang mga lalaki.

Fuckshit! Bakit walang mga tao dito.

Wala kahit isang anino ng pwedeng hingan ng tulong kaming nakita.

Minamalas ba ako? Bakit nangyayari ang mga ito sa akin? Kanina dalawang beses na muntik na mabangga. Ngayon putsa! Bala ng baril ang humahabol sa akin.

Nagdasal naman ako paggising ko ah.

Nakarating kami sa elevator.

"M-monica." sindak ang nakaguhit sa mukha ni Britanny dahil nasa tenth floor pa ang saradong elevator.

"Tara ma'am."

Hinila ko sya papuntang hagdan.

"Bilisan mo Ma'am Britch mamatay tayo rito!" Sigaw ko ng halos matumba sya sa akin, umiiyak na sya.

Kahit ako gusto kong umiyak, takot na takot ako.

Ylac... asan ka na ba?

Mamatay kami kung iiyakan lang namin ang sitwasyong ito, ang kailangan namin gawin ay tumakbo. Tumakbo hanggang sa maging ligtas kami.

Naririnig ko ang yabag ng mga lalaking humahabol sa amin, tumingala kami, sabay pa kaming napasigaw ng tumama ang mga bala sa balustre ng hagdan. Nakakangilo...nakakangilo ang tunog na nililikha niyon.

Napatakip ako sa isa kong tenga.

"Dito tayo." Hinila ko sya papunta sa pinto, papuntang pasilyo.

"I'm f-feeling dizzy r-right now."
Gumewang ang tayo nya.

"Shit naman ma'am iiwan kita dito, umayos ka!" Halos nasa akin na ang buong bigat nya, nahihiraoan pa syang tumakbo dahil sa taas ng takong nya.

Pilit naman nyang inayos ang tayo.

Nasa nine floor na kami.

Parehas kaming humihingal. Nahihilo narin ako sa amoy ng dugong lumalabas sa sugat ko.

Nakita kong bukas ang elevator.

Halos kaladkarin ko si Britanny papunta ruon dahil papasara na iyon.

"Wait!" Malakas na sigaw ko.

Pagtapat namin sa elevator papasara na talaga iyon at magkakasya ka na lang kung patagilid kang

papasok.

Itinulak ko si Britanny.

Nakapasok sya at sasadlak sana sa pader ng elevator kung hindi lang nasalo nang taong sakay niyon...

....na walang iba kundi si...

...Ylac.

Nabasa ko ang gulat sa asul nyang mga mata, tinangka nyang habulin ang pintong one inches nalang ang pagkakaawang at magsasara na.

Sindak, gulat at pag-aalala.

Ang mga iyan ang nabasa ko sa asul nyang mga mata bago iyon mapalitan ng reflection ko.

Reflection na kitang-kita ko sa pinto ng sumarang elevator.

Basang-basa na pala ng luha ang mukha ko. Bakas na bakas din ang takot sa aking mga mata at nagkalat na ang dugo sa aking braso at damit.

Sa sindak kong isipan nagawa kong makatakbo sa papalikong pasilyo papunta sa pintong may nakasulat na fire exit.

Nang muli kong marinig ang tunog ng pagtama ng bala sa pader at pinto, dalawang salita lang ang naiusal ko sa isip ko...

...*Ylac... tulong.*

******

H/n

Late ulit ??? sorry antok na ako talaga kagabi?.

Question sino ang naiisip nyong potrayer ni Ylac? Puwedeng malaman?

Thanks sa pagbabasa.

Helliza Sabida

12112017uivst 7:48

12.

*****

Halo-halong pawis, dugo at luha ang nasa katawan ko.

Patuloy parin ako sa pagbaba sa hagdanan ng fire exit.

Inilock ko ang pinto para hindi makasunod ang humahabol sa akin.

Nanlalabo na ang paningin ko pero iniiwasan ko na mawalan ng malay.

Tang'na baka hindi na ako magising.

"Ahhh!" Napasigaw ulit ako ng marinig ko na naman ang pagtama ng bala ng baril sa bakal na barandilya.

Sa katarantahan ko, binuksan ko ang pinto at umalis ng fire exit, nadapa pa ako sa sobrang pagmamadali.

"Aray! Ahhh, bwisit! Bwisit!" Nadaganan ko ang braso kong may tama ng baril.

Kahit sobrang masakit pinilit kong tumayo, at tumakbo ulit.

"Tulong!" Sigaw ko ng may lumabas na lalaki sa isang unit, napatingin sya sa akin kumunot ang noo nya at may sasabihin sana sya ng manlaki ang mga mata, pagkabigla pagkatapos ay takot ang nabasa kong bumadha sa kanyang mukha.

"Teka sandali--." Sigaw ko para pigilan ang lalaking dali-daling nagsarado ng kanyang pinto.

Lumingon ako sa likod ko at napahinto sa pagtakbo ng makita kong nakatutok na ang tatlong baril sa akin.

Wala na ito na ang katapusan ko.

Wala na akong lilikuan. Hindi katulad ng ibang palapag na may palikong pasilyo, itong floor na ito deretso lang.

Hindi ako pumikit,tulad ng ginagawa ng mga taong mamatay. Ayokong pumikit, madilim na nga ang kakahantungan ko tapos uunahan ko pa ng pikit, kung mamatay ako gusto ko maganda ang makikita ko.

Lumikot ang aking mga mata, hindi para maghanap ng mapagtataguan.

Naghahanap ako ng magandang bagay na huling makikita.

Ayos na kahit litson manok o kaya ay spaghetti ang huli kong makikita masaya na ako duon.

Nang pumaling ako sa kanan, narinig ko ang pamilyar na tunog ng elevator na bumubukas.

Umawang ang mga labi ko ng makita sa bumukas na elevator si Ylac.

Shit! Pagkain lang hinihingi ko tapos sya ang pinakita sa akin. Atleast mahal parin ako ni Lord sya ang huling ipinakita.

Ngumiti ako sa kanya.

Bye Love...

Hinintay ko ang pagtama ng balang pinakawalan ng mga lalaki.

Hindi ko na inalis ang tingin ko kay Ylac...babaunin ko sa kung saan man ako pupunta ang gwapo nyang mukha.
Kaya naman kita ko ng lumabas sya ng elevator.

Kitang-kita ko na itinaas nya ang hawak nyang baril.

Sunod-sunod na putok ang umalingawngaw, hindi tulad ng sa mga lalaking humahabol sa akin, walang silencer ang baril ni Ylac.

Napatakip ako sa tenga ng mabingi ako, kasabay ng paghila sa akin ni Ylac padapa.

Patagilid akong natumba habang si Ylac naman ay nasa ibabaw ko shielding me with his body habang patuloy sa pagpapaputok.

Kung gaano kabilis nya akong hinila pahiga, ganon din kabilis na hinila nya ako patayo at itinulak papasok ng elevator, nahagip pa ng mga mata ko ang nakabulagtang mga lalaki at mga bumababa pa mula sa taas ng fire exit.

Nang tuluyang makapasok tulala akong nakatingin kay Ylac. Ang bilis ng mga pangyayari, kanina lang mamatay na ako tapos heto, kasama ko na si Ylac.

"Fuck! Shit!" Nagsunod-sunod ang murang pinakawalan nya habang pinagmamasdan ang braso ko.

Napaigik ako ng hawakan nya iyon kaya napatingin sya sa akin.

Nangilid naman ang luha ko, ng magkasalubomg ang mga mata namin.

Gusto kong yumakap sa kanya, to seek comfort. Para masigurado kong ligtas na nga ako, pero sino ba ako para gawin iyon.

Pinigilan ko ang pagtulo ng luha ko, pagpigil na hindi ko rin nagawa ng yakapin nya ako.

Isang impit na hikbi ang kumawala sa aking bibig.
Nanginginig na pala ako...takot na takot pala ako.

"Shhh...shhh... calm down love, its okay now. I'm here. I got you."

Ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko, kinakapos ako ng hininga tikom-tikom ko ang bibig ko at pinipilit na huwag umalpas ang iyak na naiipon sa dibdib ko.
Ayaw kong humagulhol, ayaw kong makita nyang umiiyak ako ng ganon.

"H-hindi ako makahinga." Naisatinig ko ng sobrang sikip na ng aking dibdib.

"Damn!" Humiwalay sya sa akin at hinawakan ang magkabila kong pisngi.

"Monica...Monica look at me." Hinawakan nya at pinigilan ang kamay ko ng hampasin ko ang aking dibdib para maibsan ang paninikip niyon.

"H-hindi...hindi...a-ako...makahinga." Napaiyak na ako.

"Love... look at me, shhh... just look at me."

Tinignan ko sya, sa kabila ng panlalabo ng mga mata ko tinignan ko ang asul nyang mga mata.

"Slowly...breath in" sinunod ko sya. " then breath out."

Habang ginagawa ko iyon, sumasabay sya sa akin, parang iisang hangin ang hinihinga namin dahil ang lapit ng mukha nya sa mukha ko.

Nang kumalma ako nanghihinang napasandal ako sa pader ng elevator, hindi sya bumitaw sa akin kaya napasunod sya sa ginawa kong pagsandal.
Makine me trap between the wall and his body.

"O-okay na po ako S-sir." Sabi ko na naiilang sa lapit nya.

Matagal nya muna akong tinignan bago sya lumayo.

"A-anong ginagawa mo?" Gulat na tanong ko ng hubarin nya ang suot nyang damit at bumungad sa akin ang maganda nyang katawan.

Hindi sya sumagot kinuha nya ang braso kong may tama ng bala at mahigpit na tinalian ang bandang itaas para maampat at papigilan ang pagdurugo.

"A-aray..." daing ko.

"I'm sorry."

Tumango ako.

"S-si Ma'am Britanny?" Tanong ko ng matapos sya sa ginagawa nya.

"She's safe." Sagot nya. "Listen Monica. Hindi ko alam kung pagbukas nitong elevator ay nakaabang ang mga humahabol sa inyo, but I want you to be ready. Kapag sinabi kong takbo, tumakbo ka, kapag sinabi kong huwag kang maingay hindi ka mag-iingay, naiintindihan mo?" Tumango ako.

Gumagapang na naman ang takot sa sistema ko pero pilit kong pinapatay iyon.

Napahinga ako ng malalim.

Huminabon ka M shit huwag kang matakot.

Nang tumunog ang elevator, hudyat na magbubukas na iyon pinigilan ko na muling manginig.

Napapitlag ako ng maramdaman ko ang paghawak nya sa kamay ko at pagpisil nya ruon.

In that small action, nakaramdam ako ng kapanatagan ng loob.

Sumilip muna sya sa labas ng elevator, bago dahan-dahan nya akong hinila.

Sa third floor kami bumaba.

Tulad ng ibang floor walang katao-tao sa pasilyo.

Kasurang Condo to! Wala bang tenant dito at walang katao-tao.

Sa hagdanan nya ako dinala.

Nanigas ako ng makarinig kami ng kaluskos papunta sa amin.

Si Ylac itinutok kaagad ang baril nya sa hagdan hanggang barilin kung ang mga taong paakyat.

Nanlambot ako ng makitang ang mga tauhan ni Ylac iyon.

"Sir na secure na naman si Ms. Tiu. Nagkalat narin ang mga tauhan natin para hanapin ang mga kalaban." Sabi ng nangungunang lalaki na kilala ko sa pangalang Drane Rapuesa. Sya ang second in command kapag wala ang head security ni Britanny.

"Good. Hanapin nyo sila andito pa ang mga iyon sa lugar. Dadalhin ko lang si Monica sa hospital." Sabi ni Ylac.

"Yes Sir." Saka mabilis na nagpaalam si Drane at umakyat kasunod ang ilang tao pa ni Ylac.

"C'mon lets go to the hospital Monica." Sabi ni Ylac.

Hindi kaagad ako nakahakbang ng hilahin nya ako palakad, matinding hilo kasi ang naramdaman ko.

Dulot siguro ng takot, pagod, gutom at dugong nawala sa akin hindi ko na napigilan ang sarili ko...
...at nawalan na ako ng malay, ni hindi ko na nga naramdaman kung nasalo ba ako ni Ylac, o kung hagdanan ang sumalo sa akin.

Ang dasal ko lang, sana nasalo nya, ako dahil tiyak na bali-bali ang buto ko kung nagkataon.

*****

Nakasimangot ako.

Iniisip ko, ako na yata ang pinakamalas na tao ngayon.

Bakit?

Una muntikan na akong mabangga.

Pangalawa muntikan na akong mabangga ulit.

Pangatlo nakasaksi ako ng isang krimen,dahil sa amo kong hipon.

Pang-apat hinabol ako ng mga armadong lalaki at nabaril.

Panglima isa na akong witness na ngayon ay kailangan isa ilalalim sa witness protection, dahil sa kamalas-malasan hindi basta-basta ang krimen na nasaksikhan namin.

Dahil iyong pamilyar na chinese na lalaking boss na pumatay sa baklang si Lorie ay ang kilalang negosyante na si Lincoln Gan. Isang kilalang businessman na nasasangkot sa mga illegal na gawain, pero hindi napapatunayan at nahahanapan ng ebidensya.

Kami ni Britanny ang kauna-unahang testigo o witness na maaring magdiin sa kaniya.

Si Lincoln Gan ay kasapi ng DMC o Del Montecillo Clan ayun kay Ylac, isa sya sa leader ng Gang na kasapi ng nasabing clan ang Phoenix.

Ang Del Montecillo Clan ay isang clan na sangkot sa kung ano-anong masasamang gawain. Malalaking tao ang kasapi ng clan, maraming kapit at koneksyon kaya mahirap mahuli at mapatumba.

At dahil kami ang kauna-unahang witness pinagbawalan kaming lumabas dito. Dito sa safe house na 'to.

Eh shet naman, hindi ako puwedeng maburo dito, paano ang pamilya ko? Hindi ako pwedeng tumanga rito dahil walang susuporta sa kanila!

Nagpalakad-lakad ako sa kwartong kinaroroonan ko.

After kong mawalan ng malay dito na ako nagising.

Ang nakakabwisit pa meron akong bukol! Ang lintik kong amo hindi kaagad ako nasalo kaya ito may piso ako sa gitna ng noo.

Kabadtrip diba!

Bumuntung-hininga ako,pati cellphone ko kinuha dahil baka matrace kung nasaan daw ako.

Pisting yawa talaga!

Nang makarinig ako ng tunog ng pumaparadang sasakyan sumilip ako sa bintana. Tatlong sasakyan ang pumarada sa harap ng safehouse na may pagkalaki-laking gate at puno ng mga armadong lalaki.

Nakita ko na lumabas sa isa sa mga sasakyan si Ylac.

Pesteng puso 'to kumalabog na naman.

Pumunta ang binata sa backseat at may inalalayan na lumabas duon.

Sumimangot ako kung sino ang nakita ko.

Si Britch--este ang hipon sa buhay ni Ylac.

Nakaramdam ako ng kirot sa dibdib ng alalayan nya itong lumabas.

Ingat na ingat ah, siguro kung si Britanga ang nawalan ng malay hindi nya hahayaan na magkabukol.

Umalis ako sa bintana.

Damn! Ang gulo-gulo ng buhay ko. Pati lovelife ko magulo!

Tumayo ako at naglakad para bumaba.

Papakiusapan ko si Ylac, baka pumayag syang umuwi na ako.

Mabilis ang ginawa kong paghakbang.

Itong safehouse na'to ang sosyal, parang pangmayaman na bahay eh ang ganda-ganda at ang rangya-rangya.

Natutuwa pa ako sa hagdanan na pabilog tapos ang kinis-kinis, piling ko isa akong bumababang prinsesa kapag ginagamit ko iyon.

Patakbo akong bumaba sa hagdan kunyari ako si Cinderella na tumatakbo dahil malapit ng mag-alas dose.

Iyon nga lang iyong prinsipe ko hindi ako hinahabol, dahil hindi tulad ng kay Cinderella, hindi naman na inlove sa akin ang prinsepe.

"Ay! Kabayo!"

Nagulat ako ng pagdating ko sa huling hakbang, bigla na lang sumulpot si Ylac.

Bumangga ako sa katawan nya at kung hindi sa mabilis nyang pag-alalay bukol naman sa likod ang magkakaroon ako.

"Why are you running?" Kunot noo na tanong nya.

Syet! Buti na lang hindi ako napamura dahil baka halikan nya ako sa harap ng mga taong ito.

May mga tauhan sya sa sala, na nakatingin sa amin kahit si Drane ay naandon. Si Britanny matalim ang tingin sa akin.

O problema mong hipon ka?

"Monica why are you running?" Ulit na tanong ni Ylac.

Nuon ko narealize na nakahapit pala sya sa bewang ko at magkalapit ang katawan namin.

Napaatras ako palayo sa kanya, sumampa ulit sa dalawang huling hakbang.

"Wala lang Sir, kakasusapin sana kita." Sabi ko habang hinihimas ang braso kong may benda ng kumirot iyon.

Napatingin duon si Ylac pagkatapos ay sa noo kong may bukol.

Dumaan ang guilt sa mukha nya habang pinagmamasdan iyon.

"Don't run, baka matagtag ang sugat mo." He said. Tumass ang kamay nya papunta sa noo ko.

"I'm sorry hindi kaa-."

"Ylac..."

Nabitin sa ere ang kamay nya at nahinto sya pagsasalita ng tawagin sya ni Britanny.

Kumunot ang noo nya pero nilingon si hipon.

"Yes Brit?"

"Can you carry me to my room? Napagod kasi ako at sumasakit na ang sugat ko."

Britch na 'to, nagpapaawa look pa ang putek!

Bumalik ang tingin sa akin ni Ylac.

"Magdahan-dahan ka sa pagkilos para hindi dumugo ang sugat mo." He said bago ako tinalikuran.

Kinagat ko ang labi ko.

Putang-ina! Bakit nasasaktan parin ako? Pakiramdam ko kasi mas pinahahalagahan nya si Britanny kesa sa akin.

Wow M at bakit ka nya papahalagahan ano ka ba nya?

Nang pangkuhin nya si Britanny, parang gusto kong umiyak.

At itong magaling na hipon na ito, palihim akong tinaasan ng kilay na sinagot ko ng walang emosyon look.

Syempre gagamit sila ng hagdanan, nasa taas din iyong kwarto ni Britanga eh.

Muling nagtama ang mga mata namin ni Ylac.

Kinurap- kurap ko naman ang mga mata ko para hindi nya mabasang naiiyak ako.

Tumikhim ako at tinalon iyong dalawang baitang.

Nakita ko ang pagkunot ng noo nya sa ginaw konh iyon.

Magdahan-dahan. Tsss kaya ko sarili ko. Hindi ako katulad ng Britch na 'yan na magpapabuhat sayo!

"Monica--."

"Drane may pagkain ba rito? Nagugutom na kasi ako."

Nyeta kaninang umaga pa ang huling kain ko, maghahating gabi na. Ang dami kasing nangyari ngayong araw.

"Ah... meron M kaso iluluto pa hindi kasi nakapunta iyong tagaluto ngayon." Sagot ni Drane.

"Hindi nyo sya pinakain?" Sabi naman ni Ylac. Tinignan nya ako.

"Hindi ka pa nagd-dinner?"

"Lunch, meryenda and dinner." pagtatama ko naman."
Magsalubong ang kilay na tinignan nya si Drane.

"Sorry Sir naging busy tayo kay Ma'am Britanny at sa paghabol sa mga tauhan ni Lincoln Gan. Nawala sa loob ko na ibili ng pagkain si M o utusan ang tagaluto na pumunta rito."

"Shit!"

Napamura na naman sya, sa dahilang hindi ko alam.

"Wait for me ipagluluto kita," sabi nya.

"But Ylac sabi mo sasamahan mo ako hanggang makatulog ako. Natatakot akong mag-isa baka balikan nila ako. " si Britanny.

Napatingin rito si Ylac.

Nabasa ko ang pagkalito sa mukha nya.

"saka kaya naman nya ang sarili nya. She can cook, hindi nga ba at isa syang katulong...maid nating pareho."

Tumiim ang bagang ko pero ngumiti ako.

"Oo nga naman Sir. Ako na ho ang magluluto para sa sarili ko. Hindi naman ho ako amo rito kaya wag nyong pagalitan si Drane."

"May sugat ka--."

" na hindi naman ho malala." Sabi ko sabay wagayway sa braso kong may pinsala.

Syempre masakit iyon, kayo na ang mabaril, itinago ko lang para matapos na ang usapang ito dahil ang sakit-sakit na ng mga mata ko sa ayos ni Ylac at ng babaeng hipon.

Napansin ko ang pandidilim ng ng mukha ni Ylac sa ginawa ko.

"See Ylac, hindi mo na sya kailangang ipagluto you don't need to, dahil katulong mo lang sya."

"Sige po Ma'am, Sir " pinagdiinan ko iyong dalawang huling salita. "magluluto na po ako." Tinalikuran ko na sila, baka kasi hindi ako makapagpigil at sinigang na hipon ang ulamin ko ngayon.

Nagagalit ka? Totoo naman ang sinasabi nya. Katulong ka lang nila. Katulong ka lang ni Ylac. Kahit pagbali-baliktarin mo hindi magbabago iyon.

Mapait akong ngumiti.

Amo at katulong, malabong magkaruon ng happy ending. Hanggang pangangarap na lang ako.

at iyong mapait kong ngiti napalitan ng malungkot na tawa.

Ang sakit!

*****

H/n

Anong gagawin natin kay Britanny? hahaha?

??motion sickness again.

Thanks

Helliza Sabida

12172017tvft 17:58

13.

Sya daw po si Ylac para kay Ms. MAgapito our one and only Ms Monica. Sinong sayo?

****

Dumeretso ako ng kusina.
Nagbubukas ng ref, nang may sumagi sa isipan ko.

"Taragis! Hindi pala ako marunong magluto." Napakamot ako sa ulo sa inis. "Nyeta naman eh!"

Lumapit ako sa rice cooker wala ring kanin.

"Tang'na kapag minamalas ka nga naman o!"

Binuksan ko ulit ang refrigerator, wala man lang ready to eat o tirang malamig na pagkain duon, puro frozen meat lang.

"Hay naku Monica! Ang swerte-swerte mo talaga."

Hinalungkat ko pa ang ref.

"Ay shet! May itlog." Gusto kong magtatatalon ng makita ang dalawang itlog. "Okay nang laman tyan ito."

Nagsaing ako, hinugasan ko iyong itlog at isinama sa sinaing.

Umupo ako sa mesa at tumalungko ruon.

"Hayyy buhay...ano nang mangyayari sa akin? Hindi talaga pwede na matengga ako dito."

Pumasok sa isip ko si Ylac na ngayon ay kasama ng babaeng hipon.

Ano kayang ginagawa nila?

Shit ka M! Hindi ka inosente, alam mong imposible na nagj-jack en poy lang iyong dalawang iyon.

"Ahhh! Huwag mong isipin M erase! Erase! Erase!" Inuuntog ko ang noo ko sa mesa.

"Aray ko puta!" Namilipit ako sa sakit ng tumama ang bukol ko duon. "Aray paksyet talaga!"

Huminga ako ng malalim, pumikit.

Pilit kong nir-relaks ang sarili ko.

Kalma M, huwag magpaapekto.

Sa lumipas na minuto inaliw ko ang sarili ko hanggang maluto ang pagkain ko.

Ibinabad ko ang mga itlog sa tubig habang nagsasandok ng kanin.

Ang bilis ng kilos ko, pisti gutom na gutom na talaga ako.

Sa sobrang kagutuman ko kahit hindi pa malamig ang mga itlog kinuha ko na. Nagkandapaso-paso pa ako sa pagbabalat.

Kumuha ako ng asin para magkaruon ng lasa ang pagkain ko and then it's set handa na akong lumamon.

Kahit mainit-init pa ang kanin sumubo kaagad ako.

Napainom ako ng tubig dahil napaso pa ang dila ko. Ngunit nagkaganon man go parin ako.

Hindi pa man ako nangangalahati ng bigla akong mabilaukan, pagtingin ko kasi sa pinto nakatayo na duon si Ylac.

Mabilis syang nakalapit sa akin at pinainom ako ng tubig.

"Woo..." sabi ko ng matanggal ang bara sa daanan ng pagkain ko. "Sir huwag kayong manggugulat kapag kumakain ako grabe mamatay ako sa inyo eh." Sabi ko.

Hindi sya umimik tinignan lang ako ng matiim.

Napaiwas naman ako ng tingin.

Syet bakit ganyan sya makatitig?

Bakit umiiwas ka ng tingin. Inis ka sa kanya di ba? Sita ng isang bahagi ng isip ko.

Ibinalik ko ang mga mata ko sa kanya, nakatingin parin sya sa akin.

"May kailangan kayo Sir?" Lakas loob na tanong ko.

Hindi parin sya sumagot. Inilipat nya lang ang tingin sa kinakain ko.

"Ay! Teka Sir bakit kinukuha nyo ang pagkain ko?" Napatayo ako ng kunin nya iyong platong pinagkakainan ko. Aagawin ko sana pero inilayo nya at inilagay sa mataas na lugar, at bilang isang maliit na tao lang ako syempre hindi ko abot iyon.

"Sir! Ano ba yan pagkain ko yan, bakit nyo kinuha?" Umupo ako ulit.

Bwisit sarap manghalik ng gwapo kakainis!

Hindi sya umimik.

Inabala nya lang ang sarili nya, at kung ano ang ginagawa nya hindi ko makita kasi nakatalikod sya.

Ano? Bawal ba akong kumain dito?

Nang humarap sya sa akin may hawak na syang isang basong gatas at nang ilapag nya iyon sa harap ko napakurap-kurap ako.

Tang'na anong gagawin ko dyan?

Kunot ang noong tiningala ko sya.

"Drink it." He said bago muling tumalikod.

Dumeretso sya sa ref at may inilabas na karne at kung ano-ano pang rekado.

"Inumin mo na iyan Monica." Sabi nya kahit nakatalikod parin sa akin.

Wow ayos ha may mata ba sya sa likod at alam nyang hindi ako umiinom dito?

"Hindi ako umiinom ng gatas." Badtrip na sabi ko. "Ang gusto ko po ay kumain Sir."

Inabot nya ang apron at sa labis na gulat ko ay nag-alis sya ng pang-itaas na damit.

Taragis! Ihahain nya na ba ang sarili nya sa akin?

Nasilayan ko iyong abs nya ng humarap sya.

Napalunok ako.

Goodness abs... ulam na... ulam na ulam na talaga.

Nanghinayang ako ng matakpan ng itim na apron ang yummy nyang abs.

"Eyes up here lady."

Napaangat ako ng tingin.

Nang magtama ang mga mata namin napaisip ako.

Kung marape ko ba sya makukulong ako? at papayag ba sya?

Ano na naman iyang kalokohan na iyan ha Monica? Baka nakakalimutan mo kasama nya lang iyong hipon kanina, and remember hindi kayo bagay.

Umiwas ako ng tingin.

Narinig ko syang bumuntung-hininga at naglakad papalapit sa akin.

"Drink your milk Monica, hindi maganda na bibiglain mo ang pagkain, pagkatapos mong hindi kumain ng halos isang araw."

Nag-aalala ba sya?

Asa much M.

"Naku Sir! Keri ng tyan ko iyan, sanay na'to kaya hindi na ako tatablan ng ganon." I said na tumayo mula sa pagkakaupo, ang kaso iyong pagtayo ko at paghakbang papunta sana sa pagkain ko natigil ng humakbang din sya papalapit sa akin.

Namilog ang mga mata ko ng bahagyang magbanggaan ang katawan namin.

"Sit down and drink your milk Monica."

Napaupo ako ulit.

Oh tukso layuan mo ako. Syet!

"Hindi talaga ako umiinom ng gatas Sir."

Kinuha nya ang baso at iniumang sa bibig ko.

"Drink." He commanded.

Ngayon ko lang napagtanto napaka bossy ng lalaking ito.

Ano pang magagawa ko kung hindi ang uminom, kasi inilapit nya na talaga ang baso sa labi ko, kung titignan tuloy para akong batang pinapainom nya ng gatas.
Nang gumuhit iyong mainit na gatas sa sikmura ko napapikit ako.

Grabe! Gutom na gutom na talaga ako.

And when I opened my eyes again nanlaki iyon ng makita ko na nakayuko na sya sa akin at ang lapit-lapit na ng mukha nya.

"Ubusin mo ito, habang iniluluto ko ang pagkain mo." He said.

"Hindi nga ako umiinom ng gatas Sir at may pagkain na po akong hinan--."

I stopped talking nang ipatong nya ang isa nyang daliri sa aking mga labi.

"Ubusin mo Monica, huwag matigas ang ulo at ang pagkaing ihahanda ko ang kakainin mo." Iyong hintuturo nyang nakalapat sa mga labi ko ay napalitan ng hinlalaki, gamit iyon pinunasan nya ang gatas na naiwan sa mga labi ko. "Maliwanag ba? Kapag hindi ka sumunod I'll punish you."

Halik ba iyan? Game!

Pero syempre hindi iyan ang sasabihin ko, tumango lang ako.

"Good." Pagkatapos sabihin iyon tumuwid sya ng tayo. "Drink it up."

"Hindi naman kasi ako umiinom ng gatas." Bulong ko na narinig nya.

"Masarap ang gatas, lalo na kapag may oats"

"Ha?"

Letse oats ba ang sinabi nya? Gatas at oats pwe, parehas na hindi ko gusto.

Naghihiwa na sya ng muli akong hinarap.

"Hndi karin kumakain ng oats?"

Manghuhula ka ba pre?

Alanganin akong umiling.

"Me I like it...love it. Tuwing umaga iyan ang iniinom ko." Bumalik sya sa paghihiwa.

Kumunot iyong noo ko.

So iyong nasa tumbler pala na inaabot ni Nanay sa kanya ay gatas na may oats ang laman.

"It's okay kung hindi mo talaga magustuhan iyon." Sabi nya habang inaabot ko naman ang gatas para inumin.

"Kailangan mo lang matutunan na gawin, because as my wife it's your duty to know kung paano iyon gawin. Para maipagtimpla mo ako."

Tang'na!

Napaubo ako ng masamid ako ng mainit na gatas.

Ano iyon? Tama ba ang pagkadinig ko, kailangan matutunan ko kung paano gawin iyon because its my duty to know as his wife!

"Hey are you okay?" Tanong nya na lumapit sa akin.

"A-anong sabi mo Sir?"

Sya naman ang kumunot ang noo.

"What?" Nagtataka nyang tanong din.

Ay bwisit! Imagination ko lang ba? Grabe ang lakas ng tama ko!

"Wala Sir, huwag nyo akong pansinin akala ko may sinabi kayo, nalipasan lang po ako ng gutom kaya kung ano-ano yata ang naririnig ko."

Mataman nya muna akong tinignan bago sya bumalik sa ginagawa nya.

"Just wait for awhile this is only take a few minutes."

Napapikit ako ng mariin.

Pero bakit parang sinabi nya talaga ang mga salitang iyon?

Hay naku Monica gutom lang iyan.

Napainom ako ng gatas.

Hindi na ako magpapalipas ng gutom, bwisit! Kung ano-ano ang nakakaringgan ko!

*****

Napapikit ako ng higupin ko ang ginawang creamy soup ni Ylac.

Hindi ko alam kung anong tawag dito basta may halong karne, at kung ano-ano pa, at wala na akong planong alamin basta masarap itong kinakain ko kuntentong-kuntento na ako.

Sumandok ako ng kanin at sunod-sunod ang ginawang pagsubo.

"Dahan-dahan Monica." Sabi ni Ylac.

Nang tignan ko sya, hawak-hawak nya na ang plato kong may laman na kanin at nilagang itlog.

Naupo sya sa harap ko, at sa labis na pagkagulat ko, kinain nya iyon, using the same spoon that I used kanina.

"Hmmm...matagal-tagal narin mula ng mag-ulam ako ng itlog, nag-aaral pa yata ako."he said na muling sumubo.

Putsa! Kutsara ko talaga ang ginagamit nya.

"Sir, may tanong ako, bakit si Ms. Ysa nag-aaral pa pero kayo hindi na?" Out of the blue ay tanong ko. Gusto kong madistract hindi maalis-alis sa isip ko na gamit nya iyong kutsara na gamit ko kanina. Saka matagal ko ng gustong itanong iyon.

Ngumiti sya, iyong makalaglag panty na ngiti.

Syet!

"We're accelerated. Kaming tatlo, tapos narin si Ysa but she want to know the life ng isang simpleng estudyante kaya nag-aral sya ulit."

Tinignan mo nga naman nasa kanila na lahat. Maganda at gwapo, matalino pa.

Oo malayo sayo ikaw ordinary na nga hindi pa katalinuhan.

Ikaw kanina kapa kung wala kang matinong iisipin shut up!

Tang'na malala na ako.

Napatango-tango na lang ako sa mga sinabi nya, saka tahimik na kumain.

We stay like that, magkatapat sa mesa at magkasabay na kumakain.

For now kinalimutan ko muna na inis ako sa kanya at may isang Britch kaming kasama.

For now, iisipin ko na hindi sya galit sa akin...

For now I'll savor this moment na kami lang...

For now iisipin ko na kami...

Just for now...

****

Hindi ako makatulog, sa tuwing ipinipikit ko ang mga mata ko iyong mukha ng kaibigang bakla ni Britanny ang naiisip ko.

"Ughhhh naman talaga!" Bumalikwas ako ng bangon.

Nanginginig ako hindi ko alam kung sa lamig ng aircon o dahil sa takot.

Bumaba ako ng kama at lumabas ng kwarto.

Parang gusto kong umatras kasi naman ang dilim-dilim ng hallway baka salubungin ako ng white lady.

Para kang tanga M.

Humugot ako ng malalim na hininga at nagpatuloy sa paglalakad.

Nasa tapat na ako ng isang kwarto na nakabukas ang pinto ng makarinig ako ng isang musika.

Muntik pa akong mapatakbo pabalik ng kwarto dahil sa takot, kung hindi ko nakita si Ylac na na nakaupo sa tapat ng isang piano.

Sya ang tumutugtog.

Huminto sya ng magtama ang mga mata namin.

"Ah--sorry naistorbo ba kita Sir? Hmmm...ipagpatuloy nyo na po baba--."

"Can't sleep?" Natigilan ako sa tanong nya.

"O-oo...ano kasi...na...naiisip ko iyong nangyari kanina, ay kahapon pala." Sagot ko.

Ngumiti sya.

"Come in Monica" anyaya nya.

Tatanggi sana ako, kaso naisip ko na kung babalik naman ako sa kwarto,hindi rin naman ako makakatulog, pinili ko na lang na tumuloy.

Itinuro nya ang isang sofa na malapit sa piano, lumapit ako at naupo duon.

"I understand what you feel. Alam kong first time mong makakita ng ganon at sigurado akong ngayon pa lang naa-absorve ng isip mo ang mga nangyari. Mahihirapan kang makatulog, minsan babangungutin ka pa. Si Britanny, uminom sya ng sleeping pills to have a good sleep, gusto mo bang uminom rin?"

Sana lason na lang ininom nya.

Bad Monica.

Umiling ako.

"Hindi na Sir."

Nailang na naman ako ng hindi na sya umimik at tinitigan lang ako.

Napaiwas ako ng tingin, yumuko ako. Nuon ko napansin na ang suot ko ay ang t-shirt na hiniram at sinosoli ko sa kanya kanina.

Great M siguradong iniisip nya na pagkatapos nyang hindi tanggapin ang damit, ginamit mo naman agad-agad.

"Ah...ano...wala kasi akong pamalit na damit kaya hiniram ko ulit. Don't worry Sir nilabhan ko na iyong hinubad ko kanina kaya magpapalit din ako bukas."
Mabilis na paliwanag ko.

"It's okay." He said na ibinalik ang tingin sa piano at nagsimulang tumipa. "Like I said bagay na bagay sayo iyang t-shirt ko."

Hindi na ako nakapag comment sa sinabi nya, nagsimula na kasing bumilis ang tipa nya sa piano at nangibabaw na sa loob ng kwarto na iyon ang intro ng isang pamilyar na awitin.

Dumoble ang tibok ng puso ko ng sabayan ng tinig nya ang musikang nililikha nila ng itim na piano.

Just the way You are
by:**Bruno Mars**

https://www.youtube.com/watch?v=LjhCEhWiKXk

? Ohhhhh ohhhhhh ohhhhhh ohhhhhhh
[Verse 1:]
Oh, her eyes, her eyes
Make the stars look like they're not shinin'
Her hair, her hair
Falls perfectly without her trying
She's so beautiful
And I tell her everyday
Yeah ?

Pakshit! Ang ganda ng boses!

Literal akong napatanga at napanganga.

Grabe lahat na yata nasa lalaking ito.

? I know, I know
When I compliment her she won't believe me
And it's so, it's so
Sad to think that she don't see what I see
But every time she asks me, "Do I look okay?"

I say, ?

Ang suwerte, ang suwerte ng babaeng magugustuhan at mamahalin mo.

Then his beautiful blue eyes looked back at me.

? When I see your face (face, face...)
There's not a thing that I would change
'Cause you're amazing (amazing)
Just the way you are (are)
And when you smile (smile, smile...)
The whole world stops and stares for a while
'Cause, girl, you're amazing (amazing)
Just the way you are (are).
Yeah ?

Napakagat labi ako.
Pakiramdam ko para sa akin iyong kanta nya.

Mula sa mga mata ko bumaba ang tingin nya sa aking mga labi.

? Her lips, her lips
I could kiss them all day if she'd let me
Her laugh, her laugh
She hates but I think it's so sexy
She's so beautiful
And I tell her everyday, ?

Namula ako dahil hindi nya talaga inalis ang tingin sa mga labi ko hanggang sa matapos ang stanza ng kantang iyon.

?Oh you know, you know, you know
I'd never ask you to change
If perfect's what you're searching for
Then just stay the same
So don't even bother asking if you look okay
You know I'll say, ?

Ngumiti sya.

Hindi ko naman magawang gantihan ang ngiti nya; pakiramdam ko kasi maiiyak ako kapag gumalaw ako sa pwesto ko.

Naiiyak ako kasi piling ko talaga para sa akin iyong kinakanta nya.

Iyong mensahe ng kanta... ang dating sa akin parang bagay kami, na karapat-dapat ako sa kanya.

Ako.

Para bang sinasabi nya, na mahal nya ako kung ano man ako.

,na ang simpleng ako ay pwede sa isang tulad nya.

...that he can love me, just the way I'm...

...the ordinary, simple and poor me.

? When I see your face
There's not a thing that I would change
'Cause you're amazing (amazing)
Just the way you are (are)
And when you smile
The whole world stops and stares for a while
'Cause, girl, you're amazing
Just the way you are
Yeah ...?

*****

H/n
Inaantok talaga ako. ???? ilang araw na nakulang ako sa tulog.

Special chapter ito. Pambawi...at walang eksena si Britanny rito.

***#Ylac&Monicamoment** only.?*

Anyway salamat po sa pagbabasa pagboto at pagcomment.

Helliza Sabida
12232017uvft 7:47

14

Iyong pakiramdam na hindi ka mapaihi.

Iyan ang nararamdaman ko ngayon habang patingin-tingin sa pinto ng kwarto ko.

Hindi ko alam kung baba ako o hindi.

Tangna nahihiya akong bumaba.

Kagabi nakatulog ako habang nagp-piano si Ylac, after nya akong kantahan pinagpatuloy nya ang pagtugtog nya hanggang sa inantok ako at duon mismo sa sofa nakatulog.

Hindi ko alam kung paano ako nakarating dito sa kwarto.

May naaalala ako kagabi malabo nga lang.

Binuhat daw ako ni Ylac, mula sa music room hanggang dito.
Sa alaala pang iyon hinalikan nya ako ng magaan sa mga labi ko.

Napailing-iling ako.

"Abnormal ka M kung ano-ano amg iniisip mo." Malakas na kastigo ko sa sarili ko.

Malalim akong huminga.

Humakbang ako papuntang pinto.

Tangna bahala na nga.

Lumabas ako ng kwarto, dederetso na lang ako ng kusina para hindi ako mapansin ni Ylac.

Pero ako pala ang makakapansin sa kanya.

Naandon kasi sya sa sala, kasama si Britch--este si Britanny. Nagtatawanan sila magkatabi sa upuan. Kulang na lang kumandong si Britanny kay Ylac.

Sumama ang mukha ko.

Ayan na naman iyon pinong kirot sa dibdib.

Nakita ako ni Ylac, tinanguan nya lang ako habang si Britanny tinaasan ako ng isang kilay.

Yumukod naman ako sa kanila saka walang imik na pumunta ng kusina.

May naabutan akong pagkain sa hapag, mukhang ako na lang ang hindi kumakain kasi ang dami ng hugasin sa lababo.

So hanggang dito maid ang peg ko.

Umupo ako at sinimulang lantakan ang sinangag, pumiga ako ng kamatis at sinabay ng kain sa tuyo.

Hindi ko na pinansin ang ham at langgonisa, solve na ako sa ulam ko.

May nakita akong gatas sa gilid at may nakadikit na note na nagsasabing 'drink this.'

Sigirado akong si Ylac ang nagtimpla nuon, no scratch that si Ylac ang naghanda ng lahat ng ito. Masarap eh.

Ano pagmasarap si Ylac na kaagad paano kung iyong tagaluto ang nagluto nyan. Huwag bias M, napaghahalataan ka.

Naubos ko iyong sinangag na pang tatlong tao. Pasensya stress ako eh, lalamon talaga ako kapag ganito ako.

Pagkatapos kumain wala ng pahi-pahinga na naghugas kaagad ako ng pinggan.

Nagsasabon ako ng pumasok sa loob si Ylac.

"Anong ginagawa mo?" Kunot ang noo na tanong nya.

Saglit ko syang tinignan bago ibinalik ang tingin sa ginagawa ko.

"Naghuhugas ng pinggan Sir."

"You don't have to do that. Hindi ka katulong dito Monica, may gagawa nyan."

Hindi naman ako huminto.

"Patapos na ako Sir."

He sighed.

"Monica--"

"Ylac." Napatigil sya sa pagsasalita ng pumasok din ang iika-ikang si Britanny sa kusina.

"Sa hardin tayo, gusto kong magpahangin. Oh Monette pwede bang pakilabhan iyong marumi kong damit."

Walang Monette dito gaga!

"Sige po Ma'am." Pero syempre susunod ako, pera din eh.

"Its Monica, Britanny, and hindi sya ang maglalaba ng mga damit may gagawa na niyon."

"Naku sir huwag na, ako na!" Kontra ko kaagad na humarap sa dalawa. "Babayaran naman ako ni Maam, di ba Ma'am?"

Ngumisi si Britanny.

"Of course."

"O di ako na ang maglalaba."

Mukhang hindi nagustuhan ni Ylac iyon dahil nagdilim ang mukha nya.

"No-."

Muli naputol ang sinasabi nya ng may pumasok ulit sa loob.

"M."
Bigla ang ginawa kong paglingon ng marinig ko ang boses ni Eros.

Nanlaki ang mga mata ko ng makita ko ang aking bestfriend at si Coni.

"Eros!" Binitawan ko ang ginagawa ko ng at tinakbo ang pwesto nya.

Niyakap naman nya ako.

"Damn are you okay? Nabaril ka daw." Inilayo nya ako at tinignanang sugat ko pati ang bukol sa noo.
"Ano na naman kasing kalokohan ang ginawa mo?"

"Tse. Anong kalokohan? Wala akong kalokohan na ginagawa nadamay ako dito Kapre. Nadamay lang."
Pinandilatan ko sya ng mga mata na kinatawa naman nya. Sa inis ko ipinunas ko sa mamahalin nyang damit ang kamay kong may sabon.
Saka kinuha si Coni.

M I miss you. Ano naka score ka na ba kay pogi? Bati na kayo?

"Namiss kita Coni, marami akong ik-kwento sayo."

Si Eros imbes na mainis sa ginawa kong pagpunas sa kanya natawa lalo but then kumunot ang noo nya.

"Bakit naghuhugas ka? You are wounded tapos nagtratrabaho ka?"

Lumipat ang tingim nya kay Ylac.

"Bakit pinagt-trabaho mo sya?"

Napalingon ako kay Ylac. Madilim ang mukha nya habang nakatingin sa aming dalawa.

"Napakatigas ng ulo nya." He said while looking at me. Irritation was visible in his voice.

Pero bakit pakiramdam ko iba ang kinaiinis nya.

"Monica." Bumaling naman sakin si Eros.

"O ano? Huwag mo akong tignan ng ganyan alam mong hindi ako pwedeng mabakante. May binubuhay ako."

"I think hindi p nags-sink in sa utak nya kung anong sitwasyon na meron sya ngayon." Si Ylac.

Ako lang ba? Bakit tila galit na naman itong lalaking ito.

"Ahmm guys pwede bang sa sala na natin pag-usapan ito, napapagod na kasi ako." Singit ni Britanny na

hindi nagustuhan ang pagiging out of place. Hindi nito gusto na ako ang topic ng dalawang lalaki. Naiinis pa ito dahil hindi man lang ito binati ni Eros.

O di umupo ka ayan ang upuan teh.

** Bakit may hipon dito M? Naku i know na hindi pa kayo nagbabati, mukhang wala ng pag-asa na magbati kayo ni Pogi, may sulsulerang hipon eh.**

Lumapit naman si Ylac kay Britanny, inalalayan ito sa braso.

"Come... pumunta na tayo sa sala." Tumungin sya sa akin. "Follow us,pag-uusapan natin kung ano ang dapat gawin."

Nasundan ko sila ng tingin ng lumabas sila ng kusina.

Ibinalik ko namam kay Eros si Coni at binalikan ang ginagawa ko.

"Iwan mo na iyan Dora may sugat ka."

"Kapre kung nahihirapan ako hindi ako maghuhugas dito, ang mabuti pa hayaan mo na ako, para matapos na at makabalik na ako sa amo kong masungit." Sabi ko na may inis ang tinig.

Itinaas naman ni Eros ang isang kamay.

"Okay, okay. Ang init ng ulo natin ah, anyare sa inyo ni Ylac?"

Marami.

Mula sa pagbabanlaw ng baso saglit akong natigilan."

"Anong sinasabi mo dyan?" Kaila ko saka ipinagpatuloy ang ginagawa.

Narinig kong bumuntung-hininga sya.

"Sige na nga hindi kita pipilitin na magkwento, but you know, you can tell me anything right?"

Napangiti ako tinignan sya at kinindatan.

"Kaya mahal na mahal kita eh."

Lumapit sya sa akin at ginulo ang buhok ko.

"I love you too."

"Putsa! Huwag iyong buhok ko Eros."

Syempre tinawanan lang sya ng magaling nyang kaibigan.

Sa pinto, hindi namin napansin si Ylac na bumalik para sunduin ako.

Ilang segundo syang nakatayo doon bago blanko ang mukha na umalis.

*****

"Ayoko! Ayoko talaga!" Sinabayan ko ng pag-iling at pagtayo ang mga katagang iyon.

"Don't be so hardheaded Monica." Sabi ni Ylac na tumayo rin.

"Ako matigas ang ulo hindi Sir. Sinasabi ko lang kung anong gusto ko. Ayoko kong maging star witness. Ayokong tumira sa isang safehouse. Ayokong pumunta sa Isla ni Ma'am Britanny! Ayokong tumunganga doon!" Napapadyak na ako sa inis.

"Anong gusto mo. Ipagpatuloy ang buhay mo rito? Hindi pa ba pumapasok sa utak mo kung anong sitwasyon meron ka ngayon." Ganti ni Ylac sa akin with a same heat. Lumapit pa sya . Hindi sya sumisigaw tulad k pero ramdam ko ang galit nya.

Ano? tangna ayos siya pa magagalit. Hindi naman buhay nya ang hihinto para sa bwisit na mga gangster na yan!

"Hindi po ako bobo Sir." Lumapit din ako sa kanya. "Naiintindihan ko ang sitwasyon ko. May choice ako dito! At ang choice ko hindi ako magiging witness. Ayoko!"

Hinawakan nya ako sa balikat.

"Hey." Napatayo si Eros ng tingin nya ay nagkakainitan na kami ni Ylac.

Walang pumansin sa kanya.

"What do you think, na kapag hindi ka nagwitness hindi ka na nila babalikan?"

"Oo" mabilis kong sagot.

Napatawa si Ylac at bigla akong binitawan.

"Hindi ko alam na tanga ka."

Ouch!

"Hindi titigil ang mga iyon wala silang pakialam kung lalaban ka sa kanila o hindi. Nasaksihan mo ang krimen nila, doon pa lang siguradong papatayin ka na. Kapag nakita ka nila tatadtadin ka kaagad ng bala, no question ask! They will kill you with no mercy, witness or not papatayin ka nila."

Sa mga sinabi nyang iyon, pumasok sa isipan ko ang sarili ko, nakahiga sa lupa tadtad ng tama ng bala at naglalawa ang dugo sa paligid mula sa katawan kong puro butas.

Nangilabot ako, natakot.

Takot na bumakas sa mukha ko, nabasa ni Ylac iyon ang matigas at galit nyang mukha ay lumambot.

Nangilid ang luha sa mga mata ko.

Shit! Shit talaga!

"Monica---"

"That's enough Vlue. Tinatakot mo na sya." Pumagitna sa amin si Eros.

"Hey its okay baby. Hindi mangyayari iyon, Ylac will protect you. Kahit ako, p-protektahan kita." Inakbayan ako ni Eros.

Nilunok ko iyong bara sa aking lalamunan at pinigilan ang pagtulo ng luha ko.

"Don't be absurd Cloud. Isa kang sibilyan, hindi ka pwedeng makialam sa kaso ko."

Napatingin si Eros kay Ylac na may sinasabi ang mga mata, naintidihan naman iyon ni Eros dahil tumango ito kay Ylac.

"Okay." Sabi pa ni Eros.

Umalis sa pagkakaakbay sa akin si Eros at hinawakan ako sa magkabilang balikat.

"M, you need to stay here, kailangan mong sumama sa safehouse, para sa ikabubuti mo ito."

Umiling ako at tinabig ang nga kamay nya. "Ayoko Eros."

"Huwag ka ngang maarte." Napatingin ako kay Britanny na nakaupo. "Hindi lang ikaw ang nalagay sa panganib ang buhay. Me too. But look at me hindi naman ako nag-iinarte tulad mo, because I want to help Ylac, the society, dahil iyong taong ipapakulong natin ay isang masamang tao."

"Mawalang-galang na Ma'am hindi mo kasi ako katulad, wala akong pakialam sa bwisit na society na yan. May pamilya akong pinapakain, binubuhay. Hindi po ako mayaman, ikaw kahit tumunganga ka may kakainin ka, mahirap lang po ako Ma'am walang kakainin ang pamilya ko kung hindi ako magtra-trabaho."

Inismiran ako ni Britanny.
Inilipat ko ang tingin ko kay Ylac.
Then something hit my thoughts na kinanlaki ng mga mata ko.

"Iyong pamilya ko..." Lumapit ako sa kanya at mahigpit na humawak sa manggas ng damit nya.

"Sir iyong pamilya ko! Shit! Paano kung sila iyong pag-initan ng mga gangster na'yon!"

Bumibilis ang tibok ng puso ko at naninikip ang dibdib ko dahil sa sobra kong takot. Sa isipan ko ibat-ibang eksena na ang naglalaro, mga eksenang pinapaslang ang pamilya ko.

"Hey... hey Monica." Tinanggal ni Ylac ang kamay ko sa damit nya at hinawakan iyon. "Relaxs Monica."

Relaxs! Paano ako mag-rerelaxs iyong pamilya ko.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko sa sobrang bilis naghahabol ako ng hininga at nagdidilim ang paningin ko.

"Damn!" Sabay na mura ni Ylac at Eros ng gumewang ang tayo ko.

Mabilis na nahapit ako ni Ylac palapit sa katawan nya. "Damn it relaxs Monica!"

"Dora... M... relaxs please." nababahalang sabi ni Eros na hinaplos ang braso ko.

Ylac cupped my face with his hands itinaas nya ang mukha ko para magtama ang mga mata namin.

"Breath Monica...please."

"I-i can't."

"Yes you can love...breath, slowly...there... slowly love."

Sinunod ko ang sinabi nya, habang ginagawa iyon nakatingin ako sa asul nyang mga mata, hanggang sa unti-unti ako kumalma.

Napahinga ng maluwag si Eros. "Kukuha ako ng tubig." Sabi nya na mabilis na pumunta sa kusina.

Nanghihina ako pero ng yayain akong maupo ni Ylac umiling ako.

"I'm okay. Okay lang po ako."

"Namumutla ka, you need to sit down"

"No! Gusto kong puntahan ang pamilya ko Sir. Gusto ko silang makita."

"Monica hindi pa pwede--"

"Putsa naman o! Tang'na naman talagang buhay to!" Sunod-sunod na mura pa ang lumabas sa bibig ko dahil sa sobrang inis. "Ano pati pamilya ko hindi ko na pwedeng makita." Nakita kong padilim ng padilim ang mga mata ni Ylac sa bawat mura na lumalabas sa bibig ko.
"Bwisit talaga! Ugh!Pakshit!"

Wala na akong pakialam kahit magalit pa sya sa pagmumura ko, wala na akong pakialam kahit ayaw nyang may nagmumura, bahala sya sa buhay nya!

Halikan nya na ako kung hahalikan nya, sigurado naman ako na imposible at hindi nya gagawin iyon, dahil kaharap namin si Britanny.

"Fuck talaga! Damn!"

"Stop cursing lady" madilim ang mukha na saway nya sa akin.

Hindi ko sya pinakinggan. Patuloy ako sa pagmumura hanggang sa muli nya akong hapitin.

"Stop it Monica, dahil kung hindi hahalikan talaga kita kahit andito si Cloud." banta nya na mas inilapit pa ang mukha sa akin.

Itinulak ko sya at at inilayo ko ang mukha ko, pero sumunod lang ang mukha nya sa galaw ko at idiniin nya ako sa katawan nya.

Si Britanny nanlalaki ang mga mata.

Kahit kailan mula ng makilala nya ang binata, hindi pa sya hinapit nito ng tulad ng nakikita nyang ginagawa sa akin ng binata.

"Shit talaga layo nga Si--" mas lumapit ang mukha nya.

"I said stop Monica." Madiin na sabi nya.

Akala ko matapang na ako. Akala ko kaya kong harapin iyong galit nya at parusang halik, hindi pala, dahil ngayong halos magdikit na ang mga labi namin at magkabungguan ang ilong nyeta, nangangatog iyong tuhod ko.

Napatigil ako sa pagmumura ko at naitikom ng mariin ang aking mga labi.

Sya naman tinitigan ako ng deretso sa mga mata bago lumipat sa mga labi ko.

"Ah...what's happening here?" Takang tanong ni Eros na bumalik na at may hawak na isang basong tubig.

Pumalag naman ako sa pagkakahapit ni Ylac na daha-dahan akong pinakawalan.

"Nothing." Simpleng sagot niya.

Hindi ko alam kung ilusyon ko lang ang magaan nyang pagpisil sa bewang ko bg alisin nya ang pagkakahapit sa akin.

Umatras ako ng dalawang hakbang palayo sa kanya at binalikan ang nagtataka paring si Eros, kinuha ko sa kanya ang baso at dere-deretso uminom duon.

"Your family is safe." Sabi ni Ylac nang makainom ako.

"Meron akong mga tauhan na nagbabantay sa kanila, nakausap ko mismo ang tatay mo Monica, pinaliwanag ko sa kanya ang sitwasyon mo."

Bigla ang ginawa kong pagtingin sa kanya.

"Anog ibig nyo sabihin Sir? Pinangunahan nyo ba ako sa pagsabi sa kanila na isa akong witness?" nang hindi sya umimik at tinignan lang ako na kumpirma ko ang sagot sa tanong ko.

Naisuklay ko ang kamay ko sa aking buhok.

"Wow ayos ah kayo na pala ang nagdesisyon para sa akin eh." Napatiim ang aking bagang. "O sige tutal napagdesisyunan nyo na eh di tetistigo narin ako." Naglakad ako papunta kay Ylac, nilampasan ko sya at kinuha si Coni na nasa sofa, saka nagdadabog na umakyat ng hagdan.

"Hayaan muna natin sya Bro pag galit yan si M hindi iyan nakikinig sa mga paliwanag, palamigin mo muna ang ulo" narinig ko pang sabi ni Eros.

Napasimangot naman ako.

Tama makinig ka sa kanya Ylac, baka masapak kita sa sobrang inis ko sayo ngayon.

Naisip ko, pabalibag kong sinarado ang punto ng kwarto na siguradong narinig nilang lahat sa baba.

Ugh!!! Nakakainis ka Ylac!

****

H/n

Namiss nyo ba sila??

ang bawat chapter po ng aking mga kwento ay nagtatapos sa sa buo kong pangalan with code kaya kung nakita nyo pong wala iyon please do inform me? salamat.

Helliza Sabida

13162017xfe 7:59

15.

*****

Para akong daga.

Oo daga. Dahil heto ako ngayon tumatakas.

Tatakas ako dahil una ayaw kong makulong sa lugar na ito o pumunta sa isang isla.

Anong gagawin ko don?

Pupuntahan ko na lang ang pamilya ko.

Tangna hindi ko naman ginustong makita ang krimen na iyon.

Kung alam ko lang magugulo ang buhay ko sa pagsama kina Ylac tumanggi na lang sana ako.

Napatago ako ng may dumaan na security sa lugar kung nasaan ako.

Palabas na ako ng bahay.

At nang mabigyan ng tyempo ay tumakbo ako palabas.

"Ay shit!" Muntik ko nang maisigaw ng makita ko ang isang malaking gate. Sa laki niyo at sa liit ko mahihirapan akong akyatin ang bwisit na gate na iyan.

Napasandal ako sa pader.

Ano nang gagawin mo Monica?

Bumuntung-hininga ako.

Nagpalinga-linga.

Gusto kong magtatalon sa tuwa ng may makita akong puno na malapit sa pader. Dali-dali akong lumapit doon.

Mataas pero kering-keri ko na akyatin.

Buti na lang madilim kaya hindi napapansin ang pangangalakyat ko dito.

Humihingal ako ng makarating sa isang malaking sanga.

"Takte ang hirap pa lang umakyat ng puno kapag injured ka." Bulong ko habang hinihimas-himas ang braso.

Ngayon ang problema ko naman ay kung paano ako makakapunta sa pader at makakaba sa kabila.

Kaya mo yan M. Para sa kalayaan mo.

Huminga ulit ako ng malalim bago kumilos papunta sa ibabaw ng pader.

Nalula pa ako dahil may kataasan talaga ang pader na kailangan kong talunin.

Kaya ko 'to.

Pangungumbinsin ko sa sarili ko.

Saka ako pkit matang tumalon.

Ay putsa!

Kinagat ko ng mariin ang labi ko ng makaramdam ako ng matinding sakit mula sa paa kong sumalo ng aking buong bigat.

Napahawak pa ako sa pader para mapigilan ang pagbagsak ko.

Pesteng buhay talaga ito!

Nagpalipas muna ako ng ilang oras, bago humakbang, iika-ika sya habang naglalakad.

Nang bahagya akong makalayo, tumakbo na ako.

Hindi ko pinansin iyong lungkot kasi iiwan ko si Ylac doon...

Loka-loka bakit ka malulungkot?

Patago-tago ako tuwing may nakikita akong mga tao hanggang sa makarating pa ako sa isang malaking gate.

Ano bang lugar ito? Ang daming gate.

Duh Monica safe house kaya pinanggalingan mo malamang mahigpit ang security dito.

Okay mukhang muli akong mangangalakyat...

Duon sa medyo dulo ako nagpunta para maiwasan ko na may makakita sa akin. Swerteng may puno ulit.

Buti na lang flexible, ako ang problema... nakakabwisit talaga itong gate ang taas-taas.

"Shit naman hindi na talaga ako sasama sa pagpunta sa mga condo para hindi kung ano-ano ang nasasaksihan ko."

Buminga ako ng malalim ng makarating ako sa itaas.

"Tang'na hindi kaya ako mapilayan nito?"

Bakit nadadaga ka na ba M? Gusto mo ng magpakulong dito?

Syempre ayaw ko.

Kaya naman huminga ako ulit at bago ko ibuga ang hangin sa bibig ko tumalon na ako

Muntik na akong mapasigaw ng makaramdam ako ng mas matinding kirot sa talampakan ko at gumapang ang kirot na iyon patungo sa aking mga binti eksaktong paglapat palang ng mga paa ko sa lupa.

Maluha-luha na napahawak ako sa pader.

"Shit...shit...shit" mahina kong mura na biglang napatakbo patungo sa makapal na halamanan nang may narinig akong yabag papalapit.

Iika-ika pa ako non dahil sobrang sakit talaga ng talampakan ko.

Hindi ako humihinga habang dumadaan sa harap ko ang dalawang lalaki na may hawak na baril.

Paano ko nalaman? Malamang nakasilip ako.

Muli akong napatakbo ng mawala sila sa paningin ko.

Paika-ikang pagtakbo...

Tumakbo ako hanggang sa makalayo ako sa lugar na iyon hanggang sa makalayo ako kay Ylac Vlue.

*****

Gutom na ako.

Halos buong araw na akong nagpalakad-lakad dito sa bayan na ito.

Mulawin.

Nasa Mulawin pala ang safehouse.

Kung mula Maynila mas malapit ang San Nicholas kesa sa Mulawin.

Gusto ko nang bumalik sa safehouse hindi dahil payag na ako na maging witness kundi dahil nagugutom na nga ako idagdag pa na nakalimutan ko na wala na nga pala akong pera sa wallet at hindi pa ako sumasahod. Iyong atm ko naman nasa bahay.

Tang'na naman talaga o.

Pero dahil ako nga si Monica isang dakilang raketera syempre gagawa ako ng paraan lalo na kapag ganitong gutom ako.

Wanted Janitor.

Napatingin ako sa sign ng isang maliit na convenience store.

Balak kong mag-apply. Kahit mga isang linggo lang ako papasok para lang magkaroon ako ng pera.

Papahakbang na ako papunta roon ng may isang van na itim ang huminto sa likod ko.

Hindi ko alam kung paano ko nalaman na masasamang tao ang mga iyon basta ng pabukas pa lang ang pinto kumaripas na ako ng takbo.

"Ay puta!" Napasigaw ako ng makarinig ng putok ng baril. Hindi man lang itinago ng mga humahabol sa akin ang mga baril nila o kahit na nilagyan man lang ng silencer nagkagulo tuloy ang mga tao sa parteng iyon.

Hindi na ako lumilingon, kahit na makabangga pa ako. Tangna iintindihin ko pa ba iyon eh mamatay na ako rito.

Bakit ba ako yata ang peborit mo kamatayan? Awat muna marami pa akong utang hindi ako tatanggapin kahit dyan sa hell noh.

Lumusot ako sa isang eskinita iyong talampakan kong maghapon kong iniinda bigla nawala ang sakit. Ikaw ba naman ang pagbabarilin tignan ko lang kung iisipin mo pa ang masakit na parte ng katawan mo.

Lusot dito, lusot doon. Tago dito tago doon.

Grabe sobra-sobra ng exercise to... madaya lugi ako, konti lang nakain ko kagabi.

Humihingal na nagtago ako sa isang malaking tangke. Nasa likod ko parin ang mga taong humahabol sa akin.

Masasamang tao nga fuck ang tatagal mapagod eh.

Napaunat ako ng tayo ng marinig ko sila.

"Hoy Miss labas ka na huwag ka ng magtago hindi ka naman namin sasaktan. "sabi ng isa na sinundan ng mga pagtawa.

Ulol ka kuya anong palagay mo sa akin engot manigas kayo dyan.

Nagpakasiksik ako sa ilalim ng tangke

Kiber na kung puro putik doon at may mabahong amoy pa.

Damn! Bakit ba nangyayari sa akin ang lahat ng ito? Matakaw lang naman ako? Oo marami akong utang pero binabayaran ko naman.

Nang makaailis sila sa lugar kung nasaan ako dali-dali akong lumabas.

Great gutom na nga ako marungis at mabaho pa. Papasa na akong pulubi at patay gutom talaga.

Tumakbo ako sa direksyon pasalungat sa pinuntahan nila.

Pinagtitinginan ako ng mga tao dahil sa itsura ko.

Ngunit nakatadhana yata akong mahirapan ngayong araw karma sa pagtakas ko kay Ylac...paano ba naman may isa pang sasakyan na humarang sa akin puting sport car naman.

Aba yamanin na killer.

Tatakbo na sana ako ulit paiwas ng may narinig akong nagsalita mula sa loob kasabay ng pagbukas ng passenger seat.

"Sakay Monica." Madiin na sabi ni Ylac habang galit ang mga tingin sa akin.

Hindi kaagad ako nakahuma. Kundi ko pa nakita iyong mga humahabol sa akin at muli akong tinutukan ng baril hindi pa ako kikilos

"Shit bilisan mo." Sabi ni Ylac nang paulanan kami ng bala. Pinaharurot nito ang sasakyan kahit hindi ko pa ganap na nasasarado ang pinto.

"Ay puta palaka!" Muntik pa akong sumobsob sa dashboard kundi lang mabilis na naiharang nya ang kamay nya sa harap ko.

"Magseatbelt ka damn it!"

Siguro bad influence ako nahawaaan ko yata sya sa pagiging palamura aba higit sampung segundo palang kaming magkasama nakadalawang mura na o siguro talagang nagmumura sya kapag nagagalit at lagi ko syang ginagalit lately kaya naririnig ko na nagmumura sya.

Wow M naisip mo pa talaga iyan ha.

"Ahhh!" Napapikit ako at napayuko ng may tumamang bala sa salamin na nasa side ko.

Mukhang bulletproof ang kotse ni Ylac dahil hindi nabasag ang salamin ng kotse.

Ang bilis ng pagpapatakbo ni Ylac. Parang mamatay ako sa car accident at hindi sa bala.

Huwag kang tanga M hinahabol kayo malamang na mabilis dapat ang pagpapatakbo nya.

Nakalabas kami ng Mulawin. Nakasunod parin ang mga kalaban at hindi parin nagbabago ang bilis ng pagpapatakbo ni Ylac.

Mapansin ko rin na madilim ang mukha nya at galit ang asul nyang mga mata.

Napalunok ako hinawakan ng mahigpit ang seatbelt saka tumingin sa bintana.

Shit mukhang ginalit nya ang binata.

Tengene yang good luck sa akin.

****

Isang oras na ang nakakalipas, wala ng humahabol sa amin...at guess what isang oras na din syang hindi umiimik.

Kahit na ngangamoy ako., kahit kumakalat ang mga duming nakadikit sa katawan ko sa kanyang puting-puting sasakyan wala syang sinasabi.

Ano na galit yan Monica? Ano na ang gagawin mo?

Oh eh ano ngayon galit din ako. Kung hindi nya ako pinilit na maging witness eh di sana hindi ko

nararansan to.

Kastigo ko sa sarili ko.

Kung hindi sya magsasalita hindi rin ako magsasalita nunka! Kahit pa gusto ko nang sabihin na huminto na kami at nagugutom na ako idagdag pang giniginaw ako dahil sa medyo basa parin ang aking damit at ang lakas lakas ng aircon ng lalaking ito.

Pasimple ako humalikipkip.

Tumingin na lang ako sa bintana.

Saan kaya kami pupunta? Mukhang matutuyo sa akin itong putik, sa dulo ng mundo na yata ang takbo namin eh.

Tanga baka iitatapon ka na sa malayo. Ang sakit mo daw sa ulo eh.

Sumimangot ako.

Eh di wow. Bakit kasi sumunod pa sya pwede naman na hayaan nya na lang ako.

Girl kung hinayaan ka nya baka malamig na bangkay ka na.

Napapilig ako ng ulo.

Pusang gala ito ba ang nagagawa kapag hindi ka iniimikan, kinakausap mo ang sarili mo?

Nakakabaliw.

****

Tuluyan ng natuyo ang putik sa katawan ko inabot na nga kami ng dilim, still hindi parin sya umiimik.

Kating-kati na ako. Panay na nga ang kamot ko sa braso, pakiramdam ko may butlig nang tumutubo dito.

Pakiramdam ko din nanghihina na ako sa gutom.

Nangangayayat na ang zoolandia sa tyan ko.

Itong magaling na lalaki kasing ito hindi na talaga huminto.

Anim na oras na kaming tumatakbo!

Shit na buhay naman nagwawala na talaga ang mga alaga ko sa tyan.

Nang huminto kami gusto kong magtatalon sa tuwa.

My G! Huminto din kami.

Pinatay nya ang makina. Madilim parin ang mukha nya at hindi umiimik sa akin.

Ang suplado pala nito sa personal.

Nakatingin ako sa kanya ng bigla syang lumingon sa akin.

Napapitlag ako ng magtama ang mga mata namin.

Bumilis na naman ang pesteng puso ko ng makita ko ang asul nyang mga mata.

Kunot na kunot ang noo nya.

Pinagmasdan ako.

Naconcious naman ako bigla.

Puta mukha na akong pulubi sigurado.

Nag-iwas ako ng tingin. Aktong baba ng bigla syang magsalita.

"Don't you fucking dare."

Nanlaki ang mga mata kong nakatingin sa mailaw na kulay ng karatula ng establisyementong pinaghintuan namin hindi pinansin ang banta nya.

Hindi ko alam kung saan ako mas nagulat, kung sa muli nyang pagmumura o sa lugar kung nasaan kami.

Fucking shit! Seryoso? Sa motel talaga?

"Bakit nandito tayo?"tanong ko nang bumaling sa kanya.

Hindi sya umimik.

"Sir ano? Bakit nandito tayo?" Ulit ko sa tanong ko.

"Dito tayo magpapalipas ng gabi." Simple nyang sagot.

"Ano! Teka bakit dito? Bakit hindi na lang tayo bumalik sa safehouse-"

"Sa tingin mo hindi tayo masusundan doon? Wala akong planong ilagay sa peligro ang buhay ni Britanny dahil lang sa katigasan ng ulo mo."

Umawang ang mga labi ko sa narinig.

Ayan na naman iyong kirot sa dibdib narardaman ko na naman.

"O eh bakit nandito kayo? Bakit hindi nyo na lang balikan ang hipo- si Ma'am Britanny at bantayan sya kesa sinasayang nyo ang oras nyo sa katigasan ng ulo ko." Sagot ko naman.

Tang'na hindi ko maiwasan na sumagot. Nag-iinit kasi ang ulo ko pagnakakarinig ng pangalan ng hipon. Pisti gutom nga ako diba! Di ba?

Humawak sya sa handle ng pinto.

"Okay na ako dito Sir bumalik na kayo kay Ma'am Britanny."

"Don't you fucking dare opened that door." May pagbabanta sa boses nya.

Hindi ko sya pinansin.

Hindi porket nagmura sya susunod na ako sa kanya.

Halikan kita dyan eh. Kapag ako nagmumura may halik tapos ikaw wala aba matinde.

Palihim ko lang syang inirapan bago tuluyang lumabas ng sasakyan.

Sinalubong ako ng malakas at malamig na simoy ng hangin na hindi ko ininda at naglakad patawid ng kalsada.

Hindi ko napansin iyong humaharurot na sasakyan basta ang namalayan ko lang parang humiwalay ang kaluluwa ko sa aking katawang lupa ng bumusina iyon ng pagkalakas-lakas.

Napaatras ako paiwas at bumangga sa likod ng humihingal na si Ylac.

Nanlalaki ang mga mata na napatingin ako sa kanya.

Shit muntik na naman akong masagasaan.

"Bakit ba ang tigas-tigas ng ulo mo!" Sigaw sa akin ni Ylac na lalong kinagulat ko.

Hinawakan nya ako sa magkabilang braso.

"Tang-ina nahagip ka ba?" Galit na tanong nya habang pinagmamasdan ang katawan ko.

Napailing ako.

"H-hindi."

Bigla nya akong binitawan.

"Sumasakit ang ulo ko sayong babae ka " he said pagkatapos ay hinigit ako papalapit sa katawan nya.

Suminghap ako.

Dumikit iyong marumi kong katawan sa kanyang katawan.

"Malapit nang maubos ang pasensya ko Monica. Konting-konti na lang matatali na kita sa katawan ko."

Iyong zoo sa tyan ko nagpa-party na naman.

Tengene! Akala ko mga gutom na yan?
Aba may energy pang magparty eh.

Lumayo sya. Hinawakan ako sa kamay at hinila papasok ng motel.

Hindi na ako nakapiyok.

Hindi ko nga alam kung mahihiya ako dahil pinagtitinginan kami. Saan ka ba naman nakakita ng gwapong binatang may kasamang dugyot na babae idagdag mo na mabaho pa.

Pati iyong receptionist nagtataka ang tingin sa amin. Hindi ko nga sure kung inggit ba iyong nabasa ko sa mga mata nya ng tumingin sya sa magkahawak naming kamay ni Ylac.

Binawi ko ang kamay ko sa binata.
"Stay put Monica. Hindi kita bibitawan mahirap na baka kung anong kalokohan na naman ang gawin mo."

Ano ako bata? Kalokohan talaga? Duh.

Sinasagutan nya ang form na hawak ang kamay ko.

Ayaw nya talagang bitawan. Hihilahin ko na sana ng malakas pero napahinto ako ng magsalita ulit sya.

"Pag hindi ka tumigil hahalikan kita."

Nagulat ang mga nakarinig, kahit na ako.

Tangna gumaganyan na naman sya.

Napipilan ako.

Hindi na ako kumilos o nagsalita hanggang sa matapos sya sa ginagawa. Kahit pa ng muli kami bumalik sa saksakyan nya para ilipat iyon sa upper basement.

At hawak-hawak nya parin ang kamay ko habang nakasakay kami sa elevator.

Tangna Ylac huwag kang ganyan hindi naman ako tatakbo.

Naiilang na kasi ako. Tapos ang dikit nya pa sa akin. Nasa medyo likod ko sya iyong kanang kamay nya nakahawak sa kaliwang kamay ko dumidikit iyong kanan kong balikat sa kaliwang dibdib nya. Pasimple akong lumalayo pero lumalapit parin sya.

Shit hindi nya ba alam na nahihiya ako. Lalo na ngayon sa amoy ko. Iyong dalawang pares nga na magsyota na kasabay namin nasa kabilang dulo ang layo-layo tapos nakatakip pa iyong mga kamay sa ilong, nagpapatunay na mabaho ako nasa kulob kami kaya lalong malakas ang amoy.

Pero itong si Sir Ylac parang amoy bulaklak ako kung makadikit kulang nalang singhutin ako.

Hanggang sa paglabas ng elevator nakahawak sya. Hanggang sa huminto kami sa Lavander room.
I eyed the room's name.

Seriously lavander talaga? Lakas ng tama ng motel na ito. Ito siguro ang kinuha nyang kwarto para sa akin.

"This will be our room." Sabi nya habang binubuksan ang pinto.

"Huh?" Nabigla ako. Iisang kwarto lang kami?

What the fuck-"

Iyong mura ko sa isip nahinto ng makita ang loob ng kwarto, sa sobrang kabiglaan ko naisatinig ko ang pagmumura ko.

"Tang'na bakit iisa lang ang kama!"

*****

H/n

Namiss nyo sila no? hehhehe sorry sa matagal na update.?.

Pero ito na po sila. Anong masasabi nyo sa chapter na ito?

Salamat sa magbibigay ng komento sa boboto at nagbasa nito.

Hihintayin ko ang comment nyo? hmm pag hindi this friday ang UD ulit. Hep . Kapag hindi busy ha.

Salamat.

Helliza Sabida

2252018uivst 18:04.

16

Talagang sobra ang panlalaki ng mga mata ko habang nakatingin kay Ylac.

Putsa bakit iisang kama lang?

Kumunot naman ang noo ni Ylac.

Akala ko magagalit sya sa pagmumura ko. Pero hindi sya umimik at hinila lang ako papasok.

Woo hindi ako makahinga bakit ba kasi andito kami? Saka bakit ang liit ng kwarto? Naghihirap na ba si Ylac?

"Go take a shower." Utos ni Ylac na kinatigas ko tangna praning na ako tapos sinarado pa niya ang pinto.

"S-shower. N-naku okay na ako Sir. S-sanay na po akong matulog ng ganito."

Tumaas ang isang kilay nya.

Takte, ang tingin ko sa mga lalaking marunong magtaas ng kilay eh bakla pero kaloka bakit itong si Ylac mas lalong lumakas ang dating sa akin.

"Matutulog ka ng ganyan?"

Wala sa loob na napatango ako.

"Are you sure?"

"Ha? O-oo...ay put-" bigla kong itinikom ang ang bibig ko putek mahirap ng magmura dito nasa iisang kwarto kami.

Hinila nya ako papasok sa loob ng banyo at hinarap sa salamin na naroon.

"Sigurado kang matutulog ka ng ganyan?" Tanong nya ulit habang nasa likod ko at pinagmamasdan ang kadungisan ko.

Kung hindi ko lang kasama si Ylac malamang sunod-sunod akong napamura. Grabe oo nga pala mukha akong pulubing pinagkaitan ng isang taong ligo.

Shit ka talga M humarap ka ng ganyan kay Ylac tapos sinabi mo pa na matutulog ka na ganyan ang itsura wagi M, waging-wagi ka na sa kalokohan at kapalpakan.

"Sabi ko nga Sir maliligo na ako." Lumayo ako sa kanya. Ito pa ang hindi ko maintindihan eh ang baho-baho at ang dumi-dumi ko na pero kung makadikit siya, akala mo humahalimuyak ako sa bango.

Hinintay kong lumabas sya ng banyo pero nanatili syang nakatayo at nakatitig sa repleksyon ko sa salamin.

Hindi ko tuloy maiwasan na mamula.

"Ahmmm sir maliligo na po ako." Untag ko sa kanya.

Nangunot ang kanyang noo.

"Maligo ka. Wala sa akin ang tubig Monica."

Ay tangna pilosopo din pala sya o.

Tumikhim ako. "Sir alam ko po na wala sa inyo ang tubig. Pero hindi naman po pwede na maligo ako na naandito kayo sa loob di ba?"

Natigilan sya.

"Oh I see..."

O anong ibig sabihin ng 'oh I see na yan?'

"...akala ko ako ang magpapaligo sayo."

Ay gago! Ano yan? Tama ba ako ng rinig? Pusang-gala nakakagago itong si Ylac.

Laglag panga ko abot yata hanggang ground floor nitong motel.

Sus kunyari ka pa gaga, aminin mo na excite ka. Kantyaw ng isang bahagi ng isip ko.

"S-sir? Bakit papaliguan nyo ako?" Alanganing tanong ko.

Nagsalubong ang kilay niya.

"What are you saying?"

Eh?

"Tinatanong ko po bakit papaliguan nyo ako?" Ulit ko.

"What are you saying Monica? Bakit ako ang magpapaligo sayo? Hindi ka ba marunong maligo?"

Ay putang-ina! Ano bang nangyayari nabingi ba ako kanina? Ano iyon imahinasyon lang ganon?

Napailing si Ylac naglakad palabas.

"Maligo ka na Monica mukhang gutom na gutom ka na at kung ano-ano na ang sinasabi mo. Bilisan mo ang kilos para makakain ka na." Isang sulyap pa ang binigay nya sa akin bago niya sinarado ang pinto.

At ako? Naiwan akong nakatanga.
Ilang segundo bago ako nakabawi.

"Puta, nakakaloka talaga kapag nalilipasan ako ng gutom kung ano-ano ang naririnig ko."

Hinubad ko ang damit ko.

"Pero malinaw kong narinig ang iyon eh?"

Totally naked lumapit ako sa shower at binuksan iyon. Napapikit ako ng isalubong ko ang aking mukha sa patak ng tubig.

"Bakit ka naman nya sasabihan ng ganon aber?"

Inabot ko iyong shampoo.

"Aba malay ko?" Pabagsak kong ibinalik ang bottled shampoo sa lagayan.

"Shit baliw ka Monica at talagang kinausap mo pa ang sarili mo ha. Ano yan? Tanungan sarili di makasagot baliw." Malakas akong napapadyak dahil sa inis.

Itinikom ko ng mariin ang bibig ko tangna baka sumagot pa ako. Mahirap na.

Minadali ko na lang ang paliligo. Kailangan ko ng kumain baka tuluyan ng mapasok ng hangin ang utak ko. Hindi pa naman bagay sa akin ang baliw.

*****

"Monica hindi ka pa ba tapos dyan?" Ang pangatlong tawag at tanong sa akin ni Ylac.

Napakagat labi naman ako habang nakasandal sa pader ng banyo.

Kanina pa ako tapos. Fifteen minutes ago pa nga eh. Hindi lang ako makalabas.

Bakit?

Anak naman kasi ng pating wala akong pamalit na damit. Nakaputing roba lang ako na umabot hanggang ibabaw ng tuhod ang haba.

Hindi ko naman pwedeng suotin ang damit ko ulit ang baho non at mas lalong wala akong plano na suotin ulit ang undies ko.

Kaya ito ang dillema ko. Paano ako lalabas ng nakaganito. Tangna hindi kaya ng puso kong humarap ng nakaganito kay Ylac baka isipin non inaakit ko sya.

"Monica..."

Ano M dito ka na lang forever? Mamili ka iyang hiya mo o iyang tyan mo?

As if on cue kumalam ang sikmura ko.

"Monica are you okay? Bakit hindi ka sumasagot?" Sigaw ni Ylac sa kabilang panig. Hindi parin ako makatugon.

"Monica papasok na ako. Sisirain ko na itong pinto."

Napaalis ako sa pagkakasandal ko.

Shit seryoso ba sya?

"Ah t-teka lalabas na ako." Sagot ko. Inayos ko iyong buhol ng roba, at gamit ang mga daliri sinuklay ko

ang basa kong buhok. Lumunok muna ako at huminga ng malalim saka binuksan ang pinto para lumabas.

Nasa harapan naman ng pinto si Ylac nakaharang sa daanan kaya napahinto ako.

"What took you so long?" Tanong nya habang nakakunot ang noo at nakatingin sa mukha ko.

Pasimple ko naman na hinila iyong roba. "A-ah ano napasarap lang ng ligo."

Hindi na sya nagsalita, tinalikuran lang nya ako.

"Eat." He said.

Hindi ko alam kung maiinsulto ako o ano.

Hello nakaroba lang kaya ako.
Bakit hindi man lang nya ako ni head to foot? Bakit ng may damit ako kung tignan nya ang katawan ko parang may pagnanasa sya sakin.

Nag-aadik ka na naman M anong may pagnanasa? Ikaw lang nag-iisip non gaga. Saka baka wala kang appeal kahit nakaroba ka lang. Kasi ang bet nya ay ang mga katulad ni Britch.

Sinimangutan ko sya.
Kaso bigla syang humarap kaya nahuli ako.

Napaunat ako ng tayo. "Ah... may pagkain na po ba Sir?"

Naglakad sya papalapit kaya napaatras ako, kinabahan.

"Ah maliligo pala ako ulit." Sabi ko bigla, tatakbo na sana ako papasok pero mabilis nyang nahawakan ang braso ko.

"Pwede ba gusto ko ng magpahinga Monica kaya kumain ka na habang naliligo ako."

O nasa akin ba ang kama? Di magpahinga ka Sir.

Gusto ko sana mamilosopo kaso wag na lang mukhang mainit na naman ang ulo ng gwapo.

"Ay s-sige. Excuse me po. " hinila ko iyong braso ko na binitawan naman nya.

May nakita ako pagkain sa mesa kaya naglaway kaagad ako. Nakalimutan ko na ang inhibisyon ko, putek talo-talo muna tayo.

Sumalampak ako ng upo at sinimulang kumain.

Woo putsa gutom na gutom talaga ako.

Simpleng nilaga at pritong isda ang pagkain hindi pa nga masarap ang pagkakaluto pero go lang, wag na mag-inarte.

Nahinto lang ako sa paglapang ng mapansin ko na nakatingin sa akin si Ylac na hindi parin pumapasok sa loob ng banyo.

Napaubo ako at mabilis na uminom. Noon ko lang din narealize na nagkakamay pala ako.

Great Monica PG ka talaga ay mali sabi nga don sa nabasa mong story SPG na Sobra Patay Gutom. Puta para kang hayok na hayok sa pagkain ah. Aba imbes na maakit iyong lalaki sayo dahil nakaroba ka hindi eh na turn off pa.

"A...k-kain Sir." Sabi ko na lang sa binatang nakasandal sa hamba ng pinto.

Hindi umimik si Ylac nakatitig lang.

Bigla ako umunat ng upo.

"Sorry Sir gutom lang hmmm...babayaran ko---"

"Pinapabayaran ko ba?" Biglang tanong nya.

Umiling ako.

"Next time kung tatakas ka magdala ka ng pagkain o kahit na pera para hindi ka nagugutom." Sermon nito.

"Ha...ah oo?" O diba sumagot ako.

"Pero last mo na yan Monica, hindi ka na makakatakas ulit." He silently said.

Napakurap-kurap ako.

"Ganyan ka muna ngayon gabi hindi muna kita bibigyan ng damit para siguradong hindi mo ako matatakasan." Sabi nito bago pumasok sa loob ng banyo.

Napanganga na naman ako. Ano raw? Ganito lang ako buong gabi as in nakaroba lang para di daw ako makatakas.

Hindi pwede! Dalagang pilipina kaya ako. At hindi ugali ng isang mahinhing pilipina na matulog sa isang kwarto kasama ang isang greek god. Hindi pwede mapanganib. Baka marape ko sya ---este marape nya ako.

Habang iniisip iyon sige naman ako sa pagsubo.

Muntik ko pang maubusan si Ylac buti na lang lumabas na sya.

Umiinom ako non ng gatas...(yes milk again ewan ko ba sa lalaking ito mukha ba akong baby at lagi nya ako sinusuplayan ng ganito) nang lumabas sya ng banyo.

Naibuga ko ang iniinom ko ng makita ko sya.

Anak ka ng ina mo! Bakit naka tuwalya lang sya!

Kinukuskos nya ng isa pang tuwalya ang buhok nya, hindi pa sya nakatingin sa akin kaya malaya kong napagmasdan ang maganda nyang katawan.

Busog naman na ako pero bakit ganon bigla ulit akong nagutom?

Pakiramdam ko pa tumutulo ang laway ko.
Napahigpit ang hawak ko sa baso ng gatas.

Ano nga iyong slogan sa isang milk commercial? Busog lusog?

Tangna busog lusog nga ako.

Busog ang mga mata at lusog sa pagpapantasya.

Tumingin sya sa akin kaya napaiwas kaagad ako ng tingin. Napatayo pa ako.

"Tapos na ako Sir. K-kain na po kayo." Sabi ko.

Nang maglakad sya papunta sa akin umalis ako sa harap ng mesa.

"M-maghuhugas lang ako ng kamay. " sabi ko bago mabilis na tumalilis papuntang banyo.

Major partey-partey na naman ang mga animal sa tyan ko.

"Puta bakit nakatuwalya lang sya. Ano para di rin sya makatakas ganon." Nasabi ko habang naghuhugas ng kamay. May nakita ako toothbrush na bago kaya nagsepilyo na rin ako.

Pinagmasdan ko ang sarili ko, tapos inalala ko iyong itsura ni Ylac.
Napapikit ako habang kinukuskos ng mariin ang ngipin ko.

Hindi talaga bagay. Hindi talaga kami bagay itsura palang waley na. Ang layo-layo na.

Tama M kaya tigilan mo na ang pag-iisip na may gusto sya sayo at may gagawin sya na iba dahil andito kayo sa motel. Sinundan ka lang nya para iligtas dahil witness ka iyon lang. Kaya kahit gaano pa sya kagwapo tumigil ka na. Tama na.

Nakalma ko naman ang sarili ko.
Lalo na ng pumasok sa isip ko iyong mga eksena nila ni Britanny na nasaksihan ko.

Na fall kana kaya huwag mo nang hayaan na sumadsad pa, ayusin mo muna itong gulo na napasukan mo bago ka lumandi.

Nang lumabas ako ng banyo okay na ako. Kalmado na.

Nakita ko syang nakaupo sa isang upuan at nagt-type sa laptop na nakapatong sa mesa.

Napakurap-kurap ako at muling nagligalig ang mga hayop kong alaga sa tyan kasi may suot syang salamin sa mga mata.

Putek ang gwapo talaga.

Nagtaas sya ng tingin sa akin, patay malisyang nag-iwas naman ako.

Dumeretso ako sa sofa na naroon.

Kasya naman ako rito kaya dito na ako matutulog. Hindi na ako kumuha ng unan, kumot lang ang kinuha ko.

Hindi narin ako nag goodnight dahil hindi na sya nakatingin sa akin.

Akala ko tututol sya sa paghiga ko rito.

Syempre lalaki sya diba as a man hindi niya ako papatulugin dito at mag-o-offer na sa kama na lang ako.

Pero nakahiga na ako't lahat-lahat walang lumabas sa bibig nya.
At hindi ko mapigilan na mapasimangot ng magring ang kanyang cellphone at marinig ko ang pangalan ng caller niya.

"Britanny."

Tumalikod ako sa gawi nya. Mapait na napangiti.

"Yeah I'm okay Brit, yes don't worry I'll be there soon. Okay... good night."

Ewan ko ba iyan lang naman ang mga narinig ko sa kanya pero bakit naiiyak ako?

Tangna na yan!

Mabilis kong pinalis iyong luha ko.

Gaga ka talaga M...gaga. Umiiyak ng walang dahilan ang lakas ng tama mo.

Dahan-dahan akong humugot ng hininga. Pinikit ng mariin ang mga mata at pinilit na matulog. Buti na lang nagkumot ako hanggang baba ko kaya madali lang sa akin na magtulog-tulugan.

Hindi ko alam kung bumalik sya sa pagt-type pero alam kong wala na syang kausap sa cellphone nya, then narinig ko syang bumuntung-hininga hindi ko alam kung saan sya nakatingin, kung ako ba ang dahilan niyon.

Assume pa more Monica talent mo na yan. Ikaw talaga diba pwdeng nami-miss nya si Britanny kaya sya napabuntung-hininga.

Bago ko pa sagutin ang sarili ko at mauwi sa usapang baliw ang eksenang ito pinilit ko na lang na makatulog.

*****

Akala ko hindi ako makakatulog o kung makatulog man ako hindi mahimbing.

Kaya naman nagtaka ako kasi sobrang sarap ng tulog ko. Dreamless at derederetso.

Masarap pa lang matulog sa sofa ng motel makabili nga ng ganito.
Pero bakit hindi ako makakilos?

Sinubukan ko kasing pumaling pakanan, pero may mabigat na bagay na pumipigil sa paggalaw ko.

Nakapikit parin na kumunot ang noo ko. Saka ako dahan-dahan na nagmulat ng mga mata.

Tumalsik yata ang antok ko ng salubungin ako ng malapad na dibdib ni Ylac.

Shit! Tangna!

Kahit ang aga-aga pa kung ano-anong mura na kaagad ang lumabas sa bibig ko.

Sino ba naman ang hindi mapapamura ang alam ko sa sofa ako nakatulog hindi dito sa kama, at mas lalong hindi dibdib ni Ylac ang unan ko.

Nagpalpitate ng sobra ang puso ko.

Lalayo sana ako kaso iyong kamay nyang nasa bewang ko humigpit ang pagkakahapit sa akin.

Pisti naman gusto talaga ng lalaking ito na magparape sa akin.

Huminga ako ng malalim.

Wrong move! Dahil nalanghap ko iyong mabango nyang hininga.

Wooo puta ang init.

Ipinikit ko ang mga mata ko. Muli dahan-dahan akong kumilos palayo. Pero ang pasaway na lalaking ito bigla ba naman kumilos.

Napasinghap na lang ako ng malakas ng bigla syang pumihit.
Iglap lang nasa ibabaw ko na sya.

Iyong nanlalaki at namimilog kong mga mata sinalubong ng inaantok nya pang asul na mga mata.

"Y-ylac." Hindi ko mapigilan na sabi.

May kumislap na kung ano sa mga mata nya pagkatapos non natagpuan ko na lang ang sarili kong hinahalikan nya!

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa. Sa mga boboto at magc-comment??

Helliza Sabida

432018uiv 18:06

17.

Ipinikit ko ng mariin ang mga mata. Hindi ko alam kung itutulak ang binata na patuloy sa pananalakay sa mga labi ko.

Ano M magpapahalik ka na lang ba? Bibigay ka na? Isipin mo may Britanny iyan.

Bigla kong itinulak ang binata. Then the next thing I knew nasa sahig na ako.

"ouch shit!" Napamura na lang ako ng makaramdam ako ng sakit sa aking balakang.

"Tangna ano ba iyon?" napa tingin ako sa kama. Walang tao doon. Napatingin ako sa sarili ko. Nakabalumbon sa katawan ko ang kumot. "Shit ano iyon? Panaginip?"

"What are you doing on the floor Monica?" Mula sa labas pumasok naman si Ylac.

Mukhang kanina pa ito gising.

What the hell panaginip na naman ba iyon?

"A-ano, wala sir ni check ko lang kung maganda iyong flooring nitong motel." mabilis kong sagot. Tumayo din ako at napangiwi.

Nyemas ang sakit ng balakang ko.

kunot noo naman ang sagot sa akin ni Ylac.

"Get ready aalis na tayo." he said sabay talikod at labas ulit.

"Good morning to you too. Grabe di man lang nag good morning o di kaya ay pag-almusalin muna ako." inalis ko iyong nakabalot na kumot sa katawan ko.

"Teka anong ginagawa ko sa kama eh sa sofa ako natulog? Inilipat nya ba ako?"

Pumasok sa isip ko iyong panaginip ko kani-kanilang, napapilig ako ng ulo. "Gaga ka Monica SPG ka kaagad ang aga-aga. Pang Super Patay Gutom ka lang hindi pang Super Parental Guidance."

Tuyo naman na ang damit ko kaya nakapagbihis na ako aba hindi naman ako papayag na lumabas ng motel na nakaroba lang. Palaisipan parin sa akin kung paano ako nakarating sa kama. Sigurado ako sa sarili ko na hindi ako lumipat na lang duon basta.

Pero mas imposible na inilipat ako dun ni Ylac.

Tapos bigla akong natigilan ng may pumasok na eksena sa isip ko.

Naramdaman ko ang pag-angat ko sa ere, dahil sa mga pinagdaan ko ngayong araw, sobrang pagod at antok na antok ako kaya ungol lang nagawa ko sa istorbong pumutol ng tulog ko.

"Ten minutes promise babangon na ako." Inaantok na sabi ko at siniksik ang mukha sa dibdib ng lalaking may buhat sa akin.

"Just sleep Love I'll watch over you."

"Ughh syet ka Monica kung ano-ano iyang iniisip mo maligo ka na lang ambisyosa ka na naman."

Mabilisan ang ginawa kong pagligo, kumakalam na naman ang sikmura ko. Sana pakainin ako ni Ylac.

Naabutan ko sa reception ang binata na masayang nakikipag-usap sa receptionist na naroon.

Iba iyon kesa sa receptionist kagabi, mas maganda at seksi mga tipo at bagay kay Ylac.

Napatingin sya sa akin. Iyong nakangiti nyang mukha unti-unting pomormal.

Hindi ko alam kung saan ako mas nasaktan. Sa nakitang masaya syang nakikipag-usap sa iba o sa pagkawala ng ngiti nya ng makita ako.

"Sige Jess mauuna na ako." Paalam nya sa babae na ngumiti naman ng pagkatamis-tamis. "Ingat ka Vlue."

Gustong tumaas ng kilay ko.
Basta gwapo first name tawagan kaagad. Sigurado ako kung hindi gwapo ang kausap ng Jess na ito nunka nyan ibigay ang pangalan nya.

Sus selos ka lang eh.

"Lets go Monica." Sabi ng binata sa akin.

Tahimik akong sumunod. Hindi ko na nginitian iyong Jess.

Pagsakay sa kotse. Walang nagsasalita sa amin ni Ylac. Tahimik syang nagmamaneho kaya ano pa magagawa ko kundi manahimik narin.

Papanisan na naman ako ng laway nitong si Ylac.

Bukod doon kumakalam pa ang sikmura ko.

Pero dahil hindi sya nagsasalita, nunka din na magsalita ako.

Nakatingin lang ako sa bintana.

Saan kaya kami lumapalop pupunta?

Ilang oras pa hindi na ako nakatiis at nilingon sya, napapitlag ako ng magtama ang mga mata namin

dalawa.

Ay puta kanina pa ba sya nakatingin?

"Ah... saan ba tayo p-punta?"

Hindi sya sumagot, bagkus ibinalik nya ang tingin sa daan hanggang sa huminto kami sa tapat ng isang restaurant.

Bilang isa akong SPG kumalam kaagad ang sikmura ko, at sigurado akong narinig niya iyon.

Kaso ang nagdiriwang kong mga hayop sa tyan biglang nag-angilan ng lumabas sa katabi sasakyan si Britanny.

Ay syet na malagkit andito pala ang hipon na yan.

"Let's go." Aya naman ni Ylac.

Walang gana na tumango ako at lumabas.

"Ylac..." At ayan po ladies and gentlemen sinalubong na po ng yakap ng isang malanding hipon ang nagpapalanding Greek God.

Wooo ampalaya much ka M.

"I'm glad you're okay Ylac." Malambing na sabi ni hipon sa lalaki.

"Thanks Brit hindi naman ako nasaktan."

Bigla akong binalingan ni Britanny.

"It's so childish Mona bakit ka tumakas. Hindi mo ba alam na inilagay mo sa peligro ang buhay ni Ylac." Taas ang isang kilay na sabi nya sa akin.

Mona? Sipain kita dyan eh.

"Hindi ko naman sinabi na sundan nya ako." Papalagan ko itong hipon na ito ganitong nagugutom na ako baka maisigang ko ito ng di oras eh.

"pati buhay ko inilagay mo sa panganib."

O di lumabas din ang totoo sarili mo ang iniisip mo

Sasagot sana ako kaso sumingit na si Ylac.

"Enough we need to go, alam na ng mga tauhan ng Phoenix kung nasaan tayo. Kailangan na natin makaalis sa lugar na ito."

Inalalayan ni Ylac si Britanny patungo sa isang itim na van syempre napasunod din ako kasi nasa likod ko na rin si Drane na bigla na lang sumulpot.

Waa hindi muna ba kami kakain man lang?

Nahagip ng mga mata ko ang mga costumer ng resto na sarap na sarap sa pagkain na inorder.

Huhuhu nakakainggit.

"Sakay na po kayo Ms. M." Hinawakan ako ni Drane sa braso. Sa likod ng passenger nya ako pinasakay, samantalang si Ylac at si hipon ay sa harap, syempre si Ylac magmamaneho.

Umandar na kami lahat-lahat habol ko parin ng tingin ang mga masusuwerteng tao na sarap na sarap sa pagsubo sa kanilang pagkain.

Ang swerte nila. Kumakain lang sila at walang problema na tulad ng sa akin.

Malakas akong napabuntung-hininga.

Napatingin tuloy sila sa akin, deadma naman ako, lalo na doon sa may asul na mga mata.

"Ah ms. M para pala sayo."

Namilog at kumalam ng pagkalakas-lakas ang tyan ko ng may maamoy akong burger, spaghetti at fries. Kaya pala amoy pagkain itong van akala ko pumasok lang iyong amoy ng resto.

"Waaa you're my saviour Drane." Masayang sabi ko sa kanya.

Ngumiti ito. Gwapo rin pala sya.

"Sa maikling panahon alam ko nang hobby mong kumain ms. M."

Bigla kong niyakap si Drane na nagulat naman sa ginawa ko.

"Ay wag mo na akong i-miss. Lahat ng nagpapakain sa akin kapag gutom ako ay tinuturing kong bestfriend, na miss ko tuloy si kapre."

"Ah..."tumikhim si Drane na yakap ko parin. "Hmmm sige miss M, I mean M."

Noon ko naman na realize na yakap ko parin sya.

"Ay sorry hehehehe nasakal ba kita?" Mabilis ko syang binitawan. Wala sa lob na napatingin ako saharapan. Nagtama ang mga mata namin ni Ylac. Salubong ang kilay nya at nandidilim ang mga mata.

O problema ng gwapo?

Nag-iwas ako ng tingin at kumagat sa burger.

"Hmmm." Napipikit pa ako, kasabay ng pagdiriwang ng mga alaga ko. "sarap thank you Drane, i lab yahhh na talaga."

Nginitian ako ni Drane. Siguro kung una ko nakilala ito malamang ito ang gusto ko at hindi si Ylac.

Hindi rin M. Bakit si Eros? Gwapo rin hindi ka nagkagusto. Tanggapin mo ng kapalaran mo talaga iyan, ang ma-inlove sa isang greek god na asul ang mga mata.

"Duhh hindi mo ba alam kung gaano karami iyang calories na makukuha mo sa pagkain nyan?" Singit

ng isang malansang nilalang.

"Calories?" Kumagat ulit ako sa burger at sumubo ng fries saka sumandok ng spaghetti muntik pa ngang malaglag ang huli buti na lang gentleman itong si Drane at nagprisinta na hawakan ang styro ng pagkain. "sounds good nakakain ba iyon Ma'am Britanny?" Tanong nya sa babae.

Hindi makapaniwalang tinignan nya ako. " My gosh you're so stupid Monett calories lang hindi mo alam."

"Ay sorry naman po. Pagkain lang po kasi ang alam ko bobo na po ako pag-iba na ang topic."

Pinaikutan nya ako ng mga mata bago sya bumaling sa harapan.

Napatingin naman ako kay Drane na pinipigil na matawa. Kinindatan ko sya at sabay kaming nagpigil ng humalakhak. Itinaas ko pa ang isang kamay ko at nag-apir kami.
Ngiting-ngiti pa ako ng muling magtama ang mga mata namin ni Ylac.

Madilim na talaga ang aura nya sa hindi ko malaman na dahilan. Napakibit-balikat naman ako.
Baka nagagalit kasi pinagt-tripan ko si hipon.Nag-iwas na lang ako ng tingin, baka kasi bigla na lang ako maiyak sa selos.

*****

Nakasimangot ako habang nakatingin sa bintana ng eroplano.
Nasa isang public plane kami.

Habang nasa daan kanina papunta rito sa airport nakatanggap ng tawag si Ylac na alam na ng Phoenix na sasakay kami ng isang private plane para umalis. To use a decoy dito kami sa public plane isinakay ni Ylac.

Bakit ako nakasimangot?

Dahil hindi ko alam kung saan pesteng lugar kami dadalhin, sinabi ko na di ba ayaw kong malayo sa pamilya ko. Pero dahil bingi at walang pakialam sa nararamadaman ko ang head security ni Britanny heto ako.
At ang isa pang kinaiinis ko ay ang katabi ko na si Britanga na panay ang reklamo.

Hindi kasi sanay sumakay sa ganitong transportasyon ang aking maarte amo. Sanay daw sya na maluwag ang upuan, malamig ang aircon, walang maiingay at tahimik. Gusto ko sana sumagot na sige sa sementeryo doon malamig at tahimik doon ka magtago.

Nahihiya na nga ako sa mga pasahero kasabay namin dahil napapatingin talaga sa kanya.

"Duhh Ylac can we please baba na I think aatakehin ako ng allergy ko rito." Maarteng sabi nya kay Ylac na nasa tabi nya.

Hindi makapaniwalang tinignan ko sya.

"Ano te nasa edsa lang at nat-trapik? Kapag pumara pwedeng bumaba. Aba Ma'am wait lang po at maghahahanap ng stop station ang piloto. O kung gusto nyo buksan nyo na lang itong bintana then magparacute na lang po kayo pababa, para mas masaya." Hindi ko na napigilan na sabi, ka badtrip eh sarap ihulog.

"Monica." Saway naman sa akin ni Ylac.

"Tsss."

Ang talim ng tingin sa akin ni Britanny.

"Ayusin mo ang pananalita mo. Mas mataas--"

"Cr lang ako." Biglang sabi ko.

Dere-deretso ako tumayo at dumaan sa gilid nya.

Nginitian ko iyong dalawang mag-asawa matanda sa may hilera namin na nakakarinig sa mga reklamo ni hipon.

"Monica." Pipigilan sana ako ni Ylac pero umiwas ako sa hawak nya. "Tatae lang ako Sir hindi naman ako, tatakas. Hindi naman ho ako tanga, alam kong hindi ako pwede lumabas ng eroplano. Mahal ko pa po buhay ko." Sabi ko ng hindi sya tinitignan.

Pagdating sa c.r umihi ako kaagad. Pati pantog ko nakukunsumi sa sitwasyon ko ngayon putsa.

Pagkatapos kong gawin ang dapat kong gawin lumabas ako ng cr.

Pabalik na ako sa upuan ng manlaki ang mga mata ko.

Tangna akala ko ba sa private plane sila sumusunod bakit andito sila?

Ang mga miyembro ng Phoenix ang nakita ko. Sila din iyong mga humabol sa akin kahapon. Madadaanan ko sila pabalik wala pang nakapansin sa akin dahil nakasuot ako ng asul baseball cup na pinasuot sa akin ni Drane kanina. Nagpakayuko-yuko ako. Pinagdadasal na sana hindi nila ako mapansin. Makakatawid na sana ako sa pwesto nila ng biglang hawakan ako ng isa.

"Hey."

Isang malakas na sampal ang binigay ko sa kanya at ng lumuwang ang hawak niya sakin mabilis ako tumakbo.

"Ylac!" Sigaw ko.

Nanlaki ang mga mata ni Ylac ng makita nya akong hinahabol.

"Monica---!"

Hindi ko alam kung ano ang nangyari nakita kong patayo si Ylac ng may kung ano sumabog sa isang parte ng eroplano, kasunod niyon ay ang pag-papanic ng mga pasahero.

Nakita ko pa si Ylac na nag-aalala na nakatingin sa gawi ko ng....

....bumulusok pababa ang eroplano.

*****

Ako si Monica Agapito. Simpleng babae, simpleng tao. Paglilinis ng mga bahay ang kinabubuhay ko.

Hindi ko alam kung anong nangyari bakit ang simpleng buhay na iyon ay bumaliktad ata at nagkagulo.

Mula ng makilala ko ang greek god na nagpatibok ng puso ko ilan beses nang nalagay sa panganib ang buhay ko.

Naranasan ko tumakbo ng napakabilis dahil babarilin ako. Mangalakyat sa malalaking gate para tumakas, bumaho at magmukhang pulubi dahil nagswimming sa putikan at ngayon...

...nagcrash ang eroplanong sinasakyan ko at heto ako kahit hindi marunong lumangoy napilitang matuto dahil mamatay ako sa pagkapuno ng tubig sa baga king hindi ako makakaahon.

Gabi na hindi ko alam kung nasaan ang mga kasama ko, nang bumagsak ang eroplano tumalsik ako at tinangay ng malakas na alon palayo. Nakita ko pa si Ylac na pilit akong inaabot pero mas malakas ang tubig-dagat idagdag pa na nakahawak sa kanya si Britanny.

"Ha..." habol-hininga ako ng makasagap ng hang at mabilis na kumapit sa isang lumulutang-lutang na parte ng eroplano.

"T-tang-ina talaga. S-shit! Shit!" Iyong pagmumura ko nauwi sa takot dahil wala akong makita sa malawak at madilim na karagatan na iyon.

"Y-ylac!" Alam kong sigaw iyon pero sa aking pandinig nauwi iyon sa bulong. Nangilid ang luha sa mga mata ko. "Ylac.." then my tears fall. "Gago ka! A-akala ko ba p-protektahan m-mo ako. A-asan ka na?" Impit akong napatili ng hampasin ako ng malakas na alon.

Ano Monica ngayon ka talaga magngungoyngoy dyan? Wala si Ylac mas pinili nyang protektahan at iligtas si Britanny kesa sayo. Huwag kang tanga at kumilos ka para mailigtas mo ang sarili mo.

Gamit ang mga kamay ko, sumagwan ako.

Bahala na kung saan ako mapadpad ang mahalaga makaalis ako sa tubig dahil baka mamatay ako sa lamig o makain ng pating dito, mahilig lang ako kumain, wala sa plano ko ang maging pagkain.

Hindi ko alam kung ilang oras akong nagpalutang-lutang doon. Bukang-liwayway na nang may nakita akong isang batuhan, batuhan na nagdudugtong sa isang isla.

Matarik at madulas ang pag-akyat ngunit kahit ganon pinilit at kailangan kong makaakyat dahil talagang giniginaw na ako.

Napapangiwi ako sa twing maitutukod ko ang braso kong tinamaan ng bala.

"Fuckshit talaga! Fuckshit!" Sobra-sobra ng kamalasan ito.

"T-tulong..." napatigil ako sa pag-alyat at napatingin sa tubig ng may maranig ako.

"Oh my gee." Singhap ko ng makita ko ang isang babae na nakasampa sa isang tabla. Ngunit ang mas kinabigla ko ay may kasama syang bata na mukhang isang taon. Tulad ng babae basang-basa ang bata na yakap-yakap ng ina nito para maprotektahan sa lamig. Tulog ang bata

"W-wait lang po." Dali-dali akong muling bumaba at lumusong sa tubig.

Ipinagdadasal ko na sana makalangoy pa ako.

Totoo talaga na kapag nasa mga ganitong sitwasyon ka adrenaline rush ang makakapitan mo dahil himalang nakalangoy parin ako.kahit nga hindi ako marunong. Kinuha ko ang bata na nagising at umiyak.
"Shhh... baby mag p-play tayo tahan na ha look oh." Itinapisaw ko ang kamay ko sa tubig na kinatawa ng bata. "T-tara na ho." Napangiwi ako ng makaramdam ako ng sakit sa tagiliran ko.

Mas mahirap ang umakyat na may dalang bata at may inaalalayan. Halos maubos ang lakas ko ng makaabot kami sa tuktok ng batuhan.

Umiyak ang babae na biglang yumakap sa akin.

"S-salamat. Takot na takot ako. K-kung hindi ko lang kasama ang a-anak ko baka s-sumuko na ako."

Tinapik ko si ate sa balikat at pilit na ngumiti.

"O-okay lang. Tahan na ate andito na ako. Tutulungan ko kayo."

Tinignan ako ni ate

"S-salamat, s-salamat "

Hindi ko alam na mangyayari sa akin ang ganito. Napapanood ko lang ito at hindi inaakala mangyayari sa akin.

Kapag nakaligtas ako dito ipapadala ko sa isang t.v station ang kwento ng buhay ko tangna baka dito ako yumaman, pang pelikula na ang peg ng life ko eh.

Andito kami sa loob ng kakahuyan kailangan namin maglakad papasok dito para nakapunta sa dalampasigan.

Delikado, alam kong baka may mga mababangis na hayop dito, pero kailangan naming tumawid dahil walang mangyayari sa amin kung nasa batuhan lang. Tago ang parteng iyon.Sa dalampasigan baka makagawa ako ng kahit ano na makakatawag sa pansin ng kahit na sino.

Umingit si baby Kiel mukhang nagugutom na. Napatingin sa akin si Ate Laarni.

"Mukhang gutom na sya ate."

Tumango sya. "Pwede bang huminto tayo papadedehin ko lang sya." Tumango naman ako.

Inilabas ni ate Laarni ang dibdib nya ng huminto kami sa isang mayabong na puno na hindi ko alam kung ano ang tawag. Napangiti ako ng makita kong inaantok na ulit si baby Kiel. Ngiti na nawala ng may mahagip ang mga mata ko.

"Shit." Mabilis kong hinila si ate at pinagtago sa likod ng puno sinenyaaan ko sya na wag maingay

Bakit?

Dahil ang mga miyembro ng Phoenix ay nandito rin at ngayon ay tila hinahanap sya.

Paksyet naman wala na bang katapusan ito? Talagang sa dinami-dami ng lugar na mapapadpadan talagang dito rin sa lugar ko.

Tahimik na naipukpok ko ang noo ko sa katawan ng puno.

Punyemas na buhay to. Ylac Vlue Santiago asan ka na ba?

H/n

Salamat po sa pagbabasa sa magc-commet at boboto?.

Salamat

Helliza Sabida
4282018nop 12:41

18

Hinila ko agad si Ate Laarni patago at sinenyasan sya na huwag maingay. Tahimik na hinila ko sya papunta sa likod ng mga makakapal na halaman.

Pigil ko ang hininga habang tinitignan ang bulto ng mga taong humahabol sa kanila.

Pakshit naman isa ba akong masama tao ng past life ko bakit puro kamalasan ang nangyayari sa akin?

Himutok ko. Hindi nyo naman ako masisi diba? Aba palit kaya tayo ng pwesto kotang-kota na ako sa mga namgyayari sa akin.

Nagsimula lang naman ito ng makilala ko si Ylac bali-baliktarin ko man nagsimula talaga akong malasin ng makilala ko sya.

Isa lang ibig sabihin nyan Monica, layo-layo rin pag may time. Mukhang hindi kayo bagay magkasama kasi pagnagkakadikit kayo lahat ng negative aura sa mundo sayo napupunta. Dapat talaga lumayo ka sa Ylac Vlue na iyan.

Ang tanong kaya ko ba? Syempre kahit naman ganito alam ko mahihirapan ako, mahal ko iyong tao eh.

Sige Monica baliw-baliwan ka na naman nakikipag-usap sa sarili kahit na nasa panganib. Aba ikaw na magaling.

Napahinga ako ng maluwag ng makita kong nakalayo na ang mga taong iyon.
Paghinga na muli kong napigil ng bigla umiyak si baby Kiel.

Tengene buhay naman.

Narinig ko ang ingay ng mga yabag hudyat na bumabalik ang mga lalaki.

Mabilis kong hinila si ate Laarni. Sigurado kapag naabutan kami pati sila madadamay. Hindi kaya ng konsensya ko ang ganon masaktan na ako huwag lang ang inosenteng bata na tulad ni baby Kiel.

Nagtatakbo kami sa pagkakataong iyon ay hinahabol na.

"Ayon iyong babae." narinig ko pang sigaw ng isa.

Hawak ko ang kamay ni ate at inaalalayan sya sa pagbaba sa mga madudulas na daan.

"Ahhh." Napasigaw kami ng magpaulan ng bala ang mga humahabol sa amin si baby Kiel lalong pumalahaw ng iyak.

Lord kung hanggang dito na lang talaga ang buhay ko tatanggapin ko po, pero please lang po wag nyo pong idamay ang mag-inang ito sa kamalasan ko.

Iniharang ko ang sarili ko sa kanila para kung sakali man na may maligaw na bala ako muna ang tatamaan.

Bumaba kami sa isang ilog nagtago sa malalaking ugat at puno na naroon. Inutusan ko si ate na padedein si baby Kiel para tumahimik na ginawa naman nya.

"Nasaan na?" Boses ng isang lalaki.

"Nawala bigla boss."

"Gago hindi mawawala iyan hanapin nyo ng makaalis na tayo sa kung nasaan lugar man tayo naroon ngayon."

Ang higpit ng hawak ko sa ugat ng puno halos bumaon na nga ang kuko ko. Natawag ko yata lahat ng multo sa kagubatang iyon ng maramdaman kong nasa itaas na sila ng pwesto namin.

"Nawala talaga boss,"

"Shit, tara doon tayo."

Napasandal ako sa lupa ng mawala ang ingay.

"Tara dito ate." Inalalayan ko si ate Laarni at dali-daling inilayo sa kasalungat na daan kung saan nagtungo ang mga humahabol sa amin.

Hindi kami tumigil kahit magkandahingal-hingal kami.

*****

Gabi.

Napilitan kami huminto ni ate Laarni dahil wala na kami makita sa dinadaanan namin. Kung nakakatakot sa gitna ng dagat kapag gabi puta matakot karin sa loob ng gubat sari-saring ungol at ingay ang maririnig mo na para bang anonan oras may sasalakay sayo.

Tangna takot ba? Oo takot ako pero syempre kailangan kong magpakatatag dahil sa akin umaasa ang kasama ko.

Sa loob ng isang maliit na yungib kami napadpad parehas na gutom at pagod, buti na lang ito si baby Kiel breast feed kaya hindi namin problema ang pagkain nya, pero syempre kailangan din namin kumain lalo na si ate dahil nagpapadede nga siya.

"Paano na tayo?" Mahinang tanong sa akin ni ate Laarni habang nakaupo at yakap si baby Kiel na pinoprotektahan nito sa lamig.

Hindi ako makasagot, oo nga paano na kami? Hindi naman pwede ganito na lang, mamatay talaga kami, bukod sa panganib dito sa gubat may mga tao pa kami kalaban.

"May mga kasama po ako sa eroplano sigurado ako buhay po sila, kailangan natin sila mahanap dahil sigurado hindi nila tayo papabayaan,"

Tinignan ako ni ate puno-puno ng pangamba ang mga mata nya.

"Paano mo nasisiguro na buhay sila?"

Syempre hindi ko alam. Basta malakas lang ang kutob ko na buhay pa sila... si Ylac. "Malalakas po sila na tao, sigurado po ako na hindi pa sila patay."

"Sana nga M." Bulong niya. Hindi sya nagtanong tungkol sa mga bumaril sa amin na pinagpasalamat ko dahil wala ako sa mood na balikan ang mga kamalasan ko at ipaliwanag iyon.

Isinandal ko ang ulo ko sa pader at pumikit ng mariin. Buong katawan ko masakit, pati iyong mga sugat ko.

Nangilid ang luha sa aking mga mata pinigilan ko mapaiyak, napakagat-labi ako.

Ylac...

*****

Lumipas ang gabi at nag-umaga na kinailangan namin umalis ni ate Laarni sa yungib, kailangan namin maghanap ng pagkain at makarating sa tabing-dagat.

"Ate ayun o, may papaya," sabi ko na huminto sa paglalakad at itinuro ang puno na nasa di kalayuan.

Bakas ang panghihina sa mukha ni ate na pinagmasdan ang puno.

Mabilis kami naglakad papunta doon.

"Dito ka lang ate pipitas ako." Sabi ko.

"Teka M kaya mo ba?"

Matamis ako ngumiti sa tanong nya. Kapag ako gutom lahat ng puno kaya kong akyatin.

Makalipas ang ilang minuto matapos ang ilang beses na pagbagsak, na nagpadagdag sa koleksyon ng mga galos ko sa aking katawan nakapitas din ako.

Mabilis namin kinain iyon ni ate at isang oras na nagpahinga bago ipinagpatuloy ang paglalakad.

Matindi ang sikat ng araw, buti na lang may ilog kaming maiinuman.

Sumapit ang hapon, mukhang hindi pa tapos ang kamalasan ko dahil may kasunod na agad.

Hindi ko napansin ang malalim na hukay sa dinadaraanan namin, nahulog ako at kung hindi lang sa mga damong ligaw at ugat malamang pilay o bali ang abot ko kung lalagpak ako sa hukay na hindi ko alam kung ano ang nasa ibaba dahil sobra dilim na ang nasa ilalim.

"M," punong-puno ng takot ang boses na sinilip ako ni ate Laarni.

"A-ate," hirap na sabi ko hindi ako makakilos dahil parang makakabitaw ako kapag gumalaw ako kahit na konti.

"M, a-anong gagawin ko? P-paano kita matutulungan?" Nagpalingap-lingap sya sa paligid. Habang nakatingala ako sa kanya nagtama ang mga mata namin ni baby Kiel na para bang nagtatanong kung ano ang ginagawa ko rito?

Hindi ko rin alam baby.

"K-kuha ako ng baging tutu-,"

"No ate ako na po bahala, m-mahirap na b-baka malaglag kayo ni baby Kiel,"

"P-pero-."

"Keri ko to te, layo ka muna b-baka mahulog kayo." Napapangiwi sabi ko.

Puno ng pagtututol ang mga mata ni ate pero ng humangin ng malakas at gumewang ang tayo nya, sumunod sya sa sinasabi ko.

Noon tumulo ang luha ko.

Tang-ina buhay naman ito, bakit ba sa akin nangyayari ito?

Walang mangyayari kung iiyak ka M umahon ka dyan, isipin mo iyong mag-ina na maiiwan mo dito sa kagubatan kapag nalaglag ka.

Pinigilan ko ang pagtulo pa ng luha ko, sinikap kong gumalaw para umakyat, pero kikilos pa lang ako parang makakabitaw na ako. Ramdam ko nga ang pagkahiwa ng mga damo at bato sa palad ko dahil sa tindi ng kapit ko.

Huminga ako ng malalim, gusto ko ng sumigaw, sumigaw ng sumigaw tbaka sakaling marinig ako ni Ylac at iligtas ngayon.

Mamatay ka na lang Ylac ka parin, kung buhay iyon malamang busy iyon sa pagp-protekta kay Britanny, baka nga akala non patay ka na.

Napahikbi ako kasabay niyon nakarinig ako ng mga yabag.

Nanlaki ang mga mata ko. Kung ang mga lalaking humahabol sa akin ang papalapit malalagay sa panganib sina ate Laarni.

"Shit! Shit talagang buhay to." Dali-dali at pilit na nangalakyat ako, hindi ko na pinansin ang mga dumadagdag pang galos sa katawan ko pati narin ang pamimitig ng aking kaliwang binti. Ang nasa isip ko lang ay si ate at baby Kiel.

"Ate," tawag ko. Walang sumagot. "Ate" mas malakas na sabi ko at mas nataranta ako sa pag-akyat. "Ate magtago ka baka-ahhh," napasigaw ako ng tuluyan akong makabitaw ni hindi ko na nagawang pumikit, hinintay ko na lang ang pagbagsak ko.

Nakatingin lang ako sa langit na wala kahit isang bituin kang makikita. Langit na napalitan ng kulay asul na mga mata.

"Ylac..." noon ko naramdaman ang kamay na humawak sa mga kamay ko, kamay na pumigil sa tuluyan kong pagkahulog.

Napakurap ako at natagpuan ko na lang ang sarili na nakatingin sa mga mata ni Ylac. " Ylac," sambit ko.

"Kapit Monica," sabi nya na nakatiim bagang, his face is set, his blue eyes is darkening. "A-andito ka" hindi makapaniwalang sabi ko kasabay ng paghila nya sa akin, ang problema parehas na namamawis ang kamay at braso namin, dumulas ang kamay nya sa kamay ko ni hindi ko makuhang sumigaw sa sobrang takot mabuti na lang mabilis sya at muli akong nahawakan iyon lang parang malalaglag din sya sa posisyon nya dahil sa pagpilit na mahabol ako.

Mas domoble ang takot ko, takot na baka makabitaw sya at mahulog kasama ko.

"S-sir bumitaw kana," bago ko pa napigilan lumabas na ang mga katagang iyon sa bibig ko. "Baka mahulog ka rin-"

"No." Madiin na sabi nya.

"Pero Ylac-"

"Shut up Monica, kesa kung ano-ano ang sinasabi mo dyan, kumapit ka ng mahigpit sa akin. Mahigpit na mahigpit at huwag na huwag kang bibitaw." Tumulo at pumatak ang pawis nya sa pisngi ko.

"Y-ylac..."

"On three I want you to push yourself up."

Wala na akong nagawa kundi mapatango. "One, two, three," kasabay ng paghila nya sa akin ay ang pagtulak ko sa sarili ko gamit ang mga paa. Alam kong nakita nya ang pagbakas ng sakit sa mukha ko ng mauwi sa pamumulikat ang pamimintig ng aking binti, bukod doon halos bumaon ang daliri nya sa braso ko dahil sa mahigpit nyang hawak. Walang aray na lumabas sa bibig ko, hanggang sa maiahon nya ako.

Parehas kaming humihingal ng maiakyat nya ako napahilig pa ako sa katawan nya dahil sa sobrang pagod at ng maramdaman ko ang pagsakop ng mga bisig nya sa katawan ko hindi ko na napigilang umiyak. May kumawalang mga hikbi sa bibig ko na pilit kong pinipigilan ngunit may ilang-ilan din na kumakawala.

Naramdaman ko ang paghaplos nya sa buhok, sa braso, para ngang naramdaman ko pa iyong mga labi nya sa noo ko.

"Monica," he whisphered, isiniksik kong lalo ang mukha ko sa dibdib nya, "nasaktan ka ba? May mga sugat?" Tanong nya na sasagutin ko sana ng bigla akong matigilan at manigas ng tawagin siya ni Britanny.

"Ylac."

Anong ginagawa mo M? Bakit kung makalingkis at makayakap ka parang kayo ah.

Dahan-dahan akong lumayo sa kanya, nagtama ang mga mata namin, pinipigilan kong mapaiyak pero hindi ko mapigilan iyong luha ko dahil sa pag-aalalang nakita ko sa asul nyang mga mata.

"O-okay lang ako S-sir." Sabi ko na lumayo sa kanya, muntik pa akong mapatumba ulit ng sumigid ang kirot sa namulikat kong binti.

Mabilis syang tumayo para alalayan ako, umatras naman ako ng dalawang paika-ikang hakbang para hindi nya maabot. Natigilan sya.

Nag-iwas ako ng tingin, habang pinupunasan ang mukha kong may bakas pa ng luha sa pamamagitan ng manggas ng damit ko.

"A-ate," tawag ko kay Ate Laarni ng makita ko sya sa gilid kasama si Drane. Iika-ika akong lumapit sa kanya, ramdam ko ang mga mata na ni Ylac na nakasunod sa akin. "Ayos ka lang ba ate? Si baby Kiel?"

Tanong ko ng makalapit sa kanila.

"Ayos lang kami M, ikaw? Okay ka lang ba may mga galos at sugat ka." Tukoy ni ate sa mga namumulang guhit sa braso at palad ko, pati ang kamay ni Ylac at kuko nito ay nakabakat din sa marumi kong balat.

"Ako? Ayos lang po ako ate," ngumiti ako sa kanya ng matamis. "Drane my friend natutuwa akong makita na buhay ko." Ngiting-ngiti na sabi ko sa lalaki.

"Natutuwa rin ako makita na buhay ka ms. M" ganting sabi niya. Hindi inaalis ang ngiti na tinignan ko si Britanny, na kahit madungis at sira-sira na ang damit maganda parin.

Tangna buhay iyan unfair talaga ito si life, mukha parin sya prinsesa kahit dito sa gitna ng kasukalan. Ako? Sigurado ako na mukha na akong gusgusing kuting.

"Natutuwa din ako makita ligtas kayo ma'am Britanny." Isang irap ang sinagot sa akin ni hipon.

Gagang' to kahit dito sa kagubatan may attitude.

"Let's go bumalik na tayo sa dalampasigan." Kumabog ang puso ko ng marinig ang boses ni Ylac na sigurado akong nasa likod ko. Hindi ako lumingon ang binigyan ko ng pansin ay si baby Kylie na ngumingiti sa akin. Sa gilid ng mga mata ko nakita ko si Britanny na mabilis na pumunta sa likuran ko.

"Ms. M doon tayo sa dalampasigan may ginawa kami mga kubol, kasama ang ilang mga nakaligtas sa plane crush."

Tumango ako pagkatapos natigilan ng may maalala.
"Phoenix." Humawak ako sa braso ni Drabe. "Naandito iyong mga Phoenix Drane."

"Ha?"

"What do you mean?" Bigla nasa harap ko na si Ylac, nakahawak sa isa ko braso. Naumid ang dila ko. Hindi kaagad nakaimik. "Anong ibig mong sabihin na naandito ang Phoenix? Nakita ka ba nila? Did they hurt you?"
"Monica." Inalog nya ako ng bahagya nang hindi kaagad ako umimik.

Eh putsa naman nagtatanong lang sya bakit kailangan close pa kami.
Wala tuloy lumabas na sagot sa bibig ko napailing na lang ako.

I read relief on his eyes ng sumagot ako. Pagkatapos binalingan nya si Drane.

"Tell all our men na i-secure ang area, gusto ko rin na may magbabantay sa mga kubol 27/7 . "

"Yes Y."

Haharap sana ulit si Ylac sa akin kaso may hipon na bigla na lang yumakap sa kanya, napalayo ako kay Ylac dahil talagang sumiksik si Britanny sa pagitan namin.

Lakas na naman ng tama nitong Britch na'to.

"Natatakot ako Ylac."

Kulang na lang umikot ang mga mata ko sa kaartehan ng amo ko babae. Tangna may paiyak-iyak pa eh, ano naandyan na ba ang mga kaaway babarilin na ba sya?

Inggit ka lang eh.

Umakto akong tatalikod, na hindi ko nagawa kasi humawak ulit iyong kamay ni Ylac sa braso ko.

"Saan ka pupunta?" Tanong niya habang humihigpit ang hawak sa braso ko.

Nilingon ko sya. Nakayakap parin sa kanya iyong hipon na matalim ang tingin sa sa akin.

"Ah, susunod kay Drane." Tumingin ako sa lalaki na naglalakad na habang inaalalayan si ate Laarni. Hindi nagsalita si Ylac, nakatitig lang sa akin.

Nyeta bakit ganyan sya makatitig?

"Then let's go." He said. Akala ko bibitawan nya na ako kaya nagulat ako ng alisin nya ang pagkakayakap ni Britanny sa kanya, hinawakan din nya ang braso ng babae, tulad ng ginawa nya sa akin. Ako sa kanan si Britanny sa kaliwa.

Napasunod na lang ako kahit nagtataka dahil ang higpit ng kapit nya sa braso ko. Hidi katulad kanina na masakit, mahigpit lang na para bang ayaw nya akong makawala at tatakbo ako anytime.

Sige naman ang irap sa akin ni Britanny, naiinis siguro kasi hawak ako ni Ylac.

Girl kahit umabot hanggang dulo ng mundo iyang pag-irap mo wala ako magagawa ang higpit ng hawak ni Ylac eh.

"Buti buhay ka pa? Paano ka nakaligtas sa pagbagsak ng eroplano Mariza?" Tanong sa akin ni Britanny na ang dating ay "*Bakit buhay kapa sana namatay ka na lang*."

"Naku madam akala ko rin mamatay na ako. Hindi kasi ako marunong lumangoy. Pero sabi nga nila matagal mamatay ang masamang damo, natuto akong lumangoy. Nakahawak sa isang kahoy at nagpalutang-lutang hanggang sa makarating ako rito. Kayo ma'm buti nakaligtas kayo."

Matamis na ngumiti sa akin si Britanny. "Akala ko din mamatay na ako, pero si Ylac hindi talaga sya umalis sa tabi ko lumangoy sya habang nakayakap ako sa kanya. Inalagaan nya ako ng magkalagnat ako pagdating dito. Talaga prinotektahan nya ako." Nagmamalaki ang boses na sabi niya.

"Ah...good for you ma'am." napatango naman ako. Kinurot sinipa at pinagsasampal ang puso ko dahil sa narinig. Sa aming dalawa ni Britanny ito ang mas importante kaya ito ang talagang pinoprotektahan ni Ylac. Samantalang ako isang hamak na tagalinis lang. "Swerte nyo m'aam andyan si Sir Ylac para sainyo." Nasabi ko na lang. Naramdaman ko ang paghigpit ng hawak ni Ylac sa braso ko ramdam ko rin ang titig nya sa akin pero hindi ko sya tinignan. Tumahimik na ako at iika-ika na naglakad.

Malayo-layo ang dalampasigan medyo matarik at madulas din ang daan. Hindi iilang beses na muntik ng madulas at madapa si Brittany. Kaya naman inaalalayan ito ni Ylac. Napabitiw na nga sa akin ang lalaki.

Ako ewan ko kung saan ko kinuha ang lakas at tibay ng tuhod ko. Bago pa man kasi ako maalalayan ni Ylac nauuna na ako sa kanila dalawa.

Ang problema dahil hindi naman pang hiking ang sapatos ko at may kalumaan narin nasira iyon

napahinto ako sa paglalakad at wala sa loob na napatingin kay Ylac na inaalalayan si Brittany sa isang padausdos na daan.

Bumuntung-hininga ako yumuko at tinanggal ang sapatos ko. Ano pang gagwin ko, hindi naman pwede suot ko parin ito mas mahihirapan ako.
Bitbit ang sapatos na naglakad ako pababa sa padausdos na daan na iyon.

Si Ylac na aakyat sana ulit para sunduin ako ay napahinto nang makita na naka-paa akong bumaba. Dahil padausdos ang daan nahirapan akong huminto tuloy-tuloy ako sa pagbaba, hindi naman umalis si Ylac sa dadaanan ko kaya dumeretso ako sa mga bisig nya.

"Ay sorry." Sabi ko na lalayo sana kaagad. Pero pinigilan nya ako sa pamamagitan ng paghapit sa aking bewang at bahagyang pabuhat hanggang sa hindi na sa maputik na lupa ako nakaapak kundi sa mga sapotos nya.

"Nasaan ang sapatos mo?" Kunot noo tanong nya.

Itinaas ko naman para makita nya. "Nasira na sya sir." Itinulak ko sya para makalayo ako sa kanya. "At plano mong maglakad sa kagubatan na ito ng naka-paa lang. Hindi ka ba nag-iisip baka masugatan ka."

"Naku sir hindi po, makapal ang kalyo ng paa ko sanay na sanay na umapak sa ganitong klase ng lakadan." Sagot ko. "Ibaba nyo na po--ay tang-ina" napamura ako sa gulat ng walang kahirap-hirap na naipasan nya ako sa kanyang likod.Hindi ko alam kung paano nangyari basta natagpuan ko na lang ang sarili ko na nasa likod nya

"T-teka Sir iba--"

Damn.

Shit.

Fuck.

Napamura na lang ako sa isip ko ng halikan nya ako ng mabilis pero may kasamang kagat sa pang-itaas na labi ko ng bumaling ang mukha nya sa akin. Puta nalulon ko tuloy iyong sasabihin ko sa gulat.

"Stop cursing lady and stay put " he said saka naglakad.

Ano pang magagawa ko kundi mag stay put. Stay put daw eh. Saka na windang talaga ang katawang lupa ko kasi sa harap mismo ni Britanny niya ako hinalikan.

What the fuck! Naguguluhan na talaga ako sayo Ylac Vlue.

To be continue
6/19 sat

****
H/n

At andito na po ulit sila? pero hindi ko po maipapangako na mabilis ang UD.

Salamat sa pagbabasa.

Sa boboto

At magkokomento??

Thanks

Helliza Sabida
7102018gsj 17:56

19

For Ms. Shielamae Valenzuela Suelen ang nag-iisa DMC ng Helliza Empire marami-marami salamat She. ????

"**Sir kaya ko naman maglakad ibaba nyo na ako."**

"Oo nga Ylac bakit ba pinapasan mo pa si Moira."

Tsss Moira. Gawin kitang sinigang na hipon.

Pasan parin ako ni Ylac. At kahit anong gawin ko na pagpalag hindi sya binibitawan nito.

"Shut up Monica.

O kaya ay, "Stay put Monica,"

Iyan ang lagi nya sinasabi sa buong durasyon ng paglalakad namin.

Shut up paano kaya ako sha-shut up eh nagtatayuan ang mga balahibo ko sa hawak nya.

Hindi ko alam kung sinasadya nya na himasin ang hita ko pero talagang nakukuryente ako sa bawat dantay ng kamay nya. Ang higpit pa ng hawak nya sa akin.

Idagdag pa na windang ang isip ko dahil sa panghahalik ng greek god na ito.

Bumuntung-hininga ako. Naramdaman nya siguro dahil mas humigpit ang hawak sa nya tuhod ko.

Nakarating kami sa tabing-dagat may nakita akong tatlong maliliit na kubol na gawa sa mga sanga ng puno at dahon ng saging, may mga tao sa loob niyon.

Sa mas malaking kubol kami huminto. Akala ko ibaba nya na ako dahil nakita ko si ate Laarni na kumakain sa loob.

Kumalam talaga ng pagkalakas-lakas ang tyan ko sa amoy ng inihaw na isda.

Nagkakawag ako pero hindi parin ako binaba ni Ylac.

"Kumain ka na Britanny." Narinig kong utos ni Ylac kay hipon.

"Ikaw Ylac? Sabay na tayo."

"Mamaya na ako aasikasuhin ko lang si Monica."

"Ako? Naku sir okay lang po sabayan nyo na si Ma'am Britang-este si Ma'am Brittany." Sabi ko habang nakatingin sa inihaw na isda at naglalaway.

Hindi niya parin ako binitawan.

Waaa bakit ayaw nya akong ibaba.

"No. Mauna ka na Britanny mag-usap na lang tayo ulit mamaya." Saka sya naglakad palayo sa kubol na iyon at iniwan si Britanny na nakatanga.

Ano teka waaa saan kami pupunta? Iyong inihaw na isda!

Naglakad ng ilang metro si Ylac at lumiko sa tumpok ng mga naglalakihang bato.

Inuupo nya ako sa malapad at mababang bato.

"Sir ano po bang gagawin natin dito? Doon na lang po ako sa kubol may---," and he's kissing me. Madilim sa kinaroroonan namin dahil gabi na pero hindi ko alam kung bakit may nakikita ako mga flying fish na nagtatalunan habang hinahalikan nya.

Flying fish M? Adik ka talaga. Bakit kung ano-ano ang iniisip mo. Bakit hindi mo isipin kung bakit ka nya hinahalikan?

Itutulak ko sana sya pero ng iyon kamay ko na dapat tutulak ay yumakap at kumapit sa batok nya.

Napapikit ako at tumugon sa mga halik nya.

Parang may kakaiba. Ilan beses nya na ako nahalikan, iba-ibang paraan pero ito halik nya ito ngayon ko lang naranasan.

He kissed me like there's no tomorrow.

Malalim ang pananalakay ng mga labi nya, madidiin ang bawat galaw. Full of passion. Hindi ako makasabay sa galaw ng labi nya kung hindi lang nya ako hawak tila ako tubig na matutunaw dahil sa tindi ng panlalambot.

Parehas kami humihingal ng lumayo sya sa akin.

"I thought I lost you." Bulong niya saka ako kinabig at niyakap ng mahigpit. Ibinaon niya ang mukha sa leeg ko. Noon ko naramdaman ang panginginig niya.

Wala sa loob na napayakap sya rito.

"Y-ylac..."

Itinaas niya muli ang mukha ipinatong ang noo, sa noo ko.

"S-sir." Tawag ko sa kanya nang manatili sya nakapikit.

Nagmulat sya ng mga mata. Tinitigan nya ako habang nasa madilim kami na lugar na iyon.

Iyong mga katanungan sa isip ko hindi ko na naisatinig.

Basta nakatitig lang ako sa kanya at ganon din sya sa akin.

*****

Nalilito ako.

Nalilito ako sa kung ano talaga meron sa amin ni Ylac.

Halos kalahati minuto yata kami nasa lugar na iyon. Yakap nya lang ako at paminsan-minsan ay hinahalikan.
Nang hindi na ako makatiis sa gutom ko. Nagsabi na ako sa kanya.

Sya mismo ang nagpakain sa akin. Sinubuan nya ako pagkatapos ay ginamot ang mga sugat ko.
Sa sobra pagod ko. Nakatulog ako sa kubol na pinagdalhan sa akin habang ginagawa iyon.

Nang magising naman ako andon parin sya.

No hindi ko sya katabi sa papag.

Naandon lang sya sa labas nakabantay. Nakikipag-usap sa mga tauhan at tao na kasama namin.

Heto kami ngayon sabay na nag-aagahan. Pero alam nyo ba kung ano iyong mas kinakalito ko? Iyong trato nya sa akin sa harap ng lahat. Sinusubuan nya ako. Hinalikan sa noo. Niyayakap o kaya ay inaakbayan. Take note kahit nasa harap si Britanny ginagawa nya iyon.

Umiling ako ng abutan nya ako ng nilaga saging.

"Are you sure love?"

Ay tang-ina.

Tignan nyo sino hindi malilito. Bkit nya ako tinatawag na love eh hindi naman kami. Okay given na ginamit nya na ang endearment na iyon sa akin, but never pa sa harap ng iba tao.

Kaya naman ito si hipon ang talim na ng tingin sa akin.

Aba, aba bakit sa akin sya sa nakatingin ako ba ang tumawag ng love? Ako ba ang sweet? Dapat si Ylac ang tignan nya ng matalim.

Tinanguan ko lang si Ylac. Hindi ko alam ang isasagot ko eh. Nabibigla ako sa kanya. Parang noon isang linggo lang galit sya sa akin tapos ngayon ang sweet na nya.

Sa grupo nila ate Laarni ako nakisalamuha ng umaga iyon.

Kinatanghalian nagpumilit ako na sumama sa grupo ni Drane na maghahanap ng makakain.

"No Monica." Iyan ang mariin na sabi ni Ylac.

"Pero Sir, gusto ko makatulong. Hayaan nyo---," nagulat ako ng hapitin nya ako kahit na nasa harap namin sina Drane, ang ilang mga tauhan niya at si Britanny.

"Please Monica stay here. Hindi ko pa kaya na mawala ka sa paningin ko. Damn it! Kung pwede lang idikit kita sa katawam ko para masigurado ko lagi safe ka."

Ay fuck. Cursing Ylac was so hot.
Fuck ulit dahil talaga lumakas ang tibok ng puso ko sa sinabi nya.

"Just stay here, dito sa tabi ko Monica hanggang sa magsink-in sa utak ko na kasama na talaga kita, na hindi ka namatay. Just stay beside me love."

Nalulunod na naman ako sa mga mata nya. Sigurado ako naririnig nya ang tibok ng puso ko dahil sa pagkakadikit ng katawan namin.

"Ylac," anas ko bago dahan-dahan na tumango. Ngumiti siya at hinalikan ako sa noo.

"Good."

*****

"**Huwag mo isipin na nakuha mo na si Ylac."**

Mula sa pagtanaw ko sa dagat habang nakaupo sa ilalim ng puno napatingin ako kay Britanny na matalim ang tingin sa akin.

Hinihintay ko si Ylac na nasa loob ng kubol at nakikipag meeting sa mga tauhan nito.

"Ma'am?" Patay malisya ako kahit alam ko na kung ano ang ibig nya sabihin.

"Huwag ka ng magmaang-maangan pa Monica. Sa akin si Ylac."

Hooray, isang masagabong palakpakan. Nakuha din ng tama ni hipon ang pangalan ko.

"Anong tinatawa-tawa mo? Nang-aasar kaba?"

"Naku hindi po Ma'am natutuwa lang po ako dahil nakuha nyo na sa wakas ng tama ang pangalan ko." Nang-aasar na sabi ko.

Tumalim ang mga mata nya. Habang ako nakangiti parin.

"Remember this sayo sya ngayon pero sigurado ako na sa huli ako parin ang pipiliin nya. Sino ka ba compare to me? Isa ka lang hamak na katulong. Isang prinsesa na tulad ko ang bagay sa prinsepe na tulad ni Ylac, not like you." May lason ang tinig na sabi niya sa akin

Oh di ikaw na.

"Alam nyo 'Madam' hindi ko naman ho sinabi na bagay sa akin si Sir Ylac. Hindi ko rin naman ho pinagpipilitan ang sarili ko sa kanya. Sya ho ang lumalapit sa akin ngayon. Tanga lang po ang di makakapansin nuon. Kung may problema kayo, siya ho ang kausapin nyo. Huwag ho ako." Litanya ko. "Excuse me mahal na prinsesa baka nasasayang ko na ang oras nyo kaya maiwan ko na po kayo sa inyo kaharian." Saka ko sya nilayasan

Gaga hipon, sasabay pa sa iniisip ko eh tulad din naman nya nalilito narin ako sa pinapakita ni Ylac.

Lumayo ako kung nasaan si Britanny nakakalason kasi ang hangin kapag nasa paligid sya.

Sa may tabing-dagat ako pumunta para hintayin si Ylac.

Kainis na hipon. Kung alam nya lng kung gaano ako nalilito. Baka mas pgtawanan nya pa ako.

Huminga ako ng malalim pinuno ko ng hangin dagat ang baga ko baka sakali makatulong.

"Monica."

Napatayo ako ng tuwid ng marinig ko ang tinig ni Ylac.

"S-sir?"

Nang makalapit sya pumulupot kaagad ang kamay nya sa bewang ko na lagi nya ginagawa mula ng gabi na nakita at hinalikan nya ako.

"Anong ginagawa mo rito?"

"Ah?"

Shit. Dapat ba talaga ganito kami ka close? Ayaw magprocess ni brain, nyeta ni hindi ko nga naintindihan ang tanong nya. Nakaka-distract talaga ang kaguwapuhan.

"N-nagpapahangin lang ako Sir." Goodness naisip ko din sa wakas ang sagot.

Kumunot ang noo nya. "Mahangin sa kahit saan parte ng lugar na ito Monica."

Oo nga naman. Nice one M, really nice one.

"Eh sa dito ko gusto. Mas malamig at mabango ang hangin dito amoy air freshener." Napangiwi ako.

Magpakalunod na kaya ako. Kung ano-ano ang sinasabi ko puta.
Naituptop ko tuloy ang kamay ko sa akin bibig.

Natawa si Ylac. Tinanggal ang kamay ko.

"You're right M. Pero hindi ka dapat naandito. Of course, you can go wherever you want to go. But not now Monica. Lalo na kung hindi ako kasama. Naiintindihan mo ba?" Napatitig ako sa nangungusap nya asul na mga mata. Shemay dinadaan na naman nya ako sa ganito.

"Bakit?" Bago ko pa naiisip kusa na lumabas sa bibig ko ang tanong na iyan.

Hindi kaagad sya sumagot. Bagkus tinitigan nya ako ng matagal.

"After all of this sasagutin ko ang tanong mo na iyan Monica." Pagkuway sabi niya.

Bakit pagkatapos pa? Paano kung abutin pa ng ilan buwan ang kalagayan man dito, o kaya ng taon.

Ano nakanganga na lang ako? Patuloy na malilito at manghuhula kung ano ang ibig sabihin ng mga

pinapakita niya? Bakit hindi na lang nya sabihin ngayon?

"After this Monica." Ulit niya na para ba nabasa nya ang iniisip ko.

Wala ako nagawa kundi tumango. Then he dipped down his head. He kissed me softly.

Shit.

Shit.

Shit talaga.

Sunod-sunod ang pag mumura ko.

"For now sisiguraduhin ko muna ang kaligtasan mo." Simple nya sabi pagkatapos ng halik.

*****

Kahit naman ganon ang trato ni Ylac sa akin, syempre hindi kami magkasama sa iisang kubol. Mas pinili ko na tumabi kina ate Laarni.

Dahil wala naman iba gagawin dito sa isla kundi ang kumain at matulog. Maaga kami nagpapahinga.

Wala pa labing-lima minuto ko naipipikit ang mga mata ko nang may malakas na pagsabog ako narinig. Sabay kami napabalikwas ng bangon ni Ate Laarni.

"Ano'yon?" Tanong niya.

"Hindi ko alam te." Inalalayan ko sya tumayo.

Nanlaki ang mga mata ko sa nasaksihan nang makalabas kami. Nasusunog ang isang kubol. Kubol kung saan naroon ang mga tauhan ni Ylac.

"Shit," mura ko kasabay ng sunod-sunod na putok ng baril.

Anong nangyayari?

Sinusugod ba kami?

Nakita ko na nagtakbuhan ang ilan sa loob ng gubat.

Gusto ko man na hanapin si Ylac hindi ko magawa. Iniisip ko sina ate Laarni at baby Kiel.

Asan ka Ylac?

Hinila ko si ate papasok ng gubat ng mas lalo lumakas at dumami ang putukan. Ang maliit na kubol namin ni Ate, ngayon ay natutupok na ng apoy.

Ang lakas ng tibok ng puso ko. Natatakot ako lalo na at wala na naman sa tabi ko si Ylac.

"Monica!" Sigaw ni ate Laarni na medyo nahuhuli, paluhod ito nadapa ng mamali ng apak sa madulas na daan.

Tang-ina talaga bakit ba nangyayari ito sa akin. Idinadamay ko pa si Ate at ang anak nya sa kamalasan ko.

Babalikan ko sana sya ng manigas ako sa kinakatayuan ko. Isa kasi miyembro ng Phoenix ang nakatayo di kalayuan sa likod ni ate habang nakatutok ang baril sa akin.

"Monica." Hindi naman makagalaw sa pagkakaluhod si Ate Laarni nang makita nya ang sitwasyon namin. Bakas ang takot sa tinig niya.

Pasensya na ate madamay ka pa.

"Please huwag mo sila saktan. Ako lang ang kailangan mo diba? Kaya dapat sa akin mo lang talaga itutok iyan." Sabi ko.

Nice Monica papatiwakal ka talaga.

Ngumisi ang lalaki. Kasunod ng pag-alingawngaw ng putok ng baril.

Napapikit na lang ako.

Goodbye world. Paalam Ylac. Paalam my love.

Hinintay ko ang impact ng bala. Ngunit ilan segundo na ang lumipas wala malakas na pwersa ang tumama sa katawan ko. Bagkus isang pamilyar na braso ang pumulupot sa akin bewang.

"Monica."

Napadilat ako. Kusa umagos ang luha sa akin mga mata ng makagsalubong ang titig namin ni Ylac.

"God sorry. Muntik na ako mahuli. I'm sorry Love. I'm so sorry."

Umiling ako habang nakasubsob sa dibdib niya at hinahalikan nya ang ulo ko.

"O-okay lang kahit late. Atleast dumating ka parin Sir." Sumisinok na sabi ko.

Inilayo nya ako sa katawan nya. Tinignan si Drane na ngayon ay inaalalayan si ate Laarni.

"Take care of them." Utos niya na sinagot naman ng tango ng lalaki.

Tinanguan ko din si Ate Laarni. Sigurado ako na alam nya na hindi sila papabayaan ni Drane.

Mas mapro-protektahan ni Drane ang mga ito. Kesa sa akin na ang alam lang ay tumakbo.

"Come Monica lets find Britanny."
Tumango ako.

Syempre kahit naman masama ang ugali ng hipon na iyon ayaw ko sya mapahamak.

Hindi pa kami nakakalayo ni Ylac ng may magpag-ulan sa amin ng bala.

"Fuck."

"Ay gago."

Sabay namin na mura. And maniniwala ba kayo na kahit na nasa gitna na kami ng putukan hinalikan nya parin ako. Yes mga kapatid. He kissed me. Tinutuliro na naman ng gwapo ito ang utak ko.

"Stop cursing." Bulong nya bago ako hinila ng patago.

Bumabaril din sya. Pero napapansin ko na madalang. Alam ko kung bakit. Tinitipid nya ang bala nya, dahil stranded kami rito sa isla limitado ang mga armas nila. Halos kasi lahat nang mga armas ay nawala nang bumagsak ang eroplano.

Nakakita kami ng yungib at mabilis nya ako pinasok doon.

"Stay here "

"Ha?" Kusang humigpit ang kamay ko na nakahawak sa kamay nya. "Bakit?"

"I need to find Britanny, at hindi ko magagawa iyon ng mabilis kapag kasama kita. At lalo hindi ko masisigurado ang kaligtasan mo kapag sinama kita sa gagawin ko. I don't want you to be hurt. Kokonti na rin ang bala ko na kailangan ko tipirin."

"P-pero-." Then he kissed me again. Mabilis pero madiin. "Babalikan kita. Pinapangako ko."

Wala ako nagawa kundi ang mapatango kahit na nga ang gusto ko sabihin 'ay wag sya umalis wag mo ako iwan. Natatakot ako Ylac.'

Hindi ko isinatinig ang mga iyan. Pinagmasdan ko sya na mawala sa dilim pagkatapos sabihin ang mga katagang. "Wait for me Love."

Bumalik ka agad Ylac. Mag-iingat ka.

*****

Naghintay ako. Hindi ko alam kung gaano katagal basta naghintay ako. Naghihintay parin ako.

Itinatakip ko na lang ang mga kamay ko sa akin tenga sa tuwing may mga putok na pumapailanlang sa paligid. Putukan na pagkatapos ng matagal na sandali ay nauwi sa katahimikan.

Katahimikan na mas bumingi sa akin.
Bakit wala pa sya?

Naghintay pa ako.

Fiifteen minutes. Thirty five minutes hanggang sa umabot ng isang oras.

Bakit wala ka pa? May nangyari ba masama sayo? Umiling ako.

Hindi. Wala nangyari masama sa kanya. Malakas si Ylac. Sigirado ako na okoy lang sya.

Pero bakit wala pa sya?

Ilang minuto pa ako naghintay
Hanggang sa hindi na ako nakatiis. Lumabas ako ng yungib. Naglakad pabalik ng tabing-dagat.

Hindi pa ako ganon na nakakalayo ng makarinig ako ng pagsabog. Pagsabog na sobra lapit sa kinaroroonan ko kanina.

Kahit na madilim nakita ko ang paglaglag ng mga bato at ang pagguho niyon. Kung hindi ako umalis malamang pisat na Monica ang kinalabasan ko.

Napatakbo ako. Mula sa di kalayuan may mga kalaban na dumating.

Patago-tago na bumalik ako sa dalampasigan umaasa na makita roon si Ylac.

Mula sa pagtakbo napahinto ako. Medyo malayo pa ako sa tabing dagat. Pero hindi naging hadlang iyon para di ko makita ang isang malaki yate at sa eksena na nangyayari doon. Sa eksena iyon na lang natutok ang pansin ko. Hindi ko na nakita ang mga kalalakihan at kababaihan na armado nakabantay sa yate at nagkalat sa tabing-dagat.

Doon sa dalawa tao na katayo sa deck ng yateng may nakasulat na Angel's Yatch nakatutok ang mga mata ko.
Kay Ylac at kay Britanny.... na naghahalikan!

"Hindi...hindi...hindi." paulit-ulit na sabi ko. Ito ba ang dahilan kaya hindi niya ako nabalikan? Iniligtas nya si Britanny, isinakay sa yate nila para masigurado ang kaligtasan nito.
Samantala ako iniwan nya sa may kagubatan.

"Sayo sya ngayon pero sigurado ako na sa huli ako parin ang pipiliin nya."

Bumalik sa alaala ko ang mga sinabi sa akin kanina ni Britanny.

Ngumiti ako ng mapait habang umiiyak.

"Tang-ina. Tang-ina talaga."

Pilit ko pinatigil ang pagtulo ng luha ko.

Luha na sige parin sa pagtulo.

Bwist ka Monica. Umayos ka!

Naglakad ako papunta sa kanila. Pagkatapos ay naramdaman ko iyon.

Isang matinding sakit mula sa ulo ko hinampas. And before the darkness engulf me. Isa pang pares ng luha ang ang nahulog sa mga mata ko.

"Ylac."

******

H/n

Salamat sa mga naghihibtay ng napakatagal na update pasensya na po talaga.

Salamat sa pagbabasa at sa boboto.

Thanks

Helliza Sabida

10152018uiv 12:42

20

Naranasan mo na ba mabuhay na tila robot, iyong humihinga ka lang gumagalaw ang katawan pero wala nararamdaman?

Iyan ang eksakto nararamdaman ko.

Hindi ko alam kung ilan araw, ilan linggo , o ilan buwan ako namalagi sa masikip at madilim na lugar na iyon. Nang magkamalay ako ang lugar na iyon na ang nakamulatan ko. Noong una natakot ako dahil hindi ko alam kung nasaan ako. Hindi ko alam kung sino ako.

Sigurado ako na hindi ako ligtas sa lugar na ito. Sigurado ako na isa ako bilanggo.

Ang pinagtataka ko lang bakit hindi ako nagtatangka na tumakas.

Hindi naman nila ako tinatali. Sa katunayan inilalabas pa nga nila ako. Dinadala sa isang laboratoryo at minsan sa isang open field at sinasanay.

"Siguraduhin nyo magigiging tulad sya ng babae iyon. Iyong wala kinakatakutan. Wala pakialam kung masaktan at papatay ng walang pag-aalinlangan."

Isa iyan sa mga narinig ko ng mga panahon na nakahiga ako sa laboratory table at may ginagawa sila sa akin. Pagkatapos non isa matindi sakit ang naramdamaan ko, mula sa tadyak, suntok, hiwa at tama ng baril. Lahat ng klase ng sakit naramdaman ko. Wala aray o daing na narinig sa akin, kahit na pagngiwi ng mukha hindi ko na gawa.

Kahit gusto ko umiyak, sumigaw sa mga sakit na nararamdaman ko hindi ko magawa. Ayaw sumunod ng katawan ko.

Hanggang sa natuto ako pamanhirin ang utak, natutunan ko kung paano lumaban.

Dahil dito sa lugar na ito mas lalo ka masasasaktan kapag di ka natuto lumaban. Kailangan mo talunin ang kalaban mo.

Hindi ako pumapatay kapag tulog na ang kalaban ko awtomatiko na humihinto ako sa pag-atake. Hanggang sa dumating ang araw na iyon.

Pinasok ng sampu kalalakihan ang lugar kung saan ako tumutuloy. Lahat sila may masama balak at iyon ay pagsamantalahan ako.

Hindi ako nagmakaawa, hindi ako natakot. Bagkus galit ang naramdaman ko. Matindi galit sa tuwing sumasayad ang madudumi nila kamay sa katawan ko.

"kill them all," pagkatapos na umalingawngaw sa utak ko ang utos na iyan natagpuan ko nalang ang sarili na pinapatay sila lahat. Brutally. Nang matapos balot ng dugo ang buo ko katawan, puro sugat, humihingal pero wala ekpresyon ang mukha.

Pagkatapos pumasok sya na pumapalakpak. "Good. Very good."

Mula ng araw na iyon hindi na test subject Z ang tawag nila sa akin. Binigyan nila ako ng bago pangalan.

Monique, na pabago-bago ang apelyido depende sa kung saan lugar ako ipapadala.

Ako si Monique isa DMC at isa sa magaling na Reaper ni Don Federico Del Montecillo

The Heartless Reaper of DMC.

<<<<<

After one and a half year.

Pinagmamasdan ko sila, tulad ng dati ang sweet nila dalawa.

Vane & Angelique Montereal.

Narito ako para tupadin iyon misyon ko na hindi ko natupad higit isang taon na ang nakakaraan. Ang patayin ang dalawa ito na masaya nagsusubuan pa.

Natatandaan nya isa linggo sya kinulong noon sa bartolina at hindi maayos na pinakain. Parusa dahil hindi ko nagawa patayin si Angelique Montereal na una utos na natanggap ko.

"You disappoint me Monique." Sabi ni Don Federico habang pinagmamasdan ako nakaluhod at nanghihina.

"Patawad po Don Federico." Sabi ko sa wala emosyon na tinig.

Isa malakas na sampal ang binigay nya sa akin. I didn't flinch, didn't cry. Ganon parin ang emosyon ng mukha ko na kinatuwa nya.

Pinatawad ako ng don pero hindi niya na muli inuutos sa akin na patayin ang mag-asawa Montereal.

Sa loob ng halos higit isang taon ibat-iba misyon ang pinagawa sa akin. Ibat-iba tao ang pinatumba ko. Mga trabaho na maaayos at malinis ko ginawa.

Nabubuhay ako para lang sundin ang utos ng Don. May puso nga ako pero tumitibok lang ito para bigyan ng hangin ang katawan ko.

Heartless iyan ang bansag nila sa akin. Heartless dahil deretso ko tinitignan sa mga mata ang mga tao pinapatay ko. I did'n t blink, did'n t hesitate.

Isa ako perpektong armas para sa dmc. Not until this day, not until I saw him.

Mula sa table na kinaroroonan ko, dahan-dahan gumalaw ang aking kamay para kunin ang baril na papatay sa dalawa tao kumakain di kalayuan sa pwesto ko.

Wala ako takot pumatay, kahit na sa matao lugar. Suot ang isang army hat at aviator hindi ako makikilala ng mga tao na naandito, at kung sakali man na magkahulihan, sigurado rin ako na kaya-kaya ko sila lusutan.

Ngunit ang akto ko pagbunot ng baril ay nahinto ng isa pa lalaki ang sumalo sa pagkain ng mag-asawa.

Humalik sya sa babae at tinapik naman niya ang lalaki.

Eksakto makita ko ang asul nya mga mata weird things happened.

Iyon puso ko na lagi kalmado ang tibok, pumintig ng mabilis, iyon mukha ko lagi wala ekpresyon ay kinabakasan ng pagkagulat.

Nahigit ko ang hininga ko. Lalo na ng mapasulyap sya sa akin at magtama ang aming mga mata.

Dahil nakasalamin ako, saglit lang na nagkasalubong ang mga tingin namin, ni hindi nga sya aware na nagtama ang mata namin dalawa. Ngunit sa saglit na iyon nagpalpitate ng husto ang puso ko.

Napahawak ako sa

*What the fuck? S*a sobra kalituhan napatayo ako.

Kailangan ko makalayo rito, kailangan ko muna umalis.

Nagmamadali na naglakad ako papunta exit.

Eksakto nasa tapat na ako ng mesa nila, may grupo ng mga kabataan ang sumalubong sa akin. dahilan para mapagilid ako at mapatid sa sarili ko paa. Patihaya ako natumba.

Iyon nga lang hindi ako sa sahig bumagsak kundi sa kandungan ng isang tao.

Sa kandungan ng lalaki asul ang mga mata!

"Hey," he exclaimed. Nagulat sya bagamat nagawa nya ako alalayan sa likod para hindi ako tuluyan bumagsak.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko ng marinig ko ang boses nya. A tingling sensation spread all over my body sa pagdidikit ng mga katawan namin.

Napapikit ako. Bumagsak ang suot ko sumbrero na nagpasambulat sa mahaba at itim na itim ko buhok.

"Are you okay Miss?"

Ungol lang ang sagot ko dahil sa kirot ng aking sentido. Kasabay ng pagpla-flash ng ibat-ibang eksena sa isip ko, eksena malalabo at madililim.

"Miss?" Naramdaman ko ang pagdantay ng mainit na kamay sa braso ko.

"Anong ginagawa mo Monique? Mas misyon ka diba!" Sa isiping iyon mabalis ako tumayo mula sa kandungan ng lalaki.

"Don't touch me." The moment I talked nanlaki ang mga mata nya. Natigilan sya, umawang ang mga labi at mabilis na tumayo.

"Monica..." he said na lalo nagpawindang sa akin.

Hindi ko pangalan ang binanggit nya pero bakit ganon? Bakit...

Nang humakbang sya papalapit nataranta ako at inilabas ang baril na nasa akin likuran at tinutok sa kanya. "Huwag kang lalapit."

"Monica." Sambit din ng babae balak ko patayin. Namimilog ang mga mata nya.

Fuck! Mura ko ng may nagtilian ng makita na may hawak ako baril.

"Huwag ka sabi lalapit." Sabi ko ulit ng muli humakbang ang lalaki papalapit sa akin.

Kailangan ko makaalis dito.

May tatlo armado lalaki ang lumitaw sa magkabilang tagiliran ko. Parehas na nakatutok ang mga baril nila sa akin.

"Damn it! Put your gun down baka mabaril nyo sya."

Hindi ko inaasahan ang utos na iyon ng lalaki asul ang mga mata. Utos na mabilis na sinunod ng tatlo.

Nagkakagulo at nagmamadali nang lumabas ang mga kostumer ng restaurant. Nakarinig din ako ng tunog ng sirena.

Umatras ako nakatutok parin ang mata at baril sa kanya. Sa kanya na wala takot ang mga mata kahit na nga hawak ko ang buhay nya, sa katunayan nga malayong-malayo sa takot ang nababasa ko sa mga mata nya.

Humakbang ulit sya papalapit.

"Sabi ko dyan ka lang." Galit na sabi ko. Mabilis ko binaril ang mga cctv sa loob ng kainan, saka ko inalis ang salamin sa mga mata para makita ng maayos ang mga nasa paligid ko.

He again said that name, "Monica." Tuwa, pangungulila at pananabik mga emosyon na nabasa ko sa mukha nya.

"Stay fucking put Mister, babarilin talaga kita kapag lumapit ka pa."

Kumurap ako then the next thing I knew yakap-yakap na nya ako.

"Oh god Monica." Bulong nya sa tenga ko na nagpatindig sa aking mga balahibo.

Nanlalaki ang mga mata ko sa gulat, naitulakk o sya at sinuntok sa mukha. Lito ako tumakbo wala ng pakialam kung may bumaril sa akin.

"Monica!"

Hindi ko sya pinansin. Ni hindi ko nga rin pinansin ang pangangantyaw ng isip ko dahil tila takot at duwag na duwag ako tumakbo. Imagine that si Heartless Monique tinakbuhan ang kalaban nya.

Nasa labas na ako ng makarinig ako ng mga putok kasunod ng paghapdi ng aking kaliwa binti.

Shit!

Hindi ko napansin na naandyan na ang mga pulis.

Damn! Damn! Damn!

Mabilis ako nakipagpalitan ng putok, habang iika-ika na nagtago sa likod ng isang pader.

Tangna naman talaga. Ano palpak ka na naman sa misyon na ito!

Huminga ako ng malalim, hinanda ang sarili sa paglabas at pakikipagsabayan ng putok.

Pero hindi bala ang sumalubong sa akin. Oo may mga pulis sa paligid pero wala ng baril na nakatutok sa akin.

"anong-?"then naramdaman ko nalang na may humapit sa akin.

"Shit may tama ka!

Hindi ko maintindi kung bakit ganito ang akto nya. Sigurado ako na kakampi sya ng mag-asawa papatayin ko. At sigurado ako na alam nya rin na isa ako kalaban, ngunit bakit ganito sya? Bakit tila nag-aalala sya sa akin?

Sinubukan ko lumayo pero mahigpit ang kapit nya, itataas ko sana ang baril ko pero mabilis nya nakuha iyon.

"Bitawan mo nga ito. Shit baka mabaril mo ang sarili mo."

What the fuck?

"Let me go."

Nagwala ako. Sinipa ko sya sinikmuraan pero puta hindi parin sya bumibitaw.

Nagsisimula na ako manghina dahil sa dugo nawawala sa akin.

"Stop it Monica dahil kahit ano panlalaban mo hindi kita papakawaln. Hindi na." May diin na sabi niya.

"Hindi Monica ang pangalan ko gago!' sigaw ko saka ko inuntog ang noo ko sa noo nya.

He hissed in pain sinamantala ko para muli sya suntukin pero nasalo nya ang kamao ko.

"Damn I hate to do this but you gave me no choice. Kailangan ka magamot at hindi iyon mangyayari kung patuloy ka magiging ganyan." Kasunod niyon naramdaman ko ang kamay nya sa batok ko.

Huli na ng marealize ko ang gusto nya gawin, nakarinig na ako ng mahina lagutok at wala na ako namalayan sa sunod na naganap.

*****

Sakit mula sa sugat sa hita ang gumising sa akin. When I opened my eyes a blue painted ceiling ang nakita ko.

Napakurap-kurap ako dahil hindi iyon ang pintura ng kwarto sa apartment na pansamantala ko tinitirhan.

"Fuck." Napabalikwas ako ng bangon. Bumalik sa alaala ko ang mga nangyari.

Nasa isang kwarto ako.

Isa panlalaki kwarto to be exact. Hindi ko napigilan na mapakunot noo.

Inaasahan ko na sa isang madilim at mabaho kulungan ako magigising.

Dahan-dahan ako bumaba at iika-ika na naglakad papunta sa pinto. Muli nagulat ako, hindi iyon naka lock.

Lito na naglakad ako sa isa marangya pasilyo, bumaba sa isa hagdan. May nakita ako pinto at inakala ko na iyon ang daan palabas pero napatigil ako nang may narinig ako tinig na nagmumula doon.

"Damn him! Damn DMC to hell!"

Bumilis ang pintig ng puso ko dahil kahit hindi ko nakikita ang nagma-may-ari ng tinig na iyon alam ko na ang lalaki may asul na mga mata ang nagsasalita.

"Relaxs Ylac." Boses ng isang babae.

"How Ysa? Paano ako magre-relaxs pagkatapos ko makita ang ginawa ng DMC sa kanya. Did you saw her scars? Pinahirapan siya and only God knows kung ano pa ang mga ginawa sa kanya."

Kahit hindi ko nakikita, ramdam na ramdam ko ang galit at pag-aalala sa boses niya.

Kumunot ang noo ko. Para kanino? Imposible sa akin. Kaaway nila ako. Kaaway sila.

"Monica?" Napapitlag ako ng may nagsalita mula sa akin likuran.

Si Vane Montereal ang nalingunan ko.

Kusa kumilos ang katawan ko pasugod sa kanya.

"Hey." Mabilis siya nakaiwas sa suntok ko na sinundan ko ng round kick, uppercut at ibat-ibang pag-atake.

Nasa kampo ako ng kalaban at kailangan ko makaalis.

Naiiwasan ni Vane ang mga pag-atake.

Oo mahusay ako pero masasabi ko magaling din sya. Magkaganon man umiiwas lang sya hindi sya gumaganti sa akin.

"Stop it ayaw kita saktan." Sabi niya habang umiiwas sa pag-atake ko.

"Really? Thats good I can kill you easily." Pumunta sya sa likod ko. Umikot ako at bibigyan sana ito ng suntok sa mukha ng tumigil sa ere ang aking kamao.

Kamao ko na ilan pulgada ang layo sa asul 'nya' mga mata.

Fuck!

Ayan na naman iyon kakaiba tibok ng puso ko.

"Monica..." again tinawag na naman nya ako sa pangalan na yan.

"My name is Monique not a fucking Monica." Mariin na sabi ko. Tinatakpan ang naguguluhan isip sa pamamagitan ng matatalim na tingin.

Sadness became visible in his eyes.

"What they did to you Monica?" Nang akto hahawakan nya ako mabilis ako lumayo sa kanila tatlo.

Him, Ysa and Vane.

"Hindi nyo ako makukulong dito. Tatakas ako kahit nasaan lugar man tayo. Sisiguraduhin ko rin na mapapatay ko kayo." Tinignan ko ang mag-asawa Montereal. Nakayap ang lalaki kay Ysa habang tinitignan ako ng babae. Hindi iyon galit na tingin. Bagkus pagkaawa. Awa sa akin? Bakit? Dahil papatayin nila ako?

Damn them hindi nila ako dapat kaawaan dahil hindi ako ang mamatay dito.

"Monica,"

"Stop calling me Monica damn it!" Sigaw ko sa lalaki Ylac ang pangalan. Lalo kasi nag-iiba ang pakiramdam ko kapag tinatawag nya ako sa pangalan na iyon, na para ba kilalang-kilala nya ako.

"My fucking name is Monique. Huwag mo ako tawagin sa iba pangalan, as if you really know me. My. Name. Is. Monique. I'm Monique."

"Monique," napatingin ako kay Ysa na nagsalita haba namimilog ang mga mga mata. "You are Monique the DMC heartless reaper?"

Ngumisi ako ng mabasa ang hindi pagkapaniwala sa tinig nya. "The one and only. And I'm here to kill both of you." Tumingin ako kay Ylac. "And I will kill you too. Hindi ka kasali, pero dahil narito karin naman at nangingialam papatayin narin kita." Hindi ko alam pero buong pagkatao ko ay tumututol habang sinasabi ko iyon. Magkatagpo ang mga mata namin.

I read shock and guilt on his face. Hindi ko alam kung saan sya na shock, kung doon ba sa papatayin ko sya o doon sa isa ako reaper.

Bakit kung ano-ano ang iniisip mo? Kill them now. Utos ng utak ko na sinunod ko naman una ko sinugod ang mag-asawa na hindi gumagalawsa kinatatayuan nila. Bagkus nakatingin sila sa akin, na may bakas ng lungkot ang mga mata.

Nalulungkot? Saan sila nalulungkot?

Nahinto ang plano kong pagsugod sa kanila, may mga kamay kasi na pumulupot sa bewang ko. Susuntokin ko sana ang may-ari ng kamay na iyon ngunit maagap sya na nasalo ang ang kamao ko at inilagay iyon sa aking likuran. He did the same with my another arm.

"Umalis na kayo, ako na ang bahala sa kanya." Sabi ni Ylac na hindi ako binibitawan. Magkadikit ang

mga dibdib namin habang nakatingala ako sa kanya at pilit na kumakawala sa malabakal nya hawak.

"Vlue..." si Ysa.

Vlue? Ylac Vlue?

May kung ano pumitik sa sentido ko, nakita ko ang sarili ko na nakatingin sa dalawa tao na nakatayo sa isa yate. They're kissing.

Anag-ag lang iyon malabo dahil hindi ko makita kung sino ang dalawa nilalang na iyon, pero bakit ang lakas ng dating sa akin? Bakit parang ang sakit-sakit sa dibdib?

"Are you sure Ylac?" Ang tanong na iyon ni Ysa ang gumising sa akin mula sa eksena iyon.

Dahil nakatingala parin ako sa lalaki nakita ko tumango sya bago yumuko at tumingin ng deretso sa mga mata ko.

"Ako na ang bahala sa kanya." Humigpit ang pagkakahapit nya sa bewang ko.

Wala nagawa si Ysa kundi mapatango. Nagulat ako ng bigla nya ako yakapin. Naipit ako sa pagitan ng dalawa.

"I'm glad you are here now Monica." She said na kinanlaki ng mga mata ko. Kay Ylac parin ako nakatingin kaya kita-kita nya ang pagkagulat ko.

"Don't be too hard on him M." Sabi pa ni Ysa na nagpagulo talaga lalo sa isipan ko. Ano ba pinagsasabi ng babae ito

Tinapik naman ni Vane sa balikat si Ylac. Pagkatapos ay sabay na naglakad ang mag-asawa palabas.

Noon lang ako tila nagising. Hindi pwede umalis ang mga ito. Hindi hangga't hindi nya pa nagagawa ang misyon nya. Hindi pwede pumalpak ako ulit. Kumawala ako sa pagkakahawak ni Ylac. Hahabulin ko sana sila, pero mabilis si Ylac na nahawakan ako sa braso.

"Fuck let me go!" Mura ko sa kanya.

"Stop it Monica. Hindi mo gugustuhin na saktan sila; believe me."

Matalim ko sya tinignan. Ano ba gusto nito?

"Let me go o ikaw ang unang papatayin ko."

Natigilan ako ng malungkot sya ngumiti. "Maniwala ka Monica tatanggapin ko ng bukal sa loob iyan. Matagal ko nang gusto patayin ang sarili ko simula ng mawala ka, and I want to kill myself ten times more painful ngayon natagpuan na kita at nakita ko ang ginawa nila sayo," he hugged me.

Nanlaki ang mga mata ko ng yakapin nya ako ng sobra higpit. Nasa sobra higpit halos ibaon nya na ako sa katawan nya. "but please hayaan mo muna bumawi ako sayo. Hayaan mo muna na pagbayaran ko ang kasalanan ko."

Lito tinulak ko sya. "Kasalanan? What the hell are you talking about?"
Pinagmasdan nya ako. Matiim, malalim hanggang sa mailang ako.

Umatras ako. Gusto ko tumakbo, tumakbo palabas pero ni hindi ko magawang maihakbang ang mga paa ko. Nagising lang ako ng muli nya ako hawakan. "Don't touch me." Umatras ako ulit. "Alam mo hindi ko kilala kung sino ka, pero isa lang ang sigurado ako isa kang kaaway, kakampi ka ng mag-asawa na papatayin ko."

"My name is Ylac Vlue Fuentebella Santiago. Ysa's twin brother." Pagpapakilala niya.

Kumunot ang noo ko ng may kung ano anag-ag na naman ako nakita sa akin isipan eksakto matapos nya sabihin ang pangalan nya.

Pinilig ko ang ulo ko.

"Tama ako, kaaway ka nga." Itinaas ko ang mga kamay ko. "Fight me. Hindi ka man isa sa mga target ko I will kill you. Hindi mo ako makukulong dito."

Tumaas ang kamay nya at hinanda ko naman ang sarili ko para salagin ang atake nya. Ngunit ang inaasahan ko suntok ay hindi dumating bagkus hinawakan nya ang nakakuyom ko kamay at hinalikan iyon.

"I will never hurt you, physically Monica. Mamatay muna ako bago kita saktan and you are not a prisoner here. Lets just say na hindi ka lang pwede mawala sa paningin ko, you will stay here by my side and you will never leave again. I promise you Monica. Magkakamatayan kapag kinuha ka nila ulit sa akin." As he said that simpatiko sya ngumiti.

Laglag ang panga ko at sunod-sunod na napamura.

Ano ba ang mga pinagsasabi niya?

....itutuloy

?sat. Dec2?

*****

H/n

Salamat sa paghihintay. Medyo matagal po talaga ako mag UD ngayon dahil hindi na ako nakakapagsulat sa byahe. Sana po maintindihan nyo. Nakakasama na po talaga sa mga mata ko ang magsulat sa byahe.

Salamat po sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento.

Thanks

Helliza Sabida

12172018Uiv 17:47

21

"Eat Monica."

Hindi ko alam kung pang-ilang-utos nya na iyon sa akin. At ang tanging sagot ko ay ang pagtitig sa pagkain na nasa harap ko.

Nilaga baboy, prito isda, mainit na kanin at gatas iyon.

I'm hungry, ngunit isa sa mga natutunan ko sa pananatili ko sa lugar na iyon ay ang magtiis ng gutom.

Natuto ako na huwag sunggaban ang mga pagkain na binibigay sa akin. May isa pagkakataon kasi na sa sobra gutom ko, nang hatidan ako ng pagkain ay talaga sinunggaban ko, not knowing na may lason pala iyon. Matinding sakit ng tyan at pagsusuka ang naranasan ko pagkatapos non.

"Magsilbi sana aral ito sayo. Matuto ka disiplinahin ang sarili mo. Magtiis ka ng gutom kung kinakailangan dahil hindi mo alam kung sino ang lalason sayo." Naalala ko pa na sabi ng isa tinig habang nakahiga ako sa sahig nanghihina at napapalibutan ng sarili ko suka.

Mula noon natuto na ako na huwag kainin ang mga pagkain na ibinibigay sa akin.

Kaya kong hindi kumain sa loob ng dalawa araw. Kaya ko magtiis hangga't kailangan.

Narinig ko bumuntung-hininga si Ylac.

"Please eat Monica, alam kong gutom ka na."

Hindi ko sya tinignan iniisip ko kung paano ako makakatakas dito. Hindi ako pwede dito. Baka bigla na lang ako mamatay dito.

May isa bahagi sa isip ko na kumontra sa isiping iyon. May isa bahagi kasi ng pagkatao ko na panatag sa lugar na ito. Scratch that. Panatag ang kalooban ko dahil sa presensiya nya. Dito sa lalaki ito na ngayon ay may hawak-hawak na kutsara at nakaumang sa bibig ko.

"Eat please Monica." He pleaded again. Pang-ilang pakiusap na ba ang lumabas sa mga labi nya? Bakit ba sa umpisa pa lang gusto ko na sya sundin?

Anong kalokohan ba ang iniisip mo Monique. Kaaway ang lalaki iyan. Kaaway!

Nagkalat ang kanin sa mesang narra at tumalsik ang kutsara sa kulay puti marmol na sahig ng tabigin ko iyon ng malakas.

"Hindi ko kakainin iyan, what do you think of me? Tanga? Hindi mo ako mapapatay sa lason lang. Why don't you be a man and fight me instead."

Kumuha ng bago kutsara si Ylac, sa pagkakataong iyon sya ang kumain ng sinandok nya kanin at ulam, pagkatapos ay uminom din sa gatas na nasa harap ko.

"There, wala lason Monica. Hindi ko gagamitin ang pagkain para pumatay ng tao. I will never do that. At mas lalo hindi kita lalasunin. Hindi kita papatayin. Hindi ako isa kalaban. Uulitin ko, ang saktan ka ay walang-wala sa isipan ko. I will never. Ever. Hurt you." Madiin nya sabi habang nakatingin ng deretso sa

mga mata ko.

Sa mga oras na iyon lahat ng atensyon ko nasa mga mata lang nya. That blue orbs na may binubuhay na kakaiba ngunit pamilyar na pakiramdam sa kaloob-looban ko.

Damn it what the hell is happening to me?

Umiwas ako bago pa ako tuluyan na mahigop.

Anong ginagawa ng lalaki ito sa akin?

Pahaklit ko inagaw ang kutsara sa kamay nya. Tulad nga ng sabi ko hindi ako tanga. Walang lason ang pagkain dahil kung meron malamang na bumulagta na sya.

Kumain ako, iyon paraan ng pagkain na nakasanayan ko. Mabilis at sunod-sunod. Hindi ko na naalis ang pag uugali na iyon dahil kapag pinapapakain nila ako 'doon' may oras ako kailangan sundin. Kailangan tapusin mo ang pagkain mo sa oras na binigay dahil isang linggo wala ka pagkain kapag nagkataon na lumagpas ka sa oras mo.

Nahinto ako sa pag-inom ng gatas, (heck ngayon ko lang nalaman na umiinom pala ako ng gatas) ng mapansin ko ang nakakuyom na kamao ni Ylac.

Napaunat ako ng upo inaasahan na aatake sya. Ngunit nang tignan ko ang mukha nya natigilan ako.

Lumagom ang mga mata nya. Unti-unting nagdidilim. She read despair and pain on his eyes kasabay ng galit. Hindi ko alam kung paano ko nalaman pero alam ko hindi para sa akin ang galit na iyon.

"Anong ginawa nila sayo?" He asked softly pero kahit ganon ramdam ko parin ang galit sa tinig nya.

Tumaas ang kamay nya, awtomatiko naman na tumaas din ang kamay ko pasalag. May fist was balled ready to attack after he gave me a blow.

Pero hindi mapanakit na kamay ang dumapo sa balat ko. Bagkus a gentle hand touch my skin at masuyo ibinaba ang braso ko na proprotekta sana sa atake papakawalan nya.

I was stunned. Hindi inaasahan ang masuyo paghawak na iyon. And when he gently skimmed my face with his thumb pansamantala ako na blanko.

Everything around us stop. Lalo na ng dahan-dahan na lumapit ang mukha nya sa mukha ko. Dapat kumilos ako. Dapat pigilan ko sya. Pero lumapat na lang ang mga labi nya sa labi ko, natulala na lang ako.

Pamilyar ngunit nakakalito init ang bumalot sa buong pagkatao ko. Sa sobrang init napapaso ako.

Mabilis ko sya tinulak. "Gago ka!"

Nahagip ng kamay ko ang tinidor para saksakin sya.

Ngunit tulad kanina huminto ang kamay ko bago pa man lumapat ang tinidor sa mukha nya. At tulad din kanina ni hindi sya nagpakita ng indikasyon na iilag sya.

Natigilan ako. *What the fuck are you waiting for Monique stab him. Do it. Do it now!*

Pero kahit ano gawin ko mando sa katawan ko, hindi ko magawa kumilos. Hanggang sa kunin nya ang tinidor sa aakin.

"I'm sorry alam ko nabigla kita. Sobra lang talaga ako nasasabik sayo. Hindi ko na uulitin, sa susunod magpapaalam na ako."

Ha? Ano raw? Sa susunod magpapaalam sya? Ginagago nya ba talaga ako?

"Eh tang-i," nahinto ako sa akto pagmumura ng lumapit ulit ang mukha nya.

"Magpapaalam ako na halikan ka pero iba usapan kapag nagmura ka na. Alam mo ayaw na ayaw ko na magmumura ka. Isang halik para sa isang mura. Hindi parin nagbabago iyon Monica."

Sa paraan ng pagtitig ko sa kanya para sya tinubuan ng isa pa ulo. Hindi ko maarok ang mga pinagsasabi niya. Putsa lalo ako nalilito.

"Baliw ka na." Sabi ko.

Ngumiti sya. Iyon ngiti na kapag nakita mo ikakalaglag talaga ng panty mo.

"Yeah baliw ako. Baliw na baliw ako sayo Monica."

*****

Litong-lito ang pakiramdam ko habang pinagmamasdan ang grupo ng mga tao nagkakasiyahan ng mga oras na iyon. Kanina ko pa gustong-gusto na humalakhak.

Bakit? Saan ka nakakita ng killer na sinama sa wedding anniverssary ng mga tao papatayin nya. Saan ka nakakita ng killer na niyayakap at binibiro ng kanya biktima?

Ano ginagawa ko sa peste beach na ito at nakatunganga sa dagat habang pinagmamasdan ang mga kaaway ko magtawanan.

Well iisa tao lang naman ang dahilan kung bakit ako naandito.

Dumako ang tingin ko sa 'kanya' na masayang nakikipag-usap sa lalaking kahawig nya.

Matalim ko tinignan si Ylac. Sa dalawang araw na kasama ko sya ang lahat ng plano kong pagtakas at pagpatay sa mag-asawa Montereal ay napipigilan niya.

Naroon na mahuli niya ako sumasampa sa pader ng bahay niya para makatakas.

"Hindi ko gusto na mapilayan ka Monica kaya bumaba kana okay."

Nahuli nya ako na tinatago ang isang kutsilyo sa likod nya.

"Baka masaktan mo ang sarili mo Monica. Please don't touch anything like this again okay."

... nang palihim ko kinukuha ang baril nya.

He grabbed me, kumurap lang ako naisandal na nya ako sa dingding at nakakulong na sa mga bisig nya habang nakataas ang dalawang kamay ko, gumapang ang isang kamay nya papunta sa kamay ko nakahawak sa barila at isa-isang tinanggal ang mga daliri ko na nakapulupot sa armas.

"*You are forbidden to use this thing Monica hindi ko gusto na aksidente mo mabaril ang sarili mo."*

See, sampu yata ang mata ng lalaki to, aba alam ang lahat ng galaw ko eh.

Hindi ko rin alam kung nang-aasar sya o ano talagang sinama nya pa ako dito...dito sa bahay ng mga Montereal.

Putsa buhay nakakinis.

Hanggang ngayon nga pinag-iisipan ko kung paano ako makakaalis dito.

"Monica?" Napalingon ako ng may tumawag sa pangalan na iyon. Isa pa sa hindi ko maintindihan. Bakit kusang kumikilos ang katawan ko patugon sa tuwing binabanggit o tinatawag ang pangalang iyon.

Isang gwapong lalaki na may hawak na kuneho ang nalingunan ko. Nanlaki ang mga mata nya ng magtama ang mga mata namin.

"Ikaw nga, M. " Bigla nya ako niyakap. "Geez Dora namiss kita."

Then lumipad sya sa ere at patihaya bumagsak sa buhanginan. Natigilan ang lahat na naroon at napanganga. Bakit? Binalibag ko lang naman ang higateng lalaki ito, na ang kapal mukha na hawakan ako.

"Hala ayos ka lang ba Cloud?" Mablis na nakalapit sa amin si Ysa dinaluhan nito ang higateng lalaki na hanggang ngayon ay nakatingin sa akin.

Susugod sana ako ulit, kaso mabilis na humapit ang kamay ni Ylac sa bewang ko.

"Damn it Eros diba sinabi ko na sayo huwag mo muna sya lalapitan." Ang galit na sabi ng binata na nasa likuran ko.

Ako? Muli nagmalfunction ang katwan ko dahil sa pagdidikit ng katawan namin ng lalaki.

Shit dapat bang lagi ganito ang maging reaksyon ko kapag magdidikit kami?

Nakatayo naman na ang lalaki tinawag nila Cloud Eros? Eros Cloud. Bakas parin ang pagkagulat sa mukha nya. Napansin ko sa lahat ng nangyari hawak-hawak nya parin ang kuneho nya. Maya-maya humalakhak sya

"Woa grabe Dora. Kayang-kaya mo ako pala ibalibag." Napailing-iling sya. "Kapag hindi kana nawawala sa sarili mo at naaalala mo na kung sino ako. I hope na gawin mo ulit iyon ang epic eh, si Dora nang babalibag ng kapre hahaha bago iyon."

Baliw ba' to? Bakit lahat na lang ng mga tao rito may saltik yata.

"Eros." May pananaway na sabi ni Ylac.

"Okay, okay sorry. Natatawa lang talaga ako." Bigla sya sumeryoso. Lumapit sa akin kaya naging alerto ulit ang katawan ko.

Napapansin ko na kapag si Ylac Vlue ang nasa paligid kalma lang ang lahat ng fighting cells ko. Pero kapag iba na ang lumalapit balik fighting mode silang lahat.

"Bilisan mo bumalik Dora. Nami-miss ko na ang ka-eating buddy ko. Hindi masarap kumain kapag wala kaagaw. Ipapadala ko iyon map mo sayo para madali ka makauwi." Humalakhak ulit sya.

Confirm abnoy 'tong lalaki to.

"Pero dahil andito karin naman na ikaw na ang bahala sa kuneho mo, okay." Bigla nya binigay ang kuneho hawak sa akin na sa sobra kabiglaan ay tinanggap ko. Saka nya ako mabils na binigyan ng halik sa noo.

"Shit! Fuck the fucking off Aragon." Si Ylac.

Ngumisi lang ang lalaki sa kanya bago muli ako tinignan. "Bilisan mo bumalik, ha M." Pagkatapos non para wala lang na naglakad ito papunta buffet table.

Naramdaman ko ang pagbuntung-hininga ni Ylac bago nya ako hinarap sa kanya.

"I really hate it kapag may humahawak sa iyo ibang lalaki. Especially that Aragon." He said habang pinupunasan ang noo ko.

Iyon mga bisita nanonood sa amin kanina muli na bumalik sa kung ano man na pinagkakaabalahan nila, tulad ng asal ng Eros na iyon parang walang nangyari na nagpatuloy sila sa kani-kanilang buhay.

Are they for real? Talagang balik tawanan sila na para bang hindi ako nambalibag ng tao kanina.

Pinupunasan ni Ylac ang noo ko gamit ang palad nya.

Ito. Itong lalaki ito ang number one na nagpapagulo sa akin.

At anong ibig nya sabihin na ayaw nya na may ibang lalaki humahawak sa akin? Tangna nakakagulo talaga ng utak. "Ano ba," singhal ko sa kanya. Malakas ko tinabig ang kamay nya.

"Kelan mo ba ako papakawalan Santiago?" Inis na tanong ko. Tanong na hindi ko na nahintay dahil napatingin ako sa hayop na nasa kamay ko. Kasunod non ay ang matinding sakit sa ulo.

"Monica!" Mabilis na umalalay sa akin si Ylac nang bumuway ang tayo ko.

Tinignan ko sya. Punong-puno ng pagkalito ang mga mata ko habang nakadapo sa asul nya mga mata.

Then I whisphered a name na nagpalaki ng mga mata nya.

"Coni..."

****

H/n

Thank you

152018Npo 12:58

22

"What? Anong sinabi mo?" Tanong sa akin ni Ylac habang mahigpit ang hawak sa magkabilang braso ko.

"What?" Disoriented na tanong ko. Wala sa loob na napatungo ako at napatingin sa kuneho hawak-hawak ko.

"Iyong pangalan na binanggit mo," Ulit nya. Napakunot noo ako dahil parang may napakaimportante bagay ako nasabi dahil sa reaksyon na pinapakita nya.

"Coni." Simple sagot ko. "Ano ba lumayo ka nga." Umatras ako. Dikit na dikit na naman kasi sya sa akin.

"Kilala mo ba kung sino si Coni?"

Bwisit ano na naman ba ang problema nya?

"Answer me Monica."

"Oo." Inis na sagot ko. "Si Coni ay ang ang kunehong hawak-" Natigilan ako nanlaki ang mga mata at muli napatingin sa hayop na karga ko.

Shit! anong big sabihin nito? Bakit sigurado ako Coni ang pangalan ng rabbit na'to. Bakit lumabas ng pangalan ng hayop na ito sa bibig ko?

Kasi nga kilala mo ako gaga

The Hell! Bakit parang may koneksyon ako at ang kuneho?

Naguguluhan na na nagtaas ako ng tingin kay Ylac.

"A-anong nangyayari? Bakit ganito? May pinainom ka bang gamot sa akin? Droga? Bakit kilala ko ang hayop na 'to kahit ngayon ko lang sya nakita?" Tanong ko sa kanya.

Nagsisimula na ako magpanic. Sigurado ako may ginagawa sya sa akin. Kaya nagkakaganito ako.

"Umamin ka. Dinodroga nyo ako diba. Tapos tinataniman nyo ng kung ano-ano ang utak ko, tama ba ako."

"No. Hindi Monica-"

Pabigla binigay ko sa kanya n kuneho. "Hindi kayo magtatagupay sa plano nyo. Hindi nyo ako mapapasunod. Hinding-hindi nyo ako magiging kakampi." sigaw ko na nagpatigil na naman sa ginagawa ng mga naroon.

"Hindi. Mali ka ng iniisip-"

"Fuck you!" Tumalikod ako para tumakbo.

Kailangan na talaga makatakas ako dito. Kailangan na makalayo ako bago pa nila ako mapwersa na maging kaanib nila.

Kailanga--

Napadapa ako ng may sumabog malapit sa buffet table. Nagtalsikan ang mga mesa at plato sa lakas ng impact ng pagsabog. Kasunod ay ang pag-alingawngaw ng mga putok galing sa baril.

"Monica.' Naramdaman nya ang paglukob ng mainit na katawan sa likod ko.

Buong sistema ko ay naka high alert. Alam ko may mga umaatake, kailangan ko kumilos dahil baka mga DMC ang mga iyon at tutulungan ako makaalis dito.

"Damn." Mura ni Ylac ng may kalalakihan ang lumapit sa amin na bumaba mula sa isang van.

Shit!

Kahit ako napamura dahil hindi sila mga taga DMC na tulad ng inaasahan ko.

"Ylac!" Sigaw ni Ysa na hinagisan ng baril ang lalaki.

Tila biglang nagkaroon ng gera iyong mga tao na nagkakatuwaan at nagkakainan kanina ay eksperto nakikipaglaban ngayon.

Lahat sila mahuhusay.

Kung pagtutulungan nila ako sigurado ako patay ako.

At talagang iyan pa ang naisip mo.

"Monica." Hinawakan ni Ylac ang mga kamay ko at mabilis ako hinila patayo. Ibinigay nya sa akin si Coni.

Niyakap nya ako at hinila ako patago sa isang mesa na natumba.

"You will be safe Monica I promise. Hindi ka masasaktan. I will protect you." He said na hinalikan ako sa noo. Patuloy parin ang putukan at labanan sa backround namin.

Kinuntan ko sya ng noo.

"Ako pro-protektahan mo? No thank you I can protect myself. Hindi ko kailangan ng pagproprotekta mula sa isang kalaban na tulad mo." Umakto ako tatayo ngunit mabilis sya, napigilann nya ako sa braso. Kasunod ay ang pagbaril nya sa kalaban na nasa likod ko.

"Damn it." Mura pa nya.

Bago pa ako makapagreact ulit nanlaki ang mga mata ko ng may kalaban na sumulpot sa likod nya kasunod ng pag-unday sa kanya ng saksak.

Nang tumama ang kutsilyo sa balikat ng binata, nang kumalat ang dugo sa damit nya, parang may pumitik na kung ano sa sentido ko.

Kumilos ang katawan ko at mabilis na naagaw ang patalim sa lalaki, in one swift move patay itong bumagsak sa lupa ng gilitan ko.

"Monica!" Sigaw ni Ylac na hindi ko na gaanong narinig. Para sa akin naging napakalayo na ng tinig nya.

Nagtuloy-tuloy ang galaw ng katawan ko. Bumalik ako sa panahon kung saan kailangan kong lumaban dahil kung hindi mamatay ako.

Sinimulan ko umatake. Inatake ko lahat ng kalaban na nakita ko.

Tuwing lumalaban ako laging ganito. Lagi akong bumabalik sa panahon na sinasanay ako. Wala ako namamalayan sa paligid, ang nakikita ko lang ay ang mga kalaban ko.
Nakakundisyon ang isip at katawan ko na patayin silang lahat.

"Shit Monica." Narinig ko ang pagtawag nya ngunit sa pagkakataong iyon sa aking pandinig mas malayo ang tinig nya. Kaya hindi ko sya pinansin.

Nakahawak ako ng baril at pinagbabaril ang mga sumugod na kalalakihan.

Matibay ang pulso at hindi nayayanig ang katawan ko sa bawat pagpapaputok na ginagawa ko.

Suntok, sipa at saksak. Eksperto ko ginawa ang lahat. Huminto lang ako ng ang kahuli-hulihang kalaban ay bumagsak sa lupa.

Habang nakatingin sa dugong bumubulwak sa leeg ng huling kaaway na natumba, noon lang ako naging aware sa tunog ng alon ng dagat na humahampas sa dalampasigan, sa tunog ng aking hininga dahil sa paghingal. Noon ko lang din napansin na nakatingin silang lahat sa akin.

Iyong lalaki lumapit sa akin kanina na may pangalang Eros namimilog ang mga mata. At tila ba bigla-bigla sa nagawa ko.

Mapait akong ngumiti. Sa ayos kong iyon na may bahid ng dugo ang damit may sugat sa pisngi habang nililipad ang buhok at may hawak na baril, mukha na talaga ako mamatay tao. A heartless killer.

Siguro naman hindi na nila ipagpipilitan na ako ang Monica iyon.
Iniisip ko palang iyon narinig ko na tinawag na naman nya ako sa pangalang iyon.

"Monica."

"My name is Monique." Madiin ko sabi. "Monique. Sigurado ako na hindi kaya gawin ng Monica iyon ang mga ginawa ko ngayon. I'm sure na hindi isang mamatay tao ang Monica mo. Kaya pwede ba tigil-tigilan mo na ang pagtawag sa akin sa pangalang iyan dahil hindi nga ako si Monica!"

Hindi umimik si Ylac, matiim nya lang ako pinagmasdan, hanggang sa dahan-dahan syang lumapit pinigilan ko ang sarili ko na umatras hinding-hibdi ko sya aatrasan kapag inatake nya ako.

Sa mabilis na paraan nakuha nya sa kamay ko ang baril. Sa bilis hindi ako nakapagreact man lang.

Then pinunasan nya ang dugo sa pisngi ko. Nanigas ako dahil ginawa nya iyon sa napakasuyo paraan.

"Like I said love huwag kang humawak ng baril."

Love.

Love.

Love.

Shit ano to? What the fuck is this?

Bumilis kasi ng napakabilis ang puso ko sa na tila ba na-excite ako sa di ko malamang dahilan.

Umayos ka Monique.

Bago ko pa sya suplahin sa tinawag nya sa akin napatingin ako sa balikat nya dumudugo pa din.

"May sugat ka?" Unaware bumakas ang pag-aalala sa tinig ko. Lumapit pa ako sa kanya. Mabilis ko pinunit ang laylayan ng damit ko at mabilis na tinali sa balikat nya iyon.

"You need to see a doctor. Kailangan mo magamot. Shit! Kailangan natin magamot iyan ngayon." Hinawakan ko ang kamay nya at hihilahin ko sana sya papasok ng villa ng mga Montereal ng matigilan ako.

Noon ko narealize kung ano ginagawa ko.

Nakita ko lang sya may sugat nagpanic na ako. Nakita ko lang sya dumudugo nag-alala na ako, ni hindi ko na napansin ang mga nangyayari sa paligid ko ngayon dahil ang buong atensyon ko ay nasa kanya na.

Saan ba galing? Saan ba nanggagaling ang pakiramdam ko na ito para sa kanya.

At lalo ako nilito ng lalaki ito sa sunod nyang ginawa...

Hinila nya ang kamay ko na nakahawak sa kamay nya pimalibot ang isang kamay nya sa bewang ko saka ako madiin ako na hinalikan sa aking mga labi.

"You. Are. My. Love. My. Monica." Pagkatapos ay ngumiti sya. "and still no cursing for you my mischievous lady."

*****

Kumurap ako, kumurap din ang mga mata ng kunehong si Coni.

Kumurap ako.

Kumurap sya.

Kumurap ako.

Kumurap sya.

Siguro higit kahating oras na namin iyon gingawa habang nakasakay sa sasakyan ni Ylac at hinihintay ang binata.

"Bakit ganyan ka makatingin?" Tanong ko.

eh ganyan karin makatingin sakin loka.

"Ang sabi nila kuneho ka daw ni Monica." Pinasadahan ko sya ng tingin. "Ang panget naman ng taste nya."

** aba-aba M gusto mo kaltukan kita makalait ito akala mo porket may amnesia ka pwede muna ako laitin. Kagatin kita dyan ng magising ka sa katotohanan makita mo. **

"Bakit kasi pinagpipilitan nyo na ako si Monica, sobra ba kami magkamukha? Dapat pinapahanap mo sa Ylac na iyon iyong totoo Monica hindi iyong ako binubwisit nyo."

wow makabwisit ah, malapit na talaga kitang upakan Monica Agapito.

Bumuntung-hininga ako.

"Great nakikipag-usap na ako sa hayop. Putsa nababaliw na yata ako."

gaga matagal ka ng lokaloka naglevel up lang ngayon kasi pumapatay ka na.

Natigil ako sa pakikipag-usap sa hayop ng pumasok si Ylac sa loob ng sasakyan.

"Ready?" Tanong niya habang nakalingon sa akin at nagse-seatbelt.

Hindi ako umimik. Ang lakas ng tama nya, kung makapagtanong sya akala mo bukal sa loob ko ang pagsakay dito, samantalang wala ako ka choice, choice.

Balik sa dating gawi ang mga taong dumalo sa anniversary ng Montereal. Para bang walang nangyari barilan, away at patayan. Tila ba sanay na sanay sila sa mga ganong pangyayari.

Sino ba ang mga ito bakit parang ang dami nilang kaaway?

gurl sila nga ang mga D&A diba? Saan ka ba pumunta at parang nawalan ng hangin iyang utak mo. Sobra bang pagkagutom ang inabot mo at nawala ka sa sarili mo.

Narinig ko bumuntung-hininga si Ylac sa hindi ko pagsagot.

Umismid ako.

Galit ako, naiinis at nalilito. May mga pakiramdam sya pinaparamdam sa akin na hindi ko alam kung saan galing. Iniiwasan ko na ngang mapatingin sa mga mata nya dahil parang kaya nya ako mapasunod kapag nakatingin ako ng deretso sa kanya.

Tulad na lang ngayon hindi ko alam kung saan nya ako dadalhin. Nagsawa na ako magtanong dahil puro ngiti na lang ang sagot nya sa akin.

Dapat tumatakbo na sya palayo sa akin. Dapat mandiri sya maghilakbot dahil kayang-kayang ko pumatay ng wala awa. Ngunit imbes na ganon. Kalungkutan na naman ang nabasa ko sa asul nya mga mata.

Alam ko may mali. Deep inside alam ko, na iyong sinasabi nilang Monica ay ako. Bakit? Dahil blanko

ang memorya ko sa mga panahon na wala ako sa poder ng DMC .

Hindi ko lang matanggap.

Hirap akong tanggapin na ako iyong sinasabi nila na masayahin, matakaw, pilya at mabait na Monica. Hindi ko maisip ang sarili ko na ganon na katauhan.

Kung ano man ang ginawa sa akin ng mga taga-DMC mukhang sinelyuhan na nila ang pagkatao ko. Sila na ang namili kung ano dapat ako.

Wala ako plano bumalik kung sakali ako man ang Monica na iyon. Mas gusto ko ang buhay ko ngayon.

Talaga lang ha. Kaya pala todo effort ka na isipin kung ikaw ba talaga si Monica. Napatiim-bagang ako.

Tama ang isang bahagi ng isip ko pinipilit ko na alalahanin kung ako ba si Monica dahil kay Ylac.

Nililito ako ng lalaking iyan. Inaakit. Parang may lubid na humihila sa akin patungo sa kanya. Parang may kung anong pwersa na gusto ko patunayan na ako nga si Monica para mapasaya ko sya.

Wala sa loob na hinaplos ko ang ulo ni Coni. Tumingin sa bintana. Sino nga ba ako talaga?

*****

Laglag ang panga ko habang tinitignan ang ang tatlong kastilyo sa ibaba.

Main DQ. Underground castles.

Fuck shit! Mga kastilyo ang Headquarters nila! Underground castle pa.

Nakatulog ako sa buong byahe. Dahil narin siguro sa pagod at sobra pag-iisip mahimbing ang tulog ko. Idagdag pa na panatag ang loob ko sa lalaking kasama ko.

Kaya naman biglang-bigla ako ng gisingin nya ako at paglabas namin ng sasakyan ay ito na ang bumungad sa akin.

Napatingin ako sa itaas dahil may nakikita ako liwanag na mula sa araw gayong nasa ilalim kami ayon sa kanya.

Sino ba sya? Sino ba ang D&A. Ang mga Santiago? Bakit pakiramdam ko sila ang nagmamay-ari sa mundo ito. Sino ka ba?

"Welcome to our Main DQ Monica." Nakangiti sabi ni Ylac.

"A-anong-?" Tumikhim ako. "Bakit mo ako dinala rito?" Humigpit ang pagkakahawak ko kay Coni ng lumapit sya. Sobra lapit kaya nagugulo na naman ang sistema ko Noon ko rin naramdaman na parang may mga hayop sa tyan ko na nagpa-party-party dahil sa paglapit nyang iyon.

"Because sooner or later aangkinin kita ng buong-buo ngunit bago iyon gusto ko muna makita mo ang mundo ko."

Kumabog ng pagkalakas-lakas ng dibdib ko. Nagbunyi ang mga hayop sa tyan ko.

"Pinagsasabi mo."

aba pakipot si ate. Umayos ka M diba inaasam-asam mo iyan.

Nakatanga ako sa mga nakikita ko. Para talaga akong pumasok sa ibang mundo. Mundo ni Ylac Vlue Santiago. Kung saan isa syang prinsepe.

Habang pababa sa escalator patungo sa unang kastilyo na tinawag ni Ylac na Motte. Hindi ko mapigilan na mapanganga.

May mga nagsasanay doon.

Bago bumaba kinailangan ko pa ng passes para makapasok. It's a silver tag na may pangalan ni Monica.

MONICA/Boss Vlue girlfriend.

Iyon ang nakasulat sa tag dahil ang hinayupak na binata iyon ang binigay na descprition.

Nang makarating kami sa Motte marami ako nakita nagsasanay. Motte ang nagsisilbing training ground ng D&A.

Hindi ko inexpect na ganito sila kayaman, na meron sila palasyo. Fuck hindi lang isa kundi tatlo kastilyo pa.

Sinalubong kami ni Tinker bell? Tama ba ang nakikita ko?

"Monica meet Tinker Compy. Sya ang isa sa mga guide, observer at trainor computer dito sa DQ."

"c-computer? Robot sya?"

"Yup at marami pa ka pang Compy na makikita, ibat-ibang wangis at itsura."

Tinignan ko sya na para bang tinubuan sya ng isa pang ulo.

Mukha na amaze sya sa reaksyon ko dahil ngumiti sya at sa labis na pagkagulat ko ay mabilis ako hinalikan sa ilong.

"So cute." Sabi niya na nakatingin ng deretso sa akin.

"A-ano ba," wala lakas na sabi ko.

"Boss." Napatingin kami ng may dalawang babae na lumapit sa puwesto namin. Sumaludo sila kay Ylac.

"Razor. Merz." Bati ni Ylac.

"We,re so happy na napadalaw ka Ylac." Masayang sabi ng Merz na nagpataas ng kilay ko dahil sinundan iyon ng babae ng isang matamis na ngiti.

"Oo nga Vlue. Matutuwa ang mga babaeng trainees dahil naandito ang isa sa mga prinsepe ng DQ.

Ikaw din mukha kang happy sa pagdating nya obvious na obvious. Landi.

Selos ka no M.

Natigilan ako.

Nagseselos ba ako?

Bakit ako magseselos? Never ako magseselos. Bakit ano ko ba sya? Kontra ng isip ko. Pero ng lumapit pa iyong Merz kay Ylac kusang kumilos ang katawan ko paharang para hindi sya makalapit sa binata.

Damn! Ano bang ginagawa ko.

itutuloy...

*****

H/n

Numininja lang ako para matapos ito kung may mga mali hahhaha sa brgy kayo magreklamo ??. dyok lang hahaha ipaalam nyo nalang sa akin para mabago ko. Salamat sa pagbabasa, sa mga boboto at magkokomento.

Helliza Sabida

1162018gsj 15:52

23

Anong kagaguhan iyan Monique. Hindi ka nagseselos. Wala ka dapat ipagselos.

Napasuklay ako sa buhok ko habang nakaupo sa pang-prinsesa na kama sa kwartong inilaan nila para sa akin.

Pagkapasok ko pa lang kanina gusto ko ng umatras dahil talagang para sa isang prinsesa ang kwarto na binigay ni Ylac sa akin. Pakiramdam ko isusuka ako nitong kwarto dahil hindi ako bagay dito.

Sumalampak ako ng higa sa napakalambot na kama.
Bumalik sa isip ko iyong ginawa ko eksena kanina.

Talagang hinarang ko ang sarili ko para hindi makalapit ang Merz na iyon kay Ylac.

"Huwag masyado malapit." Matapos ko sabihin iyon nanlaki ang mga mata ko napatingin sa binata na ngiting-ngiti.

Iyong Merz naman mukhang hindi na offend sa sinabi ko dahi nakangiti pa. "Don't worry miss M alam naman namin na sayo si Boss Vlue."

"oo nga po miss M. Hinahangaan lang namin siya pero hanggang doon lang." dagdag pa nung Razor.

"They are right love. Sayong-sayo ako. From body, heart & soul. Sayong-sayo ang lahat ng ako." Bulong ni Ylac sa tenga ko na nagpatayo sa aking balahibo.

"Damn!" napaupo ako ulit ng magparty-party ang mga hayop sa tyan ko ng maalala iyon... kung paano gumuhit ang mainit niya hininga sa tenga ko.

huwag na kasing i-deny ang nararamdaman nakakabaliw kasi talaga iyan.

Tumingin ako kay Coni na nanginginain ng carrot sa maliit na kama na tulad ng sa akin.

"Relaks na relaks ah. Bakit ba sa akin ka iniwan? Bakit hindi ka sa Ylac na iyon magpa-alaga.

kahit gusto ko gurl hindi pwede kasi ikaw ang amo ko.

Bumuntung-hininga ako ng may kumatok. Sana hindi si Ylac ang nasa kabila dahil talaga nahihiya ako na harapin sya. Tameme kasi ako matapos nya ako bulungan. Puta as in speechless, wala ako nasabi kahit pagkontra sa sinabi niya.

akala ko ba heartless ka na ngayon aba teh marunong ka parin pala mahiya eh

Binuksan ko ang pinto hinanda ang sarili kung sakaling si Ylac nga ang nasa kabila.

Hindi si Ylac ang napagbuksan ko, pero pareho sila ng mga mata.

Habang nakatingin ako sa mata nya parang nakatingin narin ako kay Ylac.

"Hello Monica." Bati ng babae na nasa harap ko.

Kahawig sya ni Ylac, kapatid nya din ba ang babae?

Nang humakbang papasok ang babae kahit hindi ko pinapapasok naging alerto ang buong sistema ko.

Punong-puno kasi ng awtoridad ang babae, naglalakad lang sya at walang ginagawa pero sinisigaw ng pagkatao niya na isa syang mapanganib na tao.

There was an authority and power na umiikot sa babae making my fighting cells become alert and ready.

"who are you?" tanong ko.

Nakapamulsa ang isang kamay ng babae na nakasuot ng itim na pantalon at puting long sleeve.

"oh sorry medyo nawala ang manners ko. Pardon me hija nakalimutan ko kasi na hindi ka makaalala. I'm Angela Fuentebella Santiago, Ylac's mother."

Nanlaki ang mga mata ko. What the hell? Mama ito ni Ylac? As in sya ang naluwal sa lalaki. Pinagloloko ba ako ng babae ito. Eh mukhang magkasing-edad lang sila ni Ylac ah.

Tumawa si Angela. Pagtawa na lalo kong kinamangha dahil iyong kakaibang aura na naramdaman ko kanina ay nawala, ayaw ko man tila naging panatag ang loob ko sa babae nasa harap ko.

"Sorry," pinigilan nya ang pagtawa. "pasensya na hija hindi ko napigilan na tumawa ng makita ang reaksyon mo ganyan na ganyan ka din kasi ng una mo ako nakilala."

Nagkakilala na kami?

"Anyway inabala lang kita para ibigay ito sayo." Saka ko lang napansin na may hawak sya pink na paperbag. "I hope na ganon parin ang size mo."

Wala sa loob na inabot ko iyon.

Ginagap niya ang kamay ko.

Hihilahin ko sana iyon pero natigilan ako ng magsalita sya.

"Alam ko mahirap, alam ko nalilito ka. Wala ako masabi sayo para mawala lahat ng pagdududa mo kundi ito lang. Mahal ka ng anak ko. Mahal ka ni Ylac. Hindi man sya makilala ng utak mo sa ngayon ito naman ang magtuturo sayo ng daan para makabalik sa kanya." Itinuro nya ang puso ko. " Kung anoman kagagohan ang ginagawa ng anak ko para magrefuse ang utak mo na alalahanin sya, sigurado ako na nagsisisi sya at pagbabayaran nya iyon."

"At kahit na nagbago ka kahit na ano pang pagkatao na meron ka ngayon. Hindi mababago na si Monica ay para kay Ylac Vlue lang. Bakit ko nasabi? Dahil alam ko hindi ka na papakawalan ng anak ko. Kahit anong pagpipiglas, kahit anong panlalaban mo." Nabasa nya ang pagtutol sa mukha ko. "Believe me hija dahil sa akin nila minana ang pag-uugaling iyan. At dahil iyon din ang tinuro ng ama nila sa kanila" ngumisi sya. "So you better be ready kung hindi mo parin maalala ang anak ko. Because once a Santiago loved and marked you as his/her mine. Wala kang ibang babagsakan kundi sa piling nila."

Kumunot ang noo ko hindi naman sya tunog nagbabanta pero naging alerto na naman ako.

Ngumiti ulit sya sa akin at sa gulat ko bigla nya ako niyakap.

"Enjoy your night okay."

Napakurap-kurap ako ng mabilis sya nawala sa harap ko at natagpuan ko na lang na naglalakad sa mahabang corridor.

The heck!

Napatingin ako sa paper bag na hawak ko at bumuntung-hininga.

Isinarado ko ang pinto at bumalik sa kama.

Napasinghap ako ng tumambad sa akin ang laman niyon. Gown iyon, isang napakagandang scopped blue ball gown na nangingintab pa dahil sa mga pearl beadings, may sandals at kwintas na may palawit na letter M.

**wow parang nung birthday lang ni Ylac ah, naiba lahat maliban sa kwintas. Binigay nya na iyan sayo dati ah nagpabebe ka lang at sinoli mo."*

"Bakit binigyan nila ako ng ganito?"

tanga-tangahan lang teh may party nga daw diba.

May nakita ako maliit na card.

Be my date, wear this. Kapag hindi mo sinuot ang gown, you will be my date forever. Kapag hindi mo sinuot ang sandals magiging girlfriend kita. At kapag nakita ko hindi mo suot ang kwintas papakasalan mo ako. And if you ignore me at hindi mo sinuot lahat ng bigay ko ibig sabihin lang non mananatili ka sa tabi ko at hindi mo na ako iiwan. So will you be my date?

Ylac Vlue

Napatawa ako. Bakit parang wala naman ako choice sa mga pagpipilian. Walang ibang babagsakan kundi sa tabi niya.

sus gusto mo rin yan gurl, believe me.

Napailing-iling na lang ako. Ano kaya ang hindi ko isusuot?

****

Parang gusto ko umatras mula sa pagkakatayo ko sa hagdanan ng makita ko ang party na ginaganap dito sa malaking bulwagan ng palasyo.

Parang nasa isang pahina sya ng libro na may fairytale ang genre. Kung saan naanyayahan ang isang ordinaryo commoner sa isang kasiyahan sa palasyo.

Graduation ball daw ito ng mga trainee na nakapasa bilang D&A.

Graduation ball pala eh bakit pati ako kasali?

"Here she is. Ladies and gentlemen please welcome Boss Ylac Vlue girlfriend/date Ms. Monica Agapito."

Fuck.

Aatras sana ako ng lahat sila napatingin sa hagdan kung nasaan ako.

Damn bakit may pagganon pa. Pwede naman na huwag nila ako pansinin at ipagpatuloy ang kung ano man na ginagawa nila. Hindi naman akin iyong pangalan na binanggit ah.

Pumalakpak pa sila kaya mas lalo gusto ko tumakbo pabalik sa kwarto ko.

Napigil ko lang ang sarili ko ng magtama ang mga mata namin dalawa. Ang gwapo-gwapo nyang tignan sa suot na royal blue tuxedo. Prinsepeng-prinsepe. Mas lalo akong nanliit.

Napansin nya yata ang pag-aatubili ko na bumaba dahil hindi nya na ako hinitay, bagkus umakyat sya ng hagdan. Huminto sya isang baitang mula sa akin. Inilahad nya ang isang kamay.

Wala syang sinabi basta nakangiti lang sya habang nakatingin ng deretso sa akin.

Inabot ko ang palad nya. Oo inabot ko dahil ayun na naman iyong lubid na humihila sa akin papunta sa kanya.
I'm doomed. Really doomed.

Kapag hindi ka sigurado sa mga gagawin mo ang dapat mo lang gawin ay huminto at pag-isipan ang lahat.

Naandito ako sa gilid sa may tabi ng bintana na may makapal na kurtina. Sa madilim na bahagi kung saan walang gaano makakapansin sa akin.

Natakasan ko si Ylac nang may kinausap sya isang lalaki na kahawig niya. Madami tao kaya madali akong nakasalisi.

"Hello ms. M."

Napalingon ako sa tagiliran ko.

Namilog ang mga mata ko ng lumapit si Minnie mouse sa akin. Hanggang bewang ko lang sya nakataas ang isang kamay hawak ang isang platito na may isang hiwa ng cake.

"Ako si Minnie Compy. Pinapasabi ni Boss Vlue na kumain daw muna ikaw."

Hindi ko maiwasan na mangiti habang nakatingin sa kanya.

Akala ko hindi alam ni Ylac kung nasaan ako. Ngunit mukhang alam talaga ng binata ang bawat kilos ko,

kung nasaan ako.

At natutuwa ka pa talaga ha, di ba dapat nag-aalala kana, paano ka makakatakas sa kanya?

Napapormal ako.

"Salamat."

Muling bumalik ang ngiti ko ng magcurtsy si Minnie Compy sa akin.

Tinitigan ko iyong cake, chocolate iyon na may tatlong cherry sa ibabaw. Hindi ako mahilig sa matamis iyon ang pagkakaalam ko. Pero bakit takam na takam ako sa cake na galing kay Ylac.

Napapikit ako ng kumalat sa loob ng bibig ko ang tamang-tama tamis ng cake.

Infairness masarap, luto nya rin ba'to?

Wala pang limang minuto naubos ko na iyong cake nagpalinga-linga ako naghahanap kung saan pwede ibaba itong platito.

Bukod sa mga buffet wala ako iba mesa nakita.

Saan ba ang kusina dito?

May nakita ako pinto. Hahakbang sana ako papunta doon ng matigilan ako. Kung kanina si Minnie Compy ang lumapit sa akin, si Mickey Compy naman ngayon.

Hawak naman nya ang isang try na may laman kopita na pulang likido ang nasa loob.

"Wine po ms. M," sabi niya na kinuha ang platito sa akin at inabot ang kopita.

"Salamat." Nang makaalis ito inilibot ko ulit ang tingin ko. Noon ko narealize na walang waiters na nag-aasikaso sa mga naroon bagkus iyong mga Compy computer ang nagse-served at umaasikaso sa lahat.

Genius ang nakaimbento at nakaisip sa mga robot na iyan.

Inisang lagok ko ang wine. Wala sa loob na hinanap ko si Ylac.

Natigilan ako ng makita sya doon malapit sa may sound system kausap ang tatlong babae na kumakanta kanina.

Nabuhay na naman ang kakaiba pakiramdam na iyon na nararamdaman ko lang kapag may kausap na babae si Ylac.

Unaware nagtagis ang bagang ko, lalo na ng haplusin ng isang babae ang dibdib nya.

Haliparot na hipon.

Nag-iwas ako ng tingin, pinakalma ang sarili. Iyong urge na gusto ko lumapit at putulin ang mga kamay ng babaeng humahawak sa kanya ay sobra-sobra.

Kalma Monique. Kalma lang sigurado patay ka rito kapag gumawa ka ng gulo at labanan ka ng lahat.

Hindi na ako tumingin sa gawi nya. Pabagsak ko ibinaba ang kopita na hawak ko sa may pasimano ng bintana na nasa gilid ko.

Gusto ko lumabas. Sumagap ng sariwang hangin. Naispatan ko ang isang balkonahe. Walang lingon-lingon kay Ylac pumunta ako doon.

Madilim at malamig. Hindi ko alintana iyon habang nakatingin sa malaking hardin na tanaw sa kinapu-puwestuhan ko.

Nakatutok ang tingin ko sa isang kerubin na nakatayo sa gitna ng fountain na naroon.

Ilang ulit ko pinag-iisipan kung ano ang dapat na sunod kong hakbang. Kung ano ang dapat kong gawin.

Sa aking likod nagkakasiyahan habang sumasayaw ang mga tao.

Lalaki na ang kumakanta.

Asan na kaya iyong tatlo hipon?

Baka nasa kwarto na ni Ylac.

Kumuyom ang aking kamao. Gustong-gusto ko manuntok sa isiping iyon.

"Malamig dito Monica."

Napapitlag ako ng marinig ko ang boses nya.

"So? Hindi ko ikamamatay ang lamig dito Santiago."

Hindi nagtatayuan ang balahibo ko sa simoy ng hangin dahil kaya ko naman. Ngunit ng haplusin nya ang braso ko nagtayuan ang mga iyon.

Shit!

"Liar. " naramdaman ko ang pagbalot ng isang tela sa katawan ko, nang tignan ko iyon ay coat nya pala.

"I don't need---,"

"I know Monica, hindi mo pa ako kailangan... for now. Pero hayaan mo sana ako na alagaan ka."

Natigilan ako at muling napapatitig sa tanawin na pinagmamasdan ko kanina.

Natapos ang tugtog at may pumailanlang na isang kanta, ngunit sa pagkakataong iyon, tanging melody na lang iyon na nagmumula sa isang piano.

Pinalis ko ang kamay nya na nakahawak parin sa braso ko.

"Babalik---,"

"I found a love for me Darling just dive right in and follow my lead,"

Nagulat ako ng bigla nyang pinunan ng lyrics ang tugtog na bumabalot sa amin. Lalo na ng hawakan nya ang isang kamay ko at hapitin ako papunta sa katawan nya.

"Anong ginagawa mo?"

"Well I found a girl beautiful and sweet I never knew you were the someone waiting for me 'Cause we were just kids when we fell in love Not knowing what it was I will not give you up this time"

Napaawang na lang ang mga labi ko ng igiya nya ako pasayaw habang patuloy na kumakanta.

"But darling, just kiss me slow, your heart is all I own And in your eyes you're holding mine,"

Tila ako nahihipnotismo habang nakatingin sa mga mta nya. Unti-unti akong nawawala sa sarili habang nakikinig sa kanyang pagkanta.

"Baby, I'm dancing in the dark with you between my arms
Barefoot on the grass, listening to our favorite song
When you said you looked a mess, I whispered underneath my breath
But you heard it, darling, you look perfect tonight"

Napapasunod ang paa at katawan ko sa galaw nya. Halos ibulong nya ang pag-awit sa mga salita pero bakit nabibingi ako? Bakit sinasabayan ng puso ko iyong puso nya na mabilis din ang pagtibok. Ramdam na ramdam ko iyon dahil halos ibaon nya ako sa katawan nya.

"Well I found a woman, stronger than anyone I know
She shares my dreams, I hope that someday I'll share her home
I found a love, to carry more than just my secrets
To carry love, to carry children of our own"

Napapikit ako ng mas lalo nyang ilapit ang mukha nya sa mukha ko. Amoy na amoy ko na naman ang mabango nya hininga. At nang halikan nya ang tungki ng ilong ko lalong nagrigodon ang pagtibok ng puso ko na sinabayan pa ng pagwawala ng mga hayop sa tyan ko.

Sa madalim at malamig na lugar na iyon. Saksi ang kerubin na tila nakatingala sa amin, habang napapalibutan kami ng tunog ng maganda nya tinig isang bagay ang narealize ako, na ayaw ko man ay inamin ko na sa sarili ko.

Damn! I'm in love! I fucking love Ylac Vlue Santiago!

"When I saw you in that dress, looking so beautiful
I don't deserve this, darling, you look perfect tonight
Baby, I'm dancing in the dark, with you between my arms
Barefoot on the grass, listening to our favorite song
I have faith in what I see
Now I know I have met an angel in person
And she looks perfect
I don't deserve this
You look perfect tonight"

itutuloy....

Chapter song: Perfect by Ed sheeran

****

H/N

Salamat sa pagbabasa :)

Helliza Sabida

2102019Uvf 13:46

24

Ako, si Monique ang heartless reaper ng MDC, l in love sa isang kaaway. *Tangna* paano ko lulusutan to?

Wals ka ng lulusutan dahil huling-huli ka na Monique.

Umihip ang mas malakas na simoy ng hangin. Mukhang naramdaman nya ang panlalamig ko lalo dahil mas lalo nya ako hinapit para protektahan sa malamig nabuga niyon.

Humihimig na lang sya, ibang awitin na ang tinutogtog, upbeat na pero iyong mga bisig nya nanatili nakayakap sakin. Kinukulong ako. Ang puso ko.

"Pwede bang bitawan mo na ako?"

Gusto ko lumayo sa kanya. Nakakahiya man aminin pero natatakot ako kung saan ako dadalhin ng nararamdaman kong ito sa kanya.

"Monica--," itinulak ko sya at mabilis na pumasok sa loob.

You need to get out of here, kailangan mong lumayo sa kanya.

"Monica sandali lang." Sa gitna ng sayawan nya ako naabutan.

"Can you please leave me alone!" singhal ko sa kanya ng muli nya akong maabutan at mahawakan sa braso.

"Saan kaba pupunta, hindi pa tapos..."

Knew the signs
Wasn't right
I was stupid for a while
Swept away by you
And now I feel like a fool
So confused,
My heart's bruised
Was I ever loved by you?

Hindi ko na nasundan ang sinasabi nya nang pumailanlang ang isang pamilyar na kanta.

Natigilan ako ng parang may kung anong pumitik sa sentido ko.

Out of reach, so far
I never had your heart
Out of reach,
Couldn't see
We were never
Meant to be

Napahawak ako sa kaliwang tenga ko, ng unti-unting napalitan sa isip ko iyong kanta naririnig ko.

Catch myself
From despair...

'*Kill him'*

'*Kill them.'*

Napalinga-linga ako para hanapin kung saan nanggagaling ang boses na iyon. Pero bukod kay Ylac wala akong nakikita iba na nakikipag-usap sa akin.

'*Kill him.'*

'Kill them all'

Paulit-ulit iyon, palakas ng palakas. Hanggang sa tinakip ko na ang dalawang kamay ko sa magkabila ko tenga.

KILL THEM!

KILL THEM!

KILL HIM! NOW!

Pagkatapos ng nakakabinging sigaw na iyon sa ulo ko wala na akong sunod na namalayan sa paligid ko.

*****

~Angela

PInagmasdan ko ang anak kong si Ylac habang nakatingin kay Monica na walang malay at nakahiga sa kama nito.

"Damn them Ma, damn DMC to hell!" mura nya, galit na galit. Sa sobrang galit nya pa malakas nyang sinuntok ang pader na nasa gilid.

Nagdugo ang kamay ng anak ko, pagdugo na hindi niya pinansin tulad ng hindi niya pagpansin sa mga sugat na natamo nya sa pagwawala ni Monica.

Hindi lang ako ang nagulat kung hindi lahat kami, nang walang sabi-sabing sinugod ni Monica ang isa sa mga D&A na kasama nilang nagsasayaw.

Hindi namin alam kung ano ang nangyari. Kung bakit bigla nalang nanugod si Monica. Nang pinigilan na sya ni Ylac mas lalo sya nagwala.

Suntok, sipa at kung ano-ano pa ang ginawa nya pag-atake.

Nang mga oras na iyon tila di-susing laruan si Monica na walang habas na sinusugod ang mga nakikita nya.

Kahit si Ylac sinugod niya.

Hindi lumalaban ang anak ko umiilag lang sya. Inutusan nya rin na walang gagalaw, hahawak at mananakit kay Monica kaya hindi kaagad naawat ang dalaga. Kahit nakakuha ng baril ang babae at mabaril sya sa braso hindi iyon ininda ng anak ko.

"Walang magkakamali na saktan sya, isang sugat lang buhat sa inyo mananagot kayo sa akin!" Mariin nya utos. Ilang suntok, sampal at sipa pa ang natanggap nya bago nya nagawa pigilan ang babae.

"Mapapatay ko ang gumawa nito sa kanya ma, mapapatay ko."

Bumuntunghininga ako napatingin kay Dylan na nakatiim-bagang din habang nakatingin sa anak namin na galit na galit.

Nilapitan ko si Ylac. Niyakap.

"Shhh alam ko mahirap, alam ko hindi madali na makita ang minamahal mo na ganyan, pero kailangan mo magpakatatag at huminahon walang mangyayari kung magwawala ka. Ang kailangan mo gawin ay kumalma at isipin kung ano ang dapat mo sunod na gawin." Lumayo ako sa kanya at tinignan sya ng deretso sa mga mata, my eyes.

"Monica needs you."

Bakas ang lungkot sa mukha na lumayo sya sa akin at umupo sa gilid ng kama. Kumuyom ang kamay niya at nalamukos ang kulay puti bedsheet ng makita nya ang peklat na nasa braso ni Monica.

"Paano ko sya tutulungan Ma? Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa kanya, hindi ko alam kung ano ang dahilan ng pagwawala nya. Hindi ko alam kung bakit nya ako nakalimutan? Hindi ko alam kung ano ang mga pinagdaanan nya ng mawala sya." Sa pagkakatong iyon si Dylan ang lumapit sa anak namin.

"Hindi mo alam, but son sigurado naman ako na aalamin mo diba?"

Bumakas ang determinasyon sa mukha ni Ylac determinasyon na madalas nakikita ko sa asawa ko kapag may gusto sya makuha.

"Sisiguraduhin ko Pa. Sisiguraduhin ko na makukulong at magbabayad lahat ng may gawa nito."

Ngumiti si Dylan tinapik ang balikat ni Ylac.

"That's right anak but for now tulungan mo muna sya."

Eksakto natapos ni Ylan ang pagsasalita may kumatok mula sa kwarto na kinaroroonan namin.

Pakuway pumasok ang isang babae na may balingkinitan na katawan, maikli at kulutang buhok. Itim na itim na mga mata. Litaw ang isang dimple nito sa kaliwang pisngi habang nakangiti sa amin.

"Nice suit Mariya." bati ko sa babae na nakasuot ng isang over all orange tunic.

"Thank you Angel." Bukod kay Ylan tanging syang lang ang pinapahintulutan ko na tawagin ako sa palayaw na iyon.

Mariya Cruz. My friend, my sister, my mentor.

The Nomad.

Ang taong kilala ko kayang gawin ang lahat. My mysterious friend na hindi tumatanda at hanggang ngayon ay hindi ko alam kung saan nilalang nabibilang.

"What are you this time?" tanong ko dahil sa bawat pagkakataon na nakikita ko sya iba-iba ang katauhan nya.

"Isa ako bombero." Sagot nya habang humahalik kay Dylan na binati sya. Inayos nya ang firefighter tunic na suot.

"The last time isa ka painter."

Ngumiti sya iyong ngiti na hanggang ngayon puno ng misteryo.

"Sabihin na natin na tapos na ako sa propesyon na iyon... sa ngayon." Hinawi nya pataas ang bangs nya, her mannerism na hindi nawawala.

Kumislap sa kanan kamay niya, ang pilak na sigsing na palawit sa suot nya pilak na bracelet.

Tumawa ako at yumakap sa kanya.

"How are you child?" tanong nya.

"Im fine and as you can see, kontento."

"but you need my help right?"

"kung ipapahintulot mo."

Ngumiti sya tinapik ang ulo ko na ginagawa nya simula ng labing pitong taon ako.

"isa ka sa iilan tao na hindi inaabuso ang mga kaya ko ibigay. At bibihira pa sa bluemoon kung humingi ka ng tulong sa akin. Alam mo handa ako tumulong kahit ano pa yan."

Humawak ako sa kamay nya. "Salamat Mariya."

Kung pagmamasdan kami dalawa alam ko ako ang mas matanda tignan kesa sa kanya.

Hindi mo aakalain na minsan sa buhay ko tinawag ko sya *ate*. At alam ko konti panahon pa, ako na ang tatawagin nya ng ganon. Dagdagan mo pa ng ilang taon alam ko na magiging *tita* iyon, hanggang sa mauwi sa *lola.*

"Pero hindi ikaw ang may kailangan sa akin diba?" binalingan nya si Ylac na may pilya ngiti sa mga labi. "Ang gwapong ito ang may kailangan sa akin tama ba ako." Lumapit si Ylac sa kanya humalik sa pisngi.

"Tita... I mean Mariya ipagpapasalamat ko ng malaki kung matutulungan no sya."

Sabay nilang tinignan si Monica na mahimbing parin na natutulog.

Lumapit si sya sa dalaga nakahiga.

Then I saw it again. Ang pag-iiba ng kulay ng mga mata ni Mariya black to brown then saglit sya pumikit.

Nang magmulat sya itim na ulit ang kulay niyon.

"Mukhang nasaktan mo ng sobra-sobra ang babaeng ito Ylac. "

Tumiim ang bagang ng anak ko.

"at mukhang ginagamit iyo ng taong naghypnotized sa kanya."

"Hypnotized?" sabay namin na ulit ni Ylac.

"Yup, hypnotize. Sigurado ako kapag tinanong nyo sya sa ginawa nya kanina malamang wala sya maalala."

Napailing ako. "Hindi ko akalain na may ganito kakayahan ang mga taga DMC."

Tinignan ako ni Mariya. "Minsan ko na sinabi sayo na lahat, lahat kayang matutunan at gawin ng isang taong may gusto makuha, Angela."

Tumango ako. "Yeah at ilang ulit ko nang napatunayan iyan."

"a-anong gagawin ko? Ano ang dapat ko gawin para maalis sya sa ganyan estado? Dahil din ba sa hipnotismong yan kaya wala sya maalala?"

Tumango si Mariya kay Ylac.

"Anong dapat namin gawin Mariya?" Tanong ni Dylan na inakbayan ako.

"hanapin kung ano ang nagtri-trigger para mawala sya sa sarili nya. Kapag nalaman nyo na kung ano iyon kailangan nyo kontrahin. Kailangan nyo sya kausapin. Mata sa mata, puso sa puso."

"How? Sa nakita namin kanina masyado sya bayolente. Papapatayin nya talaga ang lahat ng nakikta nya. Kung hindi sya pinatulog ni Ylac malamang na marami sya napatay kanina."

"That's the price. Masasaktan ka nya at hindi mo rin maiiwasan na masaktan sya. Kailangan maging handa ka," kay Ylac nya sinabi ang mga salita iyon.

Hindi umimik si Ylac. Lumapit sya kay Monica. Bago tumango kay Mariya habang hinahawakan ng mahigpit ang kamay ni Monica.

"Sa ngayon iyan lang ang maitutulong ko sa inyo."

Kumalas ako sa pagkakaakbay ni Ylac at yumakap ulit sa babae.

"Salamat Mariya."

"Anytime Angel, anytime." Napatingin sya sa suot na relos ng maghiwalay kami. "Shucks may sunog papala ako pupuntahan I need to go." Isa-isa nya kami hinalikan sa pisngi. Kahit si Monica na natutulog ay hinalikan niya at hindi nakaligtas sa paningin ko na may binulong sya rito.

"Ni hindi man lang sya tumanda." Komento ni Dylan. Parehas kaming nakatingin sa pinto nilabasan ng babae.

"That's Mariya, our Mystique Mariya. The Nomad's Mariya."

******

~Monica

Parang binibiyak ang ulo ko ng magmulat ako ng mga mata. Kasunod ay ang pagbundol ng kaba sa dibdib ko.

Sa tuwing ganito ang pakiramdam ko nagigising na lang ako na may mga patay ako katabi.

Obviously pinatay ko sila ang problema hindi ko alam kung paano at kelan ko sila pinatay.

Huminga ako ng malalim saglit na pumikit hinahanda ang sarili, bago nagmulat ng mga mata at inilibot ang tingin sa paligid.

Hindi mga patay kundi siYlac na nakatayo sa gilid ng kama kinahihigaan ko ang nakita ko.

Hindi ko mabasa ang iniisip nya. Wala kahit ano reaksyon sa kanya mukha.

Trumiple ang tibok ng puso ko. Nag-iwas ako ng tingin sa kanya at tinutok ang tingin sa led lampshade na nasa ibabaw ng side table sa tabi ng kama.

"Ilan ang napatay ko?" Mahina ko tanong.

Sa ilalim ng bulsa ni Ylac kumuyom ang kamao nya dahil sa tanong ko.

"None."

Mabilis na bumalik ang tingin ko sa kanya.

Napatingin sa pasa nya sa may ilalim ng baba, sa hiwa nya sa ilalim ng mata. Sa kulay ube pasa sa kanan panga at sa nakabenda braso na litaw sa suot nyang itim na tshirt na tinastas ang manggas.

Nabasa ni Ylac ang pagsisi sa mga mata ko habang nakatingin sa mga sugat na ako ang may gawa, dahil doon nagdesisyon ang binata na wag sabihin sa akin ang bali nya sa tagiliran.

"Mauulit at mauulit ang pangyayari ito. Sa ngayon nagagawa nyo ako pigilan pero paano kung sa susunod hindi na." Sabi ko na deretso nakatingin sa kanya. Umupo mula sa pagkakahiga.

Nabigla ako ng yumuko sya hanggamg sa magpantay ang mga mukha namin.

"Pipigilan kita. Lahat gagawin ko para pigilan ka."

Ngumiti ako sa kanya ng mapait.

"Yeah right, gagawin mo nga naman ang lahat para walang masaktan sa mga nasasakupan mo."

"Hindi Monica," Kinuha nya ang kamay ko hinaplos ang mga gasgas at sugat sa kamao ko na

bahagyang namamaga pa. "Gagawin ko ang lahat para hindi na masaktan ang mga kamay na'to."

Nahigit ko ang hininga ko ng magaan nya lapatan iyon ng halik.

"Gagawin ko ang lahat makawala ka lang sa kinakukulungan mo."

Nang mga oras na iyon bumalik sa isip ko na hulog na hulog na ako sa kanya. At kung sakali man na mapakawalan nya ako, ang tanong makakawala ba ako sa kanya?

*****

Hindi ko alam pero mainit ang dugo ko sa babaeng nasa harapan namin ngayon ni Ylac.

Wala kami sa DQ umakyat kami dahil may mahalaga tao kakausapin ang binata dito sa labas.

Sya ba iyong mahalaga tao?

Sa isang mall kami nagpunta dahil ibibili nya rin daw ako ng damit. As if. Sigurado ako na ayaw nya lang ako mahiwalay sa kanya dahil alam nya tatakasan ko sya.

"Ylac."

Hindi ko namalayan na tumaas ang isa kilay ko ng buong kalandian na yumakap iyong babae sa kanya.

"Britanny." Sambit ni Ylac

Putsa pati pangalan nakakainit ng dugo.

Bahagyang kumirot ang ulo ko. May mga anag-ag na naman ako nakita bago nawala rin kaagad.

"Monica?" Napatingin ako kay Britanny.

So kilala nya rin pala ang Monica na iyon.

"B-buhay ka."

Tinaasan ko sya ng isang kilay. "Bakit dapat bang namatay na lang ako."

"H-hindi," nag-aalala tumingin sya kay Ylac. "Hindi iyon ang ibig ko sabihin natutuwa nga ako-"

"Save it hindi mo kailangan mag-explain sa akin dahil hindi naman ako ang Monica na sinasabi mo. Baka patay na nga iyon Monica na tinutukoy mo. I'm Monique by the way."

Bumakas ang pagkalito sa mukha ni Britanny. Hindi na ako nag-explain bahala na si Ylac.

Hinaplos ko ang ulo ni Coni na nakadungaw sa sling bag na suot ko.

hipon alert hipon alert! Hoy M dapat bumalik kana sa katinuan mo nasa eksena na naman si Britanga.

"Anong ibig nya sabihin Ylac?"

Iyon nga ang nangyari habang kumakain kami sa restaurant na ito ini-explain ni Ylac kay Britanga I

mean hay Britanny ang lahat.

Nalaman ko rin na naging kasama pala ni Ylac at Monica ang babaeng ito, parehas na naging witness sa isang krimen ang dalawa at si Ylac ang naging bodyguard.

Bakit pakiramdam ko binubully nitong Britanny si Monica.

Tuwing hindi nakatingin si Ylac iniirapan ako ng babae. Syempre ginagantihan ko din ng pag-irap.

Nagring ang cellphone ni Ylac.

Bago sagutin iyon. Bumaling sya sa akin. "I need to take this privately. Stay here Monica."

"Tsss hindi ako aso nakapagsinabihan ng stay eh hindi nga aalis sa pwesto nya."

Ngumiti sya.

"Pwede ka tumakas pero alam natin pareho na mahahanap at masusundan kita."

Wala ako nagawa kundi irapan sya.

Dahil ang gago nilagyan ako ng gps sa katawan na kahit anong inspekyon ko sa sarili ko ay hindi ko mahanap.

Nang lumayo si Ylac walang sinayang na sandali na binalingan ako ni Britanny.

"Nakakagulat na buhay ka pa." Puno ng inis ang boses na sabi niya.

...itutuloy Thursday 3/15 2:00pm

****

H/n

Guyssss i miss you????.

Salamat sa pagbabasa. Sa pagboto at pagkomento??

Helliza Sabida
392019uiv 8:16am

25

Hindi ako umimik sa sinabi ni Britanny. Naghintay lang ako sa susunod nya sasabihin.

tignan mo hipong higad talaga iyang babae iyan kahit kelan. Ibaba mo nga ako nang makagat ko yan.

Hinaplos ko ang ulo ni Coni ng magsimula ito maglikot.

Tumingin doon si Brintanny pagkatapos ay umismid.

"Hindi ako naniniwala na hindi ikaw si Monica." Hinawi niya ang kulutan nya buhok. "Anong drama iyan Monica. Kung ginagawa mo ito para mapalapit kay Ylac tigilan mo na dahil hindi mo sya makukuha sa akin."

Kumunot ang noo ko.

"Wala akong plano agawin sayo si Ylac. Kung anong meron kayo sa inyo na, wala ako pakialam sa inyo dalawa."

ay sira ka gurl ano yan tulak ng bibig kabig ng dibdib na naman. Shunga ka. Wala daw pakialam kaya pala hanggang dito talsik ang bubog ng puso mong nabasag.

Patuya tumawa si Britanny.

Parang ang sarap nya saksakin ng tinidor.

"Huwag ako ang lokohin mo. Alam ko style nyo yan mga hampas-lupa. Lalandi sa mga mayayaman para guminhawa ang buhay."

Humigpit ang hawak ko sa tinidor. Parang tinatawag ako ng maganda nya leeg.

Paano kaya kita papatayin? Parang mas maganda na binabalatan ka ng buhay, hipon na hipon na talaga ang dating mo.

"Ano. Hindi ka makaimik. Tama ako diba? Nagpapanggap ka na walang maalala--ay!" Impit sya napatili ng bigla ko hilahin ang batok nya papalapit sa akin.

"Alam mo ang ayoko sa lahat iyong maingay. Iyong para puta putak ng putak." Mas hinila ko pa papalapit ang mukha nya sa akin kasabay din ng pagdiin ng mga daliri ko sa batok nya.
"Kayang-kaya ko baliin ang leeg mo ngayon, at hindi ko pagsisisihan iyon. Kaya bang gawin ito ng hampas-lupa na sinasabi mo?"

"L-let me go." Bakas ang takot sa tinig ni Britanny. Ang ilang mga kumakain doon ay nakatingin na sa eksena namin.

Imbes na bitawan nginisihan ko pa sya.

"Monica?"

"Y-ylac help. Sinasaktan nya ako."

Binulsa ni Ylac ang cellphone sa suot na jacket bago mabilis na lumapit sa amin at tinanggal ang kamay ko sa batok ni Britanny.

"Ano ginagawa mo?"

Nasaktan man ako sa paraan ng pagtatanong na iyon ni Ylac hindi ko pinakita.

"Nothing, inilapit ko lang iyong mukha nya para tignan ng mabuti. Ang kinis kasi parang ang sarap balatan."

Naupo si Ylac sa tabi ng babae.

"She hurt me Ylac." Yumakap si hipon sa kanya na may kasama pa pag-iyak.

sampalin ko kaya iyan para tumulo ang luha iyak-iyakan lang ang peg nyan M.

Hindi ko itinanggi ang sinabi iyon ni Britanny. Totoo naman gusto ko syang saktan at gusto ko parin hanggang ngayon, nagdidilim kasi ang paningin ko sa paglalapat ng katawan nila.

Don't do it here Monique. Patayin mo sya kapag walang tao para iwas hassle.

Tinignan ko kung paano inalo ni Ylac si Britanny. Habang ginagawa iyon ng binata patuloy sa pagsakit ang dibdib ko.

"It's okay Brit, hindi sinasadya ni Monica iyon." Sabi ng binata habang nakatingin sa akin.

"Tsss." Ako. Isinandok ko ang hawak ko tinidor sa spaghetti nasa harap ko. Malapit ko na kasi masaksak si hipon lalo na ng higpitan nya ang yakap kay Ylac.

"Hindi mo dapat sya sinasama sayo. Dapat sa kanya naka-isolate sa isang lugar. Bigla nalang sya nanakit. Look at you. I'm sure na sya ang may gawa nyan." Tukoy ni Britanny sa mga galos at pasa ni Ylac na ako nga ang may gawa. "She's not stable Ylac."

"Yeah bakit nga hindi mo na lang ako ikulong hindi ko rin kasi magets kung bakit kailangan mo ako isama sa mga lakad mo?" Sabat ko.

Matiim na tingin lang ang sagot nya sa tanong.

Napaingos na lang ako.

"Sasama tayo kay Britanny sa Isla nila."

Tulad ng mukha ko bumukas din ang gulat sa mukha ng babaeng hipon.

"Bakit kasama sya Ylac?"

"Oo nga bakit kasama ako? Makakaistorbo lang ako sa inyo doon. Paano ka nya lalandiin-- este paano kayo makakapaglandian kung naandon ako." Pagsasatinig ko sa sigurado iniisip ni Britanny.

"You need to come. Kami ni Britanny ang huli mo kasama, baka kami rin ang makatulong para bumalik ang alaala mo."

Bakit may pakiramdam ako na may iba pa sya gusto sabihin.

"at wala ako iba gusto landiin kundi ikaw lang."

Napaunat ako sa bulong nya iyon. Nang tignan ko sya sinasagot nya na ang tanong ni Britanny na hindi ko narinig dahil nabingi ako sa bulong nya.

"Two weeks lang Brit. Kapag hindi parin nakaalala si Monica, hahanap ako ng iba paraan para bumalik ang memory nya."

Hindi ko gaano naintindihan ang sinasabi iyon ni Ylac dahil iniisip ko kung totoo ba ang bulong na iyon o nag-iimagine lang ako.

totoo iyon gaga.

Nang muli ko tignan sila dalawa, nakangiti na ng matamis si Ylac kay Britanny na nakahawak sa braso niya.

Yeah nabibingi at nag-iimagine lang ako.

******

Isla Britanny.

Ang sarap palubugin ng isla ito manang-mana sa may-ari.

Bawat sulok at tanawin na nakikita ko maganda. Parang nasa boracay ka sa puti ng buhangin. Tila palasyo din ang mansyon ni Britanny na nakatayo sa mataas na bahagi ng lugar.

Para ako damong ligaw na tumubo dito habang nakatayo sa tabing dagat at tinitignan si Ylac na inaalalayan ang babae na bumaba sa yate.

Nang makalapit sila dalawa sa akin magkasalubong ang kilay ni Ylac.

"Hindi mo ako hinintay para tulungan ka bumaba." Sabi nya na huminto sa harap ko.

**oo nga M hindi mo man lang hinintay si pogi na maalalayan ka sa pagbaba, kung nahulog ka baka nalunod ka sa hanggang bewang na tubig **

"Marunong ako lumangoy Santiago, kung sakali malunod ako kayang-kaya ko iahon ang sarili ko." Sagot ko habang karga-karga si Coni.

"Tara na Ylac. I'm tired na, ipapakita ko sayo ang magiging room mo."

Tumingin ako sa puno ng nyog hindi kalayuan sa pwesto ko, bago umismid.

Bwisit dapat talaga hindi ako pumayag na sumama rito. Baka masigang ko ng di oras itong hipon na to."

Isang buko ang nalaglag mula sa puno, ang umagaw sa pansin ko. Sinundan ko ang pag-ikot niyon na para bang doon nakasalalay ang mangyayari sa buhay.

Tulad din ng buko ang buhay ko ngayon. Matigas sa labas pero puro sabaw sa loob.

Really, talaga sa buko mo hinambing ang buhay mo huh.

Napapitlag ako ng maramdaman ko ang init ng kamay nya sa braso ko.

"Lets go Monica."

Hinila ko ang kamay ko at nagpatiuna sa paglalakad nagkasalubong pa ang mga mata namin ni Britanny na palihim ako inirapan.

Pagtuntong ko sa puting tiles ng mansyon, umagaw kaagad sa paningin ko ang malaki painting ni Britanny sa dingding na sya una mo mapapansin sa pagpasok.

Sexy-sexy ito sa suot na pulang gown, habang nakaupo sa pulang sofa.
Nang-aakit ang tingin niya na para bang kung sino man ang pumasok sa pinto ito ay plano nya talaga akitin.

Napatingin ako kay Ylac na nakatingin din doon.

"Ang ganda diba. Si M.C.S ang nagpinta nyan. Ms. Mariya captured my sexiness, right Ylac." Ngumiti si Britanny. Ngiti tulad ng nasa painting.

Tinignan naman sya ni Ylac pagkuway ngumiti lang.

Nang bumaling sa akin ang binata tinaasan ko sya ng isa kilay.

Pagtaas na kaagad na bumaba sa sunod nya ginawa.

Hindi ko alam kung bakit ng ni head to foot nya ako nakaramdam ako ng pag-iinit. Bakit kung makatingin sya tila ako iyong nang-aakit at hindi si Britanny.

Simple maong short at blue t-shirt lang ang suot ko ni wala akong kolorete sa mukha at nakalugay lang ang buhok ko. Pero bakit ba kung tignan nya ako parang naaakit sya.

Puta ba't ang init?

Napaatras tuloy ako ng humakbang sya papalapit.

"Ylac?" Takang tawag ni Britanny na kanina pa sige ang daldal kahit hindi naman nakikinig ang lalaki.

Sinamantala ko ang paglingon ni Ylac sa kanya. Naglakad ako. Dumeretso ako sa isang pinto na isang kusina pala.

Sa ref kaagad ako pumunta kumuha ng isang bottled mineral water at dere-deretso nilagok iyon.

ano teh ang init no. Mainit talaga tumitig yan si papa Ylac. Pero iba iyon titig sayo M. Parang ikaw iyong nang-aakit at hindi iyong hipon na si Britanga.

Napasandal ako sa lababo pagkatapos uminom.

"Shit." Mahina mura ko. Napahawak sa puso ko tumitibok ng mabilis. Kung ganito ng ganito baka atakehin na lang ako sa puso.

*****

Mukhang determinado si Britanny na akitin si Ylac.

Mula ng dumating kami rito lagi nya kinukuha ang pansin ng binata, hindi rin sya pumapayag na nasa akin ang atensyon ni Ylac, na hindi ko naman kinukuha.

Aba si Ylac ang nagpumilit na sabayan ko sila sa pagkain. Si Ylac din ang nagpumilit na samahan ko sila manood ng movie sa sala. At si Ylac ang umakyat sa kwarto ko para pasamahin ako na magswimming sa kanila dalawa.

Paano ko nasabi na determinado talaga si hipon na akitin si Ylac? Aba nag two piece ba naman kahit kasagsagan ng kalamigan ng panahon ngayon. Hindi na ako magugulat kung mapulmonya sya ngayon.

Sa ngalan ng kalandian, lahat gagawin ultimo malamigan ang bunbunan.

"I'm cold Ylac." Maarte nya pa sabi. Nagsumiksik sya sa binata nakaupo sa tabi niya.

Nakapaikot kami sa bonfire na gawa ni Ylac magkatabi sila, habang naandito naman ako kabila, may hawak na beer in can at nakatingin sa dagat. Iniwan ko na si Coni sa kwarto.

"Magjacket ka kasi para di ka lamigin." Matabang na sabi ko.

Nakakainis kasi ang kaartehan niya.

Inirapan nya ko.

"Where in the beach, para saan pa ito swimsuit ko kung magdya-jacket ako." Sabi niya.

Nagkibit-balikat ako.

Her lungs not mine.

"Ylac, samahan mo naman ako magswimming don." Narinig ko sabi ni hipon, habang dinadampot ko ang ikaapat na beer ko.

Hindi ako sumasali sa kwentuhan nila kahit hindi iilang beses na nagtangka si Ylac na isali ako sa usapan.

"Britanny masyado malamig ang tubig ngayon baka magkasakit ka."

Kumirot ang dibdib ko sa pag-aalala na nakabahid sa tinig ng binata.

"Ay you're right, sige na nga huwag na lang, sorry Ylac." Malambing na sabi ni Britanny, sa gilid ng mga mata ko nakita ko maslalo nya pang siniksik ang katawan sa binata. Hinilig nya pa ang ulo sa dibdib ni Ylac na nakalitaw mula sa suot nito polo na nakabukas ang mga butones.

Putsa!

Nilagok at inubos ko ng mabilis ang beer na hawak ko pagkatapos ay kumuha ulit ng isa bago tumayo.

Napatingin si Ylac sa akin.

"Inaantok na ako. Wala naman pala tayo gagawin dito sana hindi nyo na ako sinama, eh di sana kanina pa ako tulog."

Kung alam ko lang na makikinig lang ako sa landian nyo di sana nagkulong na lang ako sa kwarto.

"Monica-,"

"Hayaan mo na sya Ylac mukhang pagod na sya hayaan na natin sya magpahinga."

Tinaasan ko sya ng isang kilay bakit tunog patay na ako kung magsalita ang hipon na'to.

Hinawakan nya pa sa braso si Ylac para pigilan ito sa pagtayo.

"Tsss," tumalikod na ko.

Huwag kang lilingon.

Huwag kang lilingon.

Huwag kang lilingon.

Paulit-ulit kong sinasabi sa sarili ko yan pero ng makasampung hakbang na ako, kusang lumingon ang sarili ko sa kanila.

Kung alam ko lang na magbabalik ang lahat ng sakit na naramdaman ko noon. Hindi na sana ako lumingon. Kung alam na maaalala ko ang lahat sa paglingon na iyon, mas pinagbuti ko pa sana ang pagkastigo ko sa sarili ko.

All of it came crushing back dahil sa eksena nalingunan ko...

itutuloy.... thurs 3/15 9:30p (kapag hindi mahina signal)

H/n

Salamat sa pagbabasa?

Helliza Sabida
4152019xfe 8:13

26.

I clutched the pillow tightly.

Sobrang sakit ng ulo ko. Hindi ko alam kung paano ako nakarating sa kwarto. Basta ng malingunan ko si Ylac at Britanny na naghahalikan parang may napunit na kung ano sa ulo ko.

Para akong bulag na naglakad makarating lang dito.

"Ahhh," I silently screamed. Kusa na ngang tumutulo ang luha sa mga mata ko sa tindi ng sakit.

Kahit hindi makahinga, ibinaon ko ang mukha ko sa unan. Nilamon non ang malakas na sigaw na pinakawalan ko.

Isang napakatinding sakit ang lumukob hindi lang sa ulo ko kundi pati sa buong katawan.

Then all the forgotten memory came crushing back.

Para ako drum ng tubig na biglang pinuno ang laman sa napakabilis na paraan.

Habang nakapikit iyong mga eksena na nakalimutan ko sunod-sunod at mabilis na nagproject sa utak.

From the moment I met him, hanggang sa tagpo sa yate na dumurog sa puso ko. The flashing pain on my head ng may pumalo doon.

Lahat naalala ko, pati narin ang tagpo kung saan nagkamalay ako sa isang stranghero lugar at makasama ang mga taong tulad ko ay dinukot din ng DMC.

Naramdaman ko ulit ang sakit, ang takot.

Bumalikwas ako ng upo. Basang-basa ng luha ang mukha ko habang hinahabol ang hininga.

Gumalaw ang tenga ni Coni na nagulat sa ginawa ko pag-upo.

M anong nangyayari?

Habol parin ang hininga na dinampot ko sya.

Niyakap ng mahigpit saka umiyak ng umiyak.

Iniiyakan ko ang puso ko nasaktan, iniyakan ko iyong mga taong naiwan ko ng pilit na binabago ako ng DMC. Iniiyakan ko iyong pagmamahal ko kay Ylac na alam ko wala katugon.

Umiiyak ako dahil sa putang-ina buhay na meron ako ngayon.

Umiiyak ako dahil ako na ulit si Monica Agapito pero alam ko na hindi na ako magiging tulad ulit ng dati.

****

Pinapasok na ng sinag ng araw ang kwarto. Ramdam ko na nga init niyon sa aking mukha at dibdib.

Huminga ako ng malalim ng makarinig ako ng katok.

"Monica?" Boses ni Ylac sa kabila.

Hindi ako sumagot.

"Monica alam ko gising ka na. You need to eat breakfast lumabas ka na riyan."

Hindi parin ako umimik.

Hindi ko kasi alam kung paano sya pakikiharapan.

"Monica, if you don't open this door I swear gigibain ko ito."

Kumunot ang noo ko.

Kelan pa naging mainipin si Ylac?

"Lalabas na ako." Sagot ko na patamad na bumangon. Nalilito parin ako kung paano ko sya haharapin.

Sasabihin ko ba na naaalala ko na ang lahat?

At paano ko sila patutunguhan ni Britanny?

Mahirap man aminin, naging asado na naman ako kay Ylac na pagkatapos ako bola-bola-hin iba tao naman pala ang hahalikan sa huli.

Kumalam ang sikmura ko.

Siopao na siopao talaga ako sayo lalaki ka. Ginulo ko ang buhok ko. *May siopao kaya sa mansyon na'to? Parang ang sarap lumamon ngayon.*

Pagkatapos ko maghilamos lumabas na ako. Natigilan ako sa paghakbang ng makita ko sya nakasandal sa pader sa tapat ng pintuan ng kwarto ko.

Akala ko nakaalis na sya.
Hindi ko inaasahan na naghihintay sya.

"Monica." He said my name habang pinagmamasdan ako mula ulo hanggang paa.

Hindi ko alam kung napansin nya na may nagbago o may bumalik sa akin. Dahil dalawang beses nya ako pinasadahan mula ulo hanggang paa.

Bumalik ang tingin nya sa mga mata ko.

Nag-iwas ako ng tingin.

Napagdesisyunan ko kanina habang nagsesepilyo na itago sa kanya na nakakaalala na ako.

Bakit pa? Para saan pa?

Ngayon bumalik na ang alaala ko mas lalo ako nalilito kung bakit kailangan nya pa ako idikit sa kanya at

isama sa isla ito.

"Kumain na tayo." Yaya nya na aabutin sana ang kamay ko na mabilis ko iniiwas.

"S-sige." Sabi ko na nagpatiuna sa paglalakad.

"Gising ka na pala." Naabutan ko si Britanny na nakaupo sa may kainan.
"Sana next time agahan mo ng gising. Nagugutom kami sa paghihintay sayo." Sabi niya na mahinahon ang tinig, ngunit ramdam na ramdam ko naman ang inis nya.

"Why? Bakit hindi kayo kumain? Wala naman sa akin ang pagkain at plato." Pamimilosopo ko habang humihila ng bangko. Umingos sya sa akin.

Hindi ko na sya pinansin dahil wala naman ako mahihita sa kanya. Sa dami ng gumugulo sa isipan ko hindi ko sya dapat pagtuunan ng pansin ko.

Tahimik at wala sa sarili na kumain ako.

Tulad kagabi hinayaan ko sila na magkwentuhan. Hindi umiimik kahit na nga pilit akong sinasali ni Ylac.

Ano na Monica? Ano na ang gagawin mo?

Bumalik ka sa DMC tulungan mo sila.

Babalik? Bakit hindi ang pamilya mo ang balikan mo!

Napaunat ako ng maisip ko ang pamilya ko.

Ano na nangyari sa kanila? Si Nanay? Si Tatay at ang mga kapatid ko? Nag-aaral pa ba sila sino ang sumusuporta sa kanila.

Bakas ang pag-aalala na tumingin ako kay Ylac. Nasa dulo na ng dila ko ang sasabihin ko ng matigilan ako.

Handa na ba ako na sabihin kay Ylac na naaalala ko na ang lahat? Napatingin ako kay Britanny. Handa na ba ako na alamin ang totoo relasyon nila?

Handa na ba ako masaktan?

Bumalik ang tingin ko kay Ylac. Saka mabilis na binawi ng magkasalubong ang mga mata namin.

“May problema ba Monica?”

Umiling ako. Pinagpatuloy ang pagkagat sa hotdog na nabitin sa ere ng atakehin ako ng mga bagay-bagay na gumugulo sa akin.

Ikaw na ang umalam kung nasaan ang pamilya mo Monica huwah mo ng idamay si Ylac dito.

“You eat like a pig.” Napatingin ako kay Britanny habang nagsasalin ng sinangag sa plato ko. Pang-apat ko na iyon.

Stress ako kaya kakain ako. Sobra tagal na simula ng magawa ko ito. I missed this. I miss eating food.

“What?”

“Para kang mauubusan kung kumain. Alam mo bang pang-apat mo na iyan. You’re so matakaw you know. Buti hindi ka tumataba, sabagay,” tinignan nya ako. “konti na lang mataba ka na.”

Abat ang hipon na’to.

“Pasensya na Ma’am kung para ako baboy kumain. I love to eat. Masarap magluto si Chef Ylac kaya magana talaga ako kumain. And mind your own body dahil hindi ko naman pinapakialaman iyang mala-kawayan mo katawan.” Ngumisi ako sabay kagat sa ham na kinuha ko sa plato nya gamit ang aking kamay.

“You-.”

“What did you call me?”

Sabay na nagsalita si Britanny at Ylac. Hindi ko pinansin ang una kay Ylac ako bumaling.

“Ha?”

“Iyong tinawag mo sa akin. Ano iyong tinawag mo sa akin?”

Kumunot ang noo ko. “Chef. Chef Ylac may problema ba?”

“How did you know na chef ako? Hindi ko pa nasasabi sa iyo ang bagay na iyon simula ng makabalik ka, unlesss… unless nakakaalala ka na.”

Great going Monica.

“What do you mean na nakakaalala.” Tumawa ako. “Unli ba tayo dito. Wala nga sabi ako maaalala dahil hindi nga ako iyong Monica na iyan.”

“Anong ibig mo sabihin na you love to eat?"

“Ano bang pinagsasabi mo Santiago. Bakit bawal na ba mahalin ang pagkain ngayon? I love to eat may masama ba doon?”

“Simula ng bumalik ka Monica kailangan pa kita pilitin na kumain. Hinihintay mo na tikman ko ang lahat ng pagkain para masigurado na wala iyon lason. You barely eating na talaga kinababahala ko. Pero ngayon you eat just like before. You eat with so much gusto. Just like before Monica.”

Shit. Napamura ako. Tama sya. Halos subo-an nya pa ako para lang marami ako kainin dahil iyon ang pinamulat sa akin sa DMC.

“May dapat ba ako malaman Monica.”

Deretso ko sya tinitigan. Ibinaba ko ang kutsara na hawak ko.

“Wala ka dapat malaman, dahil wala naman ako tinatago. Ngayon kung ang issue dito ay ang pagkain ko ng marami then,” tumayo ako. “Salamat sa pagkain.” Saka ko sila tinalikudan.

“Monica.”

Hindi ko pinansin ang pagtawag nya. Dali-dali ako bumalik sa kwarto.

Pasensya na Ylac pero hindi ko pa kaya na sabihin sayo ang totoo. Hindi ko pa kaya na harapin ang katotohanan na hindi ako ang mahal mo, na niloko at pinaasa mo lang ako. Sa ngayon gagawin ko muna ang mga dapat ko gawin.

****

Tahimik ang buong paligid ng lumabas ako ng kwarto ko.

Hindi naman nakakapagtaka dahil malalim na ang gabi.

Nakapantalon maong ako at puting tshirt na pinatungan ko ng itim na jacket.

hoy M saan ka pupunta

Nilingon ko si Coni. Wala sa loob na humakbang ako papasok dinampot ang kuneho at niyakap ng mahigpit.

"Sorry Coni, alam ko ngayon na lang ulit tayo nagkasama tapos iiwan na naman kita." Ngumiti ako sa kabila ng pamimintana ng luha sa mga mata ko.

Akala ko, dahil sa mga pinagdaanan ko sa nakalipas na taon hindi ko na mararamdaman ang ganito, akala ko naging matigas na ko. Na hindi ma ako iiyak. Hindi rin pala, dahil heto parin o, umiiyak parin ako.

OMG! M! Nakakaalala ka na!?

Pinunasan ko ang mga mata ko.

"Di bale, sigurado naman ako na hindi ka papabayaan ni Ylac. Tignan mo nga o, kahit matagal ako nawala andyan ka parin at ang lusog-lusog pa."

Niyakap ko sya ng mahigpit, hinaplos ang ulo, bago binaba sa kama.

"Bye Coni, hindi ako mangangako pero pipilitin ko na balikan ka."

M teka-- Hoy M.

Sinarado ko ang pinto at mabilis na lumayo.

Mas pinagaan ko pa ang paghakbang ko ng mapatapat sa kwarto ni Ylac.

Alam ko ilan ulit ko na ginawa na tumakas sa kanya at lagi nya ako nahuhuli.

Pero iba ngayon. Mas determinado ako na makaalis sa poder nya dahil ayaw ko sya madamay sa gagawin ko sa DMC.

Pababa na ako ng hagdan ng may mga kamay na humawak sa bewang ko at hinila ako papasok sa isang pinto.

Sinubukan ko kumawala sa pagkakahawak ni Ylac pero humigpit lang ang hapit nya sa akin. Hapit na na

lumuwag lang ng tuluyan nya na maisara ang pinto ng kwarto nya.

"Ano ba!" Singhal ko na mabilis na hinarap sya.

Shit ang hirap talaga takasan ng lalaki to.

"Saan ka pupunta?" He asked seriously. Ayan na naman iyong mga mata nya na tila binabasa ang buong pagkatao ko.

"Anong saan ako pupunta? Sa tabing dagat doon ako pupunta. Bakit masama na ba magpahangin ngayon?"

Kumurap-kurap ako, nang hindi parin nagbabago ang tingin nya.

"What," tinulak ko sya dahil hindi parin sya umaalis tapat ko. Idagdag pa na nagsisimula na naman tumibok ng erotiko ang puso ko. Hindi ko tuloy masalubong ang mga mata nya.

"Don't lie to me Monica." He said quietely habang humihigpit ang pagkakahapit sa bewang ko.

Bumalik ang tingin ko sa kanya.

"Bakit ano ba sa tingin mo ang gagawin ko?" Ganting tanong ko.

"Iiwan mo ako." Bulong nya na kinasinghap ko. "Don't Monica. Huwag mo ako iwan. Kung ano man iyan na binabalak mo, isali mo ako. Sasamahan kita, tutulungan, hinding-hindi na ako papayag na mag-isa mo haharapin ang lahat."

Namimilog ang mga mata ko habang nakatingin sa kanya.

Gusto ko sabihin na '*sige isasama kita'.* Gusto ko sabihin na '*talaga dito ka lang sa tabi ko?'.* Gusto ko pero pinigilan ko ang sarili ko.

Bakit ko sya isasama kung hindi naman sya sa akin. Masmasasaktan lang ako at mas mahihirapan kung nasa tabi ko sya.

Pagak ako tumawa. "Alam ba ng girlfriend mo... ni Britanny iyang pinagsasabi mo. Alam mo Santiago wala ako plano makigulo sa inyo ng hipon na iyon, hindi ko gusto na paulit-ulit na sinasampal sa mukha ko na hindi ako bagay sayo. Noon pa-,"

Shit! Muntik na ako madulas. Kung sakali naituloy ko iyon malalaman nya na kaagad na naaalala ko na ang lahat.

Ngunit mukhang hindi ko nakailangan tapusin pa dahil sa paraan ng panlalaki ng mga mata nya at mas paghigpit ng hapit sa akin alam ko, alam nya na.

"Noon." Ulit nya . "You said noon. Nakakaalala ka na Monica." Hindi tanong iyon.

"Tsss, a-ayan na naman tayo. Sinabi na nga na hindi ako si Monica kaya wala ako dapat na maalala. Fuck it bakit ba ang kulit mo Santiago." Tinulak ko sya. Kailangan ko ng makaalis dito. "Shit bitawan mo nga ako gago ka." Hinampas ko ang braso nya. Nang gawin ko iyon tila may napindot ako replay button dahil nakita ko nanaman iyong eksena nila ni Britanny sa yate.

"Fuck you bitawan mo ako." Sabi ko na muli sya hinampas sa pagkakataong iyon puno ng sakit ang tinig ko. Sakit na nadagdagan pa ng ang sunod na magreplay ay ang eksena nila kagabi. "I hate you!" Pinalo ko sya sa dibdib.

Isa.
Dalawa.
Tatlo.

"Sinungaling ka! Pa-fall ka Sir. Manloloko ka." Hindi ko alam kung nakailang palo ako sa dibdib at braso nya. Hindi ko rin alam kung saan punto tumulo ang luha ko. Basta umiiyak na ako. Habang lahat ng mura na alam ko ay binato ko sa kanya.

Hindi niya ako pinigilan kahit alam ko nasasaktan sya sa mga palo ko.
Hinayaan nya lang ako at hindi nagbabago ang higpit ng hapit nya sa akin.

Hanggang sa napagod ako unti-unti humihina ang palo ko... hanggang sa tuluyang huminto.

Mahina na lang ako umiiyak habang nakasubsob sa dibdib nya. Then he cupped my face. Itinaas para makita ko ang asul nya mga mata.

Pait, galit at sakit. Nabasa ko ang lahat ng iyon doon.

"I'm sorry love." Hinalikan nya ang luhaan ko mga mata.

"Sorry," ang noo ko. "I'm so sorry my love." Then my nose. "Patawad Monica." Saka nya ako hinalikan sa mga labi.

Muling umagos sa mga mata ko ang luha nang pumikit ako at tugunin ang halik nya.

Malalim kaagad ang halikan namin. Hindi magaan, kundi madiin. Hindi para naglalaro kundi maalab.

Para kami mga bilanggo na matagal na hindi nakita ang isat-isa dahil sa maghiwalay na kinulong.

Kusa tumalon ang mga paa ko payakap sa bewang nya. He cupped my behind para alalayan ako kasabay ngpagpisil nya roon at pagsandal nya sa akin sa pinto.

Nag-aapoy. Nag-aapoy ang pakiramdam ko at alam ko rin na ganon ang nararamdaman nya. Kumilos ang kamay ko pumasok sa suot nya tshirt pahaplos sa kanya abs paakyat sa malapad nya dibdib.

He growled lowly bago mas diniin pa nya ang sarili sa akin.

Suminghap ako ng bahagya maglayo ang mga labi naman para sumagap ng hangin.

"I'm gonna make you mine tonight Monica. I'm going to mark every inch of you para hindi mo maisip na iwan ako. " bulong nya habang napagpapalitan kami ng hangin. "I gonna make love to you love, so you better hold on to me tight." And then he's kissing me again kasabay ng paghakbang nya patungong kama.

itutuloy.... monday 3/19 12:00pm

*****
H/n

Salamat guys

41619Uiv 8:17

27.

(SPG)

Ramdam ko ang paglubog ng katawan ko ng bumagsak kami sa kama.

Nasa ibabaw ko sya, patuloy parin ako hinahalikan.

Alam ko dapat ko sya pigilan, wala dapat mangyari sa amin dahil magulo pa ang lahat.

Ang tanong mapipigil ko ba sya?

Mapipigil ko ba to?

Itong nararamdaman ko?

Napasinghap ako ng maramdaman ko ang paghalik nya sa leeg ko.

Nasambunutan ko sya ng salakayin ngkakaiba kiliti ang buo ko katawan.

Bumakat ang kuko ko sa likod nya ng marahan nya akong kagatin doon kasabay ng pagsipsip.

Naglakbay ang kamay nya sa ibabaw ng aking at kahit may damit pa ako hindi ko mapigilan na suminghap sa init na dala ng kamay nya.

Tumaas ng kusa ang kamay ko ng itaas nya ang damit ko para mahubad iyon. Kusa din kumilos ang sa akin para hubadin ang sa kanya.

Nagusot ang puting bedsheet at nalaglag ang dalawang unan dahil sa nagmamadaling galaw namin.

Hinalikan ko sya sa leeg, minarkahan tulad ng ginawa nya sakin.

"Shit love," mura nya bumaba ang halik ko papunta sa dibdib nya. Naramdaman ko ang paghingal nya ang pagbigat ng kamay sa magkabilang balikat ko na tila pinipigilan ako sa dapat ko gawin.

Pinalis ko ang kamay nya bumalikwas ako para ako mapaibabaw at sya ang mapailalim.

Tumakip sa gilid ng mukha ko ang mahaba ko buhok na hindi ko pinansin at pinagpatuloy ko ang pag marka sa katawan nya.

Mamarkahan mo ako? Mamarkahan ko din ang buong katawan mo Ylac, para kapag umalis ako maramdaman mo rin na pag-aari kita.

Naglaro ang dila ko sa nipple nya.

"Shit!"

Panay naman ang mura nya, hindi niya alam kung itutulak nya ba ako. Iyong mga kamay nya bumabaon sa bewang ko.

Hindi ko maiisip na kaya ko gawin ito.
At sa tingin ko sa kanya ko lang kaya gawin ang ganito.

Tanging si Ylac Vlue Santiago lang ang may kaya pag-alabin at pag-apoyin ng ganito ang damdamin ko.

Bumaba pa ang halik ko patungo sa yummy nya abs. Naglandas ang dila ko sa mga pandesal na noong una ko palang nakita talaga gusto ko ng hawakan at tikman.

Gamit ang kakayahan na natutunan ko sa DMC, walang kahirap-hirap na naibaba ko ang pantalon at boxer brief nya.

Suminghap ako ng makita ko ang lahat sa kanya, ng makita ko 'sya'.

His long hard, throbbing erection na dapat ikatakot ko ay mas lalong nagpainit pa sa nararamdaman ko.

Walang pandadalawang isip na isinubo ko 'sya'. I licked and sipped him sa paraan na hindi ko akalain na alam ko pala.

Lumakas at naging sunod-sunod ang pagmumura nya. Naramdaman ko rin ang halos pagsambunot nya sa buhok ko. His hip arched up to meet my lips.

Ipinikit ko ang mga mata ko at mas lalo pang pinagbuti ang ginagawa. Kakaibang kasiyahan ang nararamdaman ko dahil tila sya nababaliw sa aking ginagawa.

Ako lang Ylac. Ako lang ang may kakayahan na ipadama sayo ang ganito.

Bumilis ang galaw ko. Nag-igtingan kasi ang mga ugat at masel nya. Wala man ako karanasan sa ganito alam ko na malapit na nya marating iyong lugar na gusto ko marating nya.

Dahil doon mas pinagbuti ko ang ginagawa pati kamay ko ginamit ko para maihatid sya 'roon'.

Ramdam ko na malapit na sya.

One minute nasa ibabaw nya ako pinapaligaya sya, the next ako na ang nasa ilalim and he's hovering above me. His blue eyes was molten by lust that make it so dark.

Passion, lust, love.

Nabasa ko iyon sa mga mata nya.

"You naughty lady." He whisphered. "Hindi ko ko alam na bukod sa pagiging mishievous you are a wanton too Monica."

"Y-ylac." Singhap ko ng pagmasdan nya ang katawan ko. Nakabra parin ako at nakapantalon.

Yumuko siya at hinalikan ang puno dibdib ko. "As much as I wanted what are you doing to me, ako dapat ang nagpapaligaya Monica. And when I come, I come inside you." He huskily said. "At gagawin ko iyon ng parehas tayong hubad. Walang kahit na ano damit na nakaharang."

Tinanggal nya ang bra ko. Mas dumilim pa ang mga mata nya ng mapagmasdan ang dibdib ko.

"My turn now." As he said that. Ipinaloob nya ang isa nipple ko sa bibig nya.

A wave of sensation attack my senses. Napaliyad ako whe he sucked it.

"Y...lac."

Ibibaba nya ang pantalon ko hanggang sa maramdaman ko ang lamig ng aircon sa aking balat.

Bumaba ang isa kamay nya 'doon' touching my folds, my wetness.

Para ako mababaliw sa sensasyon. When his thumb played 'me'. Hindi ko alam kung ibubuka o isasara ko ang mga hita ko.

And when he inserted a finger into 'me' napakapit ako sa headboard ng kama kasabay ng marahang pagkagat nya sa nipple ko.

"Fuck!" Napamura na ako ng gumalaw ang daliri nya, galaw na sinusundan ng balakang ko.

"You cursed." He said, sa may tenga ko na sya naman binibigyan nito ng pansin. Isang mahina ungol ang lumabas sa mga labi ko ng laruin nya iyon .

"You cursed my love, let me punish you..."

Akala ko hahalikan nya ako tulad ng parusa lagi nya ginagawa. Pero na windang ang isip ko ng 'doon' lumapat ang mga labi nya.

My back arched like a bow when million of million sensation cruised all over my body.

"Ylac... ahh." Hindi ko na napigilan na lumabas ang malakas na ungol sa bibig ko. Wala na ako pakialam kung may makarinig sa amin. All I care is this mind blowing sensation.

He kissed 'me'. Punishing me with pleasure na noon ko lang naramdaman.

Nasambunutan ko na sya. Papaling-paling ang ulo ko.

Tulad nya ako naman ang tila may nais marating at mukhang determinado si Ylac na ihatid ako doon. Isinapay nya ang mga hita ko sa balikat nya cupping my behind at the same time.

Lalo ako babaliw. Hindi ako makapaniwala na sa akin nagmumula ang ungol at halinghing na ginagawa ko ngayon.

And I totaly lost it ng maramdaman ko ang pagbuga nya ng hangin 'doon'.

"Ahhh..." nakagat ko ang mga labi ko napapikit ng mariin when orgasm hit me with a million balls of pleasure.

Nakaramdam ako ng panghihina na parang hinigop ang buong lakas ko pagkatapos non.

Naramdaman ko ang pag-akyat ng mga labi nya pabalik sa mga labi ko.

When he kissed me nalasahan ko ang sarili ko sa kanya.

"You taste so sweet my love, lasa na ngayon palang kinaadikan ko na."

Napamulat ako, nanlaki ang mga mata at namula ang mga pisngi.

"Ylac- ohh." Nauwi sa ungol ang pagtawag ko sa kanya ng bigla nya 'ako' pinasok. I felt a fleeting pain na napalitan kaagad ng sensansyon.

Napakapit ako ng mahigpit sa mga balikat nya habang sya sa bewang ko. Hindi rin nakatakas sa pandinig ko ang pag-ungol nya sa pag-iisa namin na iyon.

Kahit saglit lang ang sakit, hindi ko parin napigilan na bumukas iyon sa akin mukha.

"I'm sorry love." Hinalikan nya ako sa noo. He held himself at hindi muna gumalaw sa loob ko.

Umiling ako.

"Move Ylac." Bulong ko habang tumutulo ang isa butil ng luha sa mga mata.

Tinignan nya ako ng buong pagsuyo, dahan-dahan bumaba ang mukha nya at muli ako hinalikan sa mga labi.

The kiss was so tender. So careful na para bang natatakot sya na masaktan pa ulit ako.

Then a low moan escaped from his lips ng bahagya ako gumalaw. Urging him to go on, to move.

Kahit ako hindi ko napigilan ang mapaungol.

Every moved, laksa-laksang sensasyon ang kapalit. Kada-galaw bagamat may konti kirot sinasabayan na ng kiliti.

Ramdam na ramdam ko 'sya' habang gumagalaw sa ibabaw ko. Sa loob ko.

Kusang yumakap ang binti ko sa bewang nya. Sinasalubong sya sa pagbaba sa akin.

His played my breast again na aking lalo kinabaliw.

Iyong marahang paggalaw namin bumilis. Bumilis ng bumilis.

Dumin ang mga kuko ko sa balikat nya. Naramdaman ko naman ang tila nanggigil nya pagmarka sa puno ng dibdib ko.

And when he sucked my nipple again. Muli ko naramdam ang sensasyon na iyon ngunit sa pagkakataong iyon mas mastindi ang kiliti.

Kiliti na gustong-gusto ko abutin. Kiliti gustong-kusto ko maramdaman.

Mas bumilis ang paggalaw nya.

"I love you Monica." Bulong nya na hindi ko na narinig because orgasm hit me again.

Kasunod niyon ang pagkuyumos nya muli ng halik sa akin at pag-ungol sa mga labi ko, kasabay ng pagsabog ng mainit na pakiramdam sa loob ko na galing sa kanya, at sa ikatlong pagkakataon narating

ko iyong ligaya tangi si Ylac lang ang may kakayahan gawin.

******

Malungkot na pinagmasdan ko ang isla na paliit na ng paliit sa aking paningin.

Naninikip ang dibdib ko habang nahihilam sa luha ang mga mata.

Nagawa ko matakasan si Ylac at ang mga alagad nya. At mukhang nasa akin ang swerte ngayon dahil may nakita ako maliit na bangka de motor.

Nang umayos ako ng pagkakaupo naramdaman ko ang pagkirot 'doon' nagpapaalala kung ano ang ginawa namin ni Ylac... ng dalawang beses, tatlong oras na ang nakakalipas.

Kahit naiiyak napangiti ako ng maalala ang payapa at may bahagya pa ngiti sa mukha ng binata iniwan ko mahimbing na natutulog.

Huwag ka umiyak. Gusto mo ito diba. Kailangan mo gawin kasi hindi ka matatahimik na hinayaan mo lang.

Pinunasan ko ang mga luhang tumulo.

Iyong malungkot ko mukha kinabakasan ng determinasyon.

Kalimutan mo ulit na ikaw si Monica. Be the Heartless Reaper again. Be Monique.

*****

Nakaraan...

Ikatlong-araw na bihag si Monica ng DMC.

Matindi sakit ng ulo ang nararamdaman ko, pero wala iyon sa sakit ng buong katawan na nararanasan ko ngayon.

Umiigtad-igtad ako sa laboratory table habang nakatali. Itinurok na naman nila sa akin ang kulay lupa likido na iyon.

Takot na takot ako kapag natuturukan ako niyon. Sa bawat turok may mga oras na hindi ako namamalayan.

Wala ako maalala sa sarili ko, sa nakaraan ko, oo, pero kapag dinadaluyan ng likido iyon ang mga ugat sa katawan ko may mga lumilipas na oras na hindi ko alam kung ano ang nangyayari.

Noong una beses na nangyari natagpuan ko ang sarili ko na puro sugat pagod na pagod at sinasalag ang mga suntok at sipa ng taong nasa harap ko.

Ang sunod ay sa madilim na kwarto na iyon. Umiiyak ako sa dahilan na hindi ko alam.

Kaya ayaw ko na maturukan ng kulay lupa likido.

Nakita ko na mas mataas ang amount na nilagay nila sa syringe ngayon.

"Pumapalag na naman sya tibayan nyo ang pagkakatali." Narinig ko sabi ni Dr. Holmes. Oo tinandaan ko ang pangalan nya dahil ang taong ito ang nagtuturok sa akin ng likido iyon. Sa pagkakatanda ko sa mga usapan nila tuwing inaakala nila wala ako malay ay sya rin ang gumawa niyon.

Kahit ano pagpapalag ko nagawa parin nila ako turukan.

Sobra bilis ng tibok ng puso ko ng unti-unti nagdidilim ang aking paningin, hanggang sa tuluyan na ako wala namalayan.

****

Pinagmasdan ko ang babae nasa harap, nakaupo sya sa isang eleganteng sofa sa loob ng study room na iyon.

Blanko ang mga mata at mukha na tinignan ko sya.

Nakaupo rin ako sa isang elegante sofa. Magulo ang may kahabaan na buhok. Bahagya payat habang suot ang isang hospital gown.

"Magandang araw subject #1. Naaalala mo ba ako?"

Hindi ako sumagot gusto ko man sumagot hindi ko maibuka ang bibig ko. Nanatili lang ako nakatingin sa kanya.

Pinitik niya ang mga daliri.

"Sagot."

"Opo Mrs. Holmes." Kusa lumabas sa mga bibig ko iyan.

Anong ginagawa mo bakit sinasagot mo ang babaeng iyan. Sigaw ng isang parte ng isip ko. Iyong parte na nakakulong sa isang madilim na lugar sa isip ko na lagi pumapalag sa mga ginagawa at sinasabi nila.

"Good." Tumayo si Mrs. Holmes binuksan ang isang pinto kung saan pumasok si Don Federico Del Montecillo.

"Magandang-araw Don ready na ang subject."

Anong ibig sabihin? Anong ready?

Lumapit sa akin si Don Federico tinanggal ang sigarilyo sa bibig nya at pinatay ang ningas niyon sa aking braso.

Ahhh shit!

Sumisigaw ang isang bahagi ng isip ko na nasasaktan sa sakit. Habang ang katawan ko ay deretso lang ang tingin sa itim na kurtina ng bintana na hinahangin, ni ang pagkibot ng kamay hindi ko ginawa.

Nasasaktan ako pero hindi ko kaya magreact, hindi ko kontrolado ang katawan ko.

"Magaling-magaling." Tuwang-tuwa na sabi ng Don ng walang makuha reaksyon sa akin.

Ngumiti naman si Mrs. Holmes.

"Lets do the final stage Don Federico after that ikaw na ang may kontrol sa kanya."

Anong kontrol? Anong gagawin nyo?

"Sige." Naupo si Don Federico sa mahabang sofa.

Lumapit naman si Mrs. Holmes sa laptop nito may kinalikot doon kasunod ng pag-ilanlang ng isang kanta.

Out of Reach

Ang kantang iyon ang narinig ko habang nakatingin kay Mrs. Holmes na may kinuha naman ngayon sa isang kulay itim na box.

Kwintas iyon na may pula tali at may palawit na five peso coin.

Lumapit sa akin si Mrs. Holmes itinapat sa mukha ko ang kwintas. Pinagalaw.

"Follow the coin using your eyes subject #1."

No huwag-huwag ka sumunod.

Hindi narinig ng katawan ko ang sigaw na iyon. Sinundan nito ang coin habang nasa backround parin namin ang tugtog.

"Mula ngayon sa tuwing maririnig mo ang kanta iyan. Wala ka iba susundin kundi ang tinig ni Don Federico. Ang katawan mo, ang lahat ng sayo ay pag-aari nya. Magiging isang DMC ka na susunod sa lahat ng pinag-uutos ng Don." Pinitik niya ulit ang mga daliri. Pumikit ang mga mata ko.

Hindi, huwag ka sumunod! Mahina na ang sigaw ng isip ko iyon. Na tila ba hinihigop ito palayo sa katawan ko.

Ngumisi si Don Federico. Sumenyas para papasukin ang tatlong lalaki na tauhan nya.

"Subject #1." He said.

Nagmulat ako ng mga mata.

"Fight them... kill them."

No huwag ka sumu--.

Tuluyan na naglaho ang tinig na iyon sa isip ko kasunod ng pag-atake ko sa tatlong lalaki pumasok.

Kahit malakas sila. Kahit nasasaktan hindi nagbago ang ekspresyon ng mukha ko hindi ako tumigil hangga't di sila napapatay. Dahil iyon ang utos sa akin dahil iyon ang gusto ng Don.

At nang matapos tuwang-tuwa si Don.
He pat my head. Habang pinagmamasdan ang katawan ng mga lalaki nakabulagta sa sahig.

"Magaling, magaling katulad na katulad ka na ng babaeng Santiago. Ngayon wala ng makakapigil sa mga gusto ko gawin. Gagawa ako ng maraming tulad mo at sisiguraduhin ko na yayaman ako dahil sa inyo." Bumaling sya kay Mrs. Holmes. "Ipanood mo sa kanya ang files ng babaeng Santiago gusto ko higitan pa nya ang babaeng iyon."

"Yes Don."

Mula noon ibat-ibang ensayo. Ibat-ibang tao ang pinalaban nila sa akin.

Lahat sila natalo ko.

Subject #1 ang tawag nila sa akin. Ngunit ng matapos ang lahat ng test, nang magawa ko ang lahat ng gusto nila binigyan nila ako ng pangalan at bansag...

Monique the Heartless Reaper.

...itutuloy friday 3/23 12:30pm

***

H/n

Comment guys? ?.

Salamat sa pagbabasa.

Helliza Sabida
4202019npo 8:00

28

Kumuyom ng mariin ang kamao ko ng maalala ang nakaraang iyon.

Nakakagalit na wala man lang ako nagawa para sa sarili ko.

Napatingin ako sa aking mga kamay.

Dinungisan nila ang mga kamay na ito. Hindi na ako simpleng babae ngayon. Isa na ako assassin, isang mamamatay tao.

Kinuha nila sa akin iyong buhay na gusto ko. Iyong buhay na kuntento ako.

Gagawa ako ng marami tulad mo.

Bumalik sa isip ko ang sinabi iyan ni Don Federico.

"Hindi ako makakapayag Don Federico. Hindi ako makakapayag na mangyari iyon." Bulong nya.

Hindi ako papayag dahil pipigilan ko sya. Gagamitin ko ang lahat ng itinuro at natutunan ko sa kanya.

****

DMC Headquarters

Ibinaba ko ang salamin na suot at dere-deretso pumasok sa limang palapag na building.

Isa itong pharmaceutical company na gumagawa ng ibat-ibang mga gamot na front lamang dahil sa ilalim ng building na ito may tatlong sikreto palapag kung saan nakalagay ang isang laboratoryo.

Dito. Dito ginagawa ni Don Federico katulong ang mag-asawa Holmes ang mga tulad ko.

At dito ko rin tatapusin ang lahat ng ito.

Walang sumisita sa akin dahil natural na labas-masok na ako doon.

Pumasok ako sa elevator.

Pinindot ang pinakababang building.

Pagdating doon dere-deretso ako sa lihim na pinto na tanging iilan lang na taga DMC ang nakakaalam.

Retina scan ang passes.

Nang pumihit ang seradura natural ang mga hakbang na pumasok ako.

Bumaba ako gamit ang paikot na escalator na sya nagdadala pababa at paitaas sa mga pumapasok doon.

Nang nasa dulo isa pang pinto ang hinarap ko.

Isang buntung-hininga ang pinakawalan ko habang ini-scan ulit ang mga mata ko.

At nang muli bumukas ang pinto pasandali ako huminto habang tinitignan ang mga tao nakaputi na busy sa mga kanya-kanya trabaho.

Sunod nya tinignan ay ang isang napakalaking aparador na salamin kung saan nakalagay ang napakaraming vial na may laman na likido kulay lupa.

DMC's Drug or DmcD

Iyan ang tawag sa gamot na iyan na may kakayahan magpalimot sa isang tao. Depende sa dami ng dosage na ibibigay sayo, ang kung gaano kalaki parte ang makakalimutan mo.

You will become a body with a dead soul. A zombie na gumagalaw, pero hindi namamalayan ang ginagawa nila.

Sa gamot na iyan at sa kakayahan ni Mrs. Holmes sa hypnotism nagagawa ng mga ito na makalikha ng isang tulad ko.

Isang armas na tanging sila ang sinusunod, isang armas na walang pakialam sa sarili basta magawa lang ang gusto.

"Monique." Naalis ang tingin ko sa kabinet na salamin. Lumipat sa isang babae na nakasuot ng puti. May mahaba sya buhok at may kasingkitan ang mga mata.

Sheilamae Del Montecillo. Ang anak-anakan ng Don. Si subject #4 na naging malapit sa akin ng mga panahon na nakakulong kami.

Tulad ko isang simple babae lang sya. Simple babae na binago ng DmcD at ni Mrs. Holmes. Ngayon isa na syang magaling na chemist, na ang pagkakaalam sa sarili ay ampon ni Don Federico.

"She." Bati ko sa kanya.

Ngumiti siya

"Anong ginagawa mo rito?" Tanong niya?

Kibit-balikat ang sagot ko.

"Masama ba dalawin ka? Kayo ni Dr. Holmes?"

Lumuwang ang pagkakangiti niya pagkatapos ay nawala din.

"Nagreport ka na ba sa Don? Alam mo ba galit sya dahil ilang araw ka hindi nagparamdam?"

"I got tied up. Gustuhin ko man magreport hindi ko magawa dahil nahuli ako ng mga kaaway at nito lang nakatakas."

Bumakas ang pag-aalala sa mukha niya.

"Okay ka lang ba? Sinaktan ka ba nila?

No. Mababait silang tao. Alagang-alaga nila ako... alagang alaga ako ni Ylac.

I felt the familiar pang on my chest ng maalala ko ang binata. Bumalik sa isip ko ang payapa nya mukha habang natutulog. Pasimple ko hinimas ang dibdib ko.

"I'm good, nagawa ko sila matakasan. Dito muna ako pumunta para humingi ng DmcD kay Dr. Holmes. Pakiramdam ko naubos ang lakas ko sa pakikipaglaban sa kanila."

Multivitamins. Iyan ang pakilala ng Don at ng mag-asawa Holmes sa DmcD sa amin. Isa daw itong bitamina na nakakatulong para tumibay ang katawan namin. Para lumakas at bumilis kami. Tinatago at tinatakpan niyon ang totoo epekto ng gamot.

"Oh, okay. But don't worry Monique. Andito ang Don at si Mrs. Holmes kung gusto mo after mo kumuha ng DmcD magpunta ka sa study room ni Mrs. Holmes naandito sila.

Of course naandon sila. At siguro ako gumagawa sila ng mga tulad natin.

Ngumiti ako at tumango.

"Sige She."

Nang tumalikod ang babae muli ko pinagpatuloy ang paglalakad.

Dinaanan ng mga mata ko ang isang hagdan pababa na tanging si Dr. Holmes, ilang mga doctor at mga Dmc lang ang pwede bumaba.

Doon. Nandoon ang madilim na kulungan na naging tahanan ko noon. Mali. Doon... doon nila ako kinulong.

Kinukulong kapag may nagawa ako mali o kapalpakan.

Doon ako kinukulong kapag pansamantala ako bumabalik sa aking katinuan at kailangan muli turukan ng gamot. Kapag kailangan muling isa ilalim sa hipnotismo.

Ngayon bumabalik na ang alaala ko may mga anag-ag ako nakikita. Ito iyong panahon na nagagawa makalabas ng matino ko kaisipan sa madilim na lugar na iyon. Kung paano pilit ako lumalaban para makaalis sa madilim na mundo pinagkukulungan nila sa akin.

Mapait ako tumawa. *Hindi pa man ako tuluyan nakakalabas sisiguraduhin ko na mapipigilan ko kayo.*

Alam ko marami na naman nakakulong sa mga kulungan sa ibaba.

Maghintay lang kayo. Ilalabas ko kayo sa impyerno iyan.

Nilagpasan ko ang hagdan.

Sa isang kulay itim na pinto ako huminto. Kumatok bago bumasok.

Tatlong ulo ang pumaling patingin sa akin.

Shit! Akala ko nasa study sila.

Nasa harapan ko ngayon ang tatlong tao na naging dahilan kung ano ako ngayon.

Si Federico Del Montecillo na don na don ang dating habang may hawak na mamahaling brand ng sigarilyo. Tila ito hari na nakaupo sa pang-isahang sofa.

Si Dr. Holmes. Mas mukha ito bouncer ng bar kesa isang doktor dahil sa katawan nito.

At si Mrs. Holmes, so prim and neat. Tila ito strikto maestra habang nakatayo sa harap ng dalawa lalaki.

Sa tatlo kay Mrs. Holmes ako nag-iingat. Sa kakayahan niya mang hypnotize, pakiramdam ko nababasa nya lagi ang nasa isip ko.

"Monique." Bati ni Mrs. Holmes sa akin.

Tumayo naman si Dr. Holmes lumapit at niyakap ako.

I'm subject #1. Meaning ako ang kauna-unahang obra maestra ng doktor. Kaya naman kung ituring nya ako tila anak at kayamanan nya.

Wala pa man ako naaalala naiilang at naririmarim na ako sa hawak nya. Mas lalo na ngayon na alam ko na ang lahat.

Matinding pagkokontrol sa sarili ang ginawa ko para lang huwag pilipitin ang leeg nya ngayon malapit sya.

Hindi practical na sugodin ko sila. Oo malakas ako. Magaling makipaglaban ngunit ganon din ang mga tao ito maliban kay Don Federico.

Nakita ko na kung paano makipaglaban ang mag-asawa. Matatalo ako sa kanila. Hindi dahil mas malakas sila sa akin kundi kabisado nila ang mga galaw ko.

Sila ang lumikha sa akin remember.
I'm sure na may data si Mrs. Holmes sa akin.

Kaya naman nagkasya nalang ako na suntok-suntokin ang doctor sa isip ko.

"Where have you been? Ilang araw na hindi ka nagreport." Tanong ni Dr. Holmes.

Lumayo ako sa kanya. Yumuko.

"I'm sorry. Nahuli po ako ng kalaban at ngayon lang nakatakas." Sagot ko, pasimple itinago ang card na nakuha ko sa bulsa ng doctor.

"Nahuli ka?" Si Don Federico.

"Bow your head Monique and come here." Utos naman ni Mrs. Holmes.

Yumuko ulit ako at lumapit sa kanila.

Tumayo ang babae at ang Don.

"Tignan mo ako." Utos ni Don Federico.

Nagtaas ako ng tingin at isang malakas na sampal ang binigay nya sa akin.

Pumaling ang mukha ko, bumuway ang akin tayo pero hindi tuluyan natumba. Nangangapal ang pisngi ko dahil sa sakit pero wala bumakas na kahit ano sa mukha ko.

"Nahuli ka! Mukhang humihina na ang Heartless reaper ko. Sino? Sino ang humuli sayo. Napatay mo ba sila?"

"Hindi ko po sila kilala. Papatayin ko na sana ang Montereal na inuutos nyo patayin ko peto naharang nya-- nila ako."

Napatango ang Don. "Ang mga Santiago. Sigurado ako ang mga Santiago ang nakaharap mo. Sila ang ang tumutulong sa Family kaya hindi ko sila mabuwag-buwag!" Galit na sabi niya. Pagkatapos ay natigilan sya. "Ang Santiago ba humarang sayo ay asul ang mga mata?"

Mabilis ako umiling. "Hindi po. Puro sila mga lalaki pero wala ako nakita may asul na mga mata.

Isa pa sampal ang pinakawalan nya.

Sampal lang. Magsawa ka, dahil kapag dumating ang oras ko, sisiguraduhin ko na hindi lang sampal ang ibibigay ko sayo.

"Siguro naman may nalaman ka sa kanila. Siguro naman may maganda ka balita sa akin sa kabila ng pagkakahuli nila sayo. Saan ang hide out nila? Gaano sila karami? Saan tayo pwede umatake!"

Gago mamatay muna ako bago ka tulungan na wasakin sila... si Ylac.

"Parusahan nyo po ako Don pero wala ako nakuha. Lagi po ako nakapiring. Tinuturukan nila ako ng drugs kaya lagi ako groggy at hindi namamalayan ang nasa paligid ko." Pagsisinungaling ko.

Suntok naman ang binigay niya sa akin.

"Walang silbi. I'm so disappointed Monique. "

Ulol. Disappointed my face. Pakihanap ang paki ko.

Nagtama ang mga mata namin ni Mrs. Holmes. Hindi ako nag-iwas ng tingin. Hindi ko sya bibigyan ng pagkakataon na mabasa ang pagsisinungaling ko.

"Eliminate her."

"Don?" Mabilis na lumapit sa amin si Dr. Holmes. "Eliminate? Huwag ho Don."

Tinignan sya ni Don Federico.

"Anong gusto mo Holmes. Wala ng silbi ang babaeng iyan."

"Huwag Don. Mukhang kinulang lang si Monique sa DmcD. Huwag kayo mag-alala aayusin ko sya. Ibabalik ko sya sa dati. Hindi nyo ho sya kailangan i-eliminate."

Hindi ko alam kung ipagpapasalamat ko ang sinabi iyon ni Dr. Holmes o ikakainis. Eliminate means patayin. Ginagawa iyon kapag wala ka na silbi o hindi makasunod ng maayos sa inuutos.

Aayusin kung makapagsalita kayo para ako laruan lang.

"Oo nga po Don. Huwag natin kalimutan na sya ang pinakaperpekto nakakuha ng data ni Ysa Montereal. She's still our greatest weapon for her." Segunda ni Mrs. Holmes.

Ilang sandali nag-isip ang Don. Pagkuway pinatay nya ang sigarlyo hawak sa braso ko.

Kinagat ko ang dila ko para hindi mapasigaw.

Sangkatutak na mura ang pinakawalan ko bagamat nanatili tikom ang aking bibig at walang emosyon ang akin mukha.

"Parusahan iyan ikulong nyo ng limang araw at tubig lang ang ibigay. Gusto isaksak nyo sa kukote nya na hindi na sya pwede magkamali. Ayusin nyo sya naiintindihan nyo."

Tumango ang mag-asawa sa don.

Hinawakan ako ni Dr. Holmes.

Yumuko ako sa kanila na para ba hindi ba wala ako pakialam sa gagawin nila.

Ngunit habang naglalakad kami patungo sa hagdan bumubuo na ako ng plano.

Sa oras na isara nila ang kulungan ko sisimulan ko na ang plano...

At iyon ay ang pabagsakin ang DMC.

...itutuloy 4/4 monday

***H/n

After holy week na tayo magkita guys ???.

Thanks
Helliza Sabida
4242019Gsj 8:17

29.

Tahimik lang ako hanggang sa maipasok nila sa loob ng kulungan. Tulad ng inaasahan nila. Tulad ng lagi ko ginagawa naging masunurin ako.

"I will fix you Monique. Ibabalik kita sa dati."

Tumango ako. *Ayusin mo mukha m*o.

Ilang minuto pa ang tiniis ko bago sila lumabas. Kating-kati na ang palad ko at gustong-gusto ko na silang pagsusuntukin pero pinipigilan ko ang sarili ko.

Nang sa wakas lumabas na sila. Hindi agad ako kumilos. Nagpalipas pa ako ng ilang segundo bago tumayo.

Walang pakialam sa camera na nasa loob na nilapitan ko ang pituan na selda.

Great treasure daw pero kinukulong naman.

Inilusot ko ang mga kamay ko at pinindot ang keypad lock ng pinto.

Masyado maluwag ang security?

Hindi.

Malaki lang ang tiwala ng mga taga DMC na kahit makalabas ang mga nakakulong magagawa parin nila itong pigilan.

Hindi ngayon. Kahit anong mangyari walang makakapigil sa akin na wasakin kayong lahat.

Simple lang ang plano nya. Ilabas ang mga naandito sa kwarto na ito at patayin ang tatlong tao may kagagawan ng lahat ng ito.

"Monica?"

Napahinto ako at napatingin sa selda natapatan ko.

"Ikaw si Monica hindi ba?" kumunot ang noo ko pinagmasdan ang babae tumayo at lumapit sa selda niya. "Sino ka?"

"Ikaw nga. Ikaw nga si Monica! Si M ni Boss Vlue."

Hindi ko pinansin ang pagbabago ng tibok ng puso ko ng banggitin niya ang pangalan ni Ylac. "Sino ka?" Ulit ko.

"Ako si Razor. D&A."

"D&A..." Ulit ko.

Tumango sya. "Tatakas kaba?"

"Hindi." Kumuyom ng mariin ang kamao ko. "Papabagsakin ko sila."

"Kailangan mo ng tulong?"

"May plano ka?"

Ngumiti sya. "Hindi ako napadpad dito ng wala lang. Mas lalong hindi ako papayag na maging robot nila." Habang sinasabi iyon binubuksan nya na ang pinto.

Sinalubong ko sya. "Tell me your plan."

*****

Umalingawngaw ang sunod-sunod na putok.

Ang kanina mga abala tao sa buong building na may kanya-kanya ginagawa ngayon ay nakikipaglaban na.

Suntukan. Barilan at patayan. Iyan ang kaagad na nangyari eksaktong lumabas kami ni Razor.

Hindi lang kami dalawa. Kasama din namin ang mga bilanggo tinulungan namin makatakas.

Ang mga nasa wisyo pa ay nakikipaglaban at tinutulungan ang mga kasama langgo sa gamot na tinuturok sa kanila.

Narinig ko ni lock down ang buong building para hindi kami makalabas.

Sa rooftop ang takbo namin. Oo sa rooftop. Hindi sa exit kundi sa taas.

Pinaputukan ko ang DMC na haharang sana sa akin.

Simple lang ang plano ni Razor. Pumunta sa rooftop at hintayin ang mga kasamahan na sakay ng chopper. Hindi ko alam kung paano nakikipagkomunikasyon si Razor sa D&A pero malaki ang pasasalamat ko na may tutulong sa amin pagdating sa taas.

Kasama kaya si Ylac?

Stop it Monica. Focus. You need to be focus.

"Monique" napahinto ako ng makasalubong ko si Shielamae. Ang kanina malinis at maayos niya itsura ngayon ang madumi at magulo na. May bahid narin ng dugo ang lab gown nito.

"Anong ginagawa mo?"

"She." Napatingin ako sa hawak nya baril. "She halika na tumakas na tayo. Umalis na tayo dito." Lumapit ako s a kanya. Pero napahinto ng tutukan nya ako ng baril.

"Why are you doing this? Bakit kinakalaban mo ang Don? Bakit gusto mo takasan ang papa ko?"

Natigilan ako. Sa backround patuloy parin ang mga putukan at daing. Isang DMC ang sasaksakin sana ako pero mabilis ko sya napatumba sa pamamagitan ng pagpilipit ng leeg niya.

"She tara na." Muli ko baling kay Shielamae.

"No. Tumigil ka na M o mapipilitan ako na labanan ka."

Damn it. Napamura na lang ako.

"Shit naman She! Hindi sya ang papa mo. Nilalason niya lang ang isip mo... tayo! Pinapasunod sa kung ano gusto nya sa tulong ng DmcD. Matalino ka alam ko na alam mo kung ano ginagawa sa atin ng drugs na iyon "

Ayaw ko sya labanan.

May mga yabag ako narinig. Dumadating pa ang ibang taga DMC.

